

# Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata Grade 1



Ruhi Institute





Aklat 3

# Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata Grade 1

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng dinesenyo ng Ruhi Institute. Ang mga aklat ay nilalayong gamitin bilang pangunahing serye ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kaakyahan ng mga kabataan at mga nasa hustong gulang sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Ang Ruhi Institute ay bumubuo rin ng isang pangkat ng mga kursong nagsasanga mula sa ikatlong aklat sa serye para sa pagsasanay ng mga guro ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, at gayundin ng isa pang pangkat mula sa Aklat 5 para sa pagbabangon ng mga animator ng mga junior youth group. Ang mga ito ay nakatala rin sa listahan sa ibaba. Dapat banggitin na maaaring magkaroon ng pagbabago ang listahan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang bagong mga pamagat ay maidaragdag kapag ang ilang mga elemento ng kurikulum na binubuo ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong nagsasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yamam* |
| Aklat 12 | *Pamilya at Pamayanan* |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | *Sumasali sa Talakayang Bayan* |

Copyright © 2007, 2022 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.2.4.PE published in 2022
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Enseñar clases para niños, primer grado*
Copyright © 1987, 1996, 2021 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-958-52941-7-2

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines
25 Sangley Ste, Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Philippines
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Mga Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor ........................ v

Ilang mga Simulain ng Edukasyong Bahá'í ......... 1

Mga Aralin ng Klase para sa mga Bata,
Grade 1 ....................................................... 43

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Pinagsasama sa aklat na ito ang dalawang yunit kung saan sinisikap linangin ang kakayahan sa lumalaking bilang ng mga indibidwal upang isagawa ang lubos na kapuri-puring gawain ng regular na pagtuturo ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata sa mga kapitbahayan at mga nayon. Ito ang pangatlo sa pangunahing serye ng mga kurso ng Ruhi Institute, at ang una kung saan nagbubukas ng natatanging landas ng paglilingkod para sa yaong mga nagnanasang tahakin iyon. Ang mga kalahok na magpapasiyang gawin iyon ay magpapatuloy sa pag-aaral ng isang serye ng nagsasangang mga kurso para sa pagtuturo ng mga bata, samantalang nagpapatuloy na sumulong ang bawat isa, sa tulin na naaangkop sa kaniyang sariling kalagayan, sa landas na binabakas ng pangunahing serye.

Sa paggabay ng grupo sa aklat, kailangang laging isaisip ng tutor ang larawang-isip sa itaas, tinatandaan na isang porsiyento lamang ng mga kalahok ang maaaring nanaising italaga ang kanilang mga sarili sa ganitong larangan ng pagsisikap. Higit pa sa kagyat na layunin nito, kung gayon, ginagawa ng aklat na ipabatid nang mas malawakan sa bawat indibidwal na matatag nang lumalakad sa landas ng paglilingkod ang ilang mga konsepto at mga kaisipang humuhubog sa programa ng edukasyon para sa mga bata na namumukadkad na sa kaniyang nayon o kapitbahayan. Sa ganitong paraan, sinisikap ng aklat na makatulong sa pag-iral ng higit na mataas na kamalayan sa pamayanan, ng kapuwa tungkulin nitong arugain nang espiritwal ang mga bata, at ang mga katangian, mga saloobin, at asal na kailangang ipamalas ng mga miyembro nito na nasa hustong gulang sa kanilang mga ugnayan sa mga bata.

Mula sa kanilang pag-aaral ng pangalawang yunit ng Aklat 2, nalalaman na ng mga kalahok ang pahayag ni ‘Abdu’l-Bahá na ang edukasyon ay may tatlong uri: materyal, pantao, at espiritwal. Dito ay magkakaroon sila ng pagkakataong isulong pa ang kanilang pag-unawa sa huling nabanggit na uri ng edukasyon, na sa pamamagitan niyon ang likas na katangiang espiritwal, ang higit na mataas na likas na katangian, ng indibidwal ay pinauunlad. Ang dapat maging malinaw mula sa simula ay ang espiritwal na edukasyon ng mga bata, sang-ayon sa konsepto ng Pananampalatayang Bahá’í, ay lubos na naiiba sa paggiit ng mga paniniwalang pandoktrina na magkaminsan ay nauugnay sa pagtuturo ng relihiyon. Sa halip ay sinisikap nitong payabungin ang pagmamahal sa kaalaman, ang saloobing nakabukas tungo sa pagkatuto, at isang patuloy na hangaring saliksikin ang realidad.

Kasing halaga rin ang tanggapin, sa edukasyon ng mga bata, na ang mga katuruan ng relihiyon ay hindi maaaring isaisantabi, sapagkat kapag ginawa iyon ay maipagkakait sa kanila ang kabatiran sa mga katotohanang makadiyos at mga simulaing espiritwal, mga simulaing kailangang mamayani sa kanilang mga kaisipan at mga kilos. Ang mga nagtatangkilik sa pananaw na ang pinakamahusay ay ang hayaan lamang ang mga bata upang magtamo ng sarili nilang mga pamantayan at pananaw sa daigdig batay sa kanilang mga ugnayan sa lipunan, na di umano sa malayang pagpili, ay waring hindi napapahalagahan kung gaano kaagresibo ang pagtataguyod ng mga puwersang pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkalinangan sa mga paraan ng paniniwala at pagkilos para sa sarili nilang kapakanan. Subalit kahit pa hindi ganito

ang umiiral, walang batayan upang akalaing ang kasunod na mga salinlahi ay magagawang lumikha ng isang higit na mabuting daigdig nang walang edukasyong nag-aaruga sa likas na katangiang espiritwal ng indibidwal. Ang sangkatauhan, kapag salat sa patnubay mula sa Banal na Tagapagturo ay walang malilikha kundi kaguluhan, kawalan ng katarungan, at pagdurusa.

Ang mga katuruang Bahá'í, kung gayon, ay nasa kaibuturan nitong anim na taong programa para sa edukasyon ng mga bata na ginugunita sa aklat na ito at sa yaong mga nagsasanga mula rito. Yamang malinaw nang naisaad iyan, ang disenyo ng programa, lalo na ang pagkakasunod-sunod ng mga nilalaman sa lahat ng mga grado, ay nagbubukas ng daan upang magawa ng mga bata mula sa lahat ng pinanggalingan ang makilahok. Ang mga aralin para sa Grade 1 ay nauugnay sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal sa mga batang nasa edad ng 5 hanggang 6—ito ay bilang pagsisikap na makatulong sa pagpipino sa ugali. Nagpupundar ang Grade 2 sa mga araling ito sa pamamagitan ng paglilinang ng mga ugali at mga paraan ng pagkilos na naghahayag sa panloob na mga katangiang sinuri noong naunang taon—halimbawa, ang kaugalian ng pagdarasal, na sa pamamagitan niyon ay naihahayag ang panloob na kalagayang natatangi ng hangaring mapalapit sa Diyos. Ang kasunod na mga grado ay dumadako sa paksa ng kaalaman. Nang tiyakan, upang buong kamalayang makapagpunyagi para sa sarili nilang espiritwal na pag-unlad, kailangang nauugnay ang mga indibidwal sa Bukal na pinagdadaluyan ng kaalaman sa Diyos. Ang mga temang pangunahin sa mga buhay ng Kambal na Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito, at gayundin ng mga Kahayagang nauna sa Kanila, ay tinatalakay, kung gayon, sa mga aralin ng mga gradong ito. Ang huling grado ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga bata upang umunlad pa ang kanilang kaalaman sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh, habang ginagabayan at nakikinabang sa mga paliwanag at halimbawa ni 'Abdu'l-Bahá. Inaasahang ito ay makatutulong upang palakasin ang kaugalian sa mga bata ng pagbaling sa Kaniyang mga Kasulatan at mga panayam habang sumusulong sila sa buhay at sinisikap na iayon ang kanilang mga kaisipan at mga kilos sa mga katuruan ni Bahá'u'lláh. Sa pagdating nila sa edad ng 11 o 12, ang mga bata ay handa nang tumawid sa programa ng pagbibigay ng espiritwal na lakas sa mga junior youth, kung saan ang kanilang tumataas na kamalayan ay higit pang palalawakin sa pamamagitan ng isang serye ng mga teksto, na pinag-aaralan kasama ng isang animator, na kabilang doon ang mga tekstong magpapatuloy sa edukasyong natanggap nila sa Bahá'í na klase para sa mga bata. Ang mga naghahangad na maging mga guro ng mga klase para sa mga bata ay dapat magtaglay ng bawat kompiyansang malugod na tinatanggap ng mga magulang na hindi Bahá'í ang pagkakataong padaluhin ang kanilang mga anak sa ganoong mga klase at laging naliligayahang makita ang mga epekto ng edukasyong espiritwal sa kanilang murang mga puso at isipan.

Tulad ng nabanggit sa itaas, ang mga klase para sa Grade 1 ay nakatutok sa pagpino ng ugali. Sa ganitong konteksto, kung gayon, ang pagsusuri sa unang yunit, "Ilang mga Tuntunin ng Edukasyong Bahá'í", ng ilang saligang mga konseptong nahimalay mula sa mga Kasulatan ng Pananampalataya na may napakalalim na mga ipinahihiwatig para sa edukasyon. Ang unang bahagi ng yunit ay nakatalaga sa talakayang ito, samantalang sinusuri ng huling bahagi ang mga pamamaraang maaaring gamitin sa pagsasagawa ng mga aralin at sa ugnayan ng guro sa mga magulang.

Ang isa sa unang konseptong tinatalakay sa yunit ay ang natatagong kakayahan ng tao, na sinasaliksik sa pamamagitan ng matalinhagang paglalarawan sa pahayag ni Bahá'u'lláh na inihahalintulad ang tao sa "isang minang mayaman sa mga hiyas na di-matantiya ang halaga". Hinihiling sa mga kalahok ang nilay-nilayin ang dalawang kagyat na pahiwatig na maaaring mahinuha mula sa pahayag—na iyon ay, ang mga paraan ng edukasyon kung saan ang pagtingin sa mga mag-aaral bilang mga sisidlang walang laman, na naghihintay lamang na punuan ng

impormasyon ay marapat lamang na isaisantabi, at na kapag walang wastong pag-aaruga, hindi magagawa ng mga bata ang ihayag ang maraming mga hiyas na natatago sa kanilang kaibuturang mga sarili.

Iminumungkahi ng yunit na kabilang sa mga hiyas na ipinagkaloob sa bawat indibidwal ay yaong mga tinaguriang "mga katangiang espiritwal", na nakikita bilang permanenteng mga estruktura kung saan ay maaaring maitatag ang isang marangal at matwid na pagkatao. Na ang mga ito ay bumubuo ng isang bukod na kategorya ng mga "kabutihan"—isang pangkalahatang taguri para sa bawat uri ng kapuri-puring katangian, kabilang ang mga ugali at mga saloobin, at gayundin ang mga kasanayan at mga kahusayan—ay isang napakahalagang ideya na kailangang maunawaan nang sapat ng lahat ng mga kalahok. Sinusuri ng mga bahagi 6 at 7 ang ilan sa mga ipinahihiwatig ng pahayag na ito. Nanaising tiyakin ng tutor na naiuugnay ng mga miyembro ng grupo ang kanilang tinatalakay doon sa kanilang pinag-aralan sa pangatlong yunit ng Aklat 1, kung saan pinag-isipan nila kung paanong ang mga katangiang espiritwal, bilang mga kakayahan ng kaluluwa ng tao, ay kailangang paunlarin sa buhay na ito upang makatulong sa atin sa walang-katapusang paglalakbay natin patungo sa Diyos. Ang pag-ibig sa Diyos at ang kaalaman sa Diyos ay hindi maaaring mawala sa pag-aaruga sa mga katangiang espiritwal. Mahalagang maunawaan ng mga kalahok na ang mga kaisipan sa dalawang bahaging ito ay nagbubukod ng mga aralin ng Grade 1 mula sa, halimbawa, isang kurso sa mga kabutihan kung saan itinuturing ang pagiging nasa oras at ang pagiging makatotohanan bilang magkaparehong uri ng katangian. At kapag naunawaan na ng mga guro ang ganitong pagkakaiba, iiwasan na nilang tingnan ang paglilinang ng isang mabuting pagkatao bilang pagwawasto lamang ng kilos.

Ang mga katangiang espiritwal, mangyari pa, ay may sariling pagtutugunan sa isa't isa, na sinisikap payabungin ng pangunahing mga elemento ng mga aralin—pagdarasal, pagsasaulo ng mga sipi, at mga kwento. Ang mga kalahok ay nagtataglay na ng isang antas ng pag-unawa sa likas na katangian ng mga elementong ito mula sa kanilang pag-aaral ng Aklat 1 at 2, at nilalayon ng Bahagi 8 na tulungan silang palawakin pa ang natutunan na nila upang masaklaw ang gawain ng pagtuturo sa mga bata. Sa paggawa niyon, dapat nilang mabatid na upang linangin ang mga katangiang espiritwal sa mga bata, tuwiran silang iniuugnay sa Salita ng Diyos at pinasisigla sila sa pamamagitan ng mga kuwento tungkol kay 'Abdu'l-Bahá, ang pinakadiwa ng pinakamataas na mga huwarang pantao.

Ang isa pang konseptong sinusuri ay ang takot sa Diyos, na tinatalakay sa Bahagi 12. Sang-ayon sa mga Kasulatang Bahá'í, ito ang "panganahing sangkap" sa edukasyon ng isang tao. Ang mahalagang maunawaan ng mga kalahok ay ang takot na ito ay hindi maipaghihiwalay sa pag-ibig sa Diyos, sapakgat ito ay isang takot na bunga ng hangaring paligayahin Siya na ating minamahal at iwasan ang anumang kilos na pipigil sa mga biyaya ng Kaniyang pag-ibig na umabot sa atin. Kapag walang pag-ibig, ang takot na umuudyok sa atin upang talikdan ang hindi kanais-nais na kilos ay ibang uri—takot sa parusa mula sa galit ng Diyos. Ang ganitong larawang-isip ay hindi dapat pumasok sa mga isipan ng mga bata. Samantalang dapat maunawaang maigi ng mga naghahangad na maging mga guro ang ugnayan sa pagitan ng pag-ibig sa Diyos at takot sa Diyos sa proseso ng edukasyon, dapat din nilang malaman na ito ay isang paksa na hindi nila tuwirang tatalakayin sa klase. Sa halip ay kailangan nilang matutunang lalong paliyabin ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa mga puso ng kanilang mga mag-aaral at tulungan silang magtamo ng ganap na katiyakang, yamang nilikha Niya ang sangkatauhan mula sa Kaniyang walang-hanggang pag-ibig, ang Diyos ay hindi kailanman hihinto sa pag-aruga at pagkalinga sa atin. Sa huling pagsusuri, ang pag-ibig sa Kaniyang Kagandahan ay ang pipigil sa kanila mula sa pagkilos sa mga paraang salungat sa Kaniyang mabuting kaluguran.

Ang pagtalakay ng mga konsepto sa itaas ay dapat magbunga ng kabatiran sa mga kalahok na sa pamamagitan ng proseso ng espiritwal na edukasyon, sa wakas ay ituturing ng mga bata ang pagkamit ng mga katangiang espiritwal bilang gantimpala mismo at ang pagtataglay ng hindi marapat na pag-uugali bilang pinakamatinding parusa. Ang lahat ng ito, kung gayon, ay dapat magbigay-daan upang makita ng mga kalahok ang pagwawasto ng kilos ng mga bata mula sa tamang pananaw—hindi bilang pangunahing layunin bagkus ay bilang tulong upang pinuhin ang pagkatao. Sang-ayon dito, hahanap sila ng angkop na mga paraan sa kanilang mga pakikipag-ugnay sa mga bata upang himukin ang kanais-nais na pagkilos at pigilan ang hindi nararapat na mga paraan ng pagkilos, at ang ilan sa mga ito ay nababangit sa Bahagi 13. Ang iba pang mga konseptong tinatalakay nang bahagya sa bahaging ito ay yaong nauugnay sa kalayaan at disiplina. Samantalang malinaw na walang bahagi ang malupit na parusa sa edukasyon ng mga bata, ang pagbigay sa kanila ng ganap na kalayaang gawin ang anumang nais nila ay nakapipinsala rin sa kanilang espiritwal na pag-unlad.

Ang yunit ay kasunod na bumabaling sa paksa ng paraan ng pagpapanatili ng kaayusan at disiplina sa klase samantalang lumilikha ng kapaligiran ng maligayang pagkatuto. Dapat tandaan ng tutor na ang karamihan ng mga kalahok ay wala pang karanasan sa pagtuturo ng mga bata, at sa gayon kaunti lamang na panimulang mga kaisipan ang inihahain dito upang pag-isipan nila. Maaaring nanaisin nilang balikan ang nauugnay na mga bahagi kapag nakapagsimula na sila sa ganitong gawain ng paglilingkod at nilay-nilayin ang mga kaisipan kaugnay ng karanasan.

Nagpapatuloy ang mga kalahok sa pagsuri sa ilang mga paraang magagamit nila upang makilahok ang mga bata sa mga gawaing bumubuo ng mga aralin. Karagdagan sa pangunahing mga elemento ng pagdarasal, pagsasaulo ng mga sipi, at mga kuwento, na itinampok sa itaas, kabilang din sa mga gawaing ito ay ang mga awit, mga laro, at pagkukulay. Sa pagsuri sa mga paraang maaari nilang gamitin, pinag-aaralan ng mga kalahok ang unang aralin tungkol sa espiritwal na katangian ng kadalisayan.

Sa wakas, sa Bahagi 26, sinusuri nila ang nagpapatuloy na usapan sa pagitan ng guro at ng mga magulang ng mga bata sa kaniyang klase. Ang bahaging ito ay nagpupundar sa pinag-aralan na ng mga kalahok kaugnay nito sa Aklat 2, at gayundin sa anumang karanasang maaaring natamo na nila mula noon bilang bahagi ng isang lumalaking pangkat o *nucleus* ng mga kaibigang dumadalaw sa mga tahanang may mga batang nakikilahok sa mga klase sa kanilang kapitbahayan o nayon. Dapat tiyakin ng tutor na mabigyan ng sapat na panahon ang mga kalahok upang maisagawa ang pagsasanay na hinihingi sa kanila, na muling suriin ang mga konsepto sa unang yunit na ito bilang paghahanda sa kanilang pakikipag-usap sa mga magulang. Ang pagsasanay ay magiging isang paraan upang mapagtibay ng mga miyembro ng grupo sa kanilang mga isipan ang marami sa mga konsepto at mga kaisipang tinalakay.

Ang pangalawang yunit, “Mga Aralin para sa mga Klase ng mga Bata, Grade 1”, ay binubuo ng dalawang bahagi: ang dalawampu’t apat na araling iminumungkahi para sa gradong ito at ang panimulang mga bahaging binuo upang maging bihasang-bihasa ang mga guro sa nilalaman ng mga aralin, na ang bawat isa ay binuo upang mapaunlad ang isang katangiang espiritwal. Magkasabay na sinusuri sa bawat pagkakataon ang apat na aralin, ginagabayan nitong panimulang mga bahagi ang mga kalahok sa pagbabalik-aral sa pangunahing mga elemento ng bawat isa, na sinusuri nila sa paraang nahahalintulad sa ginawa nila sa kadalisayan sa naunang yunit.

Isang sipi mula sa Kasulatang Bahá'í ang elementong pinag-iinugan ng bawat aralin. Sinasamahan ito ng maikling pahayag na hinihimok ang mga gurong gamitin sa pagpapakilala ng sipi sa mga bata. Bagaman maikli, ang pahayag ay gumagamit ng iba't ibang mga salita at mga larawan hango sa mga Kasulatan upang matulungan ang mga bata sa pagbubuo ng larawang-isip ng mga pagtutugunang nagpapakilala sa katangiang espiritwal na tinatalakay. Ang kakayahan ng guro sa pagbibigay nitong pambungad na mga salita sa isang natural na paraan at sa pagtulong sa mga bata upang magtamo ng malalim na pag-unawa sa ganitong mga pagtutugunan ay uunlad mula sa karanasan at sa patuloy na paglilimi sa mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa mga aralin. Kaugnay nito, hinihiling sa mga kalahok sa panimulang mga bahagi na magsagawa ng unang pagninilay-nilay sa kahalagahan ng bawat katangian, kapuwa sa buhay ng indibidwal at para sa kanilang mga pagsisikap sa pagtuturo, at ang isang maikling kalipunan ng nauugnay na mga sipi sa bawat isa ay isinama para sa layuning ito.

Yamang naisagawa na ang gayong pagninilay-nilay, kasunod na sinusuri ng mga kalahok ang mga kuwentong naglalarawan sa mga katangiang pinag-aaralan. Nahimalay ang malaking bahagi mula sa buhay ni 'Abdu'l-Bahá, nilalayon ng mga ito ang maihain sa mga bata ang isang sulyap sa walang-hanggang mga paghahayag sa mga katangiang espiritwal bilang mga katangian ng kaluluwa ng tao. Alinsunod sa layuning ito, may ilang mga katanungan para sa bawat kuwento upang matulungan ang mga guro na makita ang higit pa sa serye ng mga pangyayari upang suriin ang espsiritwal na realidad na sinasaliksik nito. Lalo na sa mga kuwento ni 'Abdu'l-Bahá, ang mga katanungang ito ay binuo upang matiyak na sa kanilang pagsasalaysay ay binibigyang-diin ng mga guro kung paano Niya inihayag ang mga katangiang espiritwal sa sukdulang kaganapan at upang maiwasan nila ang pagbibigay ng kagyat at mababaw na kaugnayan na maaaring makaabala sa mga bata mula sa pagkabatid sa tunay na kahalagahan ng Kaniyang mga kilos.

Pagkatapos suriin ng mga kalahok ang bawat pangkat ng apat na aralin sa ganitong paraan, hinihiling sa kanilang gumugol ng panahon sa pagsasanay sa iba't ibang elemento sa kanilang mga sarili, habang ginagamit ang mga paraang tinalakay sa unang yunit. Ang kahalagahan ng bahaging pagsasanay ay hindi maaaring mabigyan ng labis na pagpapahalaga. Malaki ang inaasahan dito mula sa tutor upang tulungan ang mga miyembro ng grupo sa kanilang mga pagsisikap na pahusayin ang kanilang kakayahan sa pagiging mga guro. Ang pagsasaayos ng pag-aaral sa mga aralin sa mga pangkat ng tig-aapat ay tumatanggap ng isang antas ng pagbabagay kaugnay nito, at kailangang pag-isipan ng tutor ang pinakamahusay na paraan ng pagpapatuloy, habang nakikipagsangguni, kapag kinakailangan, sa institute coordinator para sa mga children's class. Maaaring may mga pagkakataong tatapusin muna ng mga kalahok ang pag-aaral ng buong yunit, kasama ang bahaging pagsasanay (o *practice component*) nito, bago nila isabalikat itong gawain ng paglilingkod. Sa ganitong sitwasyon, napakahalagang yaong mga nagnanais magdaos ng mga klase ay nagagawang mabilis na makapagtamo ng karanasan agad nang matapos nila ang pag-aaral ng Aklat 3, maging sa pamamagitan ng pagsimula ng sarili nilang klase o sa pakikipagtulungan sa iba pang guro, tumutulong sa ilang mga gawain. Subalit sa ibang mga pagkakataon, maaaring maging mabunga para sa mga kalahok na magsimula sa pagtamo ng kahalintulad na karanasan sa pagtuturo pagkatapos nila ng pag-aaral at pagsasanay ng unang isa o dalawang pangkat ng apat na aralin. Sa angkop na mga pagitan, kung gayon, ay muling titipunin ng tutor ang mga kalahok upang isagawa ang pag-aaral at pasasanay apat pang mga aralin kaugnay ng lumalaki nilang karanasan. Dapat banggitin dito na ang pagsasaayos ng panimulang mga bahagi sa mga grupo ng tig-aapat na aralin ay hindi nagpapahiwatig na may anumang tanging ugnayan sa isa't isa ang mga katangiang espiritwal na tinatalakay.

Maging anupaman ang gayong mga pagsasaayos, napakahalagang maging lubos na bihasa ang mga guro sa mga aralin at maghanda nang mabuti para sa bawat pagtitipon ng klase. Magiging higit na matagumpay ang mga klase para sa mga bata kapag hindi lamang binabasa ng guro mula sa aklat bagkus ay natutunan nang bigkasin ang mga dalangin at mga sipi mula sa pagsasaulo, naghandang ipakilala ang sipi para sa aralin, at nag-ensayo ng pagsasalaysay ng kuwento. Bukod pa sa ganitong mga uri ng paghahanda, kaunting-kaunti lamang ang kinakailangan para sa mga klase kaugnay ng mga aralin at mga yaman mula sa labas, bukod sa ilang mga gamit para sa mga laro at mga papel na kukulayan at mga pangkulay. Ang mga papel na kukulayan, na matatagpuan sa dulo ng ikalawang yunit, ay maaaring ipa-*photocopy* o paramihin sa pamamagitan ng pagbabakas ng mga iyon sa hiwalay na mga papel. Karagdagan doon, maaari ding i-*download* ang mga iyon mula sa website ng Ruhi Institute upang maiprint ang mga iyon. Matatagpuan din sa website ang naka-*record* na mga awit para sa Grade 1, na maaaring nanaising gamitin ng mga guro hindi lamang upang ihanda ang kanilang mga sarili para sa klase kundi ay upang matulungan din ang mga bata sa pag-awit ng mga iyon. Yaong mga nagsisimula ng klase para sa mga bata sa kanilang pamayanan ay hinihimok na gumamit ng kuwadernong nakalaan para sa kanilang mga pagsisikap, na iyon ay magbibigay-daan upang lagi nilang hawak ang impormasyong kinakailangan at palalakasin ang paraan ng paghahanda at pagninilay-nilay.

Kapaki-pakinabang ang linawin dito na ang dalawampu't apat na aralin para sa Grade 1 ay binuo sa layuning matapos ang bawat isang aralin sa isang pagtitipon ng klase, sa karaniwang kalagayan. Ang paghahati sa mga elemento ng isang aralin sa dalawang pagtitipon ay nagdudulot ng labis na pagpapahaba sa mga gawain nang hindi naman kinakailangan. Higit na mahalaga pa, iyon ay maaaring magpahina sa bisa ng proseso ng pagkatuto kung saan napakahalaga ang pagtatatag ng isang ritmo ng mga gawain, na magkakaiba ang antas ng pagiging masikhay ng bawat isa, subalit ang lahat ay umiinog sa iisang katangiang espiritwal.

At sa huli, kailangang magbigay ng ilang salita tungkol sa ugnayan ng guro at ng mga mag-aaral sa proseso ng edukasyon, isang temang tinalakay sa mga Bahagi 9 at 10 ng unang yunit subalit ay natural na bahagi rin ng buong aklat. Napakalinaw na dapat gawin ng bawat guro ang sukdulang pagsisikap upang taglay nila ang lahat ng mga katangiang espiritwal na sinisikap nilang ituro sa mga bata sa Grade 1. Mula sa mga katangiang ito, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa pag-ibig, isang pag-ibig na naglalarawan sa pag-ibig sa Diyos. Ang pag-ibig na ito ay madarama sa kapaligirang nililikha ng guro—sa antas ng paghahandang ginawa bago magsimula ang klase, sa mga dalanging inaalay ng bawat isa sa simula ng klase, sa pananalitang ginagamit sa pakikipag-ugnay sa mga mag-aaral, at sa paraan ng pagtanggap ng mga mag-aaral ng paghimok at papuri para sa pagsulong na natatamo nila.



# Ilang mga Simulain ng Edukasyong Bahá'í

## Layunin

Upang suriin ang ilang mga simulain at mga konseptong matatagpuan sa mga Kasulatang Bahá'í kaugnay ng edukasyon at upang nilay-nilayin kung paano makikipag-ugnay sa mga bata sa mga klaseng mag-aaruga sa kanilang espiritwal na kalagayan

## BAHAGI 1

Ipinakikilala sa inyo nitong pangatlong aklat ng Ruhi Institute ang isang gawain ng paglilingkod na lubusang karapat-dapat, ang pagtuturo ng Bahá'í na mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Matapos pag-aralan itong aklat at isagawa ang bahaging pagsasanay nito, kung ipapasiya ninyong italaga ang bahagi ng inyong panahon at lakas sa gawain ng paglilingkod na ito, kayo ay nasa kalagayan na upang makapagsimula ng lingguhang klase sa inyong pamayanan para sa isang grupo ng mga batang pumapasok sa unang grado ng programa ng edukasyong anim na taon ang itatagal. Habang inihahandog ninyo ang klase, kayo rin, mangyari pa, ay patuloy na susulong sa mga aklat ng pangunahing serye.

Ang pagtuturo sa mga bata ay isa lamang mula sa ilang mga gawain ng paglilingkod sa landas na inyong tinatahak. Kahit na hindi ninyo piliing isagawa ito, magiging kapaki-pakinabang pa rin sa inyo ang kursong ito. Sa pagtulong sa proseso ng pagtatatag ng pamayanan sa inyong nayon, bayan, o kapitbahayan, kayo ay makikipag-ugnay sa maliit na mga bata sa maraming mga pagkakataon at madalas ninyong magagamit ang malalim na mga pag-unawang matatamo ninyo mula sa inyong pag-aaral nito. Nilay-nilayin sandali ang mga damdamin tungo sa mga bata, na pinupukaw ng pahayag sa ibaba mula sa Universal House of Justice:

> **"Ang mga bata ang pinakamahalagang angking kayamanan ng isang pamayanan, dahil nasa sa kanila ang pag-asa at pangako ng kinabukasan. Taglay nila ang mga binhi ng pagkatao ng lipunan ng hinaharap, na iyon ay nahuhubog, sa malaking antas, ng mga matandang bumubuo ng pamayanan at ang kanilang ginagawa o hindi ginagawa kaugnay ng mga bata. Sila ay isang ipinagkatiwala, na hindi maaaring pabayaan lamang ng alinmang pamayanan. Ang pagmamahal sa mga batang nakasasaklaw sa lahat, ang paraan ng pagtrato sa kanila, ang kalidad ng pansin na ibinibigay sa kanila, ang diwa ng pakikitungo sa kanila ng mga matanda—ang lahat ng mga ito ay napakahalagang mga aspekto ng saloobing kinakailangan."**[1]

Ang mga aralin ng unang grado, na inihaharap sa pangalawang yunit ng aklat, ay payak lamang. Ang bawat isa ay binubuo ng isang pangkat ng mga gawaing nakatutok sa pagpapaunlad ng isang katangiang espiritwal. Hinihimok ang mga batang magsaulo ng mga dalangin at mga sipi mula sa mga Kasulatan, makinig sa mga kuwento at mga paliwanag ng mga katuruan, gumuhit at magkulay, umawit at maglaro. Upang maihandog ang mga araling ito hindi kinakailangan ang malawak na kaalaman sa larangan ng edukasyon. May pormal na pagsasanay man o wala sa pagiging guro, ihahanda kayo ng kursong ito upang mabisang makapagsagawa sa sunod-sunod na linggo ng klase para sa mga bata. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kursong nagsasanga sa Aklat 3 at habang nagtatamo kayo ng karanasan, kayo ay magkakaroon ng pagkakataong pag-isipan ang maraming mga paksang napakahalaga sa edukasyon. Sa simula, malamang na susundin lamang ninyo ang mga aralin subalit sa kalaunan ay mapayayaman ang mga iyon sa pamamagitan ng karagdagang mga nilalaman na kayo mismo ang magpapaliwanag.

## BAHAGI 2

Nilay-nilayin natin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh at ni 'Abdu'l-Bahá, na makatutulong sa atin upang pahalagahan ang gawain ng isang guro. Maaaring nanaisin ninyong

isaulo ang mga ito, nang sa gayon ay magagawa ninyong gunitain ang mga ito habang nagtuturo.

> **"Pinagpala ang gurong babangon upang turuan ang mga bata, at papatnubayan ang mga tao sa mga landas ng Diyos, ang Nagkakaloob, ang Pinakamamahal."[2]**

> **"Kabilang sa pinakadakila sa lahat ng mga paglilingkod na maaaring maibigay ng tao sa Diyos na Ganap na Makapangyarihan ay ang pagbibigay ng edukasyon at pagsasanay sa mga bata . . ."[3]**

> **"Sang-ayon sa malinaw na Tekstong banal, ang pagtuturo sa mga bata ay lubhang kinakailangan at tungkuling isagawa. Kung gayon ang mga guro ay mga tagapaglingkod ng Panginoong Diyos, sapagkat nagbangon sila upang isagawa ang gawaing ito, na iyon ay kapareho ng pagsamba. Samakatwid ay kailangan ninyong mag-alay ng papuri sa bawat paghinga, dahil binibigyan ninyo ng edukasyon ang inyong espiritwal na mga anak."[4]**

1. Habang nililimi ninyo ang kahulugan ng mga salitang ito, punuan ang mga patlang sa mga pangungusap sa ibaba.

   a. ____________ ang __________ babangon upang _________ ang mga bata, at ________ ang mga tao sa mga ___________ ng Diyos, ang ______________ , ang ________________ .

   b. Kabilang sa _______________ sa lahat ng mga ____________ na maaaring maibigay ng sinumang indibidwal sa Diyos na Ganap na Makapangyarihan ay ang pagbibigay ng _____________ at _____________ sa mga bata.

   c. Sang-ayon sa malinaw na Tekstong banal, ang pagtuturo sa mga bata ay ________________ at _____________ . Kung gayon ang mga ___________ ay mga ____________ ng Panginoong Diyos, sapagkat _________ sila upang isagawa ang gawaing ito, na iyon ay ________ ng ___________ . Samakatwid ay kailangan ninyong mag-alay ng _________ sa bawat paghinga, dahil binibigyan ninyo ng edukasyon ang inyong ______________________________ .

2. Batay sa pinag-aralan na natin hanggang dito, ipasiya kung alin sa mga pahayag na ito ay totoo:

   _____ Ang mga magulang, ang mga guro, at ang pamayanan ay kabahagi lahat sa tungkulin para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata.

   _____ Ang bawat pamayanan ay obligadong magtatag ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata.

   _____ Ang pagtuturo sa mga bata ay maaaring ituring bilang gawain ng pagsamba.

   _____ Sapagkat pumapasok naman sa paaralan ang mga bata, hindi na kailangan ng espiritwal na edukasyon.

_____ Ang guro ng mga bata ay nagpapalaki ng mga espiritwal na anak.

## BAHAGI 3

Maraming mga talata sa mga Kasulatan ng Pananampalataya ang nauugnay sa larangan ng edukasyon. Pag-aaralan natin ang ilan sa mga iyon sa kursong ito at sa yaong mga nagsasanga mula rito. Upang magsimula, basahin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh:

> **"Ituring ang tao bilang isang minang mayaman sa mga hiyas na di-matantiya ang halaga. Ang edukasyon lamang ang makapaglalabas ng mga kayamanan nito at makapagbibigay-kakayahan sa sangkatauhan upang makinabang mula roon."**[5]

Ang pagbuo sa mga pangungusap sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang nilay-nilayin ang napakalalim na kahulugan ng pahayag na ito at upang isaulo ito, kung iyon ay hindi pa ninyo nagagawa.

a. Ang tao ay tulad ng isang ___________ na mayaman sa mga hiyas na di-matantiya ang ___________ .

b. Ang _____________________ lamang ang _________________ ng mga kayamanan nito, at makapagbibigay-kakayahan sa sangkatauhan upang __________________ mula roon.

Ang mga ipinahihiwatig ng mga salita ni Bahá'u'lláh para sa larangan ng edukasyon ay napakalawak, at ang ilan sa mga iyon ay susuriin sa susunod na mga bahagi. Sa ngayon, pag-isipan natin ang isang kaisipan. Ipagpalagay na kayo ay binigyan ng dalawampung garapon at inatasang punuin ang mga iyon ng tubig, sa pamamagitan ng isa-isang kutsara. Kapag ang edukasyon ay itinuring sa ganitong paraan—na sinusubuan lamang ang mga mag-aaral ng pira-pirasong mga impormasyon—hindi ba iyon magiging gawaing masyadong nakapapagod? Kasunod ay gunitain ang isang mina na punong-puno ng natatagong mga hiyas na handa nang matuklasan at ilabas sa liwanag. Hindi ba kayo sumasang-ayon na kapag ang pagtuturo ay nakikita bilang pagmimina ng mga hiyas, iyon ay tunay na magiging isang lubos na kalugod-lugod na gawain?

## BAHAGI 4

Pag-isipan pa natin ang sipi sa itaas. Maaari ba nating isama sa mga hiyas na tinutukoy ni Bahá'u'lláh ang mga katangiang tulad ng pag-ibig, pagkamakatotohanan, katarungan, pagiging mapagbigay, katatagan, at katapatan? Paano naman ang mga kapangyarihan ng isipan ng tao, ang mga kapangyarihan nito upang tuklasin ang mga hiwaga sa kalikasan, upang lumikha ng magandang mga sining, upang magpahayag ng mga kaisipang marangal at nakapagpapasigla? Maaari bang yumabong ang alinman sa mga ito kapag walang wastong edukasyon? Sa pagninilay-nilay sa ganitong mga katanungan, alalahanin ang paghahalintulad na ginamit sa Aklat 1, na ang isang lampara ay may natatagong kakayahan upang makapagbigay ng liwanag, subalit upang magawa iyon, kailangan nitong masindihan.

## BAHAGI 5

Upang paunlarin ang ating natatagong kakayahan, lahat tayo ay dumaraan sa iba't ibang mga yugto sa isang proseso ng edukasyon, na masasabi nating patuloy na namumukadkad hanggang sa wakas ng ating mga buhay. Tayo ay nagtatamo ng edukasyon sa tahanan, sa paaralan, sa trabaho, at sa loob ng pamayanan. Ang isang tanong na kailangan nating itanong sa ating mga sarili dito ay, Ano ba dapat ang tinututukan ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, lalo na sa unang grado, bilang isang bahagi nitong panghabang-buhay na proseso ng edukasyon? Ang ilang mga payo ni 'Abdu'l-Bahá ay makatutulong sa atin upang matuklasan ang mga kasagutan:

> **"Dapat ninyong ituring ang paksa ng magandang pag-uugali bilang may pangunahing kahalagahan. Tungkulin ng bawat ama at ina na payuhan ang kanilang mga anak sa loob ng mahabang panahon, at patnubayan sila roon sa mga bagay na mag-aakay sa kanila sa walang-hanggang karangalan."[6]**

> **"Ang pagsasanay sa wastong pamantayang moral at sa mabuting ugali ay lubhang higit na mahalaga kaysa sa pagkatuto mula sa aklat. Ang isang batang malinis, madaling pakibagayan, mabuti ang ugali, maganda ang asal—kahit na siya ay mangmang—ay higit na pipiliin sa batang bastos, madungis, masamang ugali subalit ay maraming nalalaman sa lahat ng mga agham at sining. Ang dahilan nito ay ang batang maganda ang ugali, kahit na siya ay mangmang, ay kapaki-pakinabang sa iba, samantalang ang batang masama ang ugali ay balakyot at nakasasama sa iba, kahit na siya ay marunong. Subalit, kung ang bata ay sasanaying maging kapuwa marunong at mabuti, ang bunga nito ay patong-patong na liwanag."[7]**

> **"Sa darating na panahon, ang wastong pamantayang moral ay mapapasama sa sukdulang antas. Lubhang kinakailangang mapalaki ang mga bata sa Bahá'í na paraan, upang makatagpo sila ng kaligayahan kapuwa sa daigdig na ito at sa susunod. Kung hindi, sila ay masasalanta ng mga kalungkutan at mga suliranin, sapagkat ang kaligayahan ng tao ay nababatay sa espiritwal na asal."[8]**

Ang kahalintulad nitong mga sipi ay umakay sa Ruhi Institute upang tumutok sa pagpino ng pagkatao sa unang grado ng programa nito para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Bago tayo magpatuloy sa pagsusuri sa layuning ito, maaaring nanaisin ninyong talakayin sa inyong grupo kung ano ang inyong nauunawaan sa "mabuting pagkatao" at isulat ang ilan sa inyong mga nahinuha sa susunod na puwang.

## BAHAGI 6

Ang isang konseptong agad na pumapasok sa isipan kapag iniisip ang mabuting pagkatao ay ang "kabutihan". Maraming mga programang kapaki-pakinabang ang umiiral sa daigdig kung saan sinisikap linangin sa mag-aaral ang isa o iba pang pangkat ng mga kabutihan. Ginagamit ng mga programang ito ang salitang "kabutihan" upang ilarawan ang isang malawak na hanay ng kapuri-puring mga katangian ng tao. Ang mga iba ay mga ugali tulad ng pagiging nasa tamang oras. Ang mga iba ay mga saloobin tulad ng pakikiramay sa mga nasa kagipitan. At ang mga iba pa ay tumutukoy sa tanging mga kasanayan at mga kahusayan, halimbawa, ang kahusayan sa pagsasalita nang malinaw. Subalit may isang kategorya ng mga kabutihang namumukod sa lahat ng iba—pagkamakatotohanan, pagiging mapagbigay, pagpapakumbaba, pagmamahal, upang bumanggit lamang ng ilang mga halimbawa—na tinatawag nating "mga katangiang espiritwal". Hinihiling sa inyong itutok ang inyong mga pagsisikap sa unang grado sa paglilinang nitong saligang mga katangian ng kaluluwa ng tao. Hindi ito nangangahulungan, sa pakikipag-ugnay ninyo sa mga bata, na pababayaan ninyo ang iba pang mga kabutihan. Ang ibig lamang sabihin ay ang mga araling ituturo ninyo ay pangunahing nauugnay sa mga katangiang hindi maaaring mawala sa walang-katapusang paglalakbay ng kaluluwa patungo sa Diyos. Upang mapahalagahan ang uri ng pinagkakaiba nito, isipin ang pagiging nasa tamang oras bilang isang kabutihan. Ang isang taong nasa tamang oras ay maaari ding maging masungit at malupit. Subalit ang kalupitan at kasungitan ay hindi maaaring maging mga katangian ng isang taong nakamtan na ang makalangit na mga katangian ng pagiging makatotohanan at katapatan, pag-ibig at pagiging makatarungan, pagiging mapagbigay at mapagpatawad. Mangyari pa, kung ang gayong tao ay nasa tamang oras din, iyon ay lubos na kanais-nais.

Napag-isipan na ninyo nang bahagya ang mga katangiang kailangang matamo ng kaluluwa sa buhay na ito mula sa pangatlong yunit ng Aklat 1. Maaaring napapanahon na upang balikan ninyo ang yunit na iyon at repasuhin ang nauugnay na mga bahagi. Pagkatapos ay pag-isipan ang inyong pinag-aralan doon kaugnay ng kahalagahan ng paglilinang ng mga katangiang espiritwal mula sa murang gulang ng pagkamusmos. Nasa ibaba ang ilang puwang para maisulat ninyo ang inyong mga paglilimi.

## BAHAGI 7

Sa pagtulong sa mga bata upang maihayag ang isang kapuri-puring pagkatao, natural lamang na mag-aabala din kayo sa kanilang asal, sapagkat ang mga kabutihan ay kailangang isinasagawa. Bilang guro, pagtitibayin ninyo ang mabuting pag-uugali sa maraming mga paraan. Papuri, paghimok, paalala, paliwanag, gantimpala—ang bawat isa sa mga ito ay muli't muli ninyong gagamitin habang sinusubaybayan ang pagsulong ng isang maliit na grupo ng mga bata. May pagkakataong ang mahinahong pagpapamalas ninyo ng hindi pagkakagusto ay magiging paraan din upang pigilan ang hindi kanais-nais na kilos na ipinakikita ng isa o iba pang bata—ito ay kapag nakabuo na kayo ng matibay na mga kawing ng pag-ibig at pagmamahal sa mga mag-aaral sa inyong klase. Susuriin natin ang ilan sa mga paksang nauugnay sa paraan ng inyong pakikipag-ugnayan sa inyong mga mag-aaral sa susunod na mga bahagi. Para sa ating kasalukuyang talakayan ay isipin natin ang isang halimbawa. Sa inyong mga ugnayan sa mga bata, tiyak na sisikapin ninyong payabungin sa kanila ang saloobin ng pagbabahagi at ang kaukulang ugali. Ano ang ilan sa mga bagay na maaari ninyong sabihin at gawin? Talakayin ang katanungang ito sa mga miyembro ng inyong grupo.

Ngayon ay nilay-nilayin ang sumusunod na katanungan: Mamalagi ba ang pagbabahagi bilang isang aspeto ng pag-uugali, halimbawa, sa mga panahon ng kagipitan, kung hindi ito paghahayag ng pagiging mapagbigay, na isang katangiang espiritwal na naglalarawan sa katangian ng Diyos, ang Mapagbigay, ang Lubos na Mapagpala? Ang sagot, mangyari pa, ay bagaman ang pagbabago sa pag-uugali ay may sarili nitong kahalagahan, ang tunay na layunin ay ang paglilinang ng mga katangiang espiritwal, yamang ang mga ito ay mga kakayahan ng kaluluwa ng tao at kailangang arugain ng kaalaman sa Diyos at ng pag-ibig sa Diyos. Pinapayuhan tayo ni 'Abdu'l-Bahá na:

> **"Ikaw ay sumulat tungkol sa mga bata: mula sa pinakasimula ang mga bata ay dapat tumanggap ng banal na edukasyon at dapat patuloy na pinaaalalahanang gunitain ang kanilang Diyos. Tulutang ang pag-ibig sa Diyos ay lumaganap sa kanilang kaibuturang pagkatao, kasama ng gatas ng kanilang ina."**[9]

> **"Mula sa kaniyang kamusmusan, ang bata ay dapat pinasususo sa dibdib ng pag-ibig sa Diyos at inaaruga sa yakap ng Kaniyang kaalaman, nang siya ay makapagpasinag ng liwanag, lumaki sa pagiging espiritwal, mapuspos sa dunong at kaalaman, at angkinin ang mga katangian ng mga hukbo ng mga anghel."**[10]

> **"Hinggil sa iyong katanungan tungkol sa edukasyon ng mga bata: tungkulin mong arugain sila sa dibdib ng pag-ibig sa Diyos, at himukin silang sumulong tungo sa mga bagay ng espiritu, nang magawa nilang ibaling ang kanilang mga mukha tungo sa Diyos; nang ang kanilang mga gawi ay sumang-ayon sa mga patakaran ng mabuting asal at ang kanilang ugali ay hindi pumangalawa sa kaninuman; na kanilang angkinin ang lahat ng mga kahusayan at kapuri-puring mga katangian ng sangkatauhan . . ."**[11]

Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang isa man lamang sa mga sipi sa itaas.

## BAHAGI 8

Ang mga araling ituturo ninyo sa mga batang nasa unang grado, na karaniwan ay nasa edad ng lima o anim na taong gulang, ay binuo habang taglay sa isipan ang mga panukalang sinuri na natin hanggang dito. Maaaring makatulong, sa yugtong ito, na dumako muna kayo sa pangalawang yunit at basahin nang buo ang dalawa o tatlong mga aralin, habang lalong binibigyang-pansin ang una. Sa kalaunan ay magkakaroon kayo ng pagkakataong suriin nang detalyado ang lahat ng dalawampu't apat na aralin. Para sa ngayon, hinihimok kayong pag-isipan ang iba't ibang mga elemento nito, sang-ayon sa nababanggit sa ibaba, kaugnay ng mga talakayan sa nakaraang mga bahagi.

Ang bawat klase ay nagsisimula sa mga dalanging inuusal ninyo at ng ilan sa mga bata. Agad pagkatapos nito, ang mga bata ay naglalaan ng panahon sa pagsasaulo ng isang dasal sa tulong ninyo. Ang dasal ay hindi maaaring mawala para sa pagsulong ng isang batang "pinasususo sa dibdib ng pag-ibig sa Diyos." Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na, "ang mga bata … ay tulad ng mga murang halaman, at ang pagtuturo sa kanila ng mga dasal ay tulad ng pagbubuhos ng ulan sa kanila, nang sila ay maging mura at sariwa, at ang mahinay na mga simoy ng pag-ibig ng Diyos ay humihip sa kanila, upang kumilig sila sa ligaya." Nilay-nilayin sandali kung paano nakatutulong itong elemento ng klase sa pangkalahatang layunin ng paglilinang ng isang butihing pagkatao sa mga bata. Sikaping isaad ang inyong mga pananaw sa ilang mga pangungusap. Ang ilang mga sipi mula sa Aklat 1, tulad ng sumusunod, ay makatutulong sa inyo:

> **"Ang pinakadakilang kaganapan o pinakamatamis na kalagayan ay walang iba kundi ang pakikipag-usap sa Diyos. Ito ay lumilikha ng kabanalan, lumilikha ng kamalayan at makalangit na mga damdamin, lumalalang ng bagong mga pagka-akit sa Kaharian at nagbubunga ng mga kakayahan ng higit na mataas na kaisipan."[12]**

> **"Dalitin, O Aking tagapaglingkod, ang mga taludtod ng Diyos na tinanggap mo, gaya ng pagdalit ng mga nakalapit sa Kaniya, upang ang katamisan ng iyong awit ay makapagpaningas sa iyong sariling kaluluwa, at maakit ang mga puso ng lahat ng tao."[13]**

> **"Ang Espiritu ay may panghikayat; ang dasal ay may espiritwal na bisa."[14]**

> **"Nararapat sa tagapaglingkod ang magdasal at humingi ng tulong mula sa Diyos, at magsumamo at manikluhod sa Kaniyang tulong. Ganoon ang nararapat sa ranggo ng paglilingkod, at iuutos ng Panginoon ang anumang ninanais Niya, sang-ayon sa Kaniyang sukdulang karunungan."[15]**

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Ang tema ng bawat aralin ay umiikot sa isang sipi mula sa Banal na Kasulatan, na inaasahang isasaulo ng mga bata. Hinihiling sa inyong gawin ang lahat ng inyong makakaya upang tulungan silang magtamo ng pangunahing pag-unawa sa kahulugan niyon, isang pag-unawang napatunayang hindi maaaring mawala sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal. Ang isang katanungang dapat pag-isipan kaugnay nito ay kung magagawa ba ninyong arugain ang ninanais na katangian sa anumang makabuluhang paraan nang walang tulong mula sa Salita ng Diyos. Muli, sa pagbubuo ng inyong mga pananw, gunitain ang ilan sa inyong mga pagninilay-nilay sa naunang mga aklat sa serye—halimbawa, sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos sa unang yunit ng Aklat 2. Nang tiyakan, paano nakatutulong sa inyo ang sumusunod na sipi, na malamang ay naisaulo na ninyo, upang masagot ang katanungang ito?

> **"Ang Salita ng Diyos ay maihahalintulad sa isang punla, na ang mga ugat nito ay naitanim sa mga puso ng tao. Tungkulin ninyong pangalagaan ang paglaki nito sa pamamagitan ng nabubuhay na tubig ng karunungan, ng sagrado at banal na mga salita, upang ang ugat nito ay maitanim nang malalim at ang mga sanga nito ay yumabong na kasintaas ng mga kalangitan at lampas pa roon."[16]**

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

Ang isa pang elemento ng mga aralin ay binubuo ng mga kuwentong isinasaysay sa mga bata. Ang karamihan ay hinango mula sa buhay ni 'Abdu'l-Bahá, na Siya, bilang ganap na Huwaran ng mga katuruan ng Kaniyang Ama, ay nagtataglay ng mga katangiang nais ninyong linangin. Mula sa inyong pag-aaral ng pangatlong yunit ng Aklat 2, batid na ninyo ang walang-kahalintulad na biyayang tinanggap ng sangkatauhan sa Katauhan ni 'Abdu'l-Bahá. Ang mga kuwentong natututunan ng mga bata tungkol sa Kaniyang buhay ay may bukod-tanging ginagampanan sa paghuhubog ng kanilang pagkatao, at dapat ipaalaala sa kanila nang muli't muli ang Kaniyang napakalaking pagmamahal sa mga bata. Habang tumitibay ang kanilang pagkakabigkis kay 'Abdu'l-Bahá, matitiyak ninyo sa kanilang, kapag nagsusumikap silang tularan ang Kaniyang halimbawa, sila ay nagbibigay ng kaligayahan sa Kaniyang puso. Sa inyong palagay, paano makatutulong ang mga kuwento mula sa buhay ni 'Abdu'l-Bahá, na isinasalaysay nang buong ligaya at pitagan, upang mapayabong ang mga katangiang ninanais sa mga bata?

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

Ang pagkanta ng mga awit ay isa pang elemento ng klase, na pinupuspos ng ligaya ang mga puso at mga kaluluwa ng mga bata. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Ang sining ng musika ay banal at mabisa. Ito ang pagkain ng kaluluwa at ng espiritu. Sa pamamagitan ng kapangyarihan at halina ng musika ang espiritu ng tao ay napasisigla. May kamangha-manghang panghikayat at bisa ito sa mga puso ng mga bata, sapagkat ang kanilang mga puso ay dalisay, at malaki ang impluwensiya ng mga himig sa kanila. Ang natutulog na mga talentong ipinagkaloob sa mga puso ng mga batang ito ay makatatagpo ng paghahayag sa pamamagitan ng daluyan ng musika."**[17]

Talakayin sa inyong grupo kung bakit mahalagang matuto ang mga batang umawit ng magandang mga awitin mula sa kanilang kamusmusan.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang mga laro at pagkukulay ay dalawa pang mga elemento ng isang klase. Ang uri ng mga laro ay pakikipagtulungan at nilalayon ng mga iyon ang makatulong sa paglilinang ng ilang mga saloobin at mga ugaling kanais-nais. Ang mga papel na kukulayan na kalakip ng mga aralin ay nauugnay sa katangiang espiritwal na pinagtutuunan ng bawat isang aralin. Ang pagkukulay ay nagpapalakas din sa ilang napakahalagang mga kasanayan at kahusayang kinakailangan ng mga bata sa yugtong ito ng kanilang paglaki. Nakatutulong ang dalawang gawaing ito upang lumikha ng kapaligiran ng kaligayahan, na dapat maging pagkakakilanlan ng isang klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Maaaring nanaisin ninyong isulat ang ilang mga pangungusap tungkol sa lubos na pangangailangan ng maligayang kapaligiran para sa pagpapayabong ng mga katangiang espiritwal.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 9

Sa nakaraang ilang bahagi nagtamo kayo ng ilang malalim na pag-unawa sa layunin ng mga aralin sa unang grado at nakita kung paano nakatutulong ang bawat elemento upang pinuhin ang pagkatao. Ngayon ay suriin natin nang maikli ang katangian ng inyong ugnayan sa mga batang tuturuan ninyo.

Una at pinakamahalaga ay ang pag-ibig na nadarama ninyo tungo sa inyong mga mag-aaral, na yamang ito ay isang pag-ibig na naglalarawan ng pag-ibig sa Diyos, ay sinasaklaw nito ang lahat ng mga bata mula sa lahat ng pinanggalingan. Kung paano ihahayag ang pag-ibig na ito sa paraang umaabot ito sa bawat bata ay isang bagay na sinisikap matutunan ng guro.

Ang inyong pag-ibig para sa inyong mga mag-aaral, na dalisay at malaya sa anumang paborito, ay magbibigay-daan upang madali ninyong matuklasan ang mga hiyas na di-matantiya ang halaga, na inilagak ng Kamay ng Lubos na Makapangyarihan sa realidad ng bawat bata. Ang inyong pagtingin sa bawat bata ay bilang isang marangal na nilalang na nilikha sa larawan ng Diyos, na isang katotohanang sinasaksihan nitong mga salita ni Bahá'u'lláh:

> **"Nalalambungan sa Aking mula't sapul na pag-iral at sa matandang kawalang-hanggan ng Aking diwa, batid Ko ang Aking pag-ibig sa iyo; dahil doon ikaw ay nilikha Ko, iniukit sa iyo ang Aking larawan at inihayag sa iyo ang Aking kagandahan."[18]**

> **"Sa pamamagitan ng mga kamay ng kapangyarihan ikaw ay ginawa Ko at sa pamamagitan ng mga daliri ng lakas ikaw ay nilikha Ko; at sa loob mo ay inilagay Ko ang diwa ng Aking liwanag."[19]**

> **"Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking liwanag ay nasa iyo. Kunin mo roon ang iyong luningning at huwag humanap ng iba pa sa Akin. Sapagkat ikaw ay nilikha Kong mayaman at masaganang ibinuhos Ko sa iyo ang Aking paglingap."[20]**

Mangyari pa, batid ninyong ang pag-ibig ay walang-pasubaling dadaan sa pagsubok. Habang kayo ay nagtuturo, tiyak na may makikita kayong hindi kanais-nais na mga katangian sa inyong mga mag-aaral. Sa ganoong mga pagkakataon, napakahalagang itatwa ninyo ang maling akala na ang ilang mga bata ay hindi maaaring maituwid. Ang isang guro ng Bahá'í na klase para sa mga bata ay kailangang walang pag-alinlangang ang bawat bata ay may kakayahang kilalanin ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang mga Kahayagan at sumunod sa Kanilang mga katuruan. Ang bawat bata ay may kakayahang sumulong nang espiritwal. Ang bawat isang bata sa inyong klase ay nilikhang marangal, at sa tulong ninyo, ay magagawang ihayag ang karangalang ito.

Ang paggunita sa mga pariralang ginamit ng Master sa pagtukoy sa mga bata ay makatutulong sa inyo upang makita nang higit na malinaw ang kanilang espiritwal na diwa bilang nilalang ng Diyos. Nasa ibaba ang ilan sa gayong mga parirala; basahin ang mga ito at nilay-nilayin kung paano nito hinuhubog ang inyong kabatiran sa napakahalagang mga nilalang na inyong tuturuan:

– itong napakagandang mga bata

– itong nanliliwanag at maningning na mga bata

– itong magandang mga anak ng Kaharian

– itong mga punlang tumubo sa tabing-ilog ng Iyong pamamatnubay

– murang mga halaman sa Paraiso ng Abhá

– mga pananim sa Iyong halamanan

– murang mga binhi sa hardin ng pag-ibig ng Diyos

– sariwang mga punla sa mga kaparangan ng kaalaman ng Diyos

- mga punlang namumulaklak sa Iyong banal na tagsibol
- ang mga rosas ng Iyong hardin
- ang mga rosas ng hardin ng Iyong pamamatnubay
- ang mga bulaklak sa Iyong parang
- ang mga siit sa puno ng buhay
- murang mga sangang tumutubo sa mga hardin ng Iyong kaalaman
- mga sangang nagbubuko sa Iyong mga halamanan ng pagpapala
- mga ibon sa mga kaparangan ng kaligtasan
- mga kandilang sinindihan ng mga daliri ng Pinagpalang Kaganapan
- ang likhang-kamay ng mga daliri ng Iyong kapangyarihan
- ang kamangha-manghang mga palatandaan ng Iyong kadakilaan
- mga minamahal ni ‘Abdu’l-Bahá

## BAHAGI 10

Kaalinsabay ng pag-ibig, ang ugnayang aalagaan ninyo sa inyong mga mag-aaral ay matatangi ng lahat ng ibang mga katangiang espiritwal na pinag-aaralan sa mga aralin ng unang grado. Walang alinlangang sisikapin ninyong higit at higit pang ihayag ang mga katangiang ito, hindi lamang sa inyong pakikipag-ugnay sa mga bata habang nasa klase, bagkus ay sa bawat aspekto ng inyong buhay. Pinapayuhan tayo ni Bahá’u’lláh na:

> **“Mag-ingat, O mga tao, na hindi kayo mapabilang sa kanilang mga nagbibigay ng mabuting payo sa mga iba subalit nalilimutang sundin ito ng kanilang mga sarili.”[21]**

Lalong mahalaga para sa mga guro ng mga klase para sa mga bata ang magtamo ng lumalaking pagpapahalaga sa kahulugan at mga ipinahihiwatig ng bawat katangiang tinatalakay sa mga aralin, isang pagpapahalagang makatutulong sa kanila sa kanilang mga pagsisikap na sanayin at arugain ang murang mga punla na nasa ilalim ng kanilang pangangalaga. Tulad ng inyong napansin, ang unang aralin, halimbawa, ay nakatuon sa kadalisayan. Waring nararapat lamang na ang mga klaseng kaugnay ng paksa ng pagkatao ay dapat magsimula sa katangian ng kadalisayan ng puso. Pinaaalala sa atin ni Bahá’u’lláh na, “Ang lahat ng nasa langit at lupa,” ay itinalaga ng Diyos para sa atin, “liban sa puso ng tao,” na iyon ay ginawa Niyang maging tirahan ng Kaniyang kagandahan at kaluwalhatian. Ang paglilinis sa salamin ng sariling puso ay tumutulot upang maaninag nito ang lahat ng ibang mga katangiang dapat maging palamuti ng kaluluwa ng tao.

Upang matulungan ang mga guro sa pag-iisip sa mga katangiang espiritwal na pinag-aaralan sa gradong ito, kasama sa pangalawang yunit ang ilang mga sipi kaugnay ng bawat isa. Para sa ngayon, hinihimok kayong basahin ang mga sipi sa ibaba tungkol sa kadalisayan. Pagkatapos niyon, kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo, talakayin nang pangkalahatan, ang kahalagahan ng katangiang ito sa buhay ng isang tao, at nang tiyakan, sa mga pagsisikap ng mga nagbabangon upang magturo ng mga bata. Matapos isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan sa puwang, maaaring nanaisin ninyong isaulo ang isa man lamang sa mga sipi.

**"O Aking kapatid! Ang dalisay na puso ay tulad ng isang salamin; linisin ito ng pampakintab, na pag-ibig at pagkawalay sa lahat liban sa Diyos, nang sa ganoon ang tunay na araw ay sumikat doon at ang umagang walang-maliw ay mamitak."**[22]

**"O Anak ng Katauhan! Ang iyong puso ay ang Aking tahanan; pakabanalin iyon para sa Aking pagpanaog. Ang iyong espiritu ay ang Aking lugar ng pagpapahayag; linisin iyon para sa Aking pagpapakilala."**[23]

**"Habang nagiging higit na dalisay at banal ang puso ng tao, lalo itong lumalapit sa Diyos, at ang liwanag ng Araw ng Realidad ay nahahayag sa loob niyon."**[24]

**"Una sa paraan ng pamumuhay ng tao ay dapat ang kadalisayan, pagkatapos ay kasariwaan, kalinisan, at kalayaan ng Espiritu. Una ay dapat munang linisin ang lagusan ng sapa, pagkatapos ay maaari nang padaluyin doon ang matamis na mga tubig ng ilog."**[25]

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## BAHAGI 11

Ngayon ay kailangan ninyong itanong sa inyong sarili, bilang guro ng maliit na mga bata, paano kayo makatutulong sa pagpapalakas sa kanilang pagnanasang kumilos sang-ayon sa mga katuruan ng Diyos na ipinahayag sa pamamagitan ng Kaniyang Kahayagan, si Bahá'u'lláh, at linangin ang mga katangiang sinasabi Niya ay dapat maging palamuti sa ating mga kaluluwa. Habang hinahanap ninyo ang mga kasagutan sa katanungang ito, nilay-nilayin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh:

**"Ang Dila ng Aking kapangyarihan, mula sa kalangitan ng Aking pinakamabisang luwalhati, ay sinabi sa Aking nilikha ang ganitong mga salita: "Sundin ang Aking mga utos, dahil sa pag-ibig sa Aking kagandahan." Maligaya ang mangingibig na**

**nalanghap ang banal na halimuyak ng kaniyang Pinakamamahal mula sa mga salitang ito, tigmak ng pabango ng isang pagpapalang walang dila ang maaaring makapaglarawan."[26]**

**"Tulutang ang apoy ng pag-ibig sa Diyos ay magningas nang malakas sa inyong mga pusong maningning. Gatungan ito ng langis ng patnubay ng Maykapal, at pangalagaan ito sa kanlungan ng inyong katatagan. Kalingain ito sa globo ng pagtitiwala at pagkawalay sa lahat liban sa Diyos, nang sa gayon ay hindi mamatay ang liwanag nito dahil sa mga bulong ng kasamaan ng mga hindi makadiyos."[27]**

**"O Anak ng Katauhan! Ang pag-ibig Ko ay ang Aking kuta; siyang pumasok doon ay ligtas at tiwasay, at siyang tumalikod doon ay tiyak na maliligaw at mapupuksa."[28]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap gamit ang mga salita sa mga sipi:

   a. Dapat nating sundin ang utos ng Diyos dahil sa pag-ibig sa Kaniyang ___________ .

   b. Ang _______________ ng pag-ibig sa Diyos ay dapat magningas nang ___________________ sa ating mga pusong ____________________ .

   c. Dapat nating gatungan ang apoy ng ___________ sa Diyos ng _________ ng ___________________ ng Maykapal.

   d. Dapat nating pangalagaan ito sa _______________ ng ating ___________________ .

   e. Dapat nating ___________________ ang apoy ng ___________ sa Diyos sa globo ng ________________ at _______________________ sa ______________ ______________________ .

   f. Dapat nating sundin ang mga utos ng Diyos dahil sa pag-ibig sa Kaniyang ______________ . Ang _________________ ng pag-ibig sa Diyos ay dapat magningas nang __________________ sa ating mga pusong ___________________. Dapat nating gatungan ang apoy na ito ng langis ng patnubay ng _________________. Dapat nating pangalagaan ito sa kanlungan ng ating ___________________ . Dapat nating kalingain ito sa globo ng ________________ at _______________________ sa lahat liban sa Diyos. Dapat nating gatungan ang apoy ng pag-ibig sa Diyos, pangalagaan ito at kalingain ito nang sa gayon ay hindi mamatay ang ______________ nito dahil sa mga bulong ng kasamaan ng mga hindi makadiyos. Ang sinumang pumasok sa kuta ng ____________ sa Diyos ay ligtas at ________________ .

## BAHAGI 12

Sa panahong ginugugol ninyo sa mga bata ay sisikapin ninyong pagningasin pa ang “apoy ng pag-ibig sa Diyos” sa kanilang maningning na mga puso at gawing mabatid nila ang Kaniyang mga pagpapala at ang kaligayahan ng pagsulong sa pamamagitan ng Kaniyang mga salita. Mangyari pa, ang ating pag-ibig sa Diyos at ang ating pananabik na matanggap ang Kaniyang mga biyaya ay nagdadala rin ng takot na baka, sa anumang dahilan, ay hindi makaabot ang Kaniyang pag-ibig sa atin. Paano kung ang ating mga pagkakamali ay maging mga balakid na humahadlang sa pagtanggap natin ng Kaniyang mga biyaya? Ang pag-ibig ng Diyos ay ang mismong sanhi ng ating pagkabuhay, at kung maipagkakait ito sa atin nang kahit isang sandali, ang ating mga buhay ay mawawasak. Ang takot na ito, na kapag hindi tayo sumunod sa Diyos ay baka hindi natin magawang tanggapin ang Kaniyang pag-ibig, ay ang nagpapanatili sa atin sa tuwid na landas at pinangangalagaan tayo mula sa mga udyok ng ating sarili at mula sa inggit, kasakiman, walang-kabuluhang mga kathang-isip at balakyot na mga hangarin.

Sa inyong mga pagsisikap na itanim ang mga binhi ng pag-ibig sa Diyos sa mga puso ng mga bata dapat din ninyong isipin ang takot sa Diyos, dahil ang dalawang ito ay hindi maipaghihiwalay sa isa’t isa. Hinihimok tayo ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“Sanayin ang mga batang ito sa pamamagitan ng banal na mga paghimok. Mula sa kanilang kamusmusan ikintal sa kanilang mga puso ang pag-ibig sa Diyos nang sa gayon ay maihayag nila sa kanilang mga buhay ang takot sa Diyos at magtiwala sa mga kaloob ng Diyos. Turuan silang palayain ang kanilang mga sarili mula sa mga kapintasan ng tao at magtamo ng banal na mga kaganapang natatago sa puso ng tao.”**[29]

Mahalagang banggitin dito na hindi lantarang tinatalakay sa mga bata ang konsepto ng takot sa Diyos. Ang tanging larawang-isip na dapat nilang taglay ay ang isang mapagmahal na Diyos, na dapat silang lubos na magtiwala sa Kaniyang mga biyaya at mga kaloob. Habang sinisikap ninyong arugain sa kanila ang pag-ibig sa Diyos, ang isang kaisipang maaari ninyong ipakilala ay nakalulugod sa Diyos ang ilang mga salita at mga gawa, at ang iba naman ay hindi. Maaari ninyong ipaalala sa mga bata sa tuwi-tuwina na dahil mahal nila ang Diyos, gusto nilang maging kalugod-lugod sa Kaniya. Maaaring sabihin sa kanila, halimbawa, na ang pagkakaroon ng mabait na dila at pagiging mapagmahal sa isa’t isa ay mga gawaing nakalulugod sa Diyos, samantala ang paggamit ng mga salitang masungit o ang pananakit sa mga iba ay hindi nakalulugod sa Kaniya.

Ang sumusunod na mga sipi ay ibinabahagi para sa inyong pagninilay-nilay:

> **“Iyong tungkulin ang tawagin ang mga tao, sa lahat ng kalagayan, tungo sa anumang magiging sanhi ng pagpapakita nila ng espiritwal na mga katangian at mabuting mga gawa, upang ang lahat ay mabatid yaong sanhi ng pagtataas sa tao, at nang may sukdulang pagsisikap ay ituon nila ang kanilang mga sarili tungo sa pinakadakilang Kalagayan at Rurok ng Kaluwalhatian. Ang takot sa Diyos ay laging naging ang panguhaing bahagi sa edukasyon ng Kaniyang mga nilikha. Mabuti para sa kanila ang nakahantong dito!”**[30]

> **“Sa Rebelasyong ito ang mga hukbong makapagbibigay ng tagumpay rito ay ang mga hukbo ng kapuri-puring mga gawa at matwid na ugali. Ang pinuno at nag-**

**uutos sa mga hukbong ito magpakailanman ay ang takot sa Diyos, isang takot na pumapalibot sa lahat ng bagay at naghahari sa lahat ng bagay."[31]**

**"Ang iba pang mga katangian ng kaganapan ay ang matakot sa Diyos, ang mahalin ang Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal sa Kaniyang mga tagapaglingkod, ang paggamit ng kahinahunan at pagtitimpi at katiwasayan, ang maging taos-puso, masunurin, maawain at madamayin; ang magtaglay ng pagtitika at lakas-loob, pagkamapagkakatiwalaan at sigla, ang magsumikap at magpunyagi, ang maging mapagbigay, matapat, walang masamang hangarin, ang magkaroon ng kasigasigan at pagpapahalaga sa pagiging marangal, ang magtaglay ng mataas na kaisipan at maging dakila, at ang magkaroon ng paggalang sa mga karapatan ng iba."[32]**

Batay sa mga sipi sa bahaging ito at ng nakaraang bahagi, sumulat ng isa o dalawang parapong naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pag-ibig sa Diyos at takot sa Diyos at kung paano ang nagpupunuang ugnayan ng dalawa ay napakahalaga para sa paglilinang ng kapuri-puring pagkatao.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## BAHAGI 13

Tulad ng dapat naging malinaw na mula sa ating talakayan sa nakaraang mga bahagi, ginagamit ng espiritwal na edukasyon ang puwersa ng pagka-akit sa kagandahan, at sa pamamagitan ng pagtutok sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal, ay idinadako nang wasto ang mga puso ng mga bata tungo sa tunay na kagandahan—ang kagandahan ng isang mabuting pagkatao, ang kagandahang likas sa Banal na Salita, ang kagandahan ng pag-uugaling uliran, ang kagandahan ng matayog na mga kaisipan, at pinakamahalaga, ang pagka-akit sa Kagandahan ng Lubos na Maluwalhati. Sa huling pagsusuri, ang pagsunod sa mga batas ng

Diyos ay umuusbong mula sa pag-ibig sa Kaniyang kagandahan. Sa gayon ay lumalaki ang mga bata sa paniniwalang ang pagtatamo ng mga katangiang espiritwal ay ang pinakamalaking gantimpala sa mismong sarili nito, at ang pagtataglay ng hindi marapat na pagkatao ay ang pinakamatinding parusa. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang pinakaugat ng paggawa ng mali ay ang kamangmangan, at kung gayon ay dapat tayong kumapit nang mahigpit sa mga kagamitan ng kabatiran at kaalaman. Ang butihing ugali ay dapat ituro. Ang liwanag ay dapat palaganapin sa ibayo, upang sa paaralan ng sangkatauhan ang lahat ay makatamo ng makalangit na mga katangian ng Espiritu, at makita para sa kanilang mga sarili nang walang anumang pag-aalinlangan, na walang higit pang malupit na impiyerno, na walang higit na umaapoy na kalaliman, kaysa sa roon sa magtaglay ng isang kaugaliang masama at hindi mahusay; na walang higit na madilim na hukay o kasuklam-suklam na parusa kaysa sa magpakita ng mga katangiang nararapat na batikusin."[33]**

Upang matulungan ang mga batang maranasan ang kaligayahan ng paglalarawan sa mga katangiang makalangit, dapat nating himukin sila sa kanilang mga pagsisikap na maipakita ang matwid na asal at sikaping pigilin ang ugaling hindi kanais-nais. Dapat iwasan ang kapuwa malupit na parusa at lubos na kalayaan ng mga bata upang gawin ang anumang nais nila. Tulad ng ipinaaalaala sa atin ng Universal House of Justice, "Ang pagmamahal ay nangangailangan ng disiplina, ng lakas-loob na sanayin ang mga bata sa kahirapan, na hindi pagbigyan ang kanilang mga kapritso ni hindi sila palayawin sa sarili nilang mga gawi." Nagpapatuloy ito sa pagsabing ang mga bata ay kailangang "buong pagmamahal subalit mapilit na patnubayan upang tumupad sa mga pamantayang Bahá'í." At ipinaliliwanag ni 'Abdu'l-Bahá na:

> **"Kailanmang makita ng isang ina na ang kaniyang anak ay nakagawa nang mabuti, hayaang purihin at palakpakan niya siya at paligayahin ang kaniyang puso; at kapag ang pinakabahagyang di-mabuting ugali ay nakita sa kaniya, hayaang payuhan niya ang anak at parusahan siya, at gamitin ang paraang batay sa katwiran, kahit isang bahagyang parusa sa pamamagitan ng salita, kung kailangan ito. Subalit hindi pinahihintulutang paluin ang bata, o alipustahin siya, sapagkat ang ugali ng bata ay ganap na mapipilipit kung siya ay palalasapin ng mga hampas o mga pagmumura."[34]**

Upang makasunod sa patnubay ni 'Abdu'l-Bahá, dapat mag-isip ang guro ng mga paraan upang purihin ang mga bata at magbigay ng kaligayahan sa kanilang mga puso kapag sila ay gumagawa nang mabuti. Kinakailangan nitong maging mapagmasid ang guro at tandaan ang pagsulong ng bawat bata, at mag-iingat na hindi laging pinupuri ang ilan lamang na parehong mga bata sa bawat pagkakataon samantalang hindi pinapansin ang mga iba. Sa gayon, para sa batang sanay nang tumanggap ng mapagmahal na pansin mula sa guro, ang isang simpleng pagpapamalas ng hindi pagkagusto sa walang disiplinang kilos ay maaaring maging isang pino subalit mabisang paraan ng pagparusa. Magkaminsan ay maaaring gumawa nang higit pa at sabihing hindi kanais-nais ang gayong kilos, lalo na kung nakagugulo na ang bata sa isang gawain. Dapat itong sabihin sa tono ng boses na matatag at magalang, nang hindi nagpapamalas ng kaliit-liitang bahid ng galit o pagkainip. Karagdagan dito, madalas na kailangan ng mga gurong humanap ng panahon sa labas ng klase upang payuhan ang isa o iba pang bata.

Maaaring mangyari na kahit sinusunod ng guro ang payo sa itaas, ang ilang mga bata ay hindi pa rin kumikilos nang sang-ayon sa inaasahan. Sa gayong mga pagkakataon, maaaring kailangan ang maliit at angkop na mga parusa. Kabilang sa mga halimbawa ng gayong mga parusa ay ang hindi pagpapahintulot sa bata na magkulay o sumali nang ilang minuto sa laro. May dalawang napakahalagang bagay na dapat isaisip kaugnay nito. Ang una ay dapat malinaw na ipaliwanag ng guro sa bata kung bakit siya pinarurusahan, sa pagsabi, halimbawa na, "Dahil ginawa mo ang ganito o ganoong bagay, dapat kang maghintay nang limang minuto bago ka sumali sa laro." Ang pangalawang bagay na dapat isaisip ay ang parusa ay dapat ibigay agad pagkatapos gawin ang hindi kanais-nais na kilos; kung hindi maaaring hindi maiugnay ng bata ang parusa sa maling kilos.

Ngayon ay talakayin ang mga kaisipan sa itaas kasama ang ibang mga miyembro ng inyong grupo. Makabubuo ba kayo nang sama-sama ng mga pangungusap na sa palagay ninyo ay magiging angkop na gamitin sa paghimok ng mabuting asal sa mga bata at sa pagpuri sa nakikita ninyong pagsulong nila, kapuwa nang indibidwal at bilang isang grupo? Anong mga pangungusap ang magiging angkop upang sikaping pigilan ang maling asal, kapag kinakailangan?

______________________________________________________________________

## BAHAGI 14

Upang matulungan ang mga bata sa paglilinang ng kapuri-puring mga katangian, mahalagang lumikha kayo ng nararapat na kapaligiran sa klase, isang kapaligirang natatangi sa disiplina at kaayusan.

Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **". . . ang paaralan ng mga bata ay dapat maging lugar ng sukdulang disiplina at kaayusan, na ang pagtuturo ay dapat ganap, at dapat may paghahanda para sa pagtutuwid at pagiging pino ng ugali; nang sa gayon, mula sa kaniyang pinakamaagang mga taon, sa kaibuturang diwa ng bata, ang banal na pundasyon ay maitatatag at ang estruktura ng kabanalan ay maitatayo."**[35]

At habang tinutukoy ang lingguhang mga klase para sa mga bata, ibinibigay Niya ang sumusunod na mga payo:

> **"Ang lingguhang pag-aaral para sa mga bata, na kung saan ay binabasa ang mga Tableta at mga Katuruan ni Bahá'u'lláh, at ang Salita ng Diyos ay binibigkas para sa mga bata ay tunay na isang pinagpalang bagay. Tiyak na dapat mong ipagpatuloy nang walang puknat itong isinaayos na gawain, at bigyan ito ng malaking kahalagahan, upang sa araw-araw ay umunlad ito at mabigyang-buhay ng mga hininga ng Espiritu Santo. Kapag ang gawaing ito ay mahusay na naisaayos, makatitiyak ka na ito ay magbibigay ng dakilang mga bunga."[36]**

Ang malaking bahagi ng sining ng pagtuturo ay binubuo ng kabatiran kung paano gagabayan ang bawat bata upang ang kaniyang asal ay nakatutulong sa masaya subalit disiplinadong kapaligiran ng pagsisikap matuto. Bagaman maraming malalim na pag-unawa ang kailangan ninyong makamtan mula sa karanasan kaugnay nito, tatalakayin natin ang ilang pangunahing mga kaisipan upang matulungan kayong maghanda mula sa simula. Upang mag-umpisa, basahin ang sumusunod na paglalarawan ng pagtitipon ng isang klase:

> Binibigyan ninyo ang mga bata ng ilang sandali upang isaayos ang kanilang mga sarili at umupo nang tahimik sa kanilang pagdating. Sa pagkakataong nakaupo na ang lahat ng mga bata, sinasamantala ninyo ang tahimik na kapaligiran upang simulan ang klase sa pamamagitan ng mga dasal. Ang kasunod na gawaing inihaharap ninyo ay ang pag-aawit ng mga kanta, at pagkatapos niyon ay inilalahad ninyo ang tema ng aralin at tinutulungan ang mga batang isaulo ang sipi. Kasunod niyon, yamang lumikha na ng pananabik, isinasalaysay ninyo sa mga bata ang kuwento. Pagkatapos ay naglalaro sila ng isang laro. Sa pagwakas niyon, ibinabahagi ninyo ang mga papel na kukulayan at ang mga pangkulay at hinihiling sa kanilang kulayan ang mga iyon nang maingat. Upang wakasan ang klase, hinihimok ninyong umupo nang tahimik ang mga bata at ihanda ang kanilang mga sarili para sa pangwakas na mga dalangin, na ang mga iyon ay inuusal ninyo at ng ilan sa mga bata.

May lohika ba ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain? Sa inyong palagay, bakit ganito ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 15

Maaaring tinalakay ninyo sa itaas, na ang mga bata ay hindi dumadalo sa klase upang manatiling tahimik. Hindi rin dapat maging inyong layunin ang panatilihin silang tahimik. Dapat ninyong sikaping samantalahin ang kanilang likas na sigla at idako ito sa pagsisikap

matuto. Upang magawa ito, kailangan ninyong magplano para sa tahimik na mga yugto at para sa mga panahon ng pagkilos at kusang paggalaw. Sa lahat ng kalagayan, ang pagsasaayos ay isang pangunahing elemento. Kapag ang isang klase ay mahusay na naisaayos, mas madali para sa mga bata ang tumutok at matuto. Kapaki-pakinabang ang pag-isipan ang tatlong punto man lamang kaugnay nito:

1. Ang bawat pagtitipon ng klase ay dapat magsimula sa isang malinaw at pare-parehong paraan, at gayundin ay magwakas sa isang maayos na paraan.

2. Kailangang magtatag ng isang makagagawiang kaayusan. Sa gayon, unti-unting malalaman ng mga bata kung anong gawain ang isusunod at kung ano ang inaasahan mula sa kanila.

3. Ang oras na inilalaan sa bawat gawain ay dapat ibinabagay sa kasigasigan at sigla ng mga bata:

Tulad ng nabanggit sa naunang bahagi, ang mga gawaing isasagawa ng mga bata sa bawat pagtitipon ng klase ay ang sumusunod:

a. Pag-uusal at pagsasaulo ng mga dasal

b. Pag-aawit ng mga kanta

c. Pag-aaral at pagsasaulo ng mga sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í

d. Pakikinig sa mga kuwento

e. Paglalaro ng mga laro

f. Pagkukulay ng mga drowing

g. Pag-uusal ng mga dalanging pangwakas

Natural lamang na ang mga gawaing ito ay nagkakaiba sa antas ng sigla at sukat ng pagkilos na kinakailangan ng mga ito; ang ilan ay masyadong aktibo samantalang ang mga iba ay mas payapa.

Alin dito sa pitong gawain ang nangangailangan ng pinakamaraming pagkilos? ____

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Alin ang mas tahimik na mga gawain? ________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

May ilang mga kailangang gawin ang guro upang maging maayos ang kapaligiran. Alin sa mga sumusunod ang tumutulong sa pagkakaroon ng kapaligirang kanais-nais at alin ang humahadlang doon? Markahan ito ng "T" at "H"

_____ Pinananatiling malinis at maayos ang lugar na pinagdarausan ng klase

_____ Nananatiling mahinahon at matiyaga, maging anupaman ang kalagayan

_____ Nawawalan ng pasensiya kapag hindi nakikinig ang mga bata sa mga tagubilin

_____ Inihahanda nang mas maaga ang lahat ng kakailanganin para sa bawat gawain

_____ Naghahanap sa lahat ng lugar para sa mga kailangang gamit habang naghihintay ang mga bata

_____ Malinaw na ipinaliliwanag kung ano ang dapat gawin ng mga bata para sa bawat gawain

_____ May nakaantabay na ibang mga gawain para sa mga batang mabilis makatapos ng kanilang ginagawa, upang mapanatili ang kanilang hilig

_____ Tinutulungan ang mga batang magtungo sa kasunod na gawain sa isang maayos na paraan

_____ Binabasa ang kuwento sa mga bata mula sa isang aklat

_____ Pinag-aaralan nang lubos na mahusay ang kuwento nang sa ganoon ay nagagawang isalaysay ito sa mga bata nang masigla at madali

## BAHAGI 16

Sa pagsisikap na lumikha ng isang kapaligiran ng disiplina at kaayusan sa isang klase, kailangan ninyong magtakda ng ilang mga pamantayan ng pagkilos. Ang unang ilang mga linggo ay magiging lubos sa mahalaga kaugnay nito. Ang anumang itinakdang mga inaasahan sa panimulang yugto na ito ay malamang na ipagpapatuloy sa buong taon. Sa simula, dapat pumili ang guro ng tatlo o apat lamang na pamantayan ng pagkilos, at gamit ang payak na mga salita, ay ipaliwanag ang mga iyon sa mga bata. Ang labis na masaklaw na mga pamantayan, tulad ng "Dapat tayong maging mabait" ay hindi gaanong nakatutulong sa kanila, subalit ang mga iba, tulad ng "isa-sila lamang kapag magsasalita tayo" ay madaling maunawaan. Talakayin sa mga miyembro ng inyong grupo ang mga pamantayang itinatakda sa mga pahayag sa ibaba at magdagdag ng ilan pa sa listahan:

a. Nagtutulungan tayo kapag naglalaro.

b. Lagi tayong nagkakaisa at hindi nag-aaway.

c. Maligaya nating tinatanggap ang bagong mga kaibigan sa ating klase.

d. Nakikinig tayo sa isa't isa at sa ating guro kapag nagsasalita sila.

e. Kinakausap natin ang isa't isa gamit ang mabait na dila.

f. Naghihintay tayo ng ating takdang pagkakataon bago magsalita.

g. Ibinabahagi natin ang ating mga pangkulay sa isa't isa.

h. Sinisikap nating tapusin ang ating mga gawain.

i. ______________________________________________

j. ______________________________________________

k. ______________________________________________

l. ______________________________________________

Ang mga inaasahang kilos, kapag sinasabi sa payak na mga pangungusap tulad nito, ay maaaring talakayin sa mga bata, at ang mga pangungusap na ito ay maaaring ulitin sa kanila nang tuwi-tuwina. Sa ganitong paraan, ang ganitong mga pahayag ay magagawa nilang isapuso upang maging mga pamantayang sinisikap nilang maabot at hindi nila ituturing ang mga iyon bilang mga patakarang mahigpit na pinaiiral. Kapag naging bihasa na sila sa isang pangkat ng mga inaasahan sa kanila, maaaring unti-unting magbigay ang guro ng mga iba pa, habang tinatandaang hindi marami ang idinaragdag nang sabay-sabay. Kung may lumitaw sa klase ng tanging suliranin ukol sa pagkilos, matutulungan ang mga bata upang bumuo ng ilang payak na mga pangungusap upang malutas iyon. Sa gayong mga pagkakataon, ang guro ay dapat maging matatag at hindi pabago-bago, subalit kasabay niyon ay mapagkaibigan at mapagmahal.

## BAHAGI 17

Sa Bahagi 8 ay sinuri natin nang maikli ang kahalagahan ng iba't ibang mga elemento ng mga aralin ng Grade 1 at tinalakay kung paano sinisikap ng bawat isa ang makatulong sa paglilinang ng kapuri-puring pagkatao. Dito at sa kasunod na pitong bahagi ay pag-iisipan natin ang ilan sa mga paraang magagamit ninyo upang makilahok ang mga bata sa iminumungkahing mga gawain, mula sa pagsasaulo.

Ang pagsasaulo ng mga dalangin at mga sipi mula sa mga Kasulatan ang pinakamahalagang bahagi sa mga araling ituturo ninyo, at sa bawat panahon ng klase ay tutulungan ninyo ang inyong mga mag-aaral sa kanilang mga pagsisikap na usalin ang mga dalanging isinaulo na at matutong isaulo ng isang bagong sipi. Bago natin talakayin kung paano ninyo sila mahihikayat na makilahok sa gawaing ito, dapat maibahagi rito ang ilang mga salita tungkol sa isang maling akala na kailangang maiwaksi ukol sa pagtulong sa mga bata upang isaulo ang Banal na Kasulatan.

Maaaring narinig na ninyo, o baka marinig ninyo sa pagsimula ninyo ng pagtuturo, ang mga pananaw tulad ng "hindi dapat inuulit lamang ng mga bata ang mga bagay bagay", "dapat nilang matutunang ihayag ang sarili nilang mga pananaw", "hindi nila dapat ulitin lamang ang mga kaalaman at impormasyon". Sa katunayan, nanuot na itong pagpula sa tinaguriang pag-uulit lamang ng kaalaman na patuloy na lumalaganap ang pananaw na ito sa lahat ng bahagi ng daigdig. Totoong maaaring isaulo ang isang equation sa matematika, ang depinisyon ng isang batas sa physics, o isang bahagi ng prosa mula sa panitikan habang ang pag-unawa roon ay napakaliit o maaaring wala. Subalit ang katanungang dapat ninyong itanong sa inyong mga sarili ay ito: Bakit kailangang ipalagay na salungat sa isa't isa ang pagsasaulo ng isang napakalalim na pahayag at ang pag-unawa sa kahulugan nito? Ang memorya ay isang

kapangyarihan din ng isipan ng tao, tulad din ng mga kapangyarihan ng pag-unawa, pag-iisip, at imahinasyon. Ang lahat ng ito ay nagpupunuan at nagpapalakas sa isa't isa. Sa gunita lamang natin makikita kung paano mapahuhusay ang talino at pag-unawa ng mga bata dahil sa pagsasaulo nila sa mga sipi mula sa Salita ng Diyos, na taglay nito ang walang-hanggang natatagong mga kakayahan upang baguhin ang puso at isipan ng tao. Sa kalaunan, habang dumaraan sila sa magkakaibang mga yugto ng paglaki, magtatamo sila ng panibagong malalim na mga pag-unawa mula sa mga isinaulo nilang mga sipi, at sa buong kahabaan ng kanilang mga buhay ay magagawa nilang gamitin ang mga kapangyarihan ng Salita ng Diyos na mapanglikha, muling nagbibigay-buhay, at nakapagpapabago.

Talakayin sa ibang mga miyembro ng inyong grupo kung bakit mahalaga para sa mga guro ang maging kumbinsidong ang pagsasaulo ng Salita ng Diyos ay nakatutulong upang maitanim nang maigi sa mga isipan at mga puso ng mga bata ang mga binhi ng kaalamang espiritwal, mga binhing tutubo sa paglipas ng panahon upang magbigay ng masarap na mga bunga.

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

## BAHAGI 18

Habang isinasaisip ang nakaraang paglilimi, pag-isipan natin ngayon kung paano ninyo tutulungan ang inyong mga mag-aaral upang isaulo ang mga sipi mula sa mga Kasulatan, sa paggamit ng sipi sa Aralin 1 bilang halimbawa. Sa simula, nanaisin ninyong tulungan sila sa pagtatamo ng ilang panimulang malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng katangiang espiritwal na pinagtutuunan ng pansin ng aralin. Para sa layuning ito, isang maikling pambungad na pahayag ay naroon upang magamit ninyo. Pagkatapos ay hinihimok kayong tulungan silang magtamo ng unang pangunahing pag-unawa sa kahulugan ng sipi sa pamamagitan ng pagpili ng mahirap na mga salitang nilalaman nito at sa paggamit ng mga iyon sa mga sitwasyong madaling maunawaan ng mga bata. Pag-isipan ang paraang ito na inilalarawan sa Aralin 1, kung saan itinuturo ang kadalisayan:

> Ang ating mga puso ay tulad ng mga salamin. Dapat lagi nating panatilihing malinis ang mga ito. Kapag may tampo tayo sa ibang tao, o naiinggit tayo sa iba, o ay maging masungit sa iba sa kahit na anong dahilan—ang mga ito ay tulad ng gabok na dumadapo sa salamin ng ating mga puso. Kapag ang ating mga puso ay wagas, naaaninag nito ang liwanag ng Diyos at ang Kaniyang mga katangian—mga katangiang tulad ng kabaitan, pagmamahal, at pagiging

mapagbigay—at tayo ay nagiging sanhi ng kaligayahan sa mga iba. Upang makatulong sa pagpapanatiling wagas ng ating mga puso, isaulo natin itong sipi mula kay Bahá’u’lláh:

**“O Anak ng Espiritu! Ang una Kong payo ay ito : Mag-angkin ng isang wagas, mabait at maningning na puso . . .”**

*Payo*

1. Isang araw sina Gerard at Mary ay nagkukulay ng mga drowing. Kailangan ni Gerard ang dilaw na krayon, ngunit ayaw ni Mary na ibigay iyon sa kaniya. Sinabi ng guro kay Mary na dapat siyang magbahagi. Binigyan ng guro si Mary ng mabuting payo.

2. Kailangan pumili ni Patricia kung gagastusin niya ang kaniyang pera sa kendi o sa isang aklat ng mga kuwento. Pinayuhan siya ng kaniyang mga magulang na bilhin ang aklat. Ang mga magulang ni Patricia ay nagbigay sa kaniya ng mabuting payo.

*Mag-angkin*

1. Gusto ni Tinaye ang bumasa ng mga dalangin bago matulog. Siya ay may isang maliit na aklat ng mga dalangin na binabasa. Si Tinaye ay nag-aangkin ng isang maliit na aklat ng mga dalangin.

2. Marami kaming tanim na masarap na mga gulay sa aming halamanan. Kami ay nag-aangkin ng isang matabang lupa na nagbibigay sa amin ng maraming sariwang gulay.

*Wagas na puso*

1. Si Cathy ay nagalit at nagsabi ng masakit na mga salita kay Agot. Si Agot ay nalungkot subalit agad niyang pinatawad si Cathy. Si Agot ay nag-aangkin ng wagas na puso.

2. Si Gustavo ay mahilig magbahagi ng kaniyang mga galyetas sa lahat ng mga bata, kahit kay Jorge, na walang ibinabahagi na kahit ano sa mga iba. Si Gustavo ay nag-aangkin ng wagas na puso.

*Mabait na puso*

1. Kapag ang kaniyang mga magulang ay nag-aanyaya ng mga kaibigan sa kanilang tahanan, maligaya si Ming Ling na magsilbi sa kanila ng pagkain. Si Ming Ling ay nag-aangkin ng mabait na puso.

2. Si Mr. Robertson ay matandang-matanda na. Tinutulungan siya ni Jimmy na dalhin ang ani niyang mga prutas sa palengke. Nag-aangkin si Jimmy ng mabait na puso.

*Maningning na puso*

1. Kapag ako ay nalulungkot, lagi akong pinasasaya ng aking nanay at pinaliligaya niya ako. Ang nanay ko ay nag-aangkin ng maningning na puso.

2. Si Obuya ay nagkasakit at kinailangan niyang manatili sa higaan. Nag-alay siya ng maraming mga dasal, hindi siya nalungkot, at patuloy niyang ipinamalas ang kaligayahan. Si Obuya ay nag-aangkin ng maningning na puso.

Mangyari pa ay hindi lamang ninyo babasahin ang pambungad na pahayag at ang mga pangungusap ng paliwanag mula sa aklat, at kung gayon ay kailangan ninyong maghanda nang mas maaga upang maibahagi ang mga ito sa isang natural na paraan.

Kaugnay ng mga dalanging isasaulo ng mga bata, iminumungkahing gamitin ninyo ang kahalintulad na paraan subalit ipinauubaya na sa inyo kung aling mga salita o mga parirala ang nangangailangan ng paliwanag. Kailangan ninyong mag-ingat nang kaunti kaugnay nito. May mga pagkakataong sapat na ang hayaang mahinuha ng mga bata ang kahulugan ng mga salita. Tingnan, halimbawa ang susunod na dalanging sinisimulang matutunan ng mga bata sa Aralin 1. Agad nilang makikilalang kapuwa ang "pusong dalisay" at ang "perlas" ay mahalagang mga bagay. Subalit, upang maunawaan, sa huling pagsusuri, na ang pusong dalisay ay ipinagkakaloob sa atin ng Diyos, malamang na kakailanganin nilang matutunan kung ano ang ibig sabihin ng salitang "ipagkaloob". Anong mga pangungusap ang inyong bubuuin para sa layuning ito?

**"Siya ang Diyos! O Diyos, aking Diyos! Ipagkaloob sa akin ang pusong dalisay, tulad ng isang perlas."**[37]

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 19

Ngayon ay suriin ang isang paraang maaari ninyong gamitin upang matulungan ang inyong mga mag-aaral sa pagsasaulo ng mga dasal at mga sipi. Ang maaari ninyong gawin ay hatiin ang isasaulo sa mas maliit na mga bahagi, na ang mga iyon ay matututunan nang isa isa. Kapag naisaulo na ang unang bahagi, ang pangalawa ay maaari nang idagdag, at patuloy ang ganoon hanggang ang buong sipi o dalangin ay naisaulo na. Maaari ninyong ipaulit sa mga bata ang mga bahagi pagkatapos ninyong usalin ang mga iyon, maaaring nang isa-isa o nang sabay-sabay sila.

Halimbawa, upang ituro sa inyong mga mag-aaral ang sipi sa Aralin 1, kayo ay magsisimula sa pariralang “O Anak ng Espiritu!” at ipauulit iyon sa kanila. Pagkatapos ay isasama na ninyo “Ang una Kong payo ay ito” at ipauulit sa kanila nang magkasama ang dalawang parirala. Sa wakas ay idaragdag ninyo ang mga salitang “Mag-angkin ng isang wagas, mabait at maningning na puso”. Kapag natutunan na ng grupo ang sipi sa ganitong paraan, maaaring tulungan ang ilang mga bata upang usalin ito mula sa memorya. Mangyari pa ay kailangang tiyakin ninyong ginagawa ang pagsasanay na ito sa isang maliksing paraan, upang manatiling nakatutok ang pansin ng mga bata at napapananatili ang maligayang kapaligiran. Higit pa rito, habang unti-unting lumalaki ang kanilang kakayahan, maaari na nilang isaulo ang mas mahabang mga bahagi ng dasal at kahit ang buong sipi nang minsanan.

Habang isinasagawa ninyo ang bahaging ito ng klase, maaaring lumitaw ang ilang mga sitwasyong mahirap gunitain bago iyon maganap, at kailangan ninyong matutunang harapin ang mga iyon mula sa sariling karanasan. Gayumpaman, ay may ilang mga sitwasyong marapat lamang ninyong ituring na bahagi ng inyong paghahanda. Talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa ibang mga miyembro ng inyong grupo:

– Kung marami ang mga bata sa inyong klase, paano ninyo sila tutulungang isaulo ang sipi?

– Ano ang inyong gagawin kung mas mabilis magsaulo ang ilang mga bata kaysa sa iba?

– Ano ang inyong gagawin kung ang isa o higit pa sa mga bata ay nahihirapan sa pagsasaulo?

– Paano ninyo titiyakin, na kahit hindi naisaulo ng isang bata ang buong sipi sa panahon ng klase, ay madarama pa rin niya ang pagtatagumpay?

## BAHAGI 20

Gustong-gusto ng mga bata ang pag-awit, at ang gawaing ito, na nauuna sa pagsasaulo ng mga sipi, ay isa sa pinakamasayang bahagi. Ang susi sa tagumpay ay ang pag-ensayo. Kayo mismo ay dapat kumanta ng mga awit kasabay ng isang nakaaalam sa mga ito, habang maingat na binibigyan-pansin ang ritmo at ang himig. Kung may mapapakinggan kayong mga naka-record na mga awit, mas mabilis ninyong matutunan ang mga iyon. Kailangan din ninyong ulit-ulitin ang pagkanta ng mga awit kasama ng mga bata hanggang sa mahusay na nilang natutunan

ang mga iyon. Ang mga salita ng mga awit ay maaaring isaulo sa gayunding paraan ng pagsasaulo sa mga sipi, ang pagkakaiba lamang ay inuulit ang mga iyon nang may himig. Maaaring matuklasan ninyong, sang-ayon sa kakayahan ng inyong mga mag-aaral, na ang ilang mga awit ay masyadong mahirap sa kanila upang awitin. Sa gayong mga pagkakataon, maaaring kayo ang aawit ng mga taludtod ng kanta at sasabay lamang ang inyong mga mag-aaral sa pag-awit ng koro.

## BAHAGI 21

Ang kasunod na gawaing susuriin natin ay ang pagkukuwento. Tulad ng nabanggit na, ang karamihan ng mga kuwento sa unang grado ay hango sa buhay ni ‘Abdu’l-Bahá. Ang mga kuwentong ito ay may isang natatanging layunin. Nakatutulong ang mga ito upang maunawaan ng mga bata na ang sinisikap nilang makamtan na mga katangiang espiritwal ay lubusang inihayag ng ganap na Huwaran sa Kaniyang buong buhay dito sa makalupang larangan. Ang malalim na paggalang na ipinakikita ng guro kapag isinasaysay ang mga kuwentong ito ay pumupukaw sa mga damdaming makalangit sa kanilang murang mga puso at ginigising ang kanilang mga kakayahang espiritwal.

Bagaman ang mga kuwentong isasaysay ninyo sa mga bata ay maikli lamang, gayumpaman ang malalim na mga pag-unawang ipinagkakaloob ng mga ito ay napakahalaga. Samakatwid ay nanaisin ninyong akayin ang inyong mga mag-aaral nang lampas pa sa mga pangyayaring inilalarawan upang matulungan silang makakuha ng ilang sulyap sa espiritwal na realidad. Suriin natin ang kuwento mula sa Aralin 1 kaugnay nito.

*‘Laging nababatid ni ‘Abdu’l-Bahá kung ano ang nasa puso ng isang tao, at mahal na mahal Niya ang mga taong wagas at maningning ang mga puso. May isang babaeng nagkaroon ng karangalang maging panauhin ni ‘Abdu’l-Bahá sa isang hapunan. Habang pinakikinggan niya ang mga salita ng karunungan ni ‘Abdu’l-Bahá, nakita niya ang isang baso ng tubig sa harap niya at naisip na, “Hay! Sana ay pwedeng kunin ni ‘Abdu’l-Bahá ang aking puso at alisin doon ang bawat makalupang hangarin at pagkatapos ay muling punuin iyon ng Banal na pag-ibig at pag-unawa, tulad ng pwedeng magawa sa basong ito.”*

*Ang kaisipang ito ay mabilis lang gumuhit sa kaniyang isipan, at wala siyang sinabi tungkol doon, subalit hindi nagtagal ay may nangyaring nagpamulat sa kaniya na alam pala ni ‘Abdu’l-Bahá ang iniisip niya. Habang nasa kalagitnaan si ‘Abdu’l-Bahá ng Kaniyang sinasabi, huminto Siya sandali at tinawag ang isang naglilingkod sa hapag-kainan at may ibinulong sa kaniya. Tahimik na pumunta ang naglilingkod sa hapag-kainan at may ibinulong sa kaniya. Tahimik na pumunta ang naglilingkod sa lugar ng babae, kinuha ang kaniyang baso, tinanggal ang laman niyon, at ibinalik iyon sa harap niya.*

*Pagklipas ng ilang sandali, habang patuloy pa ring nagsasalita ni ‘Abdu’l-Bahá, kinuha Niya ang isang pitsel ng tubig mula sa mesa, at sa isang natural na paraan ay marahang pinuno ang walang laman na baso ng babae. Walang*

*nakapansin sa nagyari, subalit alam ng babae na sinagot ni ‘Abdu’l-Bahá ang hangarin ng kaniyang puso. Siya ay nalipos ng tuwa. Ngayon ay alam na niyang ang mga puso at mga isipan ay tulad ng mga bukas na aklat kay ‘Abdu’l-Bahá, na binabasa ang mga iyon nang buong pagmamahal at kabaitan.*

Malinaw na ang kadalisayan ay isang katangiang espiritwal na tinututukan ng kuwento—at, sa katunayan, ng buong aralin. Ang sumusunod na mga tanong ay makatutulong sa inyo upang pag-isipan kung paano mapalalalim ng inyong pagkukuwento ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa katangiang ito at kung ano ang kahulugan ng pagsusumikap upang makamtan ito.

1. Mahalagang maunawaan ng mga batang ang panauhin ni ‘Abdu’l-Bahá ay sabik na sabik makamtan ang kadalisayan ng puso. Sa kuwento, ano ang ugnayan sa pagitan nitong pananabik at ang baso ng tubig sa harap ng panauhin?

2. Upang makamtan ang kadalisayan, tulad din ng baso na inalisan ng laman at muling pinuno, kailangan nating alisin sa ating mga sarili ang hindi marapat na mga kaisipan at mga damdamin, upang magawang tanglawan ng Diyos ang ating mga puso sa pamamagitan ng mga katangiang tulad ng pag-ibig, pagiging mapagbigay, at kabaitan. Alam natin, mangyari pa, na walang maaaring itago mula sa paningin ng Diyos. Paano nakatutulong ang pag-unawang ito sa ating mga pagsisikap na maging dalisay?

Matapos talakayin ang mga katanungang ito sa ibang mga miyembro ng inyong grupo, isulat dito ang ilan sa inyong mga kaisipan.

________________________________________________________________

May ilang mga kuwento sa gradong ito na bagaman hindi nauugnay sa buhay ni ‘Abdu’l-Bahá, ay naglalarawan sa kahalagahan ng mga katangiang espiritwal. Nakikita ng mga bata mula sa mga iyon ang gantimpala ng pagpapamalas ng ganitong mga katangian at ang mga ibubunga ng pagpapabaya sa mga ito. Halimbawa, sa kuwento sa Aralin 4, tungkol sa pastol na sumisigaw ng lobo, na kilalang-kilala sa maraming mga kultura, ay naipakikita ang ibinubunga ng pagsisinungaling, at sa ganitong paraan ay naghahain ng malalim na mga pag-unawa ukol sa katangian ng pagkamakatotohanan. Ang mga bata ay maaaring makinabang nang malaki mula sa mga mensaheng ibinabahagi ng mga kuwentong ito, na magiging mahalaga sa paghuhubog ng kanilang mga pagkatao.

## BAHAGI 22

Ang pagsasaysay ng kuwento ay isang sining. Upang mabisang makapagsaysay ng kuwento, kailangang kabisado niya ito. Sa bahaging ito, pag-aaralan natin nang higit na detalyado ang kuwento mula sa Aralin 1 upang makita kung paano ito isasaysay sa mga bata.

Tiniyak na nating ang pangunahing tema ng kuwento ay ang katangiang espiritwal ng kadalisayan ng puso, na sinusuri sa pamamagitan ng halimbawa ng baso. Ang unang tanong na kailangan ninyong itanong sa inyong mga sarili, sa gayon, ay kung anong mga bahagi ng kuwento ang tuwirang nauugnay sa pangunahing tema na ito? Na ang mga salita ng karunungan ni 'Abdu'l-Bahá ay naging sanhi ng pag-iisip ng babae na gustong-gusto niyang dalisayin ang kaniyang puso mula sa makalupang mga hangarin, tulad ng baso sa harap niya, ay isang napakahalagang bahagi. Ang pag-utos ni 'Abdu'l-Bahá sa naglilingkod sa hapag-kainan na itapon ang tubig sa baso, na sa kalaunan ay muli Niyang pinuno, ay isa pa. Ano kaya ang magiging epekto kung hindi ninyo binanggit sa pagkukuwento, na sinabihan ni 'Abdu'l-Bahá ang naglilingkod sa hapag kainan na itapon ang laman ng baso ng babae?

Ngayon, kahit na natukoy na natin ang pangunahing mga bahagi ng kuwento, ang iba pang mga detalye nito ay hindi maaaring limutin. Magiging kuwento na ba iyon kung sasabihin lamang ninyo na ang isang panauhin ni 'Abdu'l-Bahá, habang naghahapunan, ay ninais na sana maging dalisay ang kaniyang puso, tulad ng pag-alis ng laman sa baso? Laging may mga detalye sa isang kuwento na nakadaragdag sa damdamin nito at ginagawa itong higit na nakawiwili. Ano ang mga ito?

- Ang kaisipan tungkol sa basong walang laman ay gumuhit sa isipan ng panauhin habang nasa hapag kainan at nakikinig sa pagbabahagi ni 'Abdu'l-Bahá ng Kaniyang karunungan, subalit hindi niya binigkas ang kaisipang ito.

- Bagaman kinakausap ang mga natitipon sa hapag kainan, huminto sandali si 'Abdu'l-Bahá upang tumugon sa hindi binibigkas na kaisipan ng babae.

- Walang ibang nakapansin sa naganap.

- Ang panauhin ay nakadama ng napakalaking kaligayahan dahil batid niyang alam ni 'Abdu'l-Bahá ang hangarin ng kaniyang puso.

Dapat banggitin dito na kailangang mag-ingat ang bawat guro na huwag palamutian ang mga kuwento sa Grade 1 ng karagdagang mga detalye at ng iba pang mga elemento, na maaaring maka-agaw sa pansin ng mga bata mula sa mga katotohanang espiritwal na nais ihatid ng mga kuwento.

Sa kabuuan ng inyong pagsasaysay, kung gayon, ay nanaisin ninyong laging isaisip na ang layunin ng pagsasaysay ng kuwento ay upang maituro ang isang mahalagang bagay sa mga bata. Kapag isasaysay ninyo iyon nang masaya at may angkop na damdamin, mas mahusay nilang mauunawaan iyon. Hindi gaganahan ang mga bata sa isang kuwentong isinasaysay nang walang sigla o damdamin. Kailangan ninyong matutunang ibahagi ang mga damdaming tulad ng kaligayahan, kalungkutan, kabiguan, takot, at lakas-loob sa pamamagitan ng inyong tinig, ng hilatsa ng inyong mukha, at ng inyong mga kilos o galaw. Ang tono at lakas ng inyong boses ay dapat magbago sang-ayon sa lakad ng kuwento, at ang inyong mga galaw, bagaman payak lamang, ay dapat tumutugma sa bawat bahagi. Kailangan din ninyong pag-isipan ang ritmo at

tulin ng inyong pagsasaysay. Kung masyadong mabagal kayo magsalita, maiinip ang mga bata, at kung masyadong mabilis naman kayo magsalita, hindi nila masusundan ang kuwento. Higit sa lahat, kailangan ninyong tandaan na hindi kayo nagdudula-dulaan lamang at kailangang matapat ang inyong mga damdamin. Madaling mabatid ng mga bata ang kakulangan ng katapatan. Ang hinahangad ay magkaroon ng ugnayan sa mga puso ng mga bata at ang maipagpatuloy ang matagal nang kaugalian ng pagsasaysay ng kuwento, na sa pamamagitan niyon sa loob ng libo-libong mga taon ay isinasalin ng sangkatauhan ang natipon nitong karunungan sa kasunod na salinlahi.

## BAHAGI 23

Ngayon ay suriin natin ang dalawang gawaing sumusunod sa pagsasaysay ng kuwento—ang paglaro at ang pagkulay. Sa bahaging ito ay tatalakayin natin kung paano isasagawa ang panahong nakalaan sa paglalaro, at ang pagkukulay ay susuriin sa kasunod na bahagi.

Tulad ng nabanggit na, ang uri ng mga laro sa Grade 1 ay pakikipagtulungan. Naniniwala ang maraming tao na upang maging mapanghamon ang mga laro, dapat na magpaligsahan ang mga bata sa isa't isa. Ang dapat nating matanto ay kapag inilalagay ang mga bata sa mga sitwasyon kung saan kailangan nilang magpaligsahan, ang ilang hindi kanais-nais na mga saloobin at mga ugali ay nalilinang at nagtatagal nang lampas-lampasan pa sa itinagal ng laro. Higit pa roon, may isang palagay na matatamo lamang ang kahusayan sa pamamagitan ng paligsahan. Kailangan ninyong suriin nang maingat ang katotohanan ng palagay na ito. Totoo ba talagang hindi natin matatamo ang kahusayan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan? Sa paligsahan, ang ilan ay panalo samantalang ang iba ay talo; sa pagtutulungan ang lahat ay nakadarama ng tagumpay.

Sinisikap ng mga laro sa Grade 1 na pahusayin sa mga bata ang mga kakayahang makinig at sumunod sa mga tagubilin. Matutuklasan din nilang nagtatakda ang bawat laro ng sama-samang layunin para sa buong klase, at samantalang nagtutulungan sa kanilang mga pagsisikap, ang bawat isa sa kanila ay may kailangang gampanan upang makamit iyon. Higit sa lahat, inaasahang tataas ang antas ng malasakit na ipinakikita nila sa isa't isa, matututo sila ng tiyaga, at lalakas ang mga kawing ng pagkakaibigan na nagbubuklod sa kanila. Dapat ninyong tandaan, kung gayon, na hindi kailangang magawa nila nang napakahusay ang laro bago nila makamtan ang diwa ng tagumpay. Tingnan, halimbawa, ang larong iminumungkahi sa Aralin 1. Paano ito nakatutulong sa hinahangad na mga layunin?

> Para sa kasunod na gawain, maglagay ang isang goma ng sasakyan sa lupa at pagkatapos ay sabihin sa mga bata na sikapin nilang ang pinakamarami sa kanila ang makatatayo doon nang sabay-sabay. Kung walang magagamit na goma, maaaring maglagay sa lupa ng nakatuping banig o tuwalya, o iba pang kahalintulad na bagay. Anumang bagay ang inyong piliin, dapat ay sapat na maliit ito kaugnay ng bilang ng mga bata sa klase upang maging mapanghamon ang laro.

Ang paraan ng pagpapakilala ng guro sa laro ay may kaugnayan sa paraan ng paglaro nito ng mga bata. Ang layunin nito ay dapat malinaw na ipaliwanag. Higit pa rito, sa pagbibigay ng mga tagubilin sa mga bata, madalas na kailangang ipakita ng guro kung paano ito inilalaro at mag-ensayo nang kasabay nila.

## BAHAGI 24

Ang mga gawaing pansining ay mahalaga para sa pagyabong ng pagiging mapanlikha at sa mga kakayahang pangkaisipan ng mga bata, at mula sa murang gulang ay kailangan na silang bigyan ng pagkakataong gamitin ang kanilang mga imahinasyon sa pamamagitan ng pagguhit nang walang itinakdang paraan at ng iba pang mga anyo ng masining na paghahayag. Gayumpaman, sa maraming mga bahagi ng daigdig, ang mga bata ay halos hindi nagkakaroon ng pagkakataong gumuhit bago sa edad ng lima o anim na gulang, at lalong hindi pa nakagamit ng mga krayon. Para sa kanila, ang pagkulay ng mga larawang kasama ng mga aralin sa unang grado ay isa sa pinakanakakikilig na bahagi ng klase, at ito ay lumilikha sa kanila ng lakas-loob na kinakailangan upang makagawa ng higit na masalimuot na mga gawaing pansining sa kasunod na mga grado. Isang paraan din ito upang mapahusay pa ang kanilang kahandaan at kabinihan sa pisikal na pagkilos at gayundin ang kanilang pagtataglay ng disiplina. Paano pinahuhusay ng pagkukulay ang sumusunod na mga kakayahan, mga kasanayan, at mga saloobin ng mga bata?

- Pagpapahalaga sa kaayusan at kagandahan
- Pagbibigay-pansin sa mga detalye
- Pagtutuon ng pansin sa gawaing kasalukuyang isinasagawa
- Nagbabahagi ng mga yaman sa mga iba
- Paggalang sa mga iba

Karagdagan sa pagtulong sa pagpapahusay ng ilang mga kakayahan at mga saloobin, ang bahagi ng klaseng nakalaan sa pagkukulay ay nagbibigay sa guro ng isa pang pagkakataon upang talakayin sa kaniyang mga mag-aaral ang mga katangiang itinuturo sa Grade 1. Sa pamamagitan ng pagtatanong sa klase tungkol sa mga bagay na nasa drowing, mabibigyan ng mga guro ang mga bata ng pagkakataong isawika ang mga kuro-kuro at makabuo ng mga ugnayan sa kanilang mga isipan habang pinag-uusapan nila kung ano ang nangyayari sa drowing. Tingnan ang papel na kukulayan para sa unang aralin at suriin sa inyong grupo kung paano ninyo ito ipakikilala sa mga bata. Isulat ang inyong mga kaisipan dito.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Kailangang sapat ang paghahanda ng guro para sa gawaing ito. Ang mga bata ay laging nagpapakita ng malaking kagustuhan sa pagkukulay; subalit itong bahagi ng klase ay maaaring maging magulo kapag hindi isinaayos nang sapat. Kailangang tukuyin ang lugar kung saan magkukulay ang mga bata, at ang mga kopya ng drowing para sa bawat aralin ay dapat inihanda na nang mas maaga. Lalo na sa unang ilang mga aralin, maaaring kakailanganing itakda ng guro ang pamantayan ng pagkilos ng mga bata kaugnay ng mga krayon at ikintal sa kanila ang isang diwa ng disiplina at pagtutulungan. Sa simula, maaaring ang bawat bata ay papipiliin ng isang krayon mula sa kahon na hawak ng guro. Kapag gusto na nilang magpalit ng kulay, maaari nilang isauli ang hawak nilang krayon upang ipalit sa ibang kulay. Pagkalipas ng ilang mga klase, kapag nasanay na sila sa pagkakaroon ng isang kulay lamang sa alinmang panahon, maaaring iiwan ang kahon ng mga krayon sa isang lugar na madaling mapuntahan nilang lahat.

Ngayon ay tingnan ang sumusunod na mga sitwasyon. Aling sitwasyon mula sa bawat paris ang makatutulong sa pagiging mabisa ng gawaing ito?

______ Hinahayaan ng guro ang bata sa pagkulay sa labas ng mga linya, basta sinisikap niyang magkulay nang mahusay.

______ Ang lahat ng mga bata ay mahigpit na sinasabihang ang kanilang pagkulay ay dapat sa loob lamang ng mga linya.

______ Habang nagkukulay ang mga bata, ang guro ay palakad-lakad sa kanila, tinutulungan at hinihimok sila.

______ Sa panahong nakalaan sa pagkukulay, ang guro ay nakaupo at nagtutuon ng pansin sa sarili niyang gawain.

______ Sa panahong nakalaan sa pagkukulay, ang mga bata ay nagtutuon ng pansin sa gawaing kasalukuyang isinasagawa.

______ Sa panahong nakalaan sa pagkukulay, ang mga bata ay nagkukulitan.

______ Samantalang nagkukulay sila, ang mga bata ay nananatiling lubos na tahimik.

______ Samantalang nagkukulay sila, ang mga bata ay masayang nag-uugnayan at hinihimok ang isa't isa.

## BAHAGI 25

Natuklasan ng maraming guro na nakatutulong sa kanila ang gumamit ng isang kuwaderno kung saan maaaring ilagay ang ilang pangunahing impormasyon tungkol sa pangkat ng mga batang tinuturuan nila. Ang dalawang talahanayan ay nakatutulong kaugnay nito, sa isa ay nakasulat ang mga pangalan at mga edad ng mga bata kung saan inililista ang kanilang pagdalo sa mga klase at sa isa pang talahanayan ay sinusubaybayan ang kanilang pagsasaulo ng mga sipi. Sa talahanayang ito, maaaring sa kaliwang hanay pababa ay naroon ang mga pangalan ng mga bata at ang bilang ng aralin ay nasa unang pahalang na hanay sa itaas. Sa gayon ay maaaring markahan ng guro kung aling mga bata ang nakapagsaulo na ng aling mga sipi.

Ang kuwaderno ay maaari ding magkaroon ng bahaging nakalaan sa mga aralin mismo, kung saan maisusulat ng mga guro ang kanilang pagsusuri sa bawat aralin, ang kanilang mga kaisipan kung paano ito maituturo, at sa kalaunan, ang kanilang mga pagninilay-nilay sa mismong pamumukadkad ng bawat pagtitipon sa mga bata.

Sa isa pang bahagi, maaaring isulat ng guro ang tungkol sa pagsulong ng bawat bata, at gayundin ng anumang kuwento kaugnay ng bata na maaaring maibahagi sa kaniyang mga magulang. Natuklasan ng ilang mga guro na nakatutulong sa kanila kapag inilalagay rin sa bahaging ito ang mga pangalan ng mga magulang ng bata at ang kaniyang mga kapatid at ang maikling buod ng mga paksang pinag-usapan sa mga pagdalaw sa kanilang mga tahanan.

## BAHAGI 26

Bilang guro ng klase para sa mga bata, kailangan ninyong magkaroon ng isang matalik at mapagmahal na ugnayan sa mga magulang ng bawat bata, madalas na nakikipagkita sa kanila upang talakayin ang paglaki at pag-unlad ng kanilang anak at hinihingi ang kanilang tulong. Maaaring nakadalaw na kayo sa mga pamilya ng ilan sa mga batang dumadalo sa mga klase sa inyong pamayanan, nang matapos na ninyo ang pag-aaral ng Aklat 2. Upang mapanariwa ang inyong gunita, maaaring nanaisin ninyong balikan ang Bahagi 15 ng pangatlong yunit ng aklat na iyon. Sa bahaging iyon ay nakikita nating si Maribel, na isang guro ng mga klase para sa mga bata, ay tinitipon ang kaniyang mga kuro-kuro tungkol sa kaniyang sasabihin sa ina ni Emma sa kaniyang pangalawang pagdalaw sa kanilang tahanan. Ipinasiya niyang magsimula sa pagbahagi ng kaligayahang nadarama niya mula sa pagdalo ni Emma sa klase at sa pagbanggit ng napakabuting mga katangiang natuklasan niya sa kaniyang anak. Gaano kahalaga para sa mga magulang ang makita ang kaligayahan at sigla ng paglilingkod ng guro sa mga bata sa pamayanan? Ano ang iba pang mga katangiang aakit sa mga puso ng mga magulang at lilikha ng mga kawing ng tiwala sa pagitan nila?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Bakit mahalagang ipabatid ng guro sa mga magulang ang mga katangiang espiritwal na napapansin niyang yumayabong sa kanilang anak?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Ipinasiya rin ni Maribel na ibahagi sa ina ni Emma ang pinag-aralan ninyong sipi sa Bahagi 3 ng unit na ito at ang suriin kasama niya ang mga ipinahihiwatig niyon para sa edukasyon ng mga bata. Sa maraming mga pakikipag-usap na isasagawa ninyo sa mga magulang, magkakaroon kayo ng pagkakataong ipaliwanag ang mga pananaw sa edukasyong nagbigay-hugis sa programa ng mga klase para sa mga bata. Sumusunod ang ilang mga konseptong sinuri ninyo sa yunit na ito. Ano ang inyong sasabihin sa mga magulang kaugnay ng bawat isa sa konteksto ng espiritwal na edukasyon ng mga bata? May mga sipi ba mula sa mga Kasulatang nauugnay sa isa o iba pang konseptong ibabahagi ninyo sa inyong mga pakikipag-usap sa mga magulang?

Ang paglilinang ng isang kapuri-puring pagkatao: ______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang pag-aangkin ng mga katangiang espiritwal: ______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang epekto ng dasal sa mga puso ng mga bata: ______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang kahalagahan ng pagsasaulo sa Salita ng Diyos: ____________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang nakabubuting impluwensiya sa mga bata ng mga kuwento mula sa buhay ni ‘Abdu’l-Bahá: ____________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang pag-ibig sa Diyos at ang takot sa Diyos: ________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Disiplina at kalayaan: ________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Ipinasiya ni Maribel na ihinto sandali ang kaniyang paglalahad ng mga pananaw, at inanyayahan ang ina ni Emma upang ibahagi ang kaniyang mga kaisipan. Inaasahang sa paglipas ng panahon na ang isang napakalalim na usapan ay mabubuo sa pagitan ng mga guro at ng mga magulang ng mga bata. Bakit mahalagang, mula sa kanilang unang-unang pagdalaw sa mga magulang, ay hingiin ng mga guro mula sa mga magulang ang kanilang mga masasabi, mga kaisipan, at mga pananaw tungkol sa mga temang tinatalakay?

Karagdagan sa pagtalakay sa mga magulang ng pangkalahatang konsepto ng mga katangiang espiritwal, dapat ninyong samantalahin ang mga pagkakataong lumilitaw habang lumalakad ang taon upang makipag-usap sa kanila tungkol sa tanging mga katangiang sinisikap ikintal ng mga aralin sa kanilang mga anak. Habang isinasaisip ang malalim na mga pag-unawang natamo ninyo tungkol sa katangian ng kadalisayan ng puso, na sinuri sa Aralin 1, saliksikin kasama ng mga miyembro ng inyong grupo kung paano ninyo masisimulan ang gayong usapan.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Batid ni Maribel na kailangang umiral ang pag-uunawa at pagtatangkilik sa isa't isa sa pagitan niya at ng ina ni Emma, upang ang kaniyang anak ay lubos na makinabang mula sa mga klaseng dinadaluhan niya. Halimbawa, ang natutunan sa klase, na mga dasal at mga sipi ay maaaring usalin sa bahay sa tulong ng mga magulang. Sa ganitong paraan, higit na mahusay na aangkinin ng mga bata ang Salita ng Diyos, na iyon ay manunuot sa kanilang mga puso at mga kaluluwa at magbibigay-hugis sa kanilang mga pagkatao. Talakayin sa mga miyembro ng inyong grupo sa anong mga paraan makatutulong ang mga magulang upang mapalakas at masuportahan ang mga pagsisikap ng mga guro.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Ang ninanais na mga katangian ng puso at isipan ay malilinang lamang sa mga bata sa pamamagitan ng wastong edukasyon sa loob ng mahabang panahon. Sa ngayon ay malinaw na ang dapat bigyang-diin sa inyong regular na mga pakikipagkita sa mga magulang ay ang pagsulong na nakakamit ng kanilang mga anak, gaanuman kaliit ang mga iyon. Habang nagpapatuloy ang inyong usapan, maaari ninyong saliksikin kasama ng mga magulang, kung paano makapagpupundar sa mga tagumpay na ito. Kapag ang gayong positibong paraan ng komunikasyon ay naitatag na, magagawa na ng guro ang ibahagi sa mga magulang, nang lubos na maingat, ang anumang mga kapintasang nakita niya sa kanilang mga anak. Ang layunin nito ay upang makahanap ng isang paraan ng pagtutulungan upang maalalayan ang bata sa pagtutuwid sa kaniyang mga kapintasan. Talakayin sa inyong grupo ang kahalagahan ng paglikha ng gayong nakatutulong na paraan ng komunikasyon sa mga magulang.

## BAHAGI 27

Tulad ng nabanggit sa simula ng yunit, hindi lahat ng makikilahok sa kursong ito ay magpupunyaging magtatag ng klase para sa mga bata. Mula sa mga pumiling gawin iyon, maaaring pipiliin nilang magdaos ng klase sa loob lamang ng takdang panahon bago lumipat sa ibang larangan ng paglilingkod. Ang mga iba naman ay itatalaga ang kanilang mga sarili sa larangang ito ng pagpupunyagi, ipinagpapatuloy sa loob ng mahabang panahon ang mga klaseng nag-aaruga sa mga bata sa pag-ibig sa Diyos. Gayumpaman, maging anupaman ang landas na tatahakin ng mga kalahok, ang lahat ay magkakaroon ng mga pagkakataong makipag-ugnay sa mga batang miyembro ng kanilang pamayanan, maging iyon ay sa pagdalaw sa mga kapitbahay, sa pagdalo sa mga pagpupulong at mga pagtitipon, o bilang mga kapatid at mga magulang. Maging anupaman ang mga kalagayan, ang mga konsepto at mga pananaw na sinuri sa yunit na ito ay maghahain ng malalim na pag-unawa sa mga kalahok ukol sa tungkulin ng kanilang pamayanan upang arugain, tulad ng sinasabi sa atin ng Universal House of Justice, ang "pinakamahalagang kayamanan" nito. Harinawang lahat tayo, habang nakatingin tungo sa maningning na hinaharap ng sangkatauhan gamit ang mga matang umaasa, ay makakuha ng inspirasyon at sustansiya mula sa sumusunod na mga sipi:

> **"Iniaatas Namin sa lahat ng tao yaong hahantong sa pagdadakila ng Salita ng Diyos sa Kaniyang mga tagapaglingkod, at gayundin, sa pagsulong ng umiiral na daigdig at sa pag-angat ng mga kaluluwa. Para sa layuning ito, ang pinakamahusay na paraan ay ang edukasyon ng bata. Dapat mangapit nang mahigpit sa layuning ito ang bawat isa at ang lahat. Tunay na ipinataw Namin sa**

**inyo ang tungkuling ito sa napakaraming mga Tableta at gayundin sa Aking Pinakabanal na Aklat. Mabuti para sa kaniya ang sumusunod dito."[38]**

**"Ang edukasyon at pagsasanay ng mga bata ay kabilang sa lubos na kapuri-puring mga gawain ng sangkatauhan at inaakit nito ang biyaya at pagpapala ng Ganap na Mahabagin, sapagkat ang edukasyon ay ang hindi maaaring mawalang pundasyon ng lahat ng kahusayan ng tao at tutulutan nitong maiangat ng tao ang kaniyang sarili tungo sa mga rurok ng namamalaging kaluwalhatian. Kung ang isang bata ay sasanayin mula sa kaniyang kamusmusan, magagawa niya, sa pamamagitan ng mapagmahal na pangangalaga ng Banal na Hardinero, na inumin ang kristal na mga tubig ng espiritu at ng kaalaman, tulad ng isang murang puno sa pagitan ng maliit na mga sapa. At tiyak na titipunin niya sa kaniyang sarili ang maliwanag na mga sinag ng Araw ng Katotohanan at sa pamamagitan ng liwanag at init nito ay tutubong laging sariwa at maganda sa hardin ng buhay. . . .**

**"Kung, sa napakalaking gawaing ito, ang isang matinding pagsisikap ay gagawin, ang daigdig ng sangkatauhan ay sisinag sa pamamagitan ng ibang mga palamuti, at magbibigay ng napakagandang liwanag. Sa gayon itong madilim na lugar ay magniningning, at itong tahanan ng lupa ay magiging Langit."[39]**

## REFERENCES


1. From a message dated 21 April 2000, published in *Messages from the Universal House of Justice, 1986–2001: The Fourth Epoch of the Formative Age* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2010), no. 331.26, p. 727.

2. Bahá'u'lláh, in "A Compilation on Bahá'í Education", compiled by the Research Department of the Universal House of Justice, published in *The Compilation of Compilations* (Maryborough: Bahá'í Publications Australia, 1991), vol. 1, no. 576, p. 251.

3. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), no. 106.1, p. 213.

4. 'Abdu'l-Bahá, in "A Compilation on Bahá'í Education", published in *The Compilation of Compilations*, vol. 1, no. 614, pp. 273–74.

5. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CXXII, par. 1, p. 294.

6. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 108.1, p. 214.

7. Ibid., no. 110.2, p. 216.

8. Ibid., no. 100.2, p. 203.

9. Ibid., no. 99.1, pp. 203.

10. Ibid., no. 103.5, p. 208-209.

11. Ibid., no. 122.1, pp. 226-227.

12. Words of 'Abdu'l-Bahá, cited in *Star of the West*, vol. 8, no. 4 (17 May 1917), p. 41.

13. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXXVI, par. 2, p. 334; gayundin sa *Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at 'Abdu'l-Bahá* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1990), p. iii.

14. From a talk given on 5 August 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 6, p. 345.

15. 'Abdu'l-Bahá, sa *Dasal at Mapanalanging Pamumuhay: Isang Kalipunan ng mga Halaw mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh, ng Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá at mga Liham ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice*, inihanda ng Research Department ng Universal House of Justice (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2019), no. 24, p. 17.

16. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, XLIII, par. 9, p. 109.

17. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 24 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 1, p. 71.

18. Bahá'u'lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), Arabe no. 3, p. 3.

19. Ibid., Arabe no. 12, p. 7.

20. Ibid., Arabe no. 11, p. 6-7.

21. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXXVIII, par. 6, p. 313.

22. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá'u'lláh* (Haifa: Bahá'í World Centre, 2018), no. 2.43, p. 31.

23. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabe no. 59, p. 28.

24. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 26 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 1, p. 204.

25. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 129.2, p. 233.

26. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CLV, par. 4, pp. 376–77.

27. Ibid., CLIII, par. 5, p. 369.

28. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabe no. 9, p. 6.

29. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 24 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 4, p. 73.

30. Bahá'u'lláh, *Epistola sa Anak ng Lobo* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), p. 34, ¶49.

31. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), no. 8.53, p. 144.

32. 'Abdu'l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2007, 2016 printing), par. 74, p. 53.

33. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 111.1, p. 217.

34. Ibid., no. 95.2, pp. 200-201.

35. Ibid., no. 111.4, pp. 218.

36. Ibid., no. 124.1, p. 228-229.

37. ‘Abdu’l-Bahá, in *Bahá’í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá’u’lláh, the Báb, and ‘Abdu’l-Bahá* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2002, 2017 printing), p. 29.

38. From a Tablet revealed by Bahá’u’lláh, in *Social Action: A Compilation Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2020), no. 178, p. 107.

39. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 103.1–3, p. 206-208.



# Mga Aralin ng Klase para sa mga Bata, Grade 1

## Layunin

Upang paunlarin ang kakayahang ituro ang mga klase para sa mga batang nasa edad ng lima o anim na taong gulang, na yamang nakatutok sa pagpino ng pagkatao, ay binubuo ng pagsasaulo ng mga dasal at mga sipi at mga awit, mga kuwento, mga laro, at pagkukulay.

## BAHAGI 1

Sa huling yunit ay pinag-isipan ninyo ang likas na katangian ng inyong pagsisikap na magturo sa unang grado at sinuri ang iba't ibang mga elementong bumubuo ng isang aralin. Nilalaman nitong pangalawang yunit ang dalawampu't-apat na aralin mismo, na tulad ng nalalaman ninyo, ay umiinog sa paglilinang ng mga katangiang espiritwal. Dito sa panimulang mga bahagi, kayo ay bibigyan ng pagkakataong maging bihasa sa nilalaman ng mga aralin at magsanay sa pagtuturo ng mga iyon. Ang ating gagawin ay susuriin nang tig-aapat ang mga aralin at ninilay-nilayin ang mga katangiang espiritwal na pinag-aaralan sa bawat isa. Pagkatapos ay hinihimok kayong isa-isahin nang detalyado ang mga aralin kasama ng inyong mga kapwa-kalahok, naghahalinhinan sa pagsasagawa ng iba't ibang mga gawain, bago kayo magpatuloy sa kasunod na apat na aralin.

## BAHAGI 2

Ang bawat pagtitipon ng klase sa Grade 1 ay dapat magsimula sa dalanging pambungad na uusalin ng guro. Bilang tulong sa guro, ang isang bagong dalangin ay iminumungkahing usalin ninyo pagkaraan ng bawat apat na aralin, na sa kabuuan niyon ay anim na mga dalangin. Kung magagawa ninyong isaulo ang mga dalanging ito, iyon ay makahihimok nang malaki sa sariling mga pagsisikap ng mga bata sa pagsasaulo. Para sa mga Aralin 1 hanggang 4, ang iminumungkahing dalangin ay ang sumusunod:

> **"O Diyos! Turuan ang mga batang ito. Ang mga batang ito ang mga halaman sa Iyong taniman, ang mga bulaklak sa Iyong parang, ang mga rosas sa Iyong hardin. Tulutang pumatak sa kanila ang Iyong ulan; tulutang sumikat sa kanila ang Iyong pag-ibig mula sa Araw ng Realidad. Tulutang magpasariwa sa kanila ang Iyong simoy upang sila ay magtamo ng pagsasanay, lumaki at umunlad, at lumitaw sa sukdulang kagandahan. Ikaw ang Tagapagbigay! Ikaw ang Madamayin!"**[1]

Pagkatapos ialay ang dalangin sa itaas, hihimukin ninyo ang batang umusal ng isang dalanging isinaulo na nila. Sa simula ay maaaring hindi lahat ng mga bata ang magagawang makilahok sa bahaging ito. Subalit unti-unti ay higit at higit pa ang makikilahok, habang naisasaulo nila ang mga dalanging natututunan nila sa gradong ito. Mula sa pag-aaral ninyo sa nakaraang yunit, bihasa na kayo sa dalangin sa ibaba, na pagtutuunan nila ng kanilang mga pagsisikap dito sa unang ilang mga aralin:

> **"Siya ang Diyos! O Diyos, aking Diyos! Ipagkaloob sa akin ang pusong dalisay, tulad ng isang perlas."**[2]

Ang panahong nakalaan sa mga dalanging pambungad ay napakahalaga; ito ay lilikha ng isang kapaligiran ng pagtatalaga sa Diyos, isang kapaligirang nakatutulong upang matuto. Sinasabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin na ang pagtitipon sa mga bata at pagtuturo sa kanila ng mga dalangin ay "naghahatid ng kaligayahan" sa kanilang mga puso. Ang pakikipag-usap sa Diyos "ay lumilikha ng mga kakayahang makadama ng talinong higit na mataas".

Dapat tinutulungan ang mga bata sa pagpapayabong ng isang napakalalim na kamalayan ng pamimitagan sa Diyos at sa pagkilos nang naaangkop kapag nagdarasal.

Maaaring kailangan silang tulungan upang itutok ang kanilang mga puso at mga isipan sa Banal na Salita, maging kapag sila mismo ang nagdarasal o kapag nakikinig sila sa isang dalanging inuusal ng ibang bata. Maaaring itanong ng guro sa mga bata kung paano sila nagpapakita ng pamimitagan—halimbawa, kung paano sila dapat umupo, kung ano ang dapat nilang gawin sa kanilang mga kamay upang hindi makagulo sa iba, at kung ano ang dapat nilang gawin sa kanilang mga mata kung sakaling napapagala ang mga iyon. Maaari ding hilingin ng guro na ipakita nila kung paano nila inihahanda ang kanilang mga sarili upang magdasal. Nanaisin ninyong tandaan na higit na mabuti kapag ang tatlo o apat lamang na bata ang magdarasal sa isang kapaligirang espiritwal kaysa sa pag-usal ng bawat isang bata ng dasal habang may ingay at pagkilos. Samakatwid ay ipinapayong piliin na ninyo nang mas maaga ang mga batang mag-aalay ng mga dasal sa simula ng bawat pagtitipon ng klase. Nanaisin ninyong tiyaking ang bawat bata ay magkakaroon ng pagkakataong umusal ng dalangin sa tuwing ikatlo o ikaapat na pagtitipon ng klase.

Sa buong taon ay magiging mahalagang kausapin ninyo ang inyong mga mag-aaral sa tuwi-tuwina tungkol sa likas na katangian ng dasal at kung bakit tayo nagdarasal. Ilarawan sa puwang sa ibaba kung ano ang maaari ninyong sabihin sa kanila sa unang ilang linggo.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## BAHAGI 3

Ngayon ay basahin nang maingat ang unang apat na aralin, nang isa-isa, kasama ng ibang mga miyembro ng inyong grupo. Dapat ninyong bigyan ng tanging pansin ang mga salitang pambungad at ang isasaulo ng mga mag-aaral na mga sipi. Isulat ang katangiang espiritwal na tinututukan ng bawat isa sa kasunod na tatlong aralin.

Aralin 1: Kadalisayan

Aralin 2: ____________________________________________

Aralin 3: ____________________________________________

Aralin 4: ____________________________________________

Sa paghahandang ituro ang mga araling ito, dapat kayong umubos ng ilang panahon sa paglilimi sa katangiang pinag-aaralan sa bawat isa, tulad ng ginawa na ninyo sa kadalisayan ng puso sa unang yunit. Nasa ibaba ang ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan kaugnay ng tatlo pang ibang katangian. Iminumungkahing basahin ninyo ang bawat pangkat nang ilang beses sa inyong grupo at sama-samang magnilay-nilay sa mga sipi, habang isinasaisip ng inyong mga mag-aaral ang isasaulong sipi. Pagkatapos ay isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan tungkol sa kahalagahan ng katangiang iyon sa buhay ng indibidwal, sa pangkalahatang diwa, at nang tuwiran, sa inyong mga pagsisikap bilang isang guro. Dapat ninyong tandaan na itong mga sipi ay hindi para sa mga bata sa inyong klase kundi ay para sa sarili ninyong paglilimi.

Tungkol sa katarungan, mababasa natin:

**"Ang tanglaw ng mga tao ay Katarungan. Huwag itong patayin sa pamamagitan ng salungat na mga hangin ng pag-uusig at paniniil. Ang layunin ng katarungan ay ang paglitaw ng pagkaaisa sa mga tao."[3]**

**"Walang luningning ang maaaring ihambing sa yaon ng katarungan. Ang kaayusan ng daigdig at ang katiwasayan ng sangkatauhan ay nababatay roon."[4]**

**"Yaong nagtuturo sa daigdig ay ang katarungan, sapagkat ito ay sinusuhayan ng dalawang haligi, ang gantimpala at kaparusahan. Ang dalawang haliging ito ang nagbibigay ng buhay sa daigdig."[5]**

**"O Anak ng Espiritu! Ang lalong mahal sa lahat ng mga bagay sa Aking paningin ay ang Katarungan; huwag talikuran iyon kung hinahangad mo Ako, at huwag pabayaan iyon upang Ako ay magtapat sa iyo. Sa pamamagitan ng tulong niyon ay makakikita ka ayon sa iyong sariling mga mata at hindi sa pamamagitan ng mga mata ng iba, makababatid ka ayon sa iyong sariling kaalaman at hindi sa pamamagitan ng kaalaman ng iyong kapitbahay. Nilay-nilayin mo ito sa iyong puso; kung papaano ka dapat maging. Sa katunayan, ang katarungan ay Aking handog sa iyo at tanda ng Aking masintahing kagandahang-loob. Ilagay mo iyon kung gayon sa harap ng iyong mga mata."[6]**

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Tungkol sa katangian ng pag-ibig, sinasabi sa atin ng mga Kasulatan na:

**"Ang buod ng pag-ibig ay ang ibaling ng tao ang kaniyang puso sa Kaniya na Minamahal, at ihiwalay ang kaniyang sarili sa lahat liban sa Kaniya, at walang hangarin maliban doon sa naisin ng kaniyang Panginoon."[7]**

**"Sa araw na ito, ang maglingkod sa Kapakanan ng Diyos ay ang lumikha ng pag-ibig at mabuting samahan sa Kaniyang mga kaibigan."[8]**

**"Ang layunin ng paglitaw ng banal na mga Kahayagan ay laging naging ang pagtatatag ng mabuting samahan at pag-ibig sa daigdig ng sangkatauhan."**[9]

**"Iyong alamin nang buong katiyakan na ang Pag-ibig ay ang lihim ng banal na Dispensasyon ng Diyos, ang paghahayag ng Lubos na Mahabagin, ang bukal ng espiritwal na mga pagbuhos. Ang Pag-ibig ay ang butihing liwanag ng langit, ang walang-maliw na hininga ng Espiritu Santo na nagbibigay-buhay sa tao."**[10]

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

At kaugnay ng pagkamakatotohanan, pinapayuhan tayong:

**"Sabihin: Tulutang ang pagkamakatotohanan at ang paggalang ay maging inyong palamuti."**[11]

**"Kapag walang pagkamakatotohanan ang pagsulong at tagumpay, sa lahat ng mga daigdig ng Diyos, ay hindi posible para sa alinmang kaluluwa."**[12]

**"Ang pagkamakatotohanan ay ang pinakamabuti sa mga katangian sapagkat nasasaklaw nito ang lahat ng ibang mga katangian. Ang taong makatotohanan ay mapangangalagaan mula sa lahat ng mga suliraning moral, aatras siya mula sa bawat masamang gawa, at maliligtas mula sa lahat ng kasamaan, yamang ang lahat ng mga bisyo at maling gawain ay ang mismong kabaliktaran ng pagkamakatotohanan, at ang taong makatotohanan ay ituturing ang lahat ng mga iyon sa lubos na pagkamuhi."**[13]

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

Ngayon, karagdagan sa pagsasaulo ng mga bata sa mga sipi sa mga araling ito, maaaring nanaisin ninyong isaulo ang isa man lamang sipi mula sa bawat pangkat.

## BAHAGI 4

Habang isinasaisip ang mga pagninilay-nilay sa itaas, muling basahin ang mga kuwentong isasaysay ninyo sa inyong mga mag-aaral sa unang apat na aralin. Tulad ng inyong mapapansin, ang tatlo sa apat ay hango sa buhay ni 'Abdu'l-Bahá, ang kinatawan ng pinakamataas na mga huwarang pantao. Ang ilang mga batang tuturuan ninyo sa Grade 1 ay

maaaring hindi pa kilala ang pagkatao ni ‘Abdu’l-Bahá, kung kaya ay maaaring kailangan ninyong ipakilala Siya. Ang inyong natutunan sa pangatlong yunit ng Aklat 2 ay nakadagdag sa sarili ninyong kamalayan sa Kaniyang katayuang walang-kahalintulad, at habang kayo ay nagpapatuloy sa inyong pag-aaral ng mga kurso sa seryeng ito, lalaki rin ang inyong pasasalamat sa Diyos para sa napakahalagang kaloob na ibinigay Niya sa sangkatauhan sa pamamagitan ng katauhan ni ‘Abdu’l-Bahá. Ano ang inyong sasabihin sa mga bata tungkol sa Kaniya sa pagsimula nila ng unang aralin ng Grade 1?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Mula sa pag-aaral ninyo ng unang yunit, alam ninyong kapag nagsasaysay ng mga kuwento sa mga bata, nanaisin ninyong ipabatid sa kanila ang higit pa sa mga pangyayari lamang at tulungan silang magtamo ng isang sulyap sa espiritwal na realidad. Binigyan na kayo ng pagkakataong pag-isipan ang kuwento ng panauhin ni ‘Abdu’l-Bahá sa Aralin 1 at kung paano makatutulong ang kuwentong ito sa inyong mga mag-aaral upang maunawaan ang kahalagahan ng katangian ng kadalisayan at kung ano ang ibig sabihin ng pagsusumikap upang makamtan iyon. Suriin natin ang mga kuwento sa kasunod na tatlong aralin sa kahalintulad na paraan.

Tulad ng inyong nakita sa Aralin 2 ay isasalaysay ninyo ang isang kuwentong naglalarawan sa pag-aabala ni ‘Abdu’l-Bahá sa katarungan, na iyon ang tema ng aralin. Inilalarawan nito ang isang pangyayaring naganap isang araw nang naglalakbay si ‘Abdu’l-Bahá mula sa ‘Akká patungong Haifa. May ilang mga detalyeng kailangang maunawaan ng mga bata upang masundan nila ang kuwento—halimbawa, ang pagkakaiba ng kalagyan sa karaniwang sasakyang pangmasa at sa pribadong karwahe. Ito ay makatutulong sa kanila upang makitang handa si ‘Abdu’l-Bahá na ipagpakasakit ang kaniyang sariling kaginhawahan upang makapagbigay ng espiritwal at materyal na panustos sa mga nangangailangan. Paano ninyo titiyaking mababatid ng inyong mga mag-aaral na ang paraan ng pamumuhay ni ‘Abdu’l-Bahá—na hindi ginagastusan ang Kaniyang sarili para sa hindi kinakailangan at ng pagtutustos sa mga nangangailangan—ay naghahayag sa katangiang espiritwal ng katarungan? Ano ang ilang mga detalyeng dapat maging malinaw sa inyong isipan bago ninyo isalaysay ang kuwento?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang pag-ibig ang tema ng Aralin 3, at dito ay isasaysay ninyo sa mga bata ang kuwento ng isang lalaki sa ‘Akká, na kahit lagi niyang binabastos si ‘Abdu’l-Bahá, gayumpaman ay tumatanggap ng Kaniyang mapagmahal na kabaitan sa loob ng maraming mga taon. Mangyari pa ay madali lamang magtaglay ng pagmamahala sa ating mga puso para sa yaong mga mabait sa atin. Subalit ang pag-ibig ni ‘Abdu’l-Bahá ay walang tinatanggap na hangganan at wala ring kundisyon. Sa paraan ng inyong pagsasaysay ng kuwento, paano ninyo titiyaking itong katangian ng pag-ibig ni ‘Abdu’l-Bahá ay magiging malinaw sa mga bata? Paano ninyo sila matutulungan upang mapahalagahan ang kapangyarihan ng pag-ibig upang baguhin ang puso ng isang taong masama ang asal dahil sa kamangmangan? Ano ang ilang mga detalye, na kapag ang mga iyon ay hindi binanggit, ay mahihirapang sundan ng mga bata ang kuwento upang makamtan itong malalim na pag-unawa?

Nasa Aralin 4, na nakatuon sa katangian ng pagkamakatotohanan, ang kuwento ng pastol na sumisigaw ng lobo. Ipinakikita ng kuwento ang mga ibinubunga ng mga kasinungalingan ng batang pastol, na madaling mauunawaan ng mga bata. Subalit nanaisin ninyong maging higit na malalim pa ang kanilang pag-unawa at matanto ang gantimpala ng pagiging makatotohanan. Ano ang gantimpalang ito, at paano ninyo titiyaking mahinuha ito ng mga bata mula sa kuwento?

## BAHAGI 5

Sa mga bahaging ito ay pinag-isipan ninyo ang mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa unang apat na mga aralin ng Grade 1 at pinalalim ang sarili ninyong pag-unawa sa kahalagahan ng mga iyon. Nakita rin ninyo kung paano naghahain ang mga kuwentong ito ng isang sulyap sa likas na uri ng mga katangiang inaasahan ninyong mapaunlad pa sa inyong mga mag-aaral sa gradong ito.

Bago kayo magpatuloy sa apat na kasunod na aralin, dapat kayong gumugol ng ilang panahon, kasama ang inyong mga kapwa kalahok, sa paghahandang ituro itong unang apat na

aralin. Gamit ang mga paraang tinalakay sa naunang unit, maaari kayong maghalinhinan sa pagpapakilala ng dalanging isasaulo at sa paghaharap ng katangiang espiritwal na tinatalakay sa bawat aralin, at gayundin ng sipi para sa pagsasaulo. Dapat ninyong isalaysay ang mga kuwento sa isa't isa at laruin ang mga laro at awitin ang mga awit nang sama-sama hanggang sa kampante na kayong maituturo ninyo ang mga ito nang mahusay. Pag-isipan kung paano ninyo ipakikilala ang mga papel na kukulayan. Bago ninyo simulan ang pagsasanay na ito, maaaring makatulong ang pagbabalik-aral sa Bahagi 17 hanggang 24 ng unang yunit. Pagkatapos isagawa ang pagsasanay sa iba't ibang mga elemento sang-ayon sa iminumungkahi, maaaring hilingin sa bawat isang miyembro ng inyong grupo na ituro ang isa o higit pang mga aralin, habang ang mga iba ay magiging ang mga mag-aaral. Maaaring maging posible, batay sa inyong mga kalagayan, ang magtipon ng tatlo o apat na mga bata at pasadahan ang mga aralin kasama nila.

Sa pagsasagawa ng mga pagsasanay na nabanggit sa itaas, marahil ay nanaisin ninyong magsulat ng mga tala tungkol sa bawat aralin at isulat ang inyong mga kaisipan ukol sa kung paano ito ituturo. Higit pa rito, para sa ilan sa mga laro ay maaaring kailangan ninyong ihanda nang mas maaga ang ilang mga bagay. Inilalaan ng maraming guro ang isang bahagi ng kuwadernong inilarawan sa unang yunit sa gayong mga paghahanda.

Tandaan, na samantalang tiyak na dadalhin ninyo ang aklat na ito at ang inyong kuwarderno sa pagpasok sa klase, hindi ninyo nanaising basahin lamang ang mga ito sa mga bata. Sa antas na magagawa ninyong ilahad ang nilalaman nang mahusay at masigla, sa gayunding antas ay magagawa ng inyong mga mag-aaral ang makilahok sa mga gawain. Ang pagsasanay at paghahanda, kung gayon, ay lubos na mahalaga.

## BAHAGI 6

Para sa mga Araling 5 hanggang 8, iminumungkahing usalin ninyo ang sumusunod na dalanging isinaulo upang simulan ang bawat pagtitipon ng klase:

> **"O Ikaw na mabuting Panginoon! Ang kaibig-ibig na mga batang ito ay gawang-kamay ng mga daliri ng Iyong lakas at ng kahanga-hangang mga tanda ng Iyong kadakilaan. O Diyos! Pangalagaan ang mga batang ito, magiliw na tulungan silang magtamo ng edukasyon at tulutan silang makapaglingkod sa daigdig ng sangkatauhan. O Diyos! Ang mga batang ito ay mga perlas, tulutang maalagaan sila sa loob ng kabibi ng Iyong mapagkandiling pagmamahal.**
>
> **"Ikaw ang Mapagbigay, ang Lubos na Mapagmahal."[14]**

Maaaring nanaisin ninyong huminto sandali upang nilay-nilayin ang mga salitang ito kaugnay ng inyong mga pagsisikap sa pagtutro. Ano ang magiging impluwensiya nito sa paraan ng inyong pagharap sa bawat pagtitipon ng klase? Paano nito palalakasin ang pag-ibig sa Diyos sa murang mga puso ng mga bata?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Sa mga araling ito ay tutulungan ninyo ang inyong mga mag-aaral na isaulo ang sumusunod na dalangin, at tulad ng inyong nababatid, mas madali nilang magagawa ito kung may pag-unawa sila sa kahulugan nito. Maaari ninyong isulat sa puwang ang ilan sa inyong mga kaisipan kaugnay nito. Sa inyong palagay, anong mga salita ang maaaring bago o hindi nila alam, at paano ninyo maipaliliwanag ang mga iyon sa pamamagitan ng mga sitwasyon na madaling maunawaan ng mga bata? Bukod pa sa gayong mga salita, maaaring kailangan ninyong tulungan sila upang maunawaang kapuwa ang isang ilawan at ang bituin ay nagbibigay ng liwanag at kapag walang liwanag ay may karimlan, at hindi tayo makakita at maaari tayong mawala. Sa dalangin, kung gayon, ay hinihingi natin sa Diyos na suminag mula sa atin ang espiritwal na liwanag, at sumasaksi tayo sa Kaniyang lakas at kapangyarihan upang gawin ang Kaniyang ninanais.

> **"O Diyos, patnubayan ako, pangalagaan ako, gawin akong isang nagniningas na ilawan at isang maningning na bituin. Ikaw ang Malakas at Makapangyarihan."[15]**

## BAHAGI 7

Ngayon ay basahin ang mga Aralin 5 hanggang 8 nang isa-isa, at bigyan ng tanging pansin ang panimulang mga ideyang ibabahagi ninyo sa mga mag-aaral at sa isasaulo nilang mga sipi. Isulat dito ang katangiang espiritwal na tinatalakay sa bawat aralin:

Aralin 5: ______________________________

Aralin 6: ______________________________

Aralin 7: ______________________________

Aralin 8: ______________________________

Nasa ibaba ang ilang mga sipi mula sa mga Kasulatan na maaaring makapagbigay ng ilang malalim na pag-unawa sa apat na mga katangiang espiritwal na ito. Nilay-nilayin ang bawat pangkat tulad ng inyong ginawa noong nakaraan at isulat ang ilan sa inyong mga kaisipan sa nakalaang puwang.

Sa katangian ng pagiging mapagbigay, nababasa natin:

**"Maging bukas-palad sa mga araw ng inyong kasaganaan, at maging mapagtiis sa panahon ng kawalan."[16]**

**"Ang simula ng kagandahang-loob ay kapag ginugol ng tao ang kaniyang kayamanan para sa kaniyang sarili, para sa kaniyang pamilya, at para sa mahirap sa kaniyang mga kapatid sa Pananampalataya."[17]**

**"Habang higit na malaki ang galit na nasasalubong nila, tulutang higit nilang ipamalas ang sarili nilang mabuting saloobin; habang higit na maraming mga pahirap at mga kalamidad ang kailangan nilang harapin, higit na bukas-palad nilang ibigay sa lahat ang masaganang kopa. Ganoon ang espiritung magiging buhay ng daigdig, ganoon ang kumakalat na liwanag sa kaibuturan nito . . ."[18]**

**"Maging mga pamimitak ng pagkabukas-palad, mga pook silangan ng mga hiwaga ng buhay, mga lugar na dinadapuan ng inspirasyon, mga pinagsisiktan ng mga karingalan, mga kaluluwang tinutustusan ng Espiritu Santo, nabibighani sa Panginoon, nakawalay sa lahat liban sa Kaniya, banal nang higit sa mga katangian ng tao, madaramtan ng mga kabutihan ng mga anghel ng langit, nang upang makamtan ninyo para sa inyong mga sarili ang kaloob ng pinakamataas sa lahat, sa bagong oras na ito, sa kamangha-manghang panahon na ito."[19]**

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Tungkol sa walang-bahid ng pagkamakasarili, tayo ay hinihimok na:

**". . . kailangan kayong magtaglay ng walang-hanggang pag-ibig sa isa't isa, inuuna ng bawat isa ang iba kaysa sa kaniyang sarili."[20]**

**"Panginoon! Painumin Mo ako sa kalis ng hindi pagkamakasarili, damtan ako ng damit niyon, at sa karagatan niyon ay itubog ako. Gawin akong tulad ng alabok sa landas ng Iyong mga minamahal, at tulutang maihandog ko ang aking kaluluwa para sa lupang pinadakila ng mga bakas ng Iyong mga pinili sa Iyong landas, O Panginoon ng Kaluwalhatian sa Kataas-taasan."[21]**

**"Ang tao ay ang siyang nililimot ang sarili niyang mga kapakinabangan alang-alang sa mga iba. Isinusuko niya ang sarili niyang kaginhawahan para sa mabuting kalagayan ng lahat. Hindi lamang iyon, sa halip ay dapat handa siyang ibuwis ang sarili niyang buhay para sa buhay ng sangkatauhan. Ang gayong tao ay ang siyang nagtatamo ng kaligayahang walang-maliw. Ang gayong tao ay malapit sa bungad ng Diyos. Ang gayong tao ay ang mismong kahayagan ng walang-maliw na kaluguran."[22]**

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Sa sumusunod na mga sipi, nakakukuha tayo ng isang sulyap sa nagtutugunang mga puwersa ng kaligayahan:

**"Sa mga pakpak ng kaligayahan ay pumailanglang sa himpapawid ng pag-ibig sa Diyos."[23]**

**"Ang lahat ng kaligayahan ay mapasakanilang mga nakarating sa Kaniayng kinaroroonan, nasilayan ang Kaniyang kagandahan, nakinig sa Kaniyang mga himig, at binigyang-buhay ng Salitang nagbuhat sa Kaniyang banal at dakila, sa Kaniyang maluwalhati at maningning na mga labi!"[24]**

**"Ang tuwa ay nagbibigay sa atin ng mga bagwis! Sa mga oras ng tuwa, ang ating lakas ay lalong mahalaga, ang ating isipan ay lalong matalas, at ang ating pang-unawa ay hindi gaanong maulap."[25]**

**"Hanggang sa inyong makakaya, magsindi ng kandila ng pag-ibig sa bawat pagtatagpo, at mapagmahal na pasayahin at pagalakin ang bawat puso."[26]**

Ang mga sipi sa ibaba ay nagsasabi sa atin tungkol sa pagiging taos-puso:

**"Sabihin: Ang kaluluwang taos-puso ay nananabik na mapalapit sa Diyos tulad ng pananabik ng pasusuhing sanggol sa dibdib ng ina nito, hindi lamang iyon, higit na maalab pa ang kaniyang pananabik, kung nababatid lamang ninyo iyon. Muli, ang kaniyang pananabik ay tulad ng paghihingal ng isang lubos na nauuhaw para sa buhay na tubig ng biyaya, o ng paghahangad ng makasalanan para sa kapatawaran at kahabagan."[27]**

**"Sa mga araw na ito ang pagkamakatotohanan at pagiging taos-puso ay lubhang pinahihirapan ng mga kamay ng kasinungalingan, at ang katarungan ay pinarurusahan ng latigo ng kawalang-katarungan."[28]**

**"Nararapat sa bawat isa ang bagtasin itong maikling panahon ng buhay taglay ang pagiging taos-puso at katarungan."[29]**

**"Dapat ang inyong mga puso ay dalisay at ang inyong mga hangarin ay taos-puso upang kayo ay maging tagapagtanggap ng banal na mga kaloob."[30]**

Sikaping isaulo ang isa man lamang sipi mula sa bawat pangkat sa itaas.

## BAHAGI 8

Ngayon ay bumaling tayo sa mga kuwento sa Aralin 5 hanggang 8 at pag-isipan kung paano makatutulong ang mga ito upang makatamo ang mga bata ng malalim na pag-unawa sa mga katangiang espiritwal na sinasaliksik nila. Pagkatapos na muling basahin ang bawat kuwento, pag-isipan ang mga katanungan sa ibaba.

Ang pagiging mapagbigay ang pangunahing tema ng kuwento sa Aralin 5, kung saan inilalarawan ang isang pangyayaring naganap sa kamusmusan ni 'Abdu'l-Bahá kaugnay ng kawan ng tupa ng Kaniyang ama. Anong mga bahagi ng kuwento ang nauugnay sa pangunahing tema? Ano ang ilang mga detalye, na kapag hindi naisama, ay magiging mahirap para sa mga bata ang masundan ang kuwento? Ang pinakamahalaga, mangyari pa, ay ang kalugurang ipinakita ni Bahá'u'lláh nang marinig ang pagiging mapagbigay ng Kaniyang Anak sa mga pastol. Ang Kaniyang mga sinabi ay nagbadyang sa paglaki ni 'Abdu'l-Bahá ay ibibigay Niya ang lahat ng taglay Niya para sa ikabubuti ng sangkatauhan, hindi lamang materyal na mga pag-aari kundi ang Kaniyang buong Pagkatao rin. Paano ninyo titiyaking makikilala ng mga bata ang antas ng pagiging mapagbigay ni 'Abdu'l-Bahá, na iyon ay walang hangganan?

Ang kuwento sa Aralin 6 ay nagbibigay sa mga bata ng isang sulyap sa mga gawi ng walang-bahid ng pagkamakasarili. Sa pagtanggi ni 'Abdu'l-Bahá sa mamahaling damit, ipinakikita Niyang inuuna Niya ang mga iba bago ang Kaniyang sarili. Paano ninyo titiyaking umabot ang mga bata sa ganitong pag-unawa mula sa inyong kuwento? Ano ang ilang mga detalyeng dapat maliwanag sa inyong kaisipan bago kayo magsimula sa pagkukuwento?

Ang tema ng Aralin 7 ay ang pagiging maligaya, at isasaysay ninyo ang isang kuwento tungkol kay Leroy Ioas, na habang isang maliit na bata pa lamang ay nakaharap si ‘Abdu’l-Bahá at sa kalaunan ay itinalaga ang kaniyang buhay sa pagtataguyod ng Kapakanan ng Diyos. Sa kuwento ay ipinasiya ni Leroy na hindi na lang niya ibibigay kay ‘Abdu’l-Bahá ang bungkos ng mga bulaklak na binili niya para sa Kaniya; sa halip ay gusto niyang ibigay ang kaniyang puso sa Kaniya. Upang maunawaan ng mga bata kung bakit ito ginawa ni Leroy, mahalagang maipabatid ninyo sa kanila na ang puso ng tao ay labis-labis na mahalaga kaysa sa anumang materyal na bagay. Sapat na ba para sa inyo na bigyang-diin ang inyong tinig kapag inyong isinasaysay ang bahaging iyon ng kuwento? Anong mga detalye ang kailangang bigyang-diin sa inyong pagsasaysay, upang masundan ng mga bata ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya at maunawaan kung bakit nagbigay ng gayong kaligayahan kay Leroy ang paghandog ni ‘Abdu’l-Bahá ng pulang rosas mula sa sarili Niyang damit?

Sa buong buhay Niya, si ‘Abdu’l-Bahá ay nagbigay ng kaligayahan sa lahat ng Kaniyang nakaharap. Sa kuwentong ito, nakikita natin na wala nang higit pang naisin si Leroy kaysa sa magbigay ng kaligayahan sa puso ni ‘Abdu’l-Bahá. Bakit mahalagang maunawaan ng mga bata na ang isa sa pinakamalaking pinagmumulan ng kaligayahan ay ang magbigay ng kaligayan sa iba?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Ang pagiging taos-puso, ang pinagtutuunan ng pansin sa Aralin 8, at sa pagpapakilala ng kuwento sa mga bata ay maaaring nanaisin ninyong ipaliwanag na kung minsan mas mahusay nating nauunawaan kung ano ba ang kahulugan ng pagtataglay ng isang katangian sa pamamagitan ng pakikinig sa kuwentong nagpapakita kapag wala iyon. Ang kuwento ng lalaking kinumbinsi ang kaniyang kapitbahay na putulin ang kaniyang puno ay isang halimbawa nito. Paano ninyo tutulungan ang mga bata upang maunawaang kung minsan ay nakaloloko ang hitsura? Sa pagsasaysay sa kuwento, kailangan ninyong tiyaking hindi tumanim sa isipan ng mga bata na tumanggap ng gantimpala ang kapitbahay na hindi taos-puso. Ano ang inyong sasabihin sa mga bata upang matulungan silang maunawaan ang masamang mga bunga ng hindi taos-puso?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## BAHAGI 9

Ngayong nakapagtamo na kayo ng malalim na pag-unawa sa mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa Aralin 5 hanggang 8, dapat kayong huminto dito nang sandali upang isagawa ang pagsasanay sa pagsasagawa ng mga aralin at ang iba't ibang mga elemento ng mga ito, kasama ang inyong mga kapwa kalahok, katulad din ng inyong ginawa sa unang apat na aralin. Tandaang maaari ninyong isulat sa inyong kuwaderno ang anumang mga punto na nais ninyong maalala tungkol sa bawat aralin at itala ang inyong mga kaisipan kung paano ito dapat ituro.

## BAHAGI 10

Iminumungkahing para sa Aralin 9 hanggang 12 ay simulan ninyo ang bawat pagtitipon ng klase sa pamamagitan ng pag-aalay ng sumusunod na dalangin, na hinihimok kayong isaulo:

> **"O aking Panginoon! Ang Iyong kagandahan ay gawin Mong aking pagkain, at ang pagkamalas sa Iyo ang aking inumin, at ang Iyong kasiyahan ang aking pag-asa, at ang pagpuri sa Iyo ang aking kilos, at ang paggunita sa Iyo ang aking kasama, at ang lakas ng Iyong paghahari ang aking tagasaklolo, at ang Iyong kinaroroonan ang aking tahanan, at ang aking tirahan ang luklukang iniligtas Mo sa mga sagabal na iniatang sa kanilang inilingid wari ng isang lambong sa Iyo.**
>
> **"Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Pinakamalakas."[31]**

Sa apat na araling ito ay tutulungan ninyo ang inyong mga mag-aaral na isaulo ang sumusunod na dalangin. Anong mga salita o mga parirala ang kailangan ninyong ipaliwanag sa mga bata upang maunawaan nila ang kahulugan ng dalangin?

> **"Pinagpala ang lugar, at ang tahanan, at ang pook, at ang lungsod, at ang puso, at ang kabundukan, at ang kanlungan, at ang yungib, at ang kalambakan, at ang lupa, at ang dagat, at ang pulo, at ang parang, na ang Diyos ay binanggit, at ang Kaniyang kapurihan ay niluwalhati."[32]**

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

## BAHAGI 11

Tulad ng inyong ginawa noong nakaraan, basahin ang Aralin 9 hanggang 12 at bigyan ng tanging pansin ang panimulang mga salita at ang mga sipi na dapat isaulo. Isulat sa mga puwang ang katangiang espiritwal na tinututukan ng bawat aralin.

Aralin 9: ____________________

Aralin 10: ____________________

Aralin 11: ____________________

Aralin 12: ____________________

Upang mapalalim ang inyong sariling pag-unawa sa kahalagahan ng apat na katangian sa itaas, nilay-nilayin ang pangkat ng mga sipi na kaugnay ng bawat isa. Habang ginagawa ninyo iyon, isaisip ang sipi na isasaulo ng inyong mga mag-aaral. Pagkatapos ay isulat ang inyong mga kaisipan tungkol sa kahalagahan ng katangiang iyon sa buhay ng indibidwal at para sa guro ng maliit na mga bata.

Tungkol sa katangian ng pagpapakumbaba, sinasabi sa atin ng mga Kasulatan:

**"Ang pagpapakumbaba ay itinataas ang tao sa kalangitan ng kaluwalhatian at kapangyarihan, samantalang ang pagmamalaki ay nagbababa sa kaniya sa mga kalaliman ng kasawian at kawalang-dangal."**[33]

**"Bawat kaluluwang lumalakad nang mapagpakumbaba nang kasama ang kaniyang Diyos, sa Araw na ito, at nangangapit sa Kaniya, ay matatagpuang ginawaran ang sarili niya ng karangalan at luwalhati ng lahat ng buhiting mga pangalan at mga katayuan."**[34]

**"Silang mga minamahal ng Diyos, saanmang lugar sila magtipon at sinuman ang kanilang makatagpo, ay kailangang ipamalas, sa kanilang pakikitungo sa Diyos, at sa gawi ng kanilang pagbubunyi ng papuri at pagluwalhati sa Kaniya, ng gayong pagpapakumbaba at pagkamasunurin na ang bawat atomo ng alabok sa ilalim ng kanilang mga paa ay maaaring magpatunay sa kasidhian ng kanilang katapatan."**[35]

**"Tiyak na ang pinakamataas na kahusayan sa tao ay ang maging mapagpakumbaba at masunurin sa kaniyang Diyos . . ."**[36]

____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

Sa kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat ay nababasa natin:

**"Alamin mong isinimoy Ko sa iyo ang lahat ng mga halimuyak ng kabanalan, lubos na inihayag sa iyo ang Aking salita, pinasakdal sa pamamagitan mo ang Aking biyaya at ninanasa para sa iyo yaong ninasa Ko para sa Aking sarili. Kaya nga masiyahan Ka sa Aking kagustuhan at magpasalamat sa Akin."**[37]

**“Hayaang maging sapat sa lahat ang Diyos para sa iyo. Matalik na makipagniig sa Kaniyang Espiritu, at maging kabilang ka sa yaong mga nagpapasalamat.”[38]**

**“Samakatwid ay magpasalamat sa Diyos, yamang pinalakas ka upang makatulong sa Kaniyang Kapakanan, yamang pinasibol ang mga bulaklak ng kaalaman at pag-unawa sa hardin ng iyong puso. Ganyan ka pinalibutan ng Kaniyang biyaya, at pinalibutan ang buong sangnilikha.”[39]**

**“Sa katotohanan ay pinagkalooban ng Diyos ang mga tao ng mga kabuhitan, mga kapangyarihan at huwarang mga kakayahan na lubusang salat sa kalikasan, at sa pamamagitan niyon ang tao ay ginawang maitaas, matangi at makahigit. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos para sa mga kaloob na ito, para sa mga kapangyarihang ito na ibinigay Niya sa atin, para sa koronang ito na ipinutong Niya sa ating mga ulo.”[40]**

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ang mga sipi sa ibaba ay nagsasabi sa atin tungkol sa kapatawaran:

**“Dapat niyang patawarin ang makasalanan, at kailanman ay huwag hamakin ang kaniyang abang kalagayan, sapagkat walang sinuman ang nakaaalam kung ano ang kaniyang magiging sariling wakas.”[41]**

**“Ang kaibuturang diwa ng lahat ng bagay ay nagwiwika sa pamamagitan ng lahat ng bagay ng patotoo na: ‘Ang lahat ng kapatawaran ay dumadaloy, sa Araw na ito, mula sa Diyos, Siya na walang kahambing, Siya na hindi maaaring dugsungan ng kasama, ang Naghaharing Tagapagtanggol ng lahat ng tao, at ang Nagtatago sa kanilang mga kasalanan!’”[42]**

**“Samakatwid ay huwag tumingin sa mga pagkukulang ng sinuman; tumingin gamit ang paningin ng kapatawaran. Ang matang may kapintasan ay nakakikita ng mga kapintasan. Ang matang nagtatakip sa mga kakulangan ay nakatingin sa Manlilikha ng mga kaluluwa.”[43]**

**“Huwag tulutang masaktan ang iyong puso dahil sa kaninuman. Kung may makagawa ng pagkakamali at kasalanan sa iyo, dapat mo siyang patawarin kaagad.”[44]**

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

At inilalarawan ng sumusunod na mga sipi ang pamantayan ng integridad na sinisikap nating maabot:

**"Sabihin: Ang integridad, kabutihan, karunungan, at malasantong pag-uugali ay nagbubunga ng kadakilaan ng tao, habang ang panlilinlang, pagkukunwari, kamangmangan, at pagbabalatkayo ay humahantong sa kaniyang pagiging hamak."**[45]

**"O kayong mga kaibigan ng Diyos sa Kaniyang mga lungsod at ang Kaniyang mga minamahal sa Kaniyang mga lupain! Ang Pinagkasalahang Ito ay iniuutos sa inyo ang integridad at pagkamasunurin sa Diyos. Pinagpala ang lungsod na sumisinag sa liwanag nito. Sa pamamagitan ng mga ito ang tao ay nadadakila, at ang pinto ng kaligtasan ay nabubuksan sa harap ng mukha ng buong sangnilikha. Maligaya ang taong nangangapit nang mahigpit sa mga ito, at kinikilala ang kabutihan ng mga ito, at kasawian ang sasapit sa kaniya na itinatatwa ang katayuan ng mga ito."**[46]

**"Ang mapagkakatiwalaan, karunungan, at integridad, sa katotohanan, ay ang napakagandang mga palamuti ng Diyos para sa Kaniyang mga nilalang. Itong magandang mga kasuutan ay naaangkop na pambihis as bawat templo. Maligaya silang mga nakauunawa, at mabuti para sa kanilang mga nagtatamo ng gayong mga katangian."**[47]

Sikaping isaulo ang isang sipi man lamang buhat sa bawat isang pangkat sa itaas.

## BAHAGI 12

Ngayon ay tingnan natin kung paano makapagbibigay ang mga kuwento sa apat na araling ito ng malalim na pag-unawa sa inyong mga mag-aaral ukol sa mga katangiang espiritwal sa itaas.

Ang kuwento sa Aralin 9 ay naglalarawan ng isang pangyayari nang makipagkita si ‘Abdu’l-Bahá sa ilang mga panauhing mayaman; ipakikita nito sa mga bata ang Kaniyang lubos na pagpapakumbaba. Ang isang pangunahing kaisipan dito ay hindi gusto ni ‘Abdu’l-Bahá ang pakitunguhan Siya nang may rangya at palabas. Sa anong paraan nito ipinakikilala ang Kaniyang pagpapakumbaba? Mangyari pa, itong tanging anyo ng palabas—ang mangkok, ang tubig, at ang tuwalyang may pabango—ay isa lamang detalyeng kawili-wili at hindi dapat

maka-agaw ng pansin mula sa pangunahing tema sa inyong pagsasaysay ng kuwento. Sa halip ang dapat bigyan-diin ay ang wakas. Paano nito mapalalawak pa ang pag-unawa ng mga bata ukol sa pagpapakumbaba ni ‘Abdu’l-Bahá at ang Kaniyang hangaring mapaglingkuran ang mga iba?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Ang tema ng Aralin 10 ay ang pagiging mapagpasalamat, at pakikinggan ng mga bata ang kuwento ng isang babaeng dumalaw kay ‘Abdu’l-Bahá at ibinahagi sa Kaniya ang lahat ng kaniyang mga suliranin at mga hinagpis. Sa kalaunan ipinakilala ni ‘Abdu’l-Bahá sa kaniya si Mírzá Ḥaydar ‘Alí, na sa kabila ng pagdanas ng napakalaking mga kahirapan sa buhay ay hindi kailanman humihintong magpasalamat sa lahat ng mga pagpapalang natanggap niya mula sa Diyos. Sa pagsasaysay ng kuwento, nanaisin ninyong maging malinaw sa inyong mga mag-aaral na hindi nataon lamang na ipinakilala ni ‘Abdu’l-Bahá si Mírzá Ḥaydar ‘Alí sa babae. Sa inyong palagay, ano ang natutunan ng babae mula sa pakikipagkita niya sa kaniya? Paano ibinabahagi ng kuwento ang aral na ito?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Ang pagpapatawad ay ang tema ng Aralin 11, at isasaysay ninyo sa inyong mga mag-aaral ang isang kuwento tungkol kay ‘Abdu’l-Bahá kung saan ay ipinakikita ang epekto ng kapatawaran sa ating pinapatawad. Maraming detalye sa kuwento ang kailangan ninyong isaysay nang malinaw upang masundan ng mga bata ang pagkakasunod-sunod ng mga kaisipan. Tungkol ito sa isang gobernador sa ‘Akká na nilayong magdulot ng malaking pinsala kay ‘Abdu’l-Bahá at sa Kaniyang mga kasamahan sa lungsod na iyon. Sa kuwento, hindi lamang pinatawad ni ‘Abdu’l-Bahá ang gobernador, na nawala sa kaniya ang lahat, kundi ay pinakitunguhan siya nang buong kabaitan at tinulungan siya sa oras ng kaniyang paghihirap. Ang dapat ninyong asahang maunawaan ng mga bata mula sa kuwento ay ang kapatawaran, ayon sa ipinakikita ni ‘Abdu’l-Bahá sa atin, ay higit pa sa hindi pagkikimkim ng sama ng loob tungo sa mga nakagawa ng kasalanan laban sa atin. Paano ninyo malalaman kung naunawaan na nila ang ideyang ito?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Sa kuwento para sa Aralin 12, makikita ng mga bata kung paano tumutugon si ‘Abdu’l-Bahá sa kutserong humingi ng labis na halaga upang sumakay sa karwahe. Bagaman Siya ang pinakadiwa ng kabaitan at paggalang, kailanman ay hindi pumapayag si ‘Abdu’l-Bahá na pakitunguhan Siya o ang mga iba sa paraang walang integridad o nang mapanlinlang. Sa inyong palagay, ano ang natutunan ng kutsero mula sa tugon ni ‘Abdu’l-Bahá? Paano ninyo tutulungan ang mga bata upang maunawaang ang nawawala sa atin kapag wala tayong integridad ay higit pa sa anumang materyal na bagay, tulad ng malaking pabuyang nawala sa kutsero?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 13

Pagkatapos ninyong magsanay sa pagsasagawa ng mga gawain sa Aralin 9 hanggang 12 kasama ang inyong mga kapwa kalahok sa grupo, maaari na kayong magpatuloy sa kasunod na apat na aralin. Iminumungkahing para sa Aralin 13 hanggang 16, ay simulan ninyo ang bawat pagtitipon ng klase sa pag-usal ng sumusunod na dalanging isinaulo ninyo:

**“O aking mahabaging Panginoon! Ito ay isang hayasintong tumubo sa hardin ng Iyong mabuting kaluguran, at isang supang na umusbong sa pataniman ng tunay na kaalaman. O Panginoon ng biyaya, gawing manariwa iyon nang patuloy at sa lahat ng panahon mula sa Iyong mga hanging nagbibigay-buhay, at gawin itong luntian, sariwa at mayabong dulot ng mga pagbuhos ng mga ulap ng Iyong pagpapala, O Ikaw na butihing Panginoon!**

**“Tunay na Ikaw ang Lubos na Maluwalhati.”**[48]

Nasa ibaba ang dalanging isasaulo ng inyong mga mag-aaral sa Aralin 13 hanggang 16. Upang matulungan silang magtamo ng pag-unawa sa kahulugan nito, dapat ninyong tukuyin ang alinmang mga salita o mga parirala na maaaring bago o hindi alam ng inyong mga mag-aaral, at dapat kayong bumuo ng angkop na mga pangungusap upang ipaliwanag ang mga iyon. Mangyari pa ay madali nilang mauunawaan ang mga larawang-isip na nasa dalangin, na iyon ay nagtutugma sa uusalin ninyong dalanging isanaulo sa mga araling ito.

**“O Panginoon ! Itanim itong murang punla sa hardin ng Iyong napakaraming mga biyaya, diligin ito mula sa mga bukal ng Iyong masuyong kabaitan at tulutang lumaki ito at maging butihing halaman mula sa mga pagbuhos ng Iyong kalinga at pagpapala.**

**“Ikaw ang Malakas at ang Makapangyarihan.”**[49]

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 14

Isulat ang mga katangiang tinatalakay sa Aralin 13 hanggang 16, pagkatapos ninyong basahin tulad ng dati, ang bawat aralin kasama ang inyong mga kapwa kalahok.

Aralin 13: ______________________

Aralin 14: ______________________

Aralin 15: ______________________

Aralin 16: ______________________

Ang sumusunod na sipi ay magbibigy sa inyo ng pagkakataon upang higit pang limiin ang mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa mga araling ito, tulad ng inyong ginawa noong nakaraan.

Tungkol sa kahalagahang magpamalas ng malasakit, mababasa nating:

**"Pasikatin ang mga liwanag ng malasakit upang ang mga puso ay maging malinis at dalisay at upang makakuha ang mga iyon ng bahagi at parte mula sa Iyong mga pagpapatibay."[50]**

**"Maging mapagmalasakit, nang sa gayon ang inyong mga kilos ay sisikat nang tulad ng liwanag mula sa lampara."[51]**

**"Kayo ang mga bunga ng iisang puno at mga dahon ng iisang sanga; kayo ay maging madamayin at mabait sa lahat ng sangkatauhan."[52]**

**"Ngayon ang mga mangingibig ng Diyos ay dapat magsibangon upang isagawa itong mga kautusan Niya: tulutang sila ay maging mabait na mga ama sa mga anak ng lahi ng tao at maging madamayin na mga kapatid sa mga kabataan, at mapagkait sa sarili na mga anak sa mga nakukuba na ng katandaan."[53]**

Tungkol sa katangian ng pagkawalay, pinapayuhan tayong:

**"Iwalay ang inyong mga sarili mula sa lahat liban sa Akin, at ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Aking mukha, sapagkat higit na mabuti ito para sa inyo kaysa sa mga bagay na taglay ninyo."[54]**

**"Huwag pagalakin ang inyong mga sarili sa mga bagay ng daigdig at sa walang kabuluhan nitong mga palamuti, ni huwag iukol ang inyong mga pag-asa sa mga iyon. Tulutang umasa kayo sa paggunita sa Diyos, ang Pinakamarangal, ang Pinakadakila."[55]**

**"Ang buod ng pagkawalay ay ang ibaling ng tao ang kaniyang mukha tungo sa mga bulwagan ng Panginoon, ang makapasok sa Kaniyang Kinaroroonan, ang masilayan ang Kaniyang Mukha, at maging saksi sa harap Niya."[56]**

**"Ang pagkawalay ay tulad ng araw; sa alinmang puso ito suminag ay sinusubhan nito ang apoy ng kaimbutan at sarili. Siyang natatanglawan ang kaniyang paningin ng liwanag ng pag-unawa ay tiyak na iwawalay ang kaniyang sarili sa daigdig at sa mga kapalaluan niyon.… Huwag tulutang malungkot kayo dahil sa daigdig at sa kasamaan nito. Maligaya siyang hindi napupuspos ng yabang dahil sa kayamanan, ni hindi nalulumbay dahil sa karukhaan."[57]**

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

Ang sumusunod na mga sipi ay nagsasabi sa atin tungkol sa katangian ng kasiyahan:

**"O Anak ng Tao! Kung maaaring ikaw ay mabilis na makapaglakbay sa kalawakan ng alangaang at mabagtas ang langit, gayumpaman, hindi ka makatatagpo ng katiwasayan liban sa pagpapasailalim sa Aming utos at pagkukumbaba sa harap ng Aming Mukha."[58]**

**"O Pinakabuod ng simbuyo ng damdamin! Iwaksi ang lahat ng pag-iimbot at humanap ng kasiyahan; sapagkat ang mapag-imbot ay laging pinagkakaitan, at ang nasisiyahan ay minamahal at pinapupurihan."[59]**

**"Tahakin, kung gayon, ang landas ng pagsang-ayon at pagsuko ng kalooban. Huwag tulutang malumbay ang iyong puso sa anumang kahirapan, ni huwag ilagay ang iyong pag-asa sa anumang makalupang mga handog. Maging maligaya at masiyahan sa anumang niloob ng Diyos, upang makatagpo ng katiwasayan ang iyong puso at kaluluwa at makaranas ng tunay na kaligayahan ang inyong kaibuturang pagkatao at budhi."[60]**

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

Ang mga sipi sa ibaba ay nagbibigay-liwanag sa ating pag-unawa sa kabaitan:

**"Nais Naming makita kayong lagi-laging magkakasama at nagkakaunawaan at nagkakasundo sa loob ng paraiso ng Aking mabuting kasiyahan, at masamyo mula sa inyong mga kilos ang halimuyak ng pagkakaibigan at pagkakaisa, ng mapagmahal na kabaitan at mabuting samahan."**[61]

**"Maging tunay na mabait, hindi sa hitsura lamang. Tulutang ang bawat isa sa mga minamahal ng Diyos ay ituon ang kaniyang pansin dito: ang maging habag ng Panginoon sa tao; ang maging biyaya ng Panginoon. Tulutang gumawa siya ng anumang kabutihan sa bawat taong daraan sa kaniyang landas, at magbigay ng kapakinabangan sa kaniya."**[62]

**". . . bakit magpapakita ang tao ng kawalan ng katarungan at ng kasungitan sa isa't isa, na ipinamamalas yaong salungat sa Diyos? Yamang mahal naman Niya tayo, bakit tayo magkikimkim ng galit at pagkamuhi? Kung hindi mahal ng Diyos ang lahat, hindi Niya sana nilikha, sinanay, at tinustusan ang lahat. Ang mapagmahal na kabaitan ay ang banal na patakaran."**[63]

**"Huwag masiyahan sa pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng salita lamang, hayaang ang puso ninyo ay mag-alab sa mapagmahal na kagandahang-loob para sa lahat ng makatagpo ninyo sa inyong landas."**[64]

Sikaping isaulo ang isang sipi man lamang mula sa bawat pangkat sa itaas.

## BAHAGI 15

Yamang lumalim na ang inyong pag-unawa sa mga katangiang espiritwal na sinusuri sa Aralin 13 hanggang 16, muling basahin ang apat na kuwento at talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo:

Ang tema ng Aralin 13 ay ang pagmamalasakit, at ang kuwentong isasaysay ninyo ay tungkol sa isang babaeng itinaboy mula sa tahanang tinitigilan ni 'Abdu'l-Bahá nang kumatok siya sa pinto sa pag-asang makausap Siya. Anong bahagi ng kuwento ang nagpapakilala sa Kaniyang malasakit sa babae? Anong mga detalye ang makatutulong sa mga bata upang

masundan ang kuwento at upang maunawaang ang isang pusong mapagmalasakit, bagaman isinasaalang-alang ang lahat, ay lalong madamayin sa mga nasa kalagayan ng kahirapan, kasawiang-palad, o pagdadalamhati?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Ang Aralin 14 ay nakatuon sa katangiang espiritwal ng pagkawalay. Ang kuwento ay tungkol sa dalawang magkaibigang nagpasiyang maglakbay patungo sa Banal na Lupain, ang isa ay mayaman at ang isa pa ay hindi gaanong mayaman. Mangyari pa, upang magtamo ng malalim na pag-unawa sa katangian ng pagkawalay, kailangang maunawaan ng mga bata na ang paglalakbay sa Banal na Lupain ay sumasagisag sa paglapit sa Diyos. Ang nanaisin ninyong maunawaan ng mga bata ay hindi nababatay ang pagkawalay sa kung gaano karami o kakaunti ang ating pag-aari, bagkus ay kung hinahayaan nating pigilan tayo ng ating mga pag-aari mula sa paglapit sa Diyos. Paano makatutulong ang kuwento upang paunlarin ang ganitong pag-unawa?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Ang kuwento sa Aralin 15 ay makapagbibigay sa mga bata ng malalim na pag-unawa sa katangian ng kasiyahan, na iyon ang pangunahing tema. Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang mga kasama na Siya ay maligaya habang nasa kutang-lungsod ng ‘Akká dahil ginugugol Niya ang mga araw niyon sa landas ng paglilingkod. Ang ang magiging epekto ng pahayag na ito sa pag-unawa ng mga bata sa kasiyahan? Paano nila mauunawang, bagaman sa pisikal ay nakakulong, ang espiritu ni ‘Abdu’l-Bahá kailanman ay hindi maaaring maikulong?

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Sa pagsasaysay sa kuwento sa Aralin 16, na tungkol sa isang lalaki sa ‘Akká na tinutupok ng galit at pagkamuhi, kailangan ninyong bigyang-diin ang ilang mga detalye; kung hindi ay baka hindi maunawaan ng mga bata ang ugnayan nito sa pangunahing tema ng kabaitan. Ano ang mga detalyeng ito? Anong aral ang itinuro ni ‘Abdu’l-Bahá sa lalaking nangangapit sa kaniyang galit at pagkamuhi sa loob ng napakahabang panahon?

## BAHAGI 16

Inaasahang naging mabunga ang inyong pagsusuri ng Aralin 13 hanggang 16 at kayo at ang inyong mga kapwa kalahok ay natuwa sa sama-samang pagsasagawa ng iba't ibang mga elemento. Kaugnay naman ng Aralin 17 hanggang 20, maaari ninyong usalin ang sumusunod na isinaulong dalangin sa simula ng bawat pagtitipon ng klase:

> **"O aking Diyos! O aking Diyos! Ito, ang Iyong tagapaglingkod, ay sumusulong patungo sa Iyo, buong sigasig na gumagala sa disyerto ng Iyong pag-ibig, nananalunton sa landas ng paglilingkod sa Iyo, inaasam ang Iyong pagtatangkilik, umaasa sa Iyong pagpapala, nananangan sa Iyong Kaharian, at pinasisigla ng alak ng Iyong kaloob. O aking Diyos! Dagdagan ang alab ng kaniyang pagmamahal sa Iyo, ang katapatan ng kaniyang pagpuri sa Iyo, at ang kataimtiman ng kaniyang pag-ibig sa Iyo.**
>
> **"Tunay na Ikaw ang Pinakamapagbigay, ang Panginoon ng masaganang pagpapala. Walang ibang Diyos liban sa Iyo, ang Mapagpatawad, ang Mahabagin."[65]**

Sa mga araling ito, tututukan ng mga bata ang matutunang usalin ang isinaulong dalangin sa ibaba, at tulad ng dati, dapat ninyong isulat kung paano ninyo titiyaking magtatamo sila ng isang antas ng pag-unawa sa mga salitang isinasaulo nila. Ang dalanging ito ay medyo mas mahaba kaysa sa mga nauna, at kung nahihirapang ang mga bata upang isaulo ito, o ang alinmang iba, sa loob ng nakalaang apat na aralin, dapat ninyong gawin ang anumang minamarapat ninyong pagbabagay.

> **"Ang Iyong pangalan ang makapagpapagaling sa akin, O aking Diyos, at ang paggunita sa Iyo ang aking lunas. Ang paglapit sa Iyo ang aking pag-asa, at ang pag-ibig sa Iyo ang aking kasama. Ang awa Mo sa akin ang siya kong lunas at timbulan sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagpala, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong."[66]**

## BAHAGI 17

Upang simulan ang inyong pagsusuri sa Aralin 17 hanggang 20, tulad ng dati ay basahin ang mga iyon nang isa-isa, at isulat sa mga puwang ang mga katangiang espiritwal na sasaliksikin ninyo kasama ang mga bata.

Aralin 17: ______________________________

Aralin 18: ______________________________

Aralin 19: ______________________________

Aralin 20: ______________________________

Nasa ibaba ang ilang mga sipi na makatutulong sa inyo at sa inyong mga kapwa kalahok upang magtamo ng malalim na mga pag-unawa sa kahalagan ng mga katangiang ito. Huwag kalimutang talakayin ang mga ito hindi lamang mula sa pananaw ng isang indibidwal; dapat din ninyong pag-isipan ang kahulugan ng mga ito para sa guro ng maliit na mga bata, tulad ng inyong mga sarili.

Ukol sa katangian ng lakas-loob, hinihimok tayo:

**"Magsumikap hanggang sa iyong makakaya na bumaling nang ganap sa Kaharian, upang iyong makamtan ang likas na tapang at huwarang kapangyarihan."[67]**

**"Maging pinagmumulan sana kayo ng kaalwanan sa mga nawasak ang puso. Maging kanlungan sana kayo para sa gumagala. Maging pinagbubuhatan ng lakas-loob sana kayo para sa natatakot. Sa gayon, sa pamamagitan ng pagpapala at tulong ng Diyos ay tulutang maitaas ang bandila ng kaligayan ng sangkatauhan sa kalagitnaan ng daigdig at mailadlad ang watawat ng pagkakasundo ng lahat."[68]**

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Tungkol sa kahalagahan ng pagtataglay ng pag-asa, mababasa natin:

**"Ilagay ang lahat ng iyong pag-asa sa Diyos, at mangapit nang mahigpit sa Kaniyang walang-maliw na habag. Sino liban sa Kaniya ang makapagpapayaman sa dukha, at maililigtas ang nadapa mula sa kaniyang pagkakahamak?"[69]**

**"O Gumagalaw na Anyo ng Alabok! Nais Kong makipag-isa sa iyo, subalit ayaw mong magtiwala sa Akin. Ang espada ng iyong paghihimagsik ay pumutol sa puno ng iyong pag-asa. Sa lahat ng panahon Ako ay malapit sa iyo, ngunit ikaw ay palaging malayo sa Akin. Walang-katapusang luwalhati ang pinili Ko para sa iyo, gayumpaman walang-hanggang kahihiyan ang pinili mo para sa iyong sarili.**

**Samantalang may panahon pa, magbalik, at huwag sayangin ang iyong pagkakataon."[70]**

**"Ang tao sa lahat ng kalagayan ay nakatubog sa karagatan ng mga biyaya ng Diyos. Samakatwid huwag kang mawalan ng pag-asa sa anumang kalagayan kundi ay maging matatag sa iyong pag-asa."[71]**

**"Kung ang puso ay tatalikod sa mga pagpapalang inihahandog ng Diyos, paano ito makaaasa ng kaligayahan? Kung hindi nito inilalagay ang pag-asa at pagtitiwala sa awa ng Diyos, saan ito tatagpo ng pamamahinga? O, magtiwala sa Diyos! Sapagkat ang Kaniyang Kagandahang-loob ay walang-hanggan, at sa Kaniyang mga Pagpapala, sapagkat ang mga iyon ay marilag."[72]**

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

At tungkol sa pagkamapagkakatiwalaan, sinasabi sa atin ng mga Kasulatan na:

**"O mga tao! Sa paningin ng Diyos ang pinakamabuting kasuutan sa araw na ito ay ang pagkamapagkakatiwalaan. Ang lahat ng pagpapala at parangal ay magiging bahagi ng kaluluwang ginagayakan ang kaniyang sarili ng pinakamaganda sa lahat ng mga palamuti."[73]**

**"Ang pagkamapagkakatiwalaan ay tulad ng isang kuta para sa lungsod ng sangkatauhan, at tulad ng mga mata sa katawan ng tao. Ang sinumang manatiling salat doon ay ituturing sa harap ng Kaniyang trono bilang isang walang paningin."[74]**

**"Kayo ay maging mga kahayagan ng pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos sa bawat lupain. Lubos na ganap dapat ang inyong pagsasalamin sa katangiang ito na kahit pa maglakbay kayo sa mga lungsod kung saan nakatambak ang ginto, ang inyong paningin ni isang saglit ay hindi mabubuyo ng tukso nito."[75]**

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

At ang mga salitang ito ay nagsasabi sa atin tungkol sa pag-aalab:

**"O mga Kaibigan! Kayong lahat ay dapat mag-alab sa araw na ito sa apoy ng pag-ibig sa Diyos nang ang init niyon ay maihayag sa lahat ng inyong mga ugat, ng**

**inyong mga bisig at mga bahagi ng inyong katawan, at ang mga sambayanan ng daigdig ay mag-apoy mula sa init na ito at bumaling tungo sa sugpungang-guhit ng Minamahal.”[76]**

**“Tulutang magbaga ang iyong kaluluwa sa ningas nitong walang-kamatayang Apoy na lumiliyab sa kaibuturang puso ng daigdig, sa ganoong paraan na hindi kakayanin ng mga tubig ng sanlibutan na palamigin ang alab nito.”[77]**

**“Mag-apoy nang maliwanag sa ningas nitong walang-kamatayang Apoy na pinarikit ng Lubos na Mahabagin sa kaibuturang puso ng kinapal, nang sa pamamagitan mo ang init ng Kaniyang pag-ibig ay magningas sa mga puso ng Kaniyang mga pinagpala. Sumunod sa Aking landas at magbighani ng mga puso ng mga tao sa pamamagitan ng paggunita sa Akin, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakadakila.”[78]**

**“Pagningasin ang apoy ng pag-ibig at tupukin ang lahat ng bagay, kapagdaka ay ihakbang ang iyong paa sa lupain ng mga mangingibig.”[79]**

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Sikaping isaulo ang isang sipi man lamang mula sa bawat pangkat sa itaas.

## BAHAGI 18

Ngayon ay bumaling tayo sa mga kuwento sa Aralin 17 hanggang 20. Pagkatapos muling basahin ang bawat isa, talakayin ang mga katanungan sa ibaba kasama ng ibang mga miyembro ng inyong grupo.

Sa Aralin 17 ay isasaysay ninyo ang kuwento ni ‘Alí-‘Askar, na kahit pa pinagbantaan ng isang balakyot na opisyal, ay hindi napilit na magsinungaling at mandaya. Alam na alam na ng mga bata na ang pagsisinungaling ay hindi kalugud-lugod sa paningin ng Diyos. Mula sa kuwento ay makikita nila kung paanong ang pagsunod sa mga turo ng Diyos ay isang pinagmumulan ng lakas-loob, na iyon ang tema ng aralin. Anong mga bahagi ng kuwento ang makatutulong sa kanila upang mabatid ang ugnayang ito? Anong mga detalye ang mahalagang bigyang-diin ninyo sa pagsasaysay ng mga pangyayari upang masundan ng mga bata at maunawaan itong mahalagang punto?

________________________________________
________________________________________
________________________________________

Ang Aralin 18 ay umiinog sa katangian ng pagtataglay ng pag-asa, at isasaysay ninyo sa mga bata ang kuwento ng isang lalaking nasiraan ng loob, at ibinalik ni ‘Abdu’l-Bahá ang kaniyang pag-asa. Ibinuhos Niya sa lalaki ang kabutihan at ipinaalala sa kaniyang siya ay mayaman sa Kaharian ng Diyos. Ang maging mayaman sa Kaharian ng Diyos ay hindi nagangahulugang mayroon tayong malaking kayamanang materyal. Ano ang ibig sabihin nito? Sa anong paraan pinalalakas ng paalala ni ‘Abdu’l-Bahá ang pagtitiwala ng lalaki sa mga biyaya ng Diyos? Paano ninyo matutulungan ang mga bata upang maunawaang kapag walang tiwala sa Diyos ay mahirap manatiling may pag-asa?

Ang mapagkakatiwalaan ay ang tema ng Aralin 19, at upang mailarawan ang kahalagahan ng katangiang ito ay isasaysay ninyo sa inyong mga mag-aaral ang kuwento ni Muḥammad Taqí, na ipinagkatiwala sa kaniya ni ‘Abdu’l-Bahá ang gawain ng pagtanggap at pagpapadala ng mga liham sa Banal na Lupain. Maraming detalye ang kailangan ninyong tandaan habang isinasaysay ang kuwento upang maunawaan ng mga bata ang pangunahing kaisipan nito. Ano ang mga iyon? Sa paglalarawan kay Muḥammad Taqí, gagamitin ninyo ang mga salitang “maaasahan” at “mapananaligan”. Sa palagay ba ninyo ay maaaring maging walang-ingat at mapagkakatiwalaan nang magkasabay?

Ang katauhan ni Thomas Breakwell ang nasa sentro ng kuwento sa Aralin 20, na patungkol sa pag-aalab. Ang talinghaga ng isang kandilang may sindi, ng ningas na nagniningning, ng apoy na lumalagablab, ay madalas gamitin sa mga Kasulatan bilang tulong sa atin upang maunawaan ang katangian ng pag-aalab—na iyon ay ang katindihian ng pag-ibig na taglay ng ating puso para sa Diyos. Dapat kayong manalig, na sa pamamagitan ng talinghagang ito, ay makatatamo ang inyong mga mag-aaral ng isang antas ng pag-unawa sa kahulugan ng pag-aalab. Ang kakayahang makapag-isip sa mga bagay na walang materyal na anyo ay umiiral na sa mga bata mula pa sa murang gulang, at ito ay umuunlad habang lumalaki ang kanilang kakayahan sa wika. Taglay ang ganitong mga kaisipan, tukuyin kung aling mga bahagi ng kuwento ang nagpapakilalang si Thomas Breakwell ay nag-aalab sa apoy ng pag-ibig sa Diyos. Ano ang ilan sa mga detalyeng ginagawang maging kawili-wili ang kuwento?

## BAHAGI 19

Sinasapantahang kayo at ang inyong mga kapwa kalahok ay nakakuha ng inspirasyon mula sa pagsasanay sa mga elemento ng Aralin 17 hanggang 20 at handa na kayo ngayong magpatuloy sa huling apat na aralin ng Grade 1, ang Aralin 21 hanggang 24. Maaaring nanaisin ninyong usalin ang isinaulong dalangin na ito sa simula ng bawat pagtitipon ng klase:

> **"Likhain Mo sa akin ang isang pusong dalisay, O aking Diyos, at gawin Mong panibago ang isang payapang budhi sa loob ng aking sarili, O aking Pag-asa! Sa pamamagitan ng espiritu ng lakas, pagtibayin Mo ako sa Iyong kapakanan, O aking Pinakamamahal, at sa pamamagitan ng liwanag ng Iyong kaluwalhatian, ihayag Mo sa akin ang Iyong landas, O Ikaw na Hantungan ng aking hangarin ! Sa pamamagitan ng lakas ng Iyong nangingibabaw na kapangyarihan, itaas Mo ako patungo sa langit ng Iyong kabanalan, O Mula ng aking pagkatao, at sa pamamagitan ng mga simoy ng Iyong kawalang-hanggan, bigyang-kagalakan Mo ako, O Ikaw na aking Diyos ! Tulutang ang Iyong walang-hanggang mga awitin ay sumimoy ng katiwasayan sa akin, O aking Kasama, at tulutang ang mga kayamanan ng Iyong napakatandang kaanyuan ay maglayo sa akin sa lahat liban sa Iyo, O aking Panginoon, at tulutang ang mga balita ng kapahayagan ng Iyong di-nasisirang Diwa ay maghatid sa akin ng lugod, O Ikaw na pinakahayag sa lahat ng hayag at pinakatago sa lahat ng natatago !"[80]**

Nasa ibaba ang huling dalanging isasaulo ng mga bata sa gradong ito. Bagaman madali nilang mauunawaan ang malaking bahagi ng kahulugan nito, dapat ninyong ipasiya kung paano ninyo ipaliliwanag ang anumang mga salita o mga pariralang maaaring bago sa kanila.

> **"O Ikaw na mabuting Panginoon! Ako ay isang batang musmos, dakilain ako sa pamamagitan ng pagtanggap sa akin sa kaharian. Ako ay makalupa, gawin akong makalangit; ako ay bahagi ng daigdig sa ibaba, tulutang maging bahagi ako ng kaharian sa itaas; malungkutin, tulutan akong maging maningning; materyal, gawin akong espiritwal, at tulutang maihayag ko ang Iyong mga biyayang walang-hanggan.**
>
> **"Ikaw ang Makapangyarihan, ang Lubos na Nagmamahal."[81]**

## BAHAGI 20

Basahin ang huling apat na araling ituturo ninyo sa Grade 1, at tulad ng lagi ay bigyan ng tanging pansin ang mga ideyang ibabahagi ninyo sa inyong mga mag-aaral upang ipakilala ang isasaulo nilang mga sipi. Isulat ang katangiang tinututukan ng bawat aralin.

Aralin 21: ______

Aralin 22: ______

Aralin 23: ______

Aralin 24: ______

Ang sumusunod na mga sipi ay magbibigay sa inyo at sa iba pang mga miyembro ng inyong grupo ng pagkakataong limiin nang sama-sama ang mga katangiang espiritwal na tinatalakay sa mga araling ito, tulad ng inyong ginawa sa mga nauna.

Sa kahalagahan ng luningning, sinasabi sa atin ng mga Kasulatan na:

**"O apoy ng pag-ibig sa Diyos! Ang sinag ay dapat magbigay ng liwanag at ang araw ay dapat sumikat; ang kabilugan ng buwan ay dapat suminag at ang bituin ay dapat magningning. Yamang ikaw ay isang sinag, magsumamo ka sa Panginoon na magawa mong magbigay ng tanglaw at kaliwanagan, na gawing maliwanag ang mga sugpungang-guhit at tupukin ang daigdig sa apoy ng pag-ibig sa Diyos."[82]**

**"Mamuhay kayo nang magkasama, O mga tao, sa kaningningan at kaligayahan."[83]**

**"Ang Mapagmahal sa Lahat na Diyos ay lumikha sa tao upang siya ay suminag ng Banal na liwanag at tumanglaw sa daigdig sa pamamagitan ng kaniyang mga salita, gawa, at buhay."[84]**

**"Ang paglilingkod sa sangkatauhan ay paglilingkod sa Diyos. Tulutang sumikat ang pag-ibig at liwanag ng Kaharian sa pamamagitan ninyo hanggang ang lahat ng tumingin sa inyo ay matatanglawan ng aninag nito. Maging tulad ng mga bituin, maningning at kumikinang sa kaitaasan ng kanilang makalangit na kalagayan."[85]**

Mula sa sumusunod na mga sipi ay nakatatamo tayo ng malalim na pag-unawa sa katangian ng katapatan:

**"Ang luwalhati ng Diyos ay mapasa iyo, sa bawat pusong matatag at hindi nag-uulik-ulik, at sa bawat kaluluwang hindi nagbabago at matapat."[86]**

**"Iyong ihatid sa mga babaeng tagapaglingkod ng Mahabagin ang mensahe na kapag ang isang pagsubok ay maging marahas, sila ay dapat manatilingn di-natitinag, at matapat sa kanilang pag-ibig kay Bahá. Sa taglamig ay dumarating ang mga bagyo, at ang malakas na mga hangin ay humihihip, subalit ay kasunod nito ang tagsibol sa buong kagandahan nito, pinalalamutihan ang burol at parang ng mabangong mga halaman at mapulang mga bulaklak, na magandang tingnan."[87]**

**"Sa araw na ito, siyang biniyayaan sa Bungad ng Panginoon ay siyang nagpapasa ng kopa ng katapatan; siyang nagkakaloob, kahit sa kaniyang mga kaaway, ng hiyas ng biyaya, at nag-aabot, kahit sa kaniyang bigong maniniil, ng isang kamay na tumutulong; ito ay siyang nagiging mapagmahal na kaibigan kahit sa kaniyang pinakamalupit na kalaban."[88]**

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ang mga sipi sa ibaba ay nagsasabi sa atin tungkol sa tiyaga:

**"O Anak ng Tao! Para sa bawat bagay ay may isang tanda. Ang tanda ng pag-ibig ay katatagan sa ilalim ng Aking kautusan at pagtitiyaga sa ilalim ng Aking mga pagsubok."[89]**

**"Pinagpala ang mga matatag na nagtitiis, silang mga matiyaga sa ilalim ng mga kabiguan at paghihirap, na hindi nasisiphayo sa anumang sumapit sa kanila, at tinatahak ang landas ng pagsang-ayon ng kalooban."[90]**

**"Masiyahan na doon sa itinalaga ng hindi mababagong kautusan; at mapabilang sa kanilang mga matiyagang nagtitiis."[91]**

**"Tungkulin ng sinumang nagbaling ng kaniyang mukha sa Pinakamaringal na Sugpungang-guhit na mangapit nang mahigpit sa kordon ng pagtitiyaga, at ilagay ang kaniyang pagtitiwala sa Diyos, ang Tulong sa Panganib, ang Hindi Napipigilan."[92]**

____________________________________________________________

____________________________________________________________

At mababasa natin ang sumusunod kaugnay ng katatagan:

**"Ang una at pangunahing tungkuling iniatas sa mga tao, kasunod ng pagkilala sa kaniya na Katotohanang Walang-maliw, ay ang tungkulin ng katatagan sa Kaniyang Kapakanan."[93]**

**"Ganoon dapat ang iyong katatagan sa Kapakanan ng Diyos, na walang anumang bagay sa lupa ang magtataglay ng kapangyarihang pigilan ka mula sa iyong tungkulin."[94]**

**"Lumakad ka nang matatag sa pag-ibig sa Diyos, at manatiling di-natitinag sa Kaniyang Pananampalataya, at tulungan Siya sa kapangyarihan ng iyong pananalita."[95]**

**"Sa gayon nang may matatag na mga hakbang tahakin nawa natin ang Landas ng katiyakan, na baka sakaling ang simoy na humihihip mula sa mga kaparangan ng mabuting kaluguran ng Diyos ay masamyo natin ang mabangong mga halimuyak ng banal na pagtanggap, at magawa natin, tayong mga mortal, na makarating sa Kaharian ng walang-hanggang kaluwalhatian."[96]**

**"Kayo ay maging nakatitiyak at matatag; ang inyong mga paglilingkod ay pinagtitibay ng mga kapangyarihan ng langit, sapagkat ang inyong mga hangarin ay matayog, ang inyong mga layunin ay dalisay at karapat-dapat."[97]**

Sikaping isaulo ang isang sipi man lamang mula sa bawat pangkat sa itaas.

## BAHAGI 21

Ngayon ay suriin natin ang huling apat na kuwento na isasaysay ninyo sa inyong mga mag-aaral, na nakasama na ninyo sa loob ng maraming napakasayang oras, habang sinisikap payabungin sa kanila ang mga katangiang espiritwal na kanilang pinag-aaralan. Pagkatapos muling basahin ang bawat kuwento, talakayin ang sumusunod na mga katanungan sa inyong grupo.

Sa Aralin 21, pakikinggan ng mga bata ang isang kuwento tungkol kay Dorothy Baker noong siya ay isang bata pa lamang at nakaharap niya si ‘Abdu’l-Bahá sa unang pagkakataon. Makikita nila, sa pagpapatuloy ng kuwento, kung paano siya nabighani sa Kaniyang

luningning, na iyon ang pangunahing tema. Ano ang naging epekto ng luningning ni ‘Abdu’l-Bahá kay Dorothy? Ano ang inyong inaasahan ukol sa kung anong paraan palalakasin ng kuwento ang pagkagusto ng mga bata kay ‘Abdu’l-Bahá?

Ang tema ng Aralin 22 ay ang katapatan, na isang katangiang inilalarawan ng kuwento ni Isfandíyár. Aling mga bahagi ng kuwento ang tuwirang nauugnay sa temang ito? Ano ang iba pang mga katangiang ipinakikita ni Isfandíyár na nakatulong sa kaniya upang manatiling matapat? Anong mga detalye ang tiyak na isasama ninyo sa inyong pagsasaysay?

Ang Aralin 23 ay tumututok sa katangian ng pagtitiyaga. Sa kuwento, si Li Xin ay nagpapakita ng tiyaga samantalang inaalagaan niya ang kaniyang puno ng melokoton habang dumadaan ito sa iba’t ibang mga yugto ng paglaki—mula sa isang maliit na binhi hanggang sa maging isang puno at sa wakas ay namumunga na. Binibigyang-diin ng kuwento ang kaligayahan na siyang gantimpala ng pagpapairal ng tiyaga sa loob ng mahabang panahon ng pagpupunyagi at ipinakikilala nitong madalas ay bago natin makita ang bunga ng ating pagpapagod ay kailangan muna nating umubos ng maraming pagsusumikap. Bakit mahalaga para sa mga bata ang maunawaan ang katangiang espiritwal ng tiyaga sa ganitong paraan? Anong mga detalye ang nanaisin ninyong malinaw sa inyong isipan habang isinasaysay ang kuwento sa inyong mga mag-aaral?

Sa Aralin 24 isasaysay ninyo sa mga bata ang isang kuwento tungkol sa buhay ni Bahíyyih Khánum, ang kapatid na babae ni ‘Abdu’l-Bahá. Ipakikilala nito sa kaniya kung paano nagpamalas si Bahíyyih Khánum ng katatagan sa harap ng masamang kalagayan. Subalit nanaisin din ninyong makamtan nila ang pag-unawa na ang katatagan sa pag-ibig sa Diyos ay nangangailangan ng higit pa sa pagtatagumpay sa alinmang isang tanging krisis o suliranin. Paano makapagbibigay sa mga bata ang kuwento ng kaniyang buhay ng isang sulyap sa lakas at pagpapatuloy na hinihingi ng katatagan sa Kapakanan ng Diyos?

## BAHAGI 22

Sa yunit na ito ay pinag-isipan ninyo ang mga katangiang espiritwal na inyong susuriin kasama ng mga bata sa unang grado, at nagsanay kayo sa pagsasagawa ng iba't ibang elemento ng dalawampu't apat na aralin na ituturo ninyo sa kanila sa pag-asang makatulong sa pag-unlad ng kanilang pagkatao. Gunitain sandali ang lahat ng mga katangiang espiritwal na biniyayaan kayong tumulong sa paglilinang sa inyong mga mag-aaral sa Grade 1. Waring naaangkop na mula sa lahat ng mga ito ang katatagan sa pag-ibig sa Diyos ay ang temang magwawakas sa kanilang mga aralin, tulad din ng paging mahalagang simulan nila sa pagtutok sa kadalisayan ng puso, tulad ng natalakay na. Sa pagsimula ninyo sa una ninyong pagsisikap na magturo, dapat kayong madalas na magnilay-nilay sa kung paano makatutulong ang katatagan sa Kaniyang pag-ibig upang ang mga batang nasa ilalim ng inyong pangangalaga ay magpatuloy sa kanilang mga pagsisikap na ihayag ang lahat ng mala-hiyas na mga katangiang natatago pa sa loob nila.

# 24 na mga Aralin para sa mga Bata

## ARALIN 1

### A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal

Upang akitin ang mga pagpapala ng Maykapal at upang lumikha ng kapaligirang espiritwal, simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbigkas ng isang dalanging isinaulo ninyo, tulad ng dasal na iminumungkahi sa Bahagi 2. Pagkatapos ay maaari ninyong itanong sa mga bata kung ang sinuman sa kanila ay may naisaulong dasal na maaari nilang bigkasin para sa klase. Pagkatapos niyon ay isasaulo nila ang dasal sa ibaba. Upang matulungan silang maunawaan ang kahulugan nito, tukuyin ang alinmang mga salitang inaakala ninyong kinakailangang ipaliwanag sa pamamagitan ng mga halimbawang maaaring makita. Inaasahang madali itong matututunan ng marami sa mga bata, subalit dapat ninyong repasuhin ito sa kanila sa simula ng susunod na tatlong pagtitipon ng klase, nang sa gayon, sa Aralin 5, kung kailan magsisimula silang magsaulo ng bagong dasal ay naikintal na ito sa kanilang mga puso at isipan.

> **"Siya ang Diyos! O Diyos, aking Diyos! Ipagkaloob sa akin ang pusong dalisay, tulad ng isang perlas."[98]**

Dahil ang dasal na isinasaulo ng mga bata sa unang ilang mga araling ito ay maikli lamang, magkakaroon kayo ng ilang mga pagkakataon upang talakayin sa kanila ang ilan sa mga kaisipang binanggit sa Bahagi 2 tungkol sa pamimitagan sa Diyos at sa likas na katangian ng dasal.

### B. Mga awit

Pagkatapos ng panahong nakalaan sa mga dasal, maaari nang matutunan ng mga bata ang pag-awit ng sumusunod na kanta, kung saan ay nilagyan ng himig ang isasaulo nilang sipi, na nauugnay sa tema ng aralin, ang kadalisayan ng puso. Dahil ang ibang mga salita ay maaaring mahirap para sa mga bata, maaari ninyong tulungan silang awitin ang unang apat na linya, at kayo na ang magpatuloy sa iba.

Ang Una Kong Payo

```
C    G/B       Am G/B
O Anak ng Espiritu!
C    G/B       Am G/B
O Anak ng Espiritu!
      Dm                   G7
Ang una Kong payo ay ito
      Dm                   G7
Ang una Kong payo ay ito
                      F             G7               C        G/B  Am
Mag-angkin ng wagas, mabait at maningning na puso
             F           G7                 C            G/B
Nang mapasa iyo ang matandang kapangyarihan
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

Dm G7 C Am
Walang pagkasira, walang-hanggan

Dm G7 C
Walang pagkasira, walang-hanggan

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Sa kasunod na gawain ang mga bata ay magsasaulo ng sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í. Maaari ninyong ipakilala ang tema ng aralin at ang isasaulong sipi sa sumusunod na paraan:

> Ang ating mga puso ay tulad ng mga salamin. Dapat lagi nating panatilihing malinis ang mga ito. Kapag may tampo tayo sa ibang tao, o naiinggit tayo sa iba, o naging masungit sa iba sa kahit na anong dahilan—ang mga ito ay tulad ng gabok na dumadapo sa salamin ng ating mga puso. Kapag ang ating mga puso ay wagas, naaaninag nito ang liwanag ng Diyos at ang Kaniyang mga katangian—mga katangiang tulad ng kabaitan, pagmamahal, at pagiging mapagbigay—at tayo ay nagiging sanhi ng kaligayahan sa mga iba. Upang makatulong sa pagpapanatiling wagas ng ating mga puso, isaulo natin itong sipi mula kay Bahá'u'lláh:
>
> **"O Anak ng Espiritu! Ang una Kong payo ay ito: Mag-angkin ng isang wagas, mabait at maningning na puso . . ."**[99]

Mas madadalian ang mga bata sa pagsasaulo ng sipi kung mahusay nilang nauunawaan ito. Sa gayon ay iminumungkahing gumugol kayo ng ilang panahon sa pagtatalakay sa kanila ng kahulugan ng mga salita at mga parirala. Narito ang ilang mga pangungusap na makatutulong sa inyo.

*Payo*

1. Isang araw sina Gerard at Mary ay nagkukulay ng mga drowing. Kailangan ni Gerard ang dilaw na krayon, ngunit ayaw ni Mary na ibigay iyon sa kaniya. Sinabi ng guro kay Mary na dapat siyang magbahagi. Binigyan ng guro si Mary ng mabuting payo.

2. Kailangan pumili ni Patricia kung gagastusin niya ang kaniyang pera sa kendi o sa isang aklat ng mga kuwento. Pinayuhan siya ng kaniyang mga magulang na bilhin ang aklat. Ang mga magulang ni Patricia ay nagbigay sa kaniya ng mabuting payo.

*Mag-angkin*

1. Gusto ni Tinaye ang bumasa ng mga dalangin bago matulog. Siya ay may isang maliit na aklat ng mga dalangin na binabasa. Si Tinaye ay nag-aangkin ng isang maliit na aklat ng mga dalangin.

2. Marami kaming tanim na masarap na mga gulay sa aming halamanan. Kami ay nag-aangkin ng isang matabang lupa na nagbibigay sa amin ng maraming sariwang gulay.

*Wagas na puso*

1. Si Cathy ay nagalit at nagsabi ng masakit na mga salita kay Agot. Si Agot ay nalungkot subalit agad niyang pinatawad si Cathy. Si Agot ay nag-aangkin ng wagas na puso.

2. Si Gustavo ay mahilig magbahagi ng kaniyang mga galyetas sa lahat ng mga bata, kahit kay Jorge, na walang ibinabahagi na kahit ano sa mga iba. Si Gustavo ay nag-aangkin ng wagas na puso.

*Mabait na puso*

1. Kapag ang kaniyang mga magulang ay nag-aanyaya ng mga kaibigan sa kanilang tahanan, maligaya si Ming Ling na magsilbi sa kanila ng pagkain. Si Ming Ling ay nag-aangkin ng mabait na puso.

2. Si Mr. Robertson ay matandang-matanda na. Tinutulungan siya ni Jimmy na dalhin ang ani niyang mga prutas sa palengke. Nag-aangkin si Jimmy ng mabait na puso.

*Maningning na puso*

1. Kapag ako ay nalulungkot, lagi akong pinasasaya ng aking nanay at pinaliligaya niya ako. Ang nanay ko ay nag-aangkin ng maningning na puso.

2. Si Obuya ay nagkasakit at kinailangan niyang manatili sa higaan. Nag-alay siya ng maraming mga dasal, hindi siya nalungkot, at patuloy niyang ipinamalas ang kaligayahan. Si Obuya ay nag-aangkin ng maningning na puso.

**D. Kuwento**

Kapag naisaulo na ng mga bata ang sipi, maari na ninyong isaysay ang kuwento sa ibaba tungkol kay ‘Abdu’l-Bahá na higit pang maipakikilala sa kanila ang kahalagahan ng kadalisayan ng puso. Tandaan na kung hindi alam ng ilang mga bata sa inyong klase kung sino si ‘Abdu’l-Bahá, dapat kayong maging handa upang magbigay ng ilang mga salita tungkol sa Kaniya bago kayo magsimula.

> *Laging nababatid ni ‘Abdu’l-Bahá kung ano ang nasa puso ng isang tao, at mahal na mahal Niya ang mga taong wagas at maningning ang mga puso. May isang babaeng nagkaroon ng karangalang maging panauhin ni ‘Abdu’l-Bahá sa isang hapunan. Habang pinakikinggan niya ang mga salita ng karunungan ni ‘Abdu’l-Bahá, nakita niya ang isang baso ng tubig sa harap niya at naisip na, “Hay! Sana ay pwedeng kunin ni ‘Abdu’l-Bahá ang aking puso at alisin doon ang bawat makalupang hangarin at pagkatapos ay muling punuin iyon ng Banal na pag-ibig at pag-unawa, tulad ng pwedeng magawa sa basong ito.”*
>
> *Ang kaisipang ito ay mabilis lang gumuhit sa kaniyang isipan, at wala siyang sinabi tungkol doon, subalit hindi nagtagal ay may nangyaring nagpamulat sa kaniya na alam pala ni ‘Abdu’l-Bahá ang iniisip niya. Habang nasa kalagitnaan si ‘Abdu’l-Bahá ng Kaniyang sinasabi, huminto Siya sandali at tinawag ang isang naglilingkod sa hapag-kainan at may ibinulong sa kaniya. Tahimik na pumunta ang naglilingknod sa lugar*

*na babae, kinuha ang kaniyang baso, tinanggal ang laman niyon, at ibinalik iyon sa harap niya.*

*Pagkalipas ng ilang sandali, habang patuloy pa ring nagsasalita ni 'Abdu'l-Bahá, kinuha Niya ang isang pitsel ng tubig mula sa mesa, at sa isang natural na paraan ay marahang pinuno ang walang laman na baso ng babae. Walang nakapansin sa nangyari, subalit alam ng babae na sinagot ni 'Abdu'l-Bahá ang hangarin ng kaniyang puso. Siya ay nalipos ng tuwa. Ngayon ay alam na niyang ang mga puso at mga isipan ay tulad ng mga bukas na aklat kay 'Abdu'l-Bahá, na binabasa ang mga iyon nang buong pagmamahal at kabaitan.*

**E. Laro: "Pagbabahagi"**

Para sa kasunod na gawain, maglagay ng isang goma ng sasakyan sa lupa at pagkatapos ay sabihin sa mga bata na sikapin nilang ang pinakamarami sa kanila ang makatatayo doon nang sabay-sabay. Kung walang magagamit na goma, maaaring maglagay sa lupa ng nakatuping banig o tuwalya, o iba pang kahalintulad na bagay. Anumang bagay ang inyong piliin, dapat ay sapat na maliit ito kaugnay ng bilang ng mga bata sa klase upang maging mapanghamon ang laro.

**F. Pagkukulay: Drowing 1**

Pagkatapos ng laro, maaari na ninyong tipunin ang mga bata at bigyan ang bawat isa ng kopya ng Drowing 1 upang kulayan, habang ipinaliliwanag na nasa ibaba ng pahina ang isinaulo nilang sipi, at magbigay ng maikling paliwanag na naihanda na ninyo nang mas maaga tungkol sa kaugnayan ng drowing sa tema ng aralin.

**G. Mga dalanging pangwakas**

Upang wakasan ang klase, maaaring hilingin sa dalawa o tatlong bata na usalin ang isinaulo nilang dasal o sipi. Pagkatapos ay maaari kayong mag-alay ng huling dalangin.

## ARALIN 2

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Iminumungkahing simulan ninyo ito at ang dalawang kasunod na pagtitipon ng klase sa pamamagitan ng dasal na binigkas ninyo sa simula ng Aralin 1. Pagkatapos ay maaari ninyong hilingin sa ilang mga bata, na pinili nang mas maaga, na magbigkas ang bawat isa ng isang dalanging alam nila. Pagkatapos ay tutulungan ninyo ang inyong mga mag-aaral sa pagsasaulo ng dasal na ipinakilala sa nakaraang aralin.

**B. Mga awit**

Para sa kasunod na gawain, ang mga bata ay maaaring umawit ng dalawang kanta—ang isa ay mula sa nakaraang aralin at itong bagong awit tungkol sa katarungan, na iyon ang tema ng aralin.

## Ang Marangal na Daan

Intro: drone pattern all throughout – D9

Katarungan ang marangal na daan
Tungo sa maliwanag na araw
Tanglaw sa mga nangangailangan
Ningning na hatid ng mabuting gawa
Ang katarungan ang daan!

Alam nating si ‘Abdu’l-Bahá
Ay nagbahagi ng kalinga at pagmamahal
Kuntento sa simpleng pamumuhay
Upang makapagbahagi sa iba
Kuntento sa simpleng pamumuhay
Upang makapagbahagi sa ba
Ang katarungan ang daan

KORO (Sagutan) 2X:
Ang katarungan ang marangal na daan
(Ang katarungan ang marangal na daan )
Ang katarungan ang marangal na daan
(Ang katarungan ang marangal na daan)

Makatarungan ang pagbibigay
Ibahagi ang galak at pagmamahal
Pagpapala’y ibahagi sa iba
Upang mundo’y guminhawa
Pagpapala’y ibahagi sa iba
Upang mundo’y guminhawa
Ang katarungan ang daan

KORO (Sagutan) 2X:
Ang katarungan ang marangal na daan
(Ang katarungan ang marangal na daan )
Ang katarungan ang marangal na daan
(Ang katarungan ang marangal na daan)

Ang katarungan ang daan
Ang katarungan ang daan

### C. Pagsasaulo ng mga sipi

Pagkatapos ng dalawang kanta, himukin ninyong isaulo ng mga bata ang isang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh. Narito ang ilang mga kaisipang magagamit ninyo sa pagpapakila ng tema ng aralin at ang iminumungkahing sipi:

> Mahal ng Diyos ang katarungan. Kapag may katarungan, nagtatamasa ang lahat ng mabuting mga bagay sa buhay. Ang bawat bata ay nakapag-aaral, ang bawat pamilya

ay may maginhawang tahanan, at ang mga mas mayaman ay masayang nagbabahagi ng mga biyayang natanggap nila mula sa Diyos para sa ikabubuti ng mga iba. Masaya ang Diyos sa atin kapag pinakikitunguhan natin ang mga iba nang makatarungan. Kapag may nakikita tayong inaapi, dapat natin silang ipagtanggol at tulungan. Hindi natin dapat kunin mula sa ating mga kaibigan o mga kapitbay ang mga bagay na kanila. Kapag ang isang bagay ay dapat ipamahagi, dapat nating tiyakin na walang hindi nabibigyan at ang lahat ay tumatanggap ng tamang bahagi. Upang makatulong sa atin ang maging makatarungan, isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay Bahá'u'lláh :

**"Tahakin ninyo ang landas ng katarungan, sapagkat sa katunayan ito ang tuwid na landas."[100]**

Mahalagang tiyakin na nagtataglay ang mga bata ng isang saligang pag-unawa sa sipi sa itaas bago pa sila magsimula sa pagsasaulo nito. Ang ilang mga pangungusap sa ibaba ay makatutulong sa inyo upang maipaliwanag ang kahulugan ng mga salitang maaaring bago sa kanila.

*Tahakin*

1. Maraming dahon ang nalalaglag na mula sa mga puno sa gubat, at tinatakpan ang landas. Si Fumiko ay lumalakad sa gubat. Tinatahak niya ang landas na tinatakpan ng mga dahon.

2. Gusto ni Pedro na tulungan ang lahat ng kaniyang mga kaibigan na masayang maglaro nang sama-sama. Si Pedro at ang kaniyang mga kaibigan ay nagkakaisa. Si Pedro ay tumatahak sa landas ng pagkakaisa.

*Landas*

1. Si Luis ay may buriki. Dinala niya ito sa parang upang manghingain ng damo at iniwan ito doon. Nahanap ng buriki ang landas pauwi nang mag-isa.

2. May dalawang paraan upang makarating sa paaralan. Laging gusto ni Millie na gamitin ang landas na dumaraan sa bahay ng lola niya.

*Katarungan*

1. Ibinigay kay Carlos ang mga krayon na ipamamahagi sa klase. May sampung krayon at limang bata. Binigyan ni Carlos ang bawat bata ng dalawang krayon. May katarungan ang ginawa ni Carlos sa pamamahagi ng mga krayon.

2. Laging maraming tubig ang balon ni Anna sa kaniyang bakuran, subalit kung minsan ang balon ng kaniyang kapitbahay ay natutuyuan. Kailanman ay hindi hinahayaan ni Anna na magdusa ang kaniyang kapitbahay at lagi niyang malugod na tinatanggap siya kapag kailangan niyang mag-igib. Mahal ni Anna ang katarungan.

## D. Kuwento

Kapag naisaulo na ng mga bata ang sipi, maaari na ninyong isaysay ang sumusunod na kuwento tungkol kay 'Abdu'l-Bahá na nagpapakilala sa Kaniyang katarungan.

*Isang araw nais ni ‘Abdu’l-Bahá ang pumunta sa Haifa mula sa ‘Akká. Pinili Niya ang mumurahing upuan sa pangkaraniwang karetelang pampasahero na kadalasan ay siksikan ang mga tao. Nagulat ang kutsero at malamang na itinanong sa kaniyang sarili kung bakit napakatipid naman ni ‘Abdu’l-Bahá na sasakay Siya sa murang karetelang ito. “Tiyak na mas gugustuhin ng Inyong Kamahalan ang sumakay sa pribadong karwahe,” ibinulalas niya. “Hindi,” tumugon ang Masterr, at Siya ay naglakbay sa pangkaraniwang karetela hanggang sa Haifa. Sa pagbaba Niya sa karetela sa Haifa linapitan Siya ng isang nababalisang babaeng mangingisda at humingi ng tulong mula sa Kaniya. Maghapon siyang nangingisda nang walang huli at ngayon ay kailangan na niyang umuwi sa nagugutom niyang pamilya. Binigyan siya ni ‘Abdu’l-Bahá ng malaking halaga ng pera, bumaling patungo sa kutsero at sinabing, “Bakit Ako sasakay sa marangya samantalang napakarami ang nagugutom?”*

**E. Laro: “Matinding Pagkauhaw”**

Pagkatapos ng panahong nakalaan sa pagsasaysay ng kuwento, magiging sabik na ang mga bata upang maglaro. Talian ng mga patpat ang kanilang mga braso sa gayong paraan na hindi nila maibabaluktot ang kanilang mga siko, at pagkatapos ay sabihin sa kanilang kunwari ay lumalakad sila sa disyerto at lahat sila ay uhaw na uhaw na. Pagdating nila sa mga baso ng tubig na inilagay ninyo sa isang lugar para sa kanila, kailangan nilang makahanap ng paraan upang makainom. Matutuklasan nilang ang tanging paraan upang magawa iyon ay sa pagtulong sa isa’t isa habang nag-iingat na hindi nila nababasa ang isa’t isa.

**F. Pagkukulay: Drowing 2**

Bilang kasunod na gawain, bigyan ang bawat bata ng kopya ng Drowing 2 upang kulayan. Dapat ninyong ipaalala sa mga bata na ang isinaulo nilang sipi ay nasa ibaba ng pahina at maghanda kayo ng ilang mga salita upang ipaliwanag ang kaugnayan ng drowing sa tema ng aralin.

**G. Mga dalanging pangwakas**

Kapag natapos na ang mga bata sa pagkukulay, maaari ninyong anyayahan ang ilan sa kanila na magbigkas ng dasal o ng sipi na isinaulo nila sa araling ito o sa nakaraan. Pagkatapos ay maaari kayong mag-alay ng huling dalangin.

## ARALIN 3

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Upang simulan ang klase, bigkasin ang isinaulong dalangin at hilingan ang ilang mga bata, na pinili nang mas maaga, na magbigkas din ng dasal. Pagkatapos ay maaari kayong gumugol ng ilang panahon kasama ng inyong mga mag-aaral sa pagrerepaso ng napag-aralan sa Aralin 1.

## B. Mga awit

Simulan itong kasunod na gawain sa pamamagitan ng pag-awit ng mga bata ng dalawang kantang natutunan nila mula sa nakaraang mga aralin. Pagkatapos ay ituro sa kanila ang awit sa ibaba, na nauugnay sa tema ng aralin, na iyon ay ang pag-ibig.

### Ang Pag-ibig

```
 C          F
Ang pag-ibig
 G         C
Sa kapwa tao
 C      F
Dahil dito
 D7           G
Nilikha‘ng mundo
 C           F
Ang pag-ibig sa Diyos
 C       G
Ay lumikha sa iyo
 C          F
‘pang ibigin Siya at kapwa-tao
G           C
‘pang ibigin Siya at kapwa-tao
```

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Upang ipakilala ang sipi para sa pagsasaulo, maaari ninyong ibahagi sa inyong mga mag-aaral ang sumusunod na mga kaisipan tungkol sa aralin:

> Ang pag-ibig ng Diyos ay sumisikat sa lahat ng sangkatauhan tulad ng mga sinag ng araw. Ang mga sinag ng araw ay sumisikat kapuwa sa mga disyertong tuyot at mga harding luntian. Dahil sa init nito, ang mga binhing itinanim sa matabang lupa ay tumutubo at nagbibigay ng mahalagang bunga. Gayundin ay dapat nating itanim sa dalisay na lupa ng ating mga puso ang mga binhi ng pag-ibig sa Diyos, na tutubo at mamumulaklak sa init ng Kaniyang masintahing kalinga. Sa gayon ang ating pag-ibig ay lalaganap, at ipaaaabot natin ang pag-ibig sa lahat, kahit sa mga kung minsan ay hindi mabait sa atin. Upang matulungan tayong mahalin ang buong sangkatauhan, isaulo natin itong sipi ni Bahá’u’lláh:
>
> **“O Kaibigan! Sa halamanan ng iyong puso ay huwag kang magtanim ng anuman liban sa rosas ng pag-ibig . . .”**[101]

Sa sipi, ang tanging salita na maaaring mangailangan ng paliwanag ay “liban” na nangangahulugan ng “kundi”.

1. Gustong-gusto ni Dineo ang umawit tungkol sa araw at sa mga bulaklak, at wala na siyang ibang inaawit tungkol sa ibang bagay. Si Dineo ay umaawit ng walang anuman liban sa pagsikat ng araw at mga bulaklak.

2. Gusto sanang pumunta ni Ta Jen sa ilog, pero hindi pa niya natatapos ang kaniyang mga gawain sa bahay. Sinabi ng tatay niya na hindi siya puwedeng umalis hanggang hindi niya natatapos ang kaniyang mga gawin, at nagmaktol siya. Sinabi ng lola niya, "Mahal, lahat ng iyong mga plano ay mabibigo liban kung sumunod ka sa iyong ama."

**D. Kuwento**

Pagkatapos ng panahong nakalaan sa pagsasaulo, maaari na ninyong isaysay sa inyong mga mag-aaral ang sumusunod na kuwento:

> *Noong mga araw na nakatira pa si 'Abdu'l-Bahá sa lungsod-piitan ng 'Akká, may isang lalaking napakasama ang pakikitungo sa Kaniya. Akala niya si 'Abdu'l-Bahá ay hindi mabuting tao at hindi alintana ng Diyos kung gaano kasama ang pagtrato sa mga Bahá'í. Sa katunayan, naniniwala siyang ipinakikita niya ang pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagkamuhi sa mga Bahá'í. Buong-puso niyang kinamumuhian si 'Abdu'l-Bahá. Ang pagkamuhing iyon ay lumaki at lumala sa loob niya, paminsan-minsan lumalabas ito mula sa kaniya tulad ng pagligwak ng tubig mula sa basag na palayok. Sa moske, kapag dumarating ang mga tao upang magdasal, ang lalaking ito ay sisigaw laban kay 'Abdu'l-Bahá at magsasabi ng masamang mga bagay tungkol sa Kaniya. Kapag nasasalubong niya si 'Abdu'l-Bahá sa lansangan, tinatakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang balabal upang hindi niya makita si 'Abdu'l-Bahá.*
>
> *Ngayon, ang lalaking ito ay napakahirap at walang sapat na pagkain o makapal na damit upang maisuot. Ano sa palagay ninyo ang ginawa ni 'Abdu'l-Bahá para sa kaniya? Pinakitaan siya ni 'Abdu'l-Bahá ng kabaitan, pinadalhan siya ng pagkain at mga damit, at tiniyak na mabuti ang kaniyang kalagayan. Halimbawa, noong malubhang nagkasakit ang lalaking ito, nagpadala si 'Abdu'l-Bahá sa kaniya ng isang doktor, binayaran ang kaniyang gamot at pagkain, at binigyan siya ng pera. Tinanggap niya ang mga kaloob ni 'Abdu'l-Bahá, ngunit hindi siya nagpasalamat. Sa katunayan, iniunat niya ang isang kamay upang mapulsuhan ito ng doktor, habang itinakip niya ang kabilang kamay sa kaniyang mukha upang hindi niya makita ang mukha ni 'Abdu'l-Bahá. At nagpatuloy ang ganito sa loob ng maraming taon. Hanggang sa isang araw, ang puso ng lalaki sa wakas ay nagbago. Pumunta siya sa bahay ni 'Abdu'l-Bahá, nagpatirapa sa Kaniyang paanan, at taglay ang napakabigat na puso at dumadaloy ang mga luha tulad ng dalawang ilog sa kaniyang mukha, ay bumulalas, "Patawarin ako, Ginoo! Sa loob ng dalawampu't-apat na taon gumawa ako ng masama sa iyo. Sa loob ng dalawampu't-apat na taon kabutihan lamang ang ipinakita Mo sa akin. Ngayon ay alam ko nang nagkamali ako. Patawarin Mo ako!" Sa gayon, ang dakilang pagmamahal ni 'Abdu'l-Bahá ay nagtagumpay sa pagkamuhi.*

**E. Laro: "Ang Tulay"**

Para sa kasunod na gawain, maaari kayong gumamit ng mga bangko, tabla, ladrilyo, o baldosa upang gumawa ng linya sa lupa. Ito ang "tulay". Hatiin ang mga bata sa dalawang grupo at sabihin sa kanila, na kailangang tumawid nang magkasabay subalit magkasalubong,

nang walang nalalaglag sa tulay. Matutuklasan ng mga bata na upang magawa iyon, kailangan nilang magtulungan upang magpalitan ng puwesto, habang nilalampasan ang bawat isa nang isa-isa.

Upang tulungan sila, maaari ninyong akayin nang marahan ang mga bata sa kanilang panimulang mga puwesto at tulungan silang gawin ang mga hakbang. Sa halip na ipuwesto ang lahat ng mga bata sa tulay nang sabay-sabay, maaari kayong mag-ensayo ng ilan sa kanila, nang dala-dalawa. Pagkatapos ng ilang ensayo, ang bilang ng mga bata sa tulay ay maaaring dagdagan, hanggang ang bawat isa ay nakikilahok na.

### F. Pagkukulay: Drowing 3

Pagkatapos ng laro, maaari na ninyong bigyan ang bawat bata ng kopya ng Drowing 3 upang kulayan bilang huling gawain. Tandaang magsabi ng ilang salita tungkol sa ugnayan ng drowing sa tema ng aralin.

### G. Mga dalanging pangwakas

Upang wakasan ang klase, himuking umupo nang tahimik ang inyong mga mag-aaral, habang ang dalawa o tatlo sa kanila ay bibigkas ng isang dalangin o sipi na isinaulo nila. Pagkatapos ikaw o ang isa sa mga bata ay maaaring mag-alay ng pangwakas na dalangin.

## ARALIN 4

### A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal

Pagkatapos ng panimulang mga dalangin, tulungang magbalik-aral ang inyong mga mag-aaral sa dalanging isinasaulo nila sa nakaraang ilang aralin.

### B. Mga awit

Para sa kasunod na gawain, ipaawit sa mga bata ang mga kantang natutunan na nila sa nakaraang mga aralin bago ituro sa kanila itong bago tungkol sa tema ng pagkamakatotohanan:

Makatotohanang mga Salita

Bb F
Ang salaming natakpan ng alikabok

C7 F
Di maipakita liwanag ng sinag ng araw

Bb F
Ibong puno ng putik ang pakpak

C7 F
Di maka-aahon di makalilipad

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

KORO:

Bb F
Kung makatotohanan ang ating salita

C7 F
Ay kayang umunlad ang ating kaluluwa

Bb F Dm
Ang saligan ng lahat ng katangian ng tao

Gm7 – C7 F
Ay ang pagkamakatotohanan

KORO

Bangka ay di makauusad
Kung ang layag nito ay sira
Mata'y di makikita ang landas sa unahan
Kapag ito'y nalalambungan

KORO *(ulitin ang Koro nang dalawang beses)*

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Iminumungkahing ipakilala ninyo ang tema ng aralin at ang isasaulong sipi sa ganitong paraan:

> Ang pagkamakatotohanan ay isa sa pinakamahalagang katangiang espiritwal para sa bawat tao. Kailanman ay hindi tayo dapat magsabi ng kahit pinakamaliit na kasinungalingan, kahit na walang makatutuklas nito. Kung minsan ang mga tao ay nagsasabi ng kasinungalingan dahil natatakot silang magsabi ng totoo. Subalit alam natin na alam ng Diyos ang lahat ng ating mga gawain at wala tayong matatago mula sa Kaniya. Dapat nating mahalin ang katotohanan. Kung hindi tayo makatotohanan, mahihirapan tayong paunlarin ang iba pang mga katangian, tulad ng katarungan, pag-ibig, at kabaitan, at hindi tayo makalalapit sa Diyos. Isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay 'Abdu'l-Bahá:

**"Ang pagkamakatotohanan ang batayan ng lahat ng mga katangiang pantao."**[102]

Nasa ibaba ang ilang mga pangungusap upang tulungan kayo sa pagpapaliwanag ng mga salita sa sipi sa itaas na maaaring mahirap para sa mga bata.

*Pagkamakatotohanan*

1. Nahulog ni Sanjay ang baso at nabasag iyon. Nang itanong ng nanay niya kung anong nangyari, sinabi niya sa nanay niya ang katotohanan at hindi siya nagsinungaling. Ang kilos ni Sanjay ay ayon sa pagkamakatotohanan.

2. Isang gabi masyadong matagal naglaro si Gita na hindi niya natapos ang kaniyang takdang-aralin. Kinabukasan, nang oras na upang ipasa iyon, ipinasiya niyang sabihin ang katotohanan sa kaniyang guro, kahit na alam niyang hindi matutuwa ang kaniyang guro. Ang ginawa ni Gita ay may pagkamakatotohanan.

*Batayan*

1. Ang ama ni Alok ay nagtatayo ng bahay. Bago niya itayo ang mga dingding, nilagyan niya ng mga bato at semento ang ilalim ng lugar na pagtatayuan ng mga dingding. Ang mga bato at semento ang bumubuo sa batayan ng bahay. Nakatutulong ito upang manatiling nakatayo ang bahay.

2. Bago ka matutong bumasa at sumulat, kailangan mong matutunan ang mga titik at ang mga tunog ng mga ito. Ang pagkatuto ng tunog ng mga titik ang batayan ng pagkatutong magbasa at magsulat.

*Katangiang pantao*

1. Si Aurora ay mapagkaibigan, magalang, at mabait. Ang pagiging mapagkaibigan, magalang, at mabait ay ilan sa kaniyang maraming mga katangiang pantao.

2. Itinuturo ni Gng. Patel sa mga bata ang tungkol sa katarungan, pagiging mapagbigay, pagpapakumbaba, at integridad. Ang mga ito ay ilan sa mahalagang mga katangiang pantao na dapat taglay ng bawat isa.

**D. Kuwento**

Sa kasunod na gawain, maaari ninyong isaysay ang sumusunod na kuwento sa inyong mga mag-aaral, na makatutulong sa kanila upang pag-isipan ang katangian ng pagkamakatotohanan.

> *Sa isang malayong bansa, maraming taon na ang nakaraan, may isang batang pastol, na habang nagtatrabaho sa bukid ang kaniyang ama, at nag-aasikaso ng bahay ang kaniyang ina, siya ay nag-aalaga ng mga tupa ng kaniyang pamilya. Isang araw, nainip ang bata at ipinasiya niyang gumawa ng isang kapilyuhan sa kaniyang mga kapitbahay. Bigla siyang sumigaw ng, "Lobo! Lobo! Kinakain ng lobo ang mga tupa!" Ang lahat ng kaniyang mga kaibigan ay tumakbo papunta sa kaniya upang tulungan siyang itaboy ang lobo, ngunit nang dumating sila, nakita nilang tumatawa ang bata dahil sa tinakot niya sila at wala naman palang lobo. Bumalik sa kanilang mga gawain ang kaniyang mga kaibigan na nagsasabing masama ang ginawa ng bata.*
>
> *Nang sumunod na araw, ginawa ulit ng bata ang kapilyuhang ito. "Lobo! Lobo! Saklolo! Saklolo!" Ilan sa mga kapitbahay ay tumakbo patungo sa kaniya para tumulong, para lamang matagpuan ang bata na pinagtatawanan sila, dahil sa pagkakataon ding ito isang kasinungalingan na naroon ang lobo. Sa pangatlong araw, nang marinig nila ang sigaw ng bata, "Lobo! Lobo" Kinakain ng lobo ang mga tupa! Tulungan ninyo ako!" wala nang pumansin sapagkat iniisip nila na isa na naman itong kasinungalingan. Nang araw na iyon dumating nga ang lobo at kinain nito ang mga tupa! Malungkot na malungkot ang bata, ngunit natuto na siya ng isang mabuting aral. Kapag tayo ay nagsasabi ng kasinungalingan, darating ang araw na ang ating mga*

*magulang, mga kapatid, at mga kaibigan ay hindi na maniniwala sa kahit anong sabihin natin, kahit na ito ay katotohanan na mismo!*

**E. Laro: "Telepono sa Paghipo"**

Pagkatapos isaysay ang kuwento sa itaas, maaari na ninyong tulungang maglaro ang mga bata. Hilingin sa kanilang tumayo sa isang hanay. Dapat nakaharap silang lahat sa iisang direksiyon, habang ang huling bata ay nakaharap sa isang papel na nakasabit sa dingding o sa puno, o sa pisara, kung mayroon. Kailangan may panulat siya. Kung marami ang mga bata, maaaring magkaroon ng mahigit isang hanay.

Ngayon, gamit ang iyong daliri, gumuhit ng isang bagay sa likod ng unang bata, at iguguhit naman niya iyon sa likod ng pangalawang bata, at patuloy na ganoon din ang gagawin hanggang ang pagguhit ay umabot sa huling bata, na dapat niyang iguhit iyon sa papel o sa pisara. Ngayon ay dapat ninyong iguhit katabi nito ang iginuhit ninyo sa likod ng unang bata gamit ang inyong daliri. Dapat simple lamang ang inyong ginuguhit upang maiguhit din ito ng lahat ng mga bata.

**F. Pagkukulay: Drowing 4**

Maaari na ninyong ibigay sa mga bata ang kopya ng Drowing 4 upang kulayan nila bilang kasunod na gawain.

**G. Mga dalanging pangwakas**

Tulad ng dati, wakasan ang klase sa paghiling sa mga bata na umupo nang tahimik habang binibigkas ang mga sipi at mga dalangin.

## ARALIN 5

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Para dito at sa tatlong kasunod na aralin, dapat ninyong simulan ang klase sa pagbigkas ng dalanging isinaulo, na iminumungkahi ang nasa Bahagi 6 para sa layuning ito. Pagkatapos ng pagbigkas din ng ilang mga bata ng mga dalanging pambungad, maaari na ninyong ipakilala ang sumusunod na dalanging isasaulo nila. Inaasahang maisasaulo nila ang kahit bahagi man lamang ng dasal sa pagtitipong ito at maisasaulo na ang kabuuan nito hanggang sa Aralin 8.

> **"O Diyos, patnubayan Mo ako, pangalagaan Mo ako, pagningasin ang tanglaw ng aking puso at gawin Mo akong isang maningning na bituin. Ikaw ang Malakas at Makapangyarihan."[103]**

**B. Mga awit**

Para sa araling ito, karagdagan sa pagturo sa mga bata ng sumusunod na awit, maaari ninyong awitin nang sama-sama ang ilang mga awit na alam na nila.

Bukal ng Pagkamapagbigay

```
           C
Maging batis, maging bukal
                        G
Tuloy-tuloy na nagbibigay
      F              C
Kung totohanan itong gawin
      G          C
Ligaya ang matatamo
   F        C
Araw araw alamin
      G
Mayroon bang maibibigay ngayon
      C
Kaligayahan laging hangad
   G
Ibibigay puso’t kaluluwa
           F              C
Kung katotohanan itong gawin
      G              C
Diyos lagi ang kasama mo
```

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo upang ipakilala ang aralin at ang isasaulong sipi:

> Ang Diyos ay lubos na mapagbigay sa Kaniyang mga nilikha. Pinauulan Niya sa mga halaman at binibigyan ng pagkain at panustos ang mga hayop at mga tao. Inaalagaan Niya tayong lahat. Binigyan Niya tayo ng maraming mga kaloob: mga mata upang makita ang mga bundok, mga ilog, mga bituin, at ang lahat ng kagandahang nasa palibot natin; mga tainga upang makinig sa malambing na mga himig, ang paghuni ng mga ibon, ang payo ng ating mga magulang, at ang Salita ng Diyos. Binigyan Niya tayo ng talino upang matuto tayo tungkol sa mga hiwaga ng sanlibutan, at higit sa lahat, binigyan Niya tayo ng mga kapangyarihang espiritwal upang makilala at ibigin natin Siya. Tulad din ng pagiging mapagbigay ng Diyos sa atin, dapat din tayong maging mapagbigay sa mga iba. Dapat tayong magbigay mula sa mga bagay na atin—ang ating pagkain, ang ating mga pag-aari, ang ating panahon, ang ating kaalaman—upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga iba. Dapat nating ibahagi ang ating pag-ibig, ang ating kaligayahan, at ang mabuting mga bagay na natututunan nating sa bahay at sa paaralan. Upang matulungan tayo sa ating mga pagsisikap na maging mapagbigay, isaulo natin itong sipi ni Bahá’u’lláh na nagpapaalala sa atin ng pagiging mapagbigay ng Diyos:

**“Ang magbigay at maging bukas-palad ay mga katangian Ko; makabubuti sa kaniyang palamutihan niya ang sarili ng Aking mga kapurihan.”[104]**

*Bukas-palad*

1. Sina Ram at Rajish ay nakaipon ng kaunting pera. Ipinasiya nilang bumili ng ilang mga aklat para sa kanilang bunsong mga kapatid. Sina Ram at Rajish ay bukas-palad.

2. Ginugol ni Gng. Murphy ang buong umaga sa paggawa ng mga keyk. Bago nila dalhin ang mga keyk sa bayan upang ibenta, ibinigay niya ang dalawang malaking keyk sa mga kapitbahay. Si Gng. Murphy ay bukas-palad.

*Katangian*

1. Ang bato ay napakatigas. Ang katigasan ay isang katangian ng mga bato.

2. "Ang isa sa iyong mga katangian ay masipag ka" sinabi ng guro kay Charlene.

*Palamutihan*

1. Ngayong gabi ay magkakaroon ng pagtitipon upang manalangin sa community center. Pumitas ang mga bata ng mga bulaklak na ilalagay sa silid na pagtitipunan. Ang silid ay pinalamutihan ng mga bulaklak.

2. Maningning ang ngiti ni Li Feng. Madalas na pinalalamutihan ng ngiti ang kaniyang mukha.

**D. Kuwento**

Sa araling ito ay isasaysay ninyo ang sumusunod na kuwento, na makatutulong sa kanila sa pagninilay-nilay sa konsepto ng pagiging mapagbigay:

> *Isang araw si 'Abdu'l-Bahá ay inanyayahan ng lalaking pinuno ng mga nag-aalaga sa mga tupang pag-aari ng Kaniyang Ama, si Bahá'u'lláh, na gugulin ang maghapon sa kanayunan kasama ang mga pastol. Maliit na bata pa lamang si 'Abdu'l-Bahá sa panahong iyon, at matagal pa bago mapilitang lisanin ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang pamilya ang kanilang minamahal na inang-bayan. Malawak ang lupain ni Bahá'u'lláh sa mga kabundukan at malaki ang mga kawan ng tupa. Sa pahintulot ng Kaniyang ina, sumama si 'Abdu'l-Bahá sa mga pastol at nagpalipas ng napakasayang araw kasama nila habang sila ay nagkantahan, sumayaw, at naghanda ng masarap na pagkain. Nang magwakas ang araw at handa nang umuwi si 'Abdu'l-Bahá, nagtipon sa palibot Niya ang lahat ng mga pastol at nagbigay ng mga talumpati ng pamamaalam. Ipinaliwanag ng lalaking nag-anyaya kay 'Abdu'l-Bahá na kaugalian ng mga may-ari ng lupa at mga tupa na mamigay ng mga regalo sa wakas ng kanilang pagdalaw. Nanahimik si 'Abdu'l-Bahá nang ilang sandali. Wala Siyang maibibigay sa kanila, subalit iginiit ng lalaki na umaasa ang mga pastol. Ibibigay Niya sa mga pastol ang ilan sa mga tupa mula sa mismong kawan na inaalagaan nila. Lubos na natuwa si Bahá'u'lláh nang marinig Niya ang pagiging mapagbigay ni 'Abdu'l-Bahá sa mga pastol. Pabiro Niyang sinabing dapat alagaan nilang lahat nang mabuti si 'Abdu'l-Bahá dahil baka isang araw ay ipamigay Niya ang Kaniyang Sarili. Mangyari pa, ito mismo ang ginawa ni 'Abdu'l-Bahá sa buong buhay Niya. Ibinigay Niya ang lahat na mayroon Siya, sa bawat sandali ng Kaniyang buhay, sa sangkatauhan, upang tayo ay magkaisa at magkaroon ng tunay na kaligayahan.*

**E. Laro: "Ang Kambal"**

Pagkatapos ng panahon ng pagkukuwento, tulad ng dati, ang mga bata ay maglalaro. Hatiin sila nang paris-paris, habang sinisikap na hanggang maaari ay magkapareho ang tangkad ng bawat magkaparis. Hilingin mula sa bawat paris na tumayo nang magkatalikod at titingkayad. Pagkatapos ay ikawit nila ang kanilang mga siko sa isa't isa at subukang tumayo. Kapag nagtagumpay na sila, maaaring bumuo ng mga grupo ng tatlo o apat na bata na sisikapin ding tumayo.

**F. Pagkukulay: Drowing 5**

Bilang panghuling gawain, maaari ninyong ibigay sa mga bata ang kopya ng Drowing 5 upang kulayan nila.

**G. Mga dalanging pangwakas**

Maaaring magwakas ang klase sa karaniwang paraan, sa pamamagitan ng mga dasal at mga sipi na binibigkas ninyo at ng ilang mga bata.

# ARALIN 6

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Pagkatapos ng pagbigkas ninyo at ng ilan sa mga mag-aaral ng pambungad na mga dalangin, maaari ninyong tulungan ang mga bata na ipagpatuloy na matutunan ang dalanging ipinakilala sa Aralin 5.

**B. Mga awit**

Bilang kasunod na gawain, ituro sa mga bata ang pagkanta ng kasunod na awit, na nauugnay sa tema ng aralin. Maaari din silang umawit ng iba pang lubos nilang nagugustuhan.

Unahin ang Iyong Kapatid

```
C        G        Am7       C
Ako'y nauuhaw, Ako'y nauuhaw
 Dm          G6        C            A7
Ngunit ang kapatid ko muna
 F    Em      Dm          C
Kaya bibigyan ko siya ng tubig
 Dm              G              C
Upang mapawi ang kaniyang uhaw
```

*(itinutuloy sa kasunod na pahina)*

KORO:

F G C Am
Biyayang uunahin ang iyong kapatid
F G C Am
Ito'y nagpakilalang mahal mo siya
F G C Am
Biyayang uunahin ang iyong kapatid
F G C
Ika'y yayaman kung mapagbigay ka

Ako'y nagugutom, ako'y nagugutom
Ang kapatid ko, siya man din
Kaya bibigyan ko siya ng pagkain
Iyan ang dapat kong gawin

KORO

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Sa araling ito, ang mga bata ay matututong bigkasin ang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh na hinihimok tayong maging walang bahid ng pagkamakasarili. Maaari ninyong ipakilala ang temang ito sa sumusunod na paraan:

> Mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin, at nilikha Niya ang puso ng tao upang makilala Siya at mahalin Siya. Kapag dalisay ang ating mga puso, nagagawa nating makita ang mga tanda ng Diyos na naaaninag sa Kaniyang sangnilikha. Nakikita natin ang Kaniyang pagiging mapagbigay, Kaniyang kabaitan, Kaniyang habag. Sa ating pag-ibig sa Diyos, nais nating magbigay ng kaligayahan sa lahat ng nakapalibot sa atin—sa ating mga magulang, sa ating mga kapatid, sa ating mga kaibigan, at sa ating mga kapitbahay. Napakalaki ng ating pag-ibig na ang pinagmumulan ng pinakamalaking kaligayahan natin ay ang pagbibigay ng kaligayahan sa iba at ang pag-uuna ng kanilang kaginhawahan kaysa sa ating sarili. Sa gayon ay una muna nating iniisip ang ating mga kapwa-tao bago natin isipin ang ating sarili. Isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay Bahá'u'lláh:

**"Pinagpala siyang inuuna ang kaniyang kapatid kaysa sa kaniyang sarili."[105]**

*Pinagpala*

1. Si Amelia ay inutusan ng kaniyang nanay na pumunta sa tindahan at bumili ng limang bagay. Hindi siya gumawa ng listahan subalit naalala niyang bilhin ang lahat ng bagay, at walang nakalimutan kahit isa. Pinagpala si Amelia ng isang mahusay na memorya.

2. Ang pamilya ni Victor ay sama-samang nagdadasal tuwing umaga sa kanilang tahanan. Ang tahanan ng pamilya ni Victor ay pinagpala ng paggunita sa Diyos.

*Inuuna*

1. Kapuwa gusto ng lola ni Anoushka ang tsaa na yerba buena at limon, subalit kapag maari siyang mamili, ang pinipili niya ang yerba buena. Inuuna niya ang yerba buena.

2. Si Veasna ay maaaring lumabas at maglaro o kaya o tumulong sa kaniyang ama sa hardin. Ipinasiya niyang tulungan ang kaniyang ama sa hardin. Inuuna ni Veasna ang pagtulong sa kaniyang ama.

**D. Kuwento**

Sa kuwento sa ibaba, ipinakikita sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá, sa pamamagitan ng Kaniyang mga salita at mga gawa, ang paraan kung paano nagiging walang bahid ng pagkamakasarili.

> *Minabuti ni ‘Abdu’l-Bahá ang mumurahing mga damit para sa Kaniyang sarili. Higit na mahalaga para sa Kaniya ang maging lubos na malinis. Kapag may sobra siyang mga damit, ipinamimigay Niya ang mga ito sa mga iba. Isang araw ay magiging panauhin Niya ang gobernador ng ‘Akká. Sa palagay ng Kaniyang asawa hindi sapat na maganda ang Kaniyang damit para sa tanging okasyon na iyon. Matagal pa bago sa okasyon ay pumunta na siya sa isang sastre at nagpagawa ng isang magandang damit para kay ‘Abdu’l-Bahá. Nang sumapit ang araw ng pagdalaw ng gobernador, ang magandang damit ay inihanda para sa Kaniya. Subalit hinanap ni ‘Abdu’l-Bahá ang Kaniyang lumang damit. Paano magiging Kaniya ang gayong mamahaling damit tulad ng inihanda para sa Kaniya? Para sa gayunding halaga, maaaring magpagawa ng limang karaniwang damit. “Sa gayon, nakikita mo,” sinabi Niya sa Kaniyang asawa, “Hindi lang Ako magkakaroon ng isang bagong damit, magkakaroon pa Ako ng apat na maipamimigay!”*

**E. Laro: “Ang Susô”**

Para sa kasunod na gawain, sabihin sa mga bata na sila ay magiging susô. Upang magtagumpay, kailangan nilang tumayo sa isang hanay, maghawakan ng kamay, at huwag bumitiw. Ang bata sa isang dulo ay ang magiging sentro, at siya ay dapat tumayo nang hindi gumagalaw. Dapat gabayan ng bata sa kabilang dulo ang lahat ng ibang nasa hanay na umikot palibot sa batang nasa gitna. Unti-unti silang dapat umikot palibot sa batang nasa gitna. Unti-unti silang dapat pumalibot hanggang sa mag-anyong susô.

Bilang kapalit ng laro sa itaas, patayuin ang mga bata sa isang hanay at maghawakan ng kamay. Pagkatapos ang bata sa isang dulo ay magsisimulang umikot, unti-unting pinaiikot ang bawat bata palibot sa kaniya. Tiyaking maingat nilang gagawin ito at hindi maapakan ng mga bata ang isa’t isa.

Kung ipahihintulot ng oras, kapag nakabuo na ang mga bata ng susô, sabihin sa mga batang malapit sa gitna na yumuko, at ang batang nasa gitna ay dadaan sa ilalim ng mga braso ng mga batang katabi niya hanggang sa makalabas siya sa susô, at susunod ang lahat ng ibang bata hanggang sa nasa isang hanay na silang lahat. Malinaw na upang magawa ang larong ito ay kailangan ng sapat na bilang sa klase.

**F. Pagkukulay: Drowing 6**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 7

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Tulungan ang mga bata na magbalik-aral sa dasal na sinimulan nilang isaulo sa Aralin 5, pagkatapos ng pag-aalay ninyo at ng ilan sa mga bata ng pambungad na mga dalangin.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Galak ay may Pakpak

Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya
Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya

Kung tayo'y masaya, tayo'y lumalakas
Kung tayo'y maligaya, isip lumilinaw
At kung nagagalak, mas makauunawa
Gawa 'yan ng tuwa at saya

Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya
Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya

Kapag tayo ay nalulungkot, o di kaya'y nalulumbay,
Tayo ay manghihina, lakas natin ay mawawala
Babagal tayo mag-isip, malabo ang pang-unawa
Subalit …

Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya
Galak ay may pakpak, kaya tayo'y dapat magsaya

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang sumusunod ay makatutulong sa inyo sa pagpapakilala ng sipi sa mga batang magsasaulo ng araling ito, na nakatutok sa tema ng kaligayahan:

> Sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá na ang kaligayahan ay nagbibigay sa atin ng pakpak, na kapag tayo ay maligaya tayo ay mas malakas, at kapag tayo ay masaya mas madali tayong makaunawa. Ang pagiging masayahin ay isang katangian ng puso ng tao. Kapag ang ating mga puso ay puno ng kaligayahan, nakikita nating nakapalibot sa atin ang mga pagpapala ng Diyos sa lahat ng bagay—ang pagpapala ng mapagmahal na mga magulang, ang pagpapala ng mga kaibigan, at higit sa lahat, ang pagpapalang makilala Siya at mahalin Siya. Dapat tayong maging masaya at maligaya sa lahat ng kalagayan

at gawin ang lahat upang magbigay ng kaligayahan sa mga iba. Gusto ni ‘Abdu’l-Bahá na magningning ang lahat ng bata tulad ng makinang na lampara na mula roon ay sumisinag ang kaligayahan sa lahat ng lugar. Bilang tulong sa atin upang matandaan na dapat lagi tagong maligaya, isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**“Magsaya sa kagalakan ng iyong puso, nang maging karapat-dapat ka sa pakikipagkita sa Akin at sa pagsalamin ng Aking kagandahan.”**[106]

*Kagalakan*

1. Malayo ang tirahan ni Ronald sa kaniyang lolo at lola. Nang malaman niyang dadalaw siya sa kanila sa bakasyon, siya ay naging masaya. Nakadama ng kagalakan ang kaniyang puso

2. Tinulungan ni Mouzhgan ang kaniyang nanay at tatay sa pagtanim ng mga binhi ng pipino sa kanilang halamanan. Nagalak ang kaniyang puso nang magsimulang sumibol ang mga pipino.

*Karapat-dapat*

1. Si Sjona ay nag-aral nang puspusan at nakatanggap ng mataas na grado. Pinuri ng guro ang sigasig at sipag ni Sjona. Ang puspusang pag-aaral ni Sjona ay karapat-dapat sa papuri ng guro.

2. Laging maingat si David sa pag-aalaga sa kaniyang bunsong mga kapatid. Alam ng mga magulang niya na maipagkakatiwala nila sa kaniya ang mga bata. Sa David ay karapat-dapat sa tiwala ng kaniyang mga magulang.

*Pagsalamin*

1. Pinakintab ni Amari ang batong nahanap niya hanggang napakakintab na ito na nagsimula itong magsalamin ng liwanag.

2. Ang mga pusong dalisay ay nagsasalamin ng mga katangian ng Diyos.

*Kagandahan*

1. Natutuwa ang nanay ng Ilana kapag nakikita ang mga ibong lumilipad sa langit, ang mga bulaklak na namumukadkad, at ang mga alon sa tabing-dagat. Nakikita niya ang kagandahan sa kalikasan

2. Kung minsan ang kagandahan ng isang kanta ay lubos na tumitimo sa ating mga puso na napapaluha tayo.

3. Sa tuwing nagdadasal si Munir, naaalala niya ang kagandahan ng Diyos, ang Kaniyang pag-ibig, ang Kaniyang pagkamapagbigay, at ang Kaniyang karunungan.

**D. Kuwento**

Ipakikilala ng sumusunod na kuwento sa mga bata kung paano si ‘Abdu’l-Bahá nagbibigay ng kaligayahan sa mga puso ng yaong mga nakapalibot sa Kaniya.

> *Si Leroy Iaos ay isang katangi-tanging Bahá’í na malamang ay marami pa kayong malalaman tungkol sa kaniya habang lumalaki kayo. Noong 1912, nang siya ay isang bata pa lamang, ang Master ay dumalaw sa lungsod ng Chicago. Magugunita mo ba ang kaligayahan nitong batang espiritwal na nagkaroon siya ng pagkakataong makaharap si ‘Abdu’l-Bahá? Isang araw, habang siya at ang kaniyang ama ay papunta sa hotel kung saan nakatira ang Master, si Leroy ay nagkaroon ng isang ideya: ipinasiya niyang gusto niyang bigyan si ‘Abdu’l-Bahá ng mga bulaklak. Gamit ang kaunti niyang pera, nakabili siya ng isang magandang bungkos ng mga puting carnation. Subalit pagdating nila sa hotel, nagbago na ang kaniyang isip. Ipinasiya niyang hindi niya gustong magbigay ng anumang materyal na bagay sa Master, kahit pa magandang mga bulaklak. Ibibigay niya ang kaniyang puso sa Kaniya. Iyon ang pinakamahalagang bagay na maiaalay niya. Sa gayon, ibinigay ng ama ni Leroy ang mga bulaklak kay ‘Abdu’l-Bahá nang hindi binabanggit kung sino ang bumili sa mga iyon.*
>
> *Pagkatapos ay nagbigay si ‘Abdu’l-Bahá ng talumpati sa lahat ng mga kaibigang nagtipon sa hotel upang makaharap Siya. Habang nagtatalumpati Siya, si Leroy ay nakaupo nang tahimik sa Kaniyang paanan at nakikinig sa Kaniyang mga salitang marunong at mapagmahal. Pagkatapos, ang Master ay tumayo at nakipagkamay sa mga panauhin, at binigyan ang bawat isa ng isang puting carnation bilang tanda ng Kaniyang pagmamahal. Nakatayo na si Leroy sa yugtong iyon sa likod ng Master. “Hay! Sana umikot Siya at bigyan ako ng isa sa mga bulaklak na iyon,” inisip ng bata. Maaaring, sa lihim ng kaniyang puso, ay gusto niyang malaman ng Master kung sino talaga ang bumili ng magandang mga bulaklak para sa Kaniya. Subalit, isa-isa, ang mga puting carnation ay naibibigay sa ibang mga tao, at waring hindi makatatanggap si Leroy ng bulaklak. Tapos, biglang umikot ang Master at tinitigan si Leroy Ioas. Kumikinang sa pagmamahal ang Kaniyang mukha at puno ng kabaitan ang Kaniyang mga mata. At binigyan ba Niya si Leroy ng puting carnation? Hindi. Binigyan ni ‘Abdu’l-Bahá si Leroy ng isang bagay na higit na mahalaga pa. Nakasuot si ‘Abdu’l-Bahá ng magandang pulang rosas sa Kaniyang damit. Tinanggal Niya ito at ibinigay sa bata. Lumukso sa kaligayahan ang puso ni Leroy. Alam nga ng Master kung sino ang bumili para sa Kaniya ng puting mga carnation.*

**E. Laro: “Hinuhuli ang Buntot ng Dragon”**

Upang simulan ang kasunod na gawain, patayuin ang mga bata sa isang hanay, at ilagay ang kanilang mga kamay sa mga balikat o sa baywang ng batang nasa harap niya. Ang unang bata sa hanay ay ang ulo ng dragon. Ang huling bata sa hanay ay ang buntot ng dragon, na maliksing kumukumpas sa kanan at kaliwa upang makaiwas sa ulo. Kailangang hindi kumikilos ang hanay hanggang hindi sinasabi ang “Go”. Ang isang bata ay dapat bumilang ng, “Isa, dalawa, tatlo, go!” Sa pagsabi ng “Go”, ang ulo ay dapat tumakbo patungo sa buntot at sikaping hulihin iyon. Ang buong katawan ay dapat sumunod sa ulo at ang buong katawan ay dapat manatiling buo. Kung magtagumpay ang ulo na mahawakan ang buntot, o kung maghiwalay ang katawan, ang ulo ang magiging buntot, at ang kasunod sa bata sa hanay ang magiging ulo.

Ang laro ay maaaring magpatuloy sa ganitong paraan hanggang ang bawat bata ay nagkaroon na ng pagkakataong maging ulo o buntot nang minsan man lamang.

**F. Pagkukulay: Drowing 7**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 8

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Simulan ang klase sa karaniwang paraan sa pag-alay ng isinaulong dasal at paghiling na umusal din ang sa ilang mga mag-aaral na inyong pinili nang mas maaga. Pagkatapos ay tulungan ninyong magbalik-aral ang mga bata ng dalanging sinimulan nilang pag-aralan sa Aralin 5.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

## Sa Lahat ng Oras

KORO:

```
           E           A
Sa lahat ng oras, ipakita ang pagiging
B         E      A      B
Makatotohanan at ang katapatan

           E           A
Sa lahat ng oras, ipakita ang pagiging
B         E      A      B
Makatotohanan at katapatan (ulitin)


         E                   A            B
Sa pagsasalita ko inilahad ko'ng aking puso
 E                      A     B
Gabay ko'y totoo at mabait na dila
E                    A      B
O, anong yaman ang pagkamatapat
A         E          B         E
Pinaghalong katapatan at kadalisayan
A         E          B     E  A E
O, anong yaman ang pagkamatapat
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

Sa paglilingkod ko, binibigay ko'ng aking puso
Kalooban ay nililinis at nanalangin muna
Nang sa ganoon kilos ko'y may tunay na pagkakaisa
O, anong yaman ang pagkamatapat
O, anong yaman ang pagkamatapat

Sa pagdarasal ko, inialay ko ang aking puso
Nakapitik ako at iniisip ang Diyos
Isinantabi ko'ng aking mga kahiligan
Di ko na iniisip ang sariling pangangailangan
Iniisip ko katapatan ng aking mga gawa

KORO *(ulitin)*

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Upang ipakilala ang isasaulong sipi, maaari ninyong gamitin ang sumusunod na mga ideyang nauugnay sa tema ng aralin:

> Kapag sinasalamin ng ating mga salita at mga gawa ang nilalaman ng ating mga puso, ipinakikita natin ang katangian ng pagiging taos-puso. Ang pagiging taos-puso ay ang nagbibigay sa atin ng inspirasyon upang maging makatotohanan at matapat sa ating mga ugnayan sa mga iba. Halimbawa, kapag humihingi tayo ng paumanhin dahil sa nagawa natin at alam din natin sa ating mga puso na gagawin natin ang lahat upang hindi na maulit ang ating pagkakamali, tayo ay nagiging taos-puso. Sa pamamagitan ng ating pagiging taos-puso, nakikita ng mga iba ang kadalisayan ng ating mga puso at nagtitiwala sila sa atin. Bilang tulong sa atin upang matandaan ang kahalagahan ng katangiang ito, isasaulo natin ang sumusunod na sipi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Sa lahat ng panahon ay dapat nating ihayag ang ating pagkamakatotohanan at pagiging taos-puso . . ."**[107]

*Ihayag*

1. Nilinis ni Csaba ang putik mula sa kabibing nahanap niya sa tabing dagat at pinakintab ito hanggang sa makinis at makinang ito. Nang matapos siya, ang tunay na kagandahan ng kabibi ay naihayag.

2. Nang sumikat ang araw at nahawi ang ulap, naging hayag ang mga bundok.

*Pagiging taos-puso*

1. Madalas na naglalaro ang mga kaklase ni Leo sa halip na nag-aaral. Nag-aalala si Leo na baka mapinsala ang kanilang pag-aaral, kaya iminungkahi niyang sabay-sabay silang mag-aral at sinisikap niyang makapag-isip ng mga paraan upang matulungan nila ang isa't isa na matuto. Taos-puso ang malasakit ni Leo para sa kaniyang mga kaklase.

2. Nangako si Rosa sa kaniyang ina na gagawin niya araw-araw ang kaniyang takdang-aralin. Kahit na wala ang mga magulang ni Rosa, masigasig na ginagawa niya ang kaniyang mga takdang-aralin. Si Rosa ay taos-puso sa kaniyang pangako.

**D. Kuwento**

Ang kuwentong isasaysay mo sa mga bata sa araling ito ay makatutulong sa kanila upang pag-isipan kung ano ang ibig sabihin ng pagtataglay ng katangian ng pagiging taos-puso at upang makita kapag ito ay nagkukulang.

*Sa loob ng maraming taon ang isang malaking puno ay tumutubo sa likod ng isang bahay na pag-aari ng mag-asawang may ilang mga anak. Habang lumalaki ang puno, ang mga sanga nito ay tumataas at lumalago, nililiniman ang likuran ng bahay ng pamilya. Isang umaga noong taglamig, dumaraan ang tatay sa ilalim ng puno nang makasalubong niya ang isang kapitbahay. Nag-usap sila sandali sa mga pangyayari sa nayon. Pagkalipas ng ilang sandali, napansin ng kapitbahay ang malaking puno, at sinabi sa tatay na, "Alam mo, kailangan mo na talagang putulin ang napakalaking punong iyan. Ang laki-laki na nito at kung saan-saan tumutubo ang mga sanga nito. Paano na lang kung biglang mabali ang isang sanga at bumagsak sa iyong bubong—o lalong masama pa, paano kung bagsakan ang isa sa iyong mga anak habang naglalaro sila sa lilim nito?" Nang maghiwalay na ang dalawa, pinag-isipan ng tatay ang payo ng kaniyang kapitbahay. Ang punong iyon ay nakatayo na sa lugar na iyon bago pa niya magunita, at wala naman itong idinudulot na pinsala. Nagbibigay ito ng magandang lilim sa tag-init, at ikinukubli ito sa malupit na mga hangin ng taglamig. Waring matibay at matatag naman ito. "Gayumpaman, maaaring may punto ang aking kapitbahay," sinabi niya sa kaniyang sarili. "Kung minsan ay mapanlinlang ang mga hitsura. Paano na lang kung hindi pala matibay ang puno?" At sa gayon ay ipinasiya niyang putulin iyon.*

*Mahirap na gawain iyon, dahil napakalaki ng puno, at marami itong mga sanga, na ang ilan ay mataas na mataas. Nang matapos na ang tatay sa kaniyang gawain, bumalik ang kaniyang kapitbahay, kasama ang dalawa niyang anak at isang kareton. "Ipinasiya mo na palang putulin ang puno," sinabi ng lalaki habang tinitingnan ang maraming tambak ng kahoy. "Kailangan mo siguro ng maghahakot ng mga kahoy na iyan. Tutulungan ka namin. Isinama ko ang dalawa kong anak at ang aming kareton, at aalisin namin itong lahat mula sa iyong bakuran." Nang hindi na hinihintay ang sagot ng tatay, nagsimula nang itambak ng dalawang anak ang mga kahoy sa kareton. Habang tinutulak nila ang kareton na punong-puno ng kahoy, umupo ang tatay sa tuod ng punong lumilim sa kaniyang bahay sa loob ng napakahabang panahon. Doon niya natantong hindi pala malasakit sa kaniyang pamilya ang nadarama ng kaniyang kapitbahay kundi ay ang mapagkukunan ng panggatong na magagamit nila para sa mahabang mga buwan ng taglamig. "Talaga ngang kung minsan mapanlinlang ang mga hitsura," sinabi niya nang may buntong-hininga. Napakalungkot na nawala sa pamilya ang maganda nitong puno noong araw na iyon. Subalit higit na malungkot pa—nawala na sa kapitbahay ang pagtitiwala ng tatay at ang isang pagkakataong makamtan ang mabuting kaluguran ng Diyos.*

**E. Laro: “Mainit o Malamig”**

Piringan ang isang bata at dapat siyang tumalikod sa grupo. Itatago ng ibang mga bata ang isang maliit na bagay, tulad ng lapis o krayon, pagkatapos niyon ay alisin ang piring mula sa unang bata, at hahanapin niya ang bagay na itinago. Ang ibang mga bata ay dapat tumulong sa pamamagitan ng pagpalakpak nang malakas kapag lumalapit ang bata sa natatagong bagay. Kapag lumalayo ang bata sa natatagong bagay, dapat mahina ang palakpak. Maaaring sa halip ng pagpalakpak ay sasabihin ng mga bata ang “mainit”, “mas mainit”, at “napakainit” kapag lumalapit ang bata sa nakatagong bagay, at “malamig”, “mas malamig”, at “napakalamig” kapag lumalayo ang bata sa nakatagong bagay. Dapat mag-ingat ang mga bata na hindi nila lolokohin ang batang naghahanap; dahil kung ganoon ang mangyayari ay mawawala ang tiwala ng batang naghahanap sa kaniyang mga kaklase, at ang laro ay mawawalan ng saysay.

**F. Pagkukulay: Drowing 8**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 9

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Upang simulan ito at ang kasunod na tatlong aralin, pumili ng isang isinaulong dalangin, tulad ng imunumungkahi sa Bahagi 10. Ang ilang mga mag-aaral ay maaari ding bumigkas ng mga dalanging pambungad, at pagkatapos niyon ay maaari na ninyong ipakilala ang sumusunod na dalanging isasaulo. Ang dalanging ito ay mas mahaba sa naunang dalawang isinaulo ng mga bata, subalit madali nilang mauunawaan ito, at inaasahang naisaulo na nilang lahat ito hanggang sa Aralin 12.

> **“Pinagpala ang lugar, at ang tahanan, at ang pook, at ang lungsod, at ang puso, at ang kabundukan, at ang kanlungan, at ang yungib, at ang kalambakan, at ang lupa, at ang dagat, at ang pulo, at ang parang, na ang Diyos ay binanggit at ang Kaniyang kapurihan ay niluwalhati.”[108]**

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Maging Tulad ng Lupa

```
  C              G
Tingnan ang lupa,
 F               G    C
Siya’y nagpakumbaba
    C                G
Sagana siya ng yaman
  F      G       C
Na ating kailangan
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

C G
Araw-araw niyayapakan

F G C
Ngunit kailanma'y 'di nagsabi

G F G C
"Mas mayaman pa ako sa iyo"

Tingnan ang puno,
Siya'y nagpakumbaba
Kung kailan marami ang kaniyang bunga,
Kusang yuyuko sa lupa.
Nagbabahagi siya lagi sa atin,
Ngunit kailanma'y 'di nagsabing
"Mas mayaman
Pa ako sa iyo"

C G
Maging tulad ng lupa,

F G C
Maging tulad ng puno.

G F
Lumipad sa kaluwalhatian,

G C
Sa bagwis ng kababaang-loob.

G F
Lumipad sa kaluwalhatian,

G C
Sa bagwis ng kababaang-loob.

### C. Pagsasaulo ng mga sipi

Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo upang ipakilala ang tema ng araling ito at ang isasaulong sipi.

> Ang isang napakahalagang katangiang espiritwal ay ang pagpapakumbaba. Kinikilala ng mga mapagkumbaba sa harap ng Diyos ang kadakilaan ng Diyos at ng Kaniyang nilikha. Alam nilang kapag wala ang Kaniyang tulong at biyaya, kahit sino sa atin ay walang matatamo. Siya ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Yamang hindi tayo kailanman magpapakita ng pagmamataas sa harap ng Diyos, nananatili tayong mapagkumbaba sa harap ng Kaniyang nilikha. Tinatandaan nating ang daigdig at ang lahat ng naroroon ay nilikha Niya at sinasalamin ang Kaniyang mga tanda at mga katangian. Iginagalang natin ang kalikasan at alam natin sa kaibuturan ng ating mga puso na lagi tayong may matututunan mula sa mga nakapalibot sa atin. Isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"O Anak ng Tao! Magpakumbaba ka sa harapan Ko, upang Ako ay magiliw na dumalaw sa iyo."[109]**

*Magpakumbaba*

1. Si Zainab ay masigasig na gumagawa ng kaniyang mga takdang aralin sa math at laging mahusay sa klase. Siya ay mapagpakumbaba at kailanman ay hindi siya nagyayabang tungkol sa kaniyang mga tagumpay.

2. Ang mga bata sa kapitbahayan ni Yong Fu ay sabik matuto, at hiniling sa kaniyang bumuo ng isang maliit na klase para sa kanila. Kahit na kaunti lamang ang kaniyang karanasan at itinuturing na hindi karapat-dapat ang kaniyang sarili, inilalagay niya ang kaniyang tiwala sa Diyos at ginagawa ang pinakamahusay na kaya niya. Hinaharap niya ang kaniyang gawain nang mapagpakumbaba.

*Magiliw*

1. Inanyayahan ng pamilya ni Candace ang ilang mga kapitbahay sa kanilang tahanan para sa isang salu-salo. Sa pagdating ng mga panauhin, malugod silang binati ni Candace at magiliw niyang inalok sila ng malamig na inumin.

2. Nakita ni Giovanni ang kaniyang matandang kapitbahay na hirap na hirap naglalakad pauwi dala ang kaniyang mga pinamili, kaya magiliw niyang binuhat ang mga iyon para sa kaniya.

## D. Kuwento

*Ang pagpapakumbaba ay isa sa namumukod na katangian ni 'Abdu'l-Bahá. Maraming tao ang nagnanais magbigay sa Kaniya ng dakilang mga titulo, subalit nais lamang Niyang tawagin Siya ng "'Abdu'l-Bahá", na ang ibig sabihin ay "Tagapaglingkod ng Luwalhati". Ang Kaniyang pinakamaalab na hangarin ay ang maglingkod. Minsan, gumawa ang ilang mga panauhing mayaman ng isang kumplikadong plano para sa paghugas Niya ng kamay bago kumain. Ang isang batang lalaki na magara ang damit ay may hawak na magandang mangkok na may "tubig na krystal" at isang mabangong tuwalya na naghihintay sa Kaniya. Nang makita ng Master ang grupo ng mga kaibigang lumalapit mula sa kabila ng damuhan—kasama ang bata, ang mangkok, at ang tuwalya—alam na Niya ang kanilang layunin. Nagmadali Siyang humanap ng tubig sa malapit, hinugasan ang Kaniyang mga kamay, at pinunasan ang mga ito gamit ang isang pamunas ng hardinero. Nang nagniningning, bumaling Siya upang batiin ang grupo. At pagkatapos, sa pagkakaloob sa Kaniyang mga panauhin ng mismong parangal na para sa Kaniya, buong pagmamahal Niyang inihandog sa kanila ang tubig at ang mabangong tuwalya!*

## E. Laro: "Kung Minsan Kami ay Matangkad"

Piringan ang isang bata at ang lahat ng iba ay bubuo ng isang bilog palibot sa kaniya. Sabay-sabay sasabihin ng mga batang nasa bilog na:

"Kami ay napakatangkad." (Dapat silang tumayo nang nakatiyad at umanat pataas)

"Kami ay napakapandak." (Dapat silang tumayo nang nakatingkayad at sikaping paliitin ang kanilang mga sarili)

"Kung minsan kami ay matangkad." (Muli silang titiyad.)

"Kung minsan kami ay pandak." (Muli silang titingkayad.)

Ngayon ay senyasan ang mga bata, kung dapat ba silang nakatiyad o nakatingkayad, at kasabay niyon ay sabay-sabay nilang sasabihin:

"Hulaan kung ano na kami ngayon!"

Sisikaping hulaan ng batang nakapiring, batay sa kanilang mga boses, kung sila ba ay "pandak" o "matangkad". Ang bawat bata ay dapat magkaroon ng pagkakataong piringan.

**F. Pagkukulay: Drowing 9**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 10

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Pagkatapos ng panimulang mga dalangin, dapat ipagpatuloy ng mga bata ang pagsasaulo ng dasal na ipinakilala sa nakaraang aralin

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Panginoon Papuri sa Iyo

C Am Em
Panginoon papuri sa Iyo,

F G C Am
Sa kahabagang sa aki'y ipinagkaloob Mo

F C G7 Am
Sa pagkinang nito lubos ang pasalamat ko,

Dm G7 C
Panginoon papuri sa Iyo.

C Am Em
Panginoon papuri sa Iyo

F G C Am
Sa kahabagang sa aki'y ipinagkaloob Mo.

F C G7 Am
Sa pagkinang nito lubos ang pasalamat ko,

Dm G7 C
Panginoon papuri sa Iyo.

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

```
      C              Am        Em
Panginoon papuri sa Iyo,
            F       G          C                   Am
Sa pag-ibig at kaalamang naitanim sa puso ko.
        F        C        G7        Am
Uunlad at lalago, lubos ang pasalamat ko,
        Dm       G7        C
Panginoon papuri sa Iyo.

       C              Am         Em
Panginoon papuri sa Iyo,
            F       G         C                    Am
Sa pag-ibig at kaalamang naitanim sa puso ko.
        F        C         G7        Am
Uunlad at lalago, lubos ang pasalamat ko,
      Dm          G7           C
Panginoon papuri sa Iyo.

          D        Bm       F#m
Panginoon papuri sa Iyo.
          G        A        D        Bm
Liwanag ng katotohanang tumanglaw sa mata ko
          G        D        A7       Bm
Sa mga biyaya Mo lubos ang pasalamat ko,
          Em       A7       D
Panginoon papuri sa Iyo (ulitin 4X)
```

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang pagsasaulo ng sipi ay maaaring ipakilala sa inyong mga mag-aaral sa sumusunod na paraan:

> Kapag nakatatanggap tayo ng kahit pinakamaliit na regalo, pinasasalamatan natin ang taong nagbigay niyon sa atin. Lalo pa nating dapat pasalamatan ang Diyos para sa Kaniyang di-mabilang na mga kaloob at mga biyaya—nagmamahal na mga matang magtatanod sa atin, mga pusong iibig sa atin, at ang lahat ng nilikha Niya upang lumaki at umunlad. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá sa atin na dapat tayong magpasalamat sa Diyos dahil sa maraming mga biyayang ibinigay Niya sa atin at dahil sa pinupuspos Niya ang ating mga puso ng Kaniyang pag-ibig. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos sa lahat ng panahon, kahit sa mga panahon ng kahirapan. Ang pagpapasalamat sa Diyos ay nagbibigay-daan upang makatanggap tayo ng higit at higit pa mula sa Kaniyang mga biyayang walang hanggan. Isaulo natin ang sumusunod na sipi:
>
> **“Maging maligaya kayo. Maging mapagpasalamat kayo. Magbangon upang magbigay ng pasasalamat sa Diyos, upang ang inyong pagpapasalamat ay makatulong sa pagyabong ng biyaya.”[110]**

*Magbangon*

1. Masaya si Salma nang makita niya ang kaniyang lola ay nagbangon sa kaniyang higaan at naglalakad-lakad pagkaraan ng mahabang karamdaman.

2. Ang mga bata ay nagbabangon nang maaga tuwing umaga upang magdasal.

*Makatulong*

1. Si Nadia ay laging malinis. Alam niyang ang kalinisan ay mahalaga para sa espiritwal na pag-unlad. Ang kalinisan ay nakatutulong sa pagiging espiritwal.

2. Ang mga miyembro ng pamilya ni Seff ay nagtutulungan ng isa't isa sa lahat ng mahalagang mga bagay. Dahil sila ay nagtutulungan, sila ay namumuhay sa pagkakasundo. Ang pagtutulungan ay nakatutulong sa pagkakasundo.

*Pagyabong*

1. Noong nakaraang linggo, lima pa lamang ang bunga sa puno sa bakuran ni Maria. Ngayon ay naging walo na ang bunga. Yumayabong ang mga bunga sa puno.

2. Si Shayan ay isang maligayang bata, at ang kaniyang kaligayahan ay lalo pang tumitindi kapag nakatutulong siya sa mga iba. Ang kaniyang kaligayahan ay yumayabong kapag nakapaglilingkod siya sa mga iba.

**D. Kuwento**

*Isang araw, may mayaman na babae mula sa malayong lugar ang dumating upang dalawin si 'Abdu'l-Bahá sa Banal na Lupain. Isa-isang sinabi ng babae sa Kaniya ang lahat ng marami niyang maliliit na mga suliranin. Matagal nakinig si 'Abdu'l-Bahá nang buong tiyaga at kabaitan sa babae hanggang sa kailangan na Niyang puntahan ang kasunod Niyang panauhin. Subalit bago Niya iwan ang babae, itinuro Niya ang isang lalaking naglalakad sa labas ng bintana. "Iyon ay isang taong ipakikilala Ko sa iyo," sinabi Niya. "Ang kaniyang pangalan ay Mírzá Ḥaydar-'Alí. Lumalakad siya sa lupa subalit nakatira siya sa langit," ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá. "Nagkaroon siya ng maraming mga suliranin at ikukuwento niya ang mga iyon sa iyo."*

*Talaga ngang maraming mga suliranin si Mírzá Ḥaydar-'Alí. Siya ay mula sa Persia, kung saan ang mga Bahá'í ay pinakikitunguhan nang walang katarungan at matinding kalupitan. Ang ilan ay dinadakip at ikinukulong nang walang kasalanan; ang mga iba ay binubugbog ng mga taong punong-puno ng pagkamuhi at poot. Labis kayong malulungkot kung malalaman ninyo ang lahat ng dinanas ni Mírzá Ḥaydar-'Alí sa kaniyang buhay.*

*Ngayon, sinundo ni 'Abdu'l-Bahá si Mírzá Ḥaydar-'Alí at isinama siya upang makilala ang Kaniyang panauhin. Pagkatapos Niyang ipakilala siya sa babae, umalis na si 'Abdu'l-Bahá. Agad na nagsimula si Mírzá Ḥaydar-'Alí sa pagsasalita, sa matinding kaligayahan at pagpapakumbaba, tungkol sa kamangha-manghang panahon na tayo ay nabubuhay at ng lahat ng mga pagpapala ng Diyos na darating pa. Nakinig sandali ang babae, at nang mainip na ay sumabad, "Pero sabi ni 'Abdu'l-Bahá na ikukuwento*

*mo sa akin ang iyong mga suliranin." Umangat ang kaniyang ulo sa pagkagulat. "Mga suliranin?" tugon niya. "Aba, ginang, hindi ako kailanman nagkaroon ng suliranin. Hindi ko alam kung ano ang suliranin." Mangyari pa, alam ni 'Abdu'l-Bahá na bagaman maraming dinanas si Mírzá Ḥaydar-'Alí na matinding mga suliranin, ang mga iyon ay hindi kailanman pumawi sa kaniyang kaligayahan, at ang tangi niyang nakikita ay ang lahat ng mga pagpapala sa buhay na ibinigay sa kaniya ng Diyos, na pinasasalamatan niya ang mga iyon.*

**E. Laro: "Mabilis na Senyas"**

Sabihin sa mga bata na bumuo ng isang bilog nang magkakahawak ang mga kamay. Una ay mag-ensayo muna sila sa pagpisil ng kaliwang kamay, at pagkatapos ay ng kanang kamay. Pagkatapos ng ensayo, ipaliwanag sa kanilang magpapadala sila ng senyas palibot sa buong grupo. Magsisimula ang isang bata sa mabilis na pagpisil sa kamay ng bata na nasa kaniyang kanan, na ang batang iyon naman ay ipapasa ang senyas sa kasunod na bata, at patuloy na ganoon hanggang makabalik ang senyas sa unang bata. Dapat orasan ang mga bata at hamunin na maging mas mabilis ang pag-ikot ng senyas. Kapag natutunan na nila ito, maaari ninyong hilingin sa kanilang paikutin naman ang senyas sa kaliwa, o di kaya ay dagdagan ang bilang ng mga pisil sa kamay.

**F. Pagkukulay: Drowing 10**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 11

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Simulan ang klase sa karaniwang paraan sa pagbigkas ng isinaulong dalangin at sa pag-anyaya sa ilang mga mag-aaral na bumigkas din ng dasal. Pagkatapos ay maaari na ninyong tulungan ang mga bata na ituloy ang pagsasaulo ng dasal na sinimulan nilang matutunan sa Aralin 9.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Hanapin ang Kabutihan

```
          C
Kahusayan ang  layunin ko
                 F7
Ngunit ang hirap gawin nito
                  C
Di ako malilito
                  G7              C
Kabutihan lang ang tingnan ko
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

F7
Kaya ’pag may pagkakamali
C
Di na dapat palakihin pa
G7
Di ko na rin ipagsasabi
F7 C
Ni sa isip di sasagi

KORO:

F7
Kabutihan ang tingnan ko
C
Kagandahan ang pansinin ko
G7
Yan lang ang gagawin ko
F7 C
Aasahan ko rin na gagawin mo
F7
Panginoo’y yan ang gusto
C Am
Kabutihang gagawin ko
C G F7 C
Di ko papansinin ang mga pagkakamali ng iba
C G7 F7 C
Gagabayan Niya ang aking mga gawi

F7 C
Marunong nga si ‘Abdu’l-Bahá
F7
Puso mo’y nasisilayan Niya
C
Ang kabahirang nakita
G7
Tutulungan kang pawiin na
C
Kaya ’pag ako’y may nakita
F7
Pagkakamali din ng iba
C
Gagawin ko’y alam ko na
G7
Tutularan si ‘Abdu’l-Bahá

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

KORO

C G F7 C
Di ko papansinin ang mga pagkakamali ng iba
C G7 F7 C
Gagabayan Niya ang aking mga gawi

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Iminumungkahing ipakilala ninyo ang tema ng aralin at ang isasaulong sipi sa pagbabahagi sa inyong mga mag-aaral ng sumusunod na mga kaisipan:

> Ang pagpapatawad ay isa sa mga katangian ng Diyos. Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá sa atin na dapat lagi tayong mapagpatawad sa isa’t isa. Dapat tayong tumingin gamit ang mga mata ng kapatawaran at hindi tingnan ang mga pagkukulang ng isa’t isa. Kung susunod tayo sa halimbawa ni ‘Abdu’l-Bahá, magpapakita tayo ng kapatawaran hindi lamang sa ating mga kaibigan kapag sila ay nagkakamali kundi gayundin sa mga masungit sa atin. Upang matulungan tayo sa ating mga pagsisikap na maging mapagpatawad, isaulo natin ang sumusunod na sipi:
>
> **“. . . gawing palamuti ninyo ang pagpapatawad at habag at yaong nagpapaligaya sa mga puso ng mga itinatangi nang lubos ng Diyos.”**[111]

*Habag*

1. Ang ulan ay nagpatuloy sa sunod-sunod na araw. Kahit na binabaha na ang nayon, hindi pa rin humihinto ang ulan. Ang ulan ay walang habag.

2. Kapag nagdarasal tayo sa Diyos, pinapatawad Niya ang ating mga pagkakamali. Nagpapakita Siya ng habag sa atin.

*Nagpapaligaya*

1. Masama ang pakiramdam ni Ursula. Dinalhan siya ng kaniyang kaibigang si Elsie ng mga bulaklak at umupo sa tabi niya nang matagal, habang nagkukuwento at nakikipag-usap sa kaniya. Ang pagdalaw ni Elsie ay nagpagaan sa karamdaman ni Ursula. Ang kaniyang pagdalaw ay nagpaligaya sa puso ni Ursula.

2. Si Gng. Sanchez ay nakatanggap ng mahabang sulat mula sa kaniyang asawa, na pumunta sa ibang bayan upang magtrabaho. Ang liham ay naghatid ng magandang balita na hindi magtatagal ay uuwi na siya. Ang balitang iyon ay nagpaligaya sa kaniya.

*Itinatangi*

1. Mahal ng guro ang lahat ng kaniyang mga mag-aaral at binibigyan ng tanging pansin ang bawat isa. Itinatangi niya silang lahat.

2. Gusto ni James ang lahat ng asignatura sa paaralan, subalit pinakamahusay siya sa agham. Ang agham ang asignaturang labis niyang itinatangi.

## D. Kuwento

*Sa panahong naninirahan ang Master sa 'Akká, may isang gobernador na muli't muling sinisikap magdulot ng pinsala sa mga Bahá'í. Sa isang pagkakataon, gumawa siya ng plano upang sirain ang kanilang hanapbuhay: inutusan niya ang kaniyang mga guwardiya na isara ang lahat ng mga tindahan ng mga Bahá'í at dalhin sa kaniya ang mga susi. Subalit nabalitaan ni 'Abdu'l-Bahá ang plano ng gobernador at sinabihan ang mga kaibigan na huwag magbukas ng kanilang mga tindahan sa kinabukasan. Sinabi Niya sa kanilang maghintay upang makita kung ano ang itatalaga ng Diyos.*

*Isipin ang pagkagulat ng gobernador nang malaman niyang hindi maibigay sa kaniya ng mga guwardiya ang mga susi dahil hindi nagbukas ang mga tindahan. Ngunit bago siya makaisip ng kasunod na gagawin, nangyari ang hindi inaasahan. May dumating na telegrama mula sa mga opisyal na mas mataas sa kaniya, na inaalis na siya sa kaniyang tungkulin bilang gobernador ng lungsod. At sa gayon ang mga tindahan ng mga Bahá'í ay nailigtas.*

*Ang dating gobernador ay inutusang umalis sa 'Akká at pumunta sa ibang lungsod, na tinaguriang Damascus. Hindi niya alam kung ano ang gagawin niya. Kailangan niyang umalis agad at mag-isa lamang. Paano na ang kaniyang pamilya? Sino ang tutulong sa taong hindi na kinikilingan ng pamahalaan? Narinig ng Master ang balita at pinuntahan siya. Siya ay nakitungo sa sawimpalad na lalaki nang buong kabaitan, na waring hindi siya kailanman gumawa ng masama laban sa Pananampalataya. Ni minsan ay wala Siyang binanggit sa nakaraang mga kasalanan niya. Sa halip, nag-alok Siya ng tulong sa anumang paraang maaari. Nag-aalala ang dating gobernador sa pag-iwan ng kaniyang asawa at mga anak. Tiniyak ni 'Abdu'l-Bahá sa kaniya na aasikasuhin Niya ang lahat. Sa kalaunan ay isinaayos Niya ang isang maginhawang paglalakbay, inatasan ang isang maaasahang tao na samahan ang asawa at mga anak, binayaran ang lahat ng mga gastusin, at pinapunta ang pamilya sa Damascus.*

*Nagdiwang ang dating gobernador nang muli niyang makapiling ang kaniyang pamilya. Taglay ang pusong nag-uumapaw sa pasasalamat, hinarap niya ang lalaking naghatid sa kaniyang pamilya at itinanong kung magkano ang ginastos sa paglalakbay. Sinabi ng lalaki na binayaran iyon ni 'Abdu'l-Bahá. Pagkatapos ay binibigyan ng dating gobernador ang lalaki ng isang regalo dahil sa kaniyang kabaitan at pag-aasikaso sa paglalakbay. Subalit ayaw tanggapin iyon ng lalaki ; ang sabi niya ay sumusunod lamang siya kay 'Abdu'l-Bahá at hindi niya kailangan ng anuman para sa kaniyang paglilingkod. Pagkatapos ay inanyayahan ng dating gobernador ang lalaki na tumuloy man lamang nang isang gabi sa kaniyang tahanan bilang kaniyang panauhin. Subalit sinabi ng lalaki na sabik siyang sumunod sa utos ng Master, na sinabihan siyang umuwi agad sa 'Akká. Nakiusap ang dating gobernador na maghintay man lamang sandali upang makasulat siya ng liham para kay 'Abdu'l-Bahá. Ito ay sinang-ayunan ng lalaki at sa kaniyang pagbalik sa 'Akká ay ibinigay ang liham sa Master. Nakasulat sa liham na, "O 'Abdu'l-Bahá, sumasamo akong patawarin Mo ako. Hindi ko naunawaan. Hindi Kita nakilala. Gumawa ako ng malaking kasamaan sa Iyo. Ginantihan Mo ako ng malaking kabutihan."*

**E. Laro: “Tao sa Tao”**

Sabihin sa mga bata na magpalakad-lakad habang pumapalakpak at sinasabing “tao sa tao”. Sa pagsabi mo ng “likod sa likod”, dapat silang huminto at ilapat ang kanilang likod sa isa pang bata. Sa inyong senyas, dapat silang muling magpalakad-lakad habang pumapalakpak at sinasabing “tao sa tao”. Sa pagsabi mo ng “harap sa harap”, dapat silang huminto at humarap sa isa pang bata habang nakayukod ang ulo. Ang laro ay maaaring magpatuloy sa ganitong paraan, nang inuulit itong dalawang utos nang ilang beses. Ang iba pang maaaring utos ay “tuhod sa tuhod” at “siko sa siko”.

**F. Pagkukulay: Drowing 11**

**G. Mga dalanging pangwakas**

## ARALIN 12

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Tulad ng dati, ang klase ay dapat magsimula sa mga dasal. Pagkatapos ay maaari ninyong tulungan ang mga bata na magbalik-aral sa dasal na isinasaulo nila sa nakaraang tatlong aralin. Dapat ninyong tiyaking lahat sila ay nabibigkas ito nang mahusay, sapagkat may ipakikilala na kayong bagong dasal sa Aralin 13.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Katapatan

```
            C          G          D   G
Katapatan ay higit pa sa sinag ng araw
            C          G          D   G
Katapatan ay higit pa sa sinag ng araw
            C      G       D  G
Pagagandahin nito ang ating dila
            C      G       D  G
Pagagandahin nito ang ating dila
```

Pagkamatapat ay hiyas ng kaluluwa
Pagkamatapat ay hiyas ng kaluluwa
Katapatan ay higit pa sa sinag ng araw
Katapatan ay higit pa sa sinag ng araw

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang sumusunod ay ilang mga ideyang maibabahagi ninyo sa inyong mga mag-aaral upang ipakilala ang tema ng aralin, na iyon ay ang integridad, at ang isasaulo nilang sipi.

Ang mga hardin ay pinapalamutihan ng mga bulaklak na iba't iba ang hugis at kulay. Kapag tagsibol, ang mga puno ay pinapalamutihan ng mga mabangong mga buko. Pinapalamutihan natin ang ating mga sarili ng mga damit na malinis at walang bahid. Ang lahat ng mga palamuting ito ay lumilikha ng kagandahan. Subalit, higit pa sa mga bagay na materyal, ang luningning ng mga katangiang espiritwal ang nagpapaganda sa tao, at nagbibigay ng kaligayahan sa ating mga puso. Ang isa sa pinakamagandang katangian na magagamit natin bilang palamuti ng ating mga buhay ay ang integridad. Kapag pinagaganda natin ang ating mga sarili sa pamamagitan ng integridad, hindi natin kinukuha ang mga bagay na pag-aari ng ibang tao nang hindi nagpapaalam sa kanila, hindi tayo kailanmang nandaraya o ginagantso ang ibang tao upang gumawa ng anuman. Upang matandaan natin itong katangian ng integridad, isaulo natin ang sumusunod na sipi ni Bahá'u'lláh:

**"Pagandahin ang inyong mga dila, O mga tao, ng pagkamakatotohanan, at gayakan ang inyong mga kaluluwa ng palamuti ng integridad."**[112]

*Pagandahin*

1. Si Malit ay nagtanim ng magandang mga rosas sa hardin. Ang mga rosas ay nagpapaganda sa hardin.

2. Si Sunil ay nagsasabi ng katotohanan lamang. Ang kaniyang mga salita ay laging pinagaganda ng pagkamakatotohanan.

## D. Kuwento

*Sa huling bahagi ng Kaniyang buhay, nagawa ni 'Abdu'l-Bahá ang maglakbay sa maraming mga lugar sa daigdig. Saanman Siya pumunta, nakipagkita Siya sa mga tao mula sa lahat ng antas sa buhay—mga manggagawa at mga pinuno, mga tagapagturo at mga siyentipiko—at ginawa Niya ang makakaya Niya upang mapalagay ang loob ng lahat. Isang araw, sa Ehipto, inanyayahan Niyang mananghalian ang isang opisyal ng pamahalaan na mataas ang ranggo. Ipinasiya ni 'Abdu'l-Bahá ang mag-arkila ng karwahe na sasakyan nila patungo sa kanilang paroroonan, dahil ang opisyal ay sanay sa ganitong uri ng kaginhawahan.*

*Hindi mahaba ang paglalakbay, at hindi nagtagal ay dumating sila sa lugar kung saan sila mananaghalian. Subalit nang lumapit ang kutsero kay 'Abdu'l-Bahá para sa bayad, labis-labis sa tamang halaga ang sinisingil niya sa biyahe. Alam ni 'Abdu'l-Bahá na walang integridad ang kilos ng kutsero. Ibinayad lamang Niya sa kutsero ang tamang halaga, at tumalikod na upang umalis.*

*Nang sinubukang makipagtalo ng kutsero, naging matatag si 'Abdu'l-Bahá. Sinabi Niya sa kutsero, kung naging matapat sana siya tungkol sa pasahe, ginantimpalaan sana siya ng malaking halaga bilang regalo. Pagkatapos ay umalis na ang Master, at iniwan ang kutsero upang isipin ang kaniyang ginawa.*

## E. Laro: "Parisukat, Bilog, Tatsulok"

Ipinagpapalagay na alam na ng mga bata ang mga pangalan ng ilang mga hugis, tulad ng "parisukat", "bilog", at "tatsulok". Magsimula sa pagbabalik-aral ng mga pangalang ito sa

mga bata, upang matiyak na alam nila ang bawat isa. Kasunod ay ipakita ang isang papel kung saan iginuhit ninyo ang tatlong magkasunod na hugis—halimbawa, bilog, bilog, parisukat—at sabihin sa kanilang tingnan iyon nang mabuti. Pagkatapos ay itabi ang papel at hilingin sa isa sa mga bata na sabihin ang pagkakasunod-sunod ng mga hugis. Ulitin ito nang ilang beses, gamit ang mga papel kung saan iginuhit ninyo ang magkakaibang hugis na magkakasunod. Dapat mayroon din kayong mga papel na dalawa lamang ang hugis kung sakaling masyadong mahirap para sa mga batang tandaan ang tatlong hugis, at mayroon ding mga papel kung saan may apat o limang magkakasunod na hugis, kung sakaling masyadong madali para sa kanila ang tatlong hugis lamang.

Ngayon ay subukang sabihin lamang ang magkakasunod na hugis—maaaring dalawa, tatlo, o apat na hugis, batay sa kakayahan ng inyong mga mag-aaral—at hilingin sa isang bata na ulitin iyon. Pagkatapos ninyong gawin ito nang ilang beses sa bawat bata, maaari ninyong gawing mas mapanghamon ang laro sa pamamagitan ng paghiling sa mga bata na iguhit ang pagkakasunod-sunod na binibigkas ninyo.

**F. Pagkukulay: Drowing 12**

**G. Mga dalanging pangwakas**

## ARALIN 13

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Dito at sa kasunod na tatlong klase, itututok ng mga bata ang kanilang mga pagsisikap upang matutunan ang sumusunod na dalangin at maisaulo ito. Maaari ninyong ipakilala ito sa kanila pagkatapos ninyong mag-alay ng dalanging isinaulo, tulad ng iminumungkahi sa Bahagi 13, at pagkatapos din ng pagbigkas ng dalangin ng ilan sa inyong mga mag-aaral.

> **"O Panginoon! Itanim itong murang punla sa halamanan ng Iyong napakaraming mga biyaya, diligin ito mula sa mga bukal ng Iyong masuyong kabaitan at tulutan itong lumaki upang maging magandang halaman sa pamamagitan ng pagbuhos ng Iyong pagpapala at biyaya.**
>
> **"Ikaw ang Malakas at ang Makapangyarihan."**[113]

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Maging Makatarungan

KORO:

```
   A
Maging makatarungan
     E7                A
Sikaping bigyang kaginhawahan ang lahat
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

A
Maging makatarungan

E7 A
Sikaping bigyang kaginhawahan ang lahat

A E
Kung tayo'y makatarungan sa ating kapwa

E7 A
Makakamtang tiwala nila

A7 D
Gawing makatarungan ang paghahati-hati

E A
Katarungan liliwanag sa mundo

KORO

Kung tunay ang pagtulong at pagbibigay ginhawa
Susundan mo si 'Abdu'l-Bahá
Kung tunay kang tapat sa salita at sa gawa,
Ligaya at saya ang dala mo.

KORO

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Sa araling ito, matututunan ng mga bata ang isang sipi na nauugnay sa katangian ng malasakit, na maaari ninyong ipakilala sa sumusunod na paraan:

> Ang Diyos ang Pinakamadamayin, ang Pinakamahabagin. Sa panahon ng paghihirap, ibinabaling natin ang ating mga puso sa Kaniya at hinihingi ang Kaniyang pag-alo at pagpapalakas sa atin. Sa gayundin ay kailangan nating ipamalas ang malasakit sa iba. Kapag may suliranin o nalulungkot ang isang taong kilala natin, kailangang sikapin nating unawain at tulungan siya. Dapat tayong maging mapagmalasakit at mabait sa lahat ng tao, sa lahat ng kalagayan, tulad ng puno na nagbibigay ng mga bunga nito sa lahat, kahit pa sa mga bumabato dito. Si 'Abdu'l-Bahá ay laging nagpapakita ng malasakit sa lahat ng panahon, sa lahat ng tao, kahit na punong-puno ng paghihirap ang Kaniyang buhay. Upang matulungan tayo sa ating mga pagsisikap na maging mapagmalasakit, isaulo natin ang Kaniyang mga salita:

> **"Ang Kaharian ng Diyos ay nakatatag sa karampatan at katarungan at gayundin sa habag, malasakit, at kabaitan sa bawat kaluluwang nabubuhay."**[114]

*Nakatatag*

1. Ang manggagamot ay nag-aalala sa kalusugan ng mga bata sa mga nayon, kaya nagbukas siya ng klinika para maalagaan sila. Ang klinika ay nakatatag sa kaniyang pagmamahal sa mga bata.

2. Si Jenna at Mercedes ay matagal nang magkaibigan. Lagi silang magkasamang nag-aaral at ibinabahagi sa isa't isa ang nakatutulong na mga bagay na natututunan nila. Ang kanilang pagkakaibigan ay nakatatag sa kabaitan at pagmamahal.

*Karampatan*

1. Ang lahat ng mga tao sa kaharian ay masugid na gumagawa para sa kasaganaan niyon. Nang tipunin na ang lahat ng mga ani, hinati ito ng hari sa kaniyang mga mamamayan, sang-ayon sa sukat ng kanilang mga pamilya. Pinakitunguhan ng hari ang kaniyang mga mamamayan nang may karampatan.

2. Kinailangan ng sangguniang-bayan na gumawa ng kalsada patungo sa kasunod na nayon. Ipinasiya nitong paikutin ang kalsada sa mga sakahan. Sa ganitong paraan, marami ang nakinabang sa bagong kalsada subalit hindi napinsala ang mga magsasaka. Nagpakita ang sangguniang-bayan ng isang diwa ng karampatan sa pasiya nito.

*Malasakit*

1. Napansin ni Li Yong na hindi masaya ang kaniyang kaibigang si Zahra, kaya inalam niya kung makatutulong siya sa anumang paraan. Ipinaliwanag ni Zahra sa kaniya na may sakit at nasa ospital ang nanay niya. Nakinig si Li Yong kay Zahra, at nagsabing sasamahan niya si Zahra kinabukasan sa pagdalaw niya sa ospital. Si Li Yong ay nagpakita ng malasakit kay Zahra.

2. Isang araw si Shiori ay naglalakad sa kaparangan nang makita niyang nakasabit ang isang binti ng maliit na tupa sa isang bakod. Maingat na inalis ni Shiori ang binti mula sa bakod at binalot ang sugat nito. Si Shiori ay nagpakita ng malasakit sa tupa.

**D. Kuwento**

*Nang maglakbay si 'Abdu'l-Bahá sa Kanluran, sa bawat lungsod na dinalaw Niya, maraming tao ang dumalo upang makita Siya at makinig sa Kaniyang nakahihimok na mga salita. Nakipagkita Siya sa lahat ng uri ng mga tao—ang bata at matanda, ang mayaman at mahirap, ang mga opisyal at karaniwang mga tao. Ang mga ilan ay dumalo dahil sa malaki nilang pagmamahal sa Master, at ang iba ay dumalo dahil mausisa sila sa Kaniyang sasabihin.*

*Isang araw may isang babaeng dumating sa tahanan kung saan tumitigil ang Master at kumatok siya sa pinto. Siya ay isang karaniwang tao lamang, na ninanasa sa kaniyang puso na makapiling nang ilang sandali si 'Abdu'l-Bahá. "Mayroon ba kayong tipan na oras na makipagkita sa Master?" itinanong ng lalaking nagbukas ng pinto. Sinabi niyang wala. Kung gayon, ang tugon sa kaniya, hindi niya maaaring makita si 'Abdu'l-Bahá dahil nakikipagkita na Siya sa mataas na mga tao. Malungkot siyang tumalikod at nagsimulang bumaba sa mga hagdan sa harap ng bahay. Puspos*

*ng kabiguan ang kaniyang puso! Subalit biglang may dumating na mensahero mula kay ‘Abdu’l-Bahá, at hiniling sa kaniyang bumalik. Nais siyang makita ng Master. Ang Kaniyang tinig, na may kapangyarihan at awtoridad, ay narinig na nagsasabing, “May pusong nasaktan. Dali, dali, dalhin siya sa Akin!”*

**E. Laro: “Magkasama”**

Hatiin ang mga bata sa magkaparis, na nakatayong magkatabi, at nakatali ang kaliwang paa ng isang bata sa kanang paa ng kaniyang kaparis. Ipaliwanag sa mga bata na upang maging matagumpay sila sa larong ito, kailangan nilang magtulungan. Pagkatapos ay palakarin ang bawat paris mula sa isang lugar patungo sa kabilang lugar. Maaari ninyong gawing mas mapanghamon ang laro sa paglagay ng maliit na mga balakid sa kanilang daan, tulad ng mga sanga o mga bato. Tiyaking ito ay nasa isang ligtas na paraan. O maaaring, sa halip na lumakad lamang, ang bawat paris ay kailangang lumukso tulad ng palaka, tumakbo tulad ng kabayo, at iba pa. Maaaring kailangan ninyong ipaliwanag sa mga bata na hindi nag-uunahan ang mga paris.

**F. Pagkukulay: Drowing 13**

**G. Mga dalanging pangwakas**

## ARALIN 14

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Tulad ng dati, kayo at ang ilan sa mga mag-aaral ay dapat bumigkas ng ilang mga dasal upang simulan ang klase. Maaaring ipagpatuloy ng mga bata ang pagsasaulo ng dalanging ipinakilala sa nakaraang aralin.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

### Sa mga Pakpak ng Pagkawalay

CHORUS:

C F G
May isang ibong lumilipad sa kalangitan
C F G
Puno ng sigla at buong tiwala
C F G C F G
Pumailanglang sa Paraiso ng kaniyang tahanan (ulitin)

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

C F G C F G
Sa kaniyang paglipad, nagugutom siya't nauuhaw

C F G C F G
Kaya't bumaling siya sa tubig at luad

C F
Na nasa ibaba

G C F
Habang naroon

G C
Nakulong na siya

F G C F G
Ng kaniyang mga pagnanasa

C
Mga pakpak nalubog na sa putikan

F G C F G
Di na siya maka-ahon ni makauwi pa sa kaniyang tahanan

CHORUS

Katulad ng ibong iyon kabilang din ako sa langit
Kaya iwasan ko'ng kumapit sa lupa sa ibaba
Di kakapit sa kayamanan
Ni sa aking mga kagustuhan
Di kakapit sa anuman liban sa Diyos

C G F G
Kaya lalakad ako sa mga paa ng pagkawalay

C G F G
Lilipad ako sa mga pakpak ng pagkawalay

C G F
Palalayain ko'ng aking sarili sa lahat ng pagkapit

G C
Sa anuman liban sa Diyos *(ulitin)*

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Isasaulo ng mga bata ang sipi tungkol sa katangian ng pagkawalay, na iyon ang tema ng aralin. Maaari ninyong ipakilala ang tema sa sumusunod na paraan:

> Nilikha ng Diyos ang bawat mabuting bagay sa daigdig na ito upang mapakinabangan natin—mabuting kalusugan, masarap na pagkain, pagmamahal at pagkakaibigan, ang kagandahan ng kalikasan, at ang mga kapangyarihan ng kaisipan, na nagbibigay-daan upang makagawa tayo ng mga katuklasan at lumikha ng mga imbentong magpapabuti sa ating pamumuhay. Dapat nating gamitin ang lahat nitong mga biyaya ng Diyos at magpasalamat sa Kaniya para sa ligaya ng buhay. Subalit hindi tayo dapat mangapit sa daigdig na ito. Ang ating mga kaluluwa ay dapat maging malaya sa lahat ng panahon; tulad ng malaya at malakas na mga ibon, ang mga ito ay dapat lumipad sa langit ng

kabanalan. Napakalungkot kapag ang ibon ay mananatili sa lupa, na hindi nakalilipad dahil kumakapit ito sa mga bagay na nasa palibot nito. Isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"Alamin na ang iyong tunay na palamuti ay binubuo ng pag-ibig sa Diyos at sa iyong pagkawalay sa lahat liban sa Kaniya . . ."**[115]

*Binubuo*

1. Si Vladislav ay may longganisa, patatas, at sitaw para sa pananghalian. Ang kaniyang pananghalian ay binubuo ng longganisa, patatas, at sitaw.

2. Ang pangungusap na ito ay may walong salita. Binubuo ito ng walong salita.

*Pagkawalay*

1. Gusto talagang sumama ni Helgi sa kaniyang mga kaibigang pupunta upang lumangoy. Subalit masaya siyang nanatili sa bahay at sinamahan ang kaniyang bunsong kapatid upang makapunta sa pamilihan ang kaniyang ina. Ipinakita ni Helgi ang pagkawalay sa sarili niyang mga plano dahil gusto niyang tulungan ang kaniyang pamilya.

2. Sa wakas ng pasukan ng taong iyon, naisip ni Anjali na magandang magbigay ng bulaklak sa kaniyang guro. Iminungkahi ng kaniyang kapatid na magluto na lang sila ng minatamis. Sa palagay ni Anjali ay mabuti rin iyon. Siya ay may pagkawalay sa sarili niyang ideya.

*Lahat liban sa*

1. Nakasagot nang mahusay sa eksamen ang lahat ng bata, bukod sa isang hindi nag-aral. Ang lahat liban sa isang mag-aaral ay nakasagot nang mahusay sa eksamen.

2. Gusto sana ng nanay ang magluto ng masarap na putahe para sa pamilya. Subalit nalaman niyang hindi niya magagawa iyon dahil wala ang isang mahalagang sangkap. Nasa kaniya ang lahat liban sa isang sangkap.

## D. Kuwento

*Isang araw ang dalawang matandang lalaking matagal nang magkaibigan ay nag-uusap tungkol sa mga bagay na espiritwal habang umiinom ng tsaa. Sa loob ng maraming mga taon, ang isa ay naging mayaman, samantalang ang pangalawa ay hindi gaanong yumaman. "Gusto kong maglakbay patungo sa Banal na Lupain," sinabi ng pangalawa sa kaniyang kaibigang mayaman. Ang unang lalaki ay walang pag-aatubiling tumugon, "Napakagandang ideya niyan." Sasama ako sa iyo." Agad ibinaba ng dalawa ang kanilang tsaa at tumayo upang tumungo sa Banal na Lupain.*

*Sandali pa lamang silang naglalakad nang magsimula nang dumilim. Bumagal ang paglakad ng lalaking mas mahirap hanggang sa huminto siya, at sinabing, "Kaibigan, umuwi na muna tayo sa ating mga tahanan upang magpalipas ng gabi. Magiging mas maginhawa iyon, at maaari tayong magsimula uli sa umaga." "Subalit, bakit tayo babalik?" tumugon ang unang lalaki. "Patungo tayo sa Banal na Lupain!" Hindi pa*

*rin nasiyahan ang kaniyang kaibigan. "Malayong lakaran ang Banal na Lupain," muli siyang nagsabi. "Babalikan ko lang yung aking buriki, na ayaw kong iwanan."*

*"Aba," sumagot ang mayaman sa kaniyang kaibigan, "marahil hindi ikaw ang dapat kong makasama sa paglalakbay na ito. Maligaya kong tinalikuran ang malaking kayamanan—mga kabayo, mga lupain, at marangyang mga damit—subalit ay hindi nanghihinayang. Sapagkat ano ang higit pang biyaya kaysa sa magpalipas ng kahit isang sandali sa Banal na Lupain? Hindi mo ba maiwan kahit buriki lamang?" Sa kasawiang-palad ay hindi niya matalikuran ang tanging pinahahalagahan niyang pag-aari. At sa gayon ay iniwan niya ang kaniyang kaibigan at umuwi, samantalang ang kaniyang kaibigan ay nagpatuloy patungo sa Banal na Lupain at ni minsan ay hindi lumingon pabalik.*

**E. Laro: "Gulong"**

Patayuin ang mga bata sa isang bilog nang nakatagilid at nakaunat ang kaliwang kamay upang magsalubong ang kanilang mga kamay sa gitna. Kahawig na sila ngayon ng isang gulong, at ang kanilang mga braso ang mga rayos ng gulong. Ngayon ay kailangan nilang umikot sa paikutan habang nanatili sa hugis ng gulong. Kapag nagawa na nila iyon, maaari silang lumibot sa pinagdarausan ng klase samantalang umiikot sa paikutan at nananatili pa rin sa hugis ng gulong. Upang maging mas mapanghamon, maaari nilang subukan ang umikot nang palundag-lundag.

Maaari ninyong gawing higit pang mapanghamon ang laro sa pamamagitan ng pag-upo ng mga bata sa sahig habang nakaunat ang kanilang mga binti at nagsasalubong sa gitna ang kanilang mga paa sa hugis ng gulong. Ilagay nila ang kanilang mga palad sa tabi ng kanilang mga balakang. Ngayon ay handa na silang paikutin ang gulong. Upang gawin iyon, kailangan nilang iangat ang kanilang mga sarili gamit ang kanilang mga kamay at umusod sa kanan. Kailangan nilang ipagpatuloy ang pag-usod sa ganitong paraan, habang ang kanilang mga paa ay nasa gitna ng gulong, hanggang sa makabuo ng isang buong ikot ang gulong.

**F. Pagkukulay: Drowing 14**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 15

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Pagkatapos bigkasin ang mga dalanging pambungad, tulungan ninyo ang mga bata na ipagpatuloy ang pagsasaulo ng dalanging ipinakilala sa Aralin 13.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Ikaloob ang Aking Bahagi

KORO:

```
      A
Ikaloob ang aking bahagi, O Panginoon!
     D         A
Ikaloob ang aking bahagi, O Diyos
      A                    D    A
Ikaloob ang aking bahagi, O Panginoon!
 E                   A
Ikaloob ayon sa ninanais Mo.
```

```
      A
Madali ang masiyahan
          D                    A
Kung maayos ang lahat.
      A
Madali ang masiyahan
    E                          A
Kung mabuti ang kalagayan.
         D                      A
Ngunit ang mas malaking hamon
       E                     A
Ang maging masaya kahit may problema.
         D                      A
Maging matiyaga kahit nagdurusa,
     E                  A
Maaari ka pang kumanta
```

KORO

Mula noong bata pa Siya,
Naghihirap na si ‘Abdu’l-Bahá
Di man lang Niya naranasan,
Kahit konting kaginhawahan.
Ngunit Siya’y laging nasisiyahan,
Di man lang Siya nababagabag.
Naniniwala lagi Siya sa Diyos,
Tinanggap ang kaloob Niya.

KORO

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Nasa ibaba ang ilang mga ideyang makatutulong sa inyo upang ipakilala ang tema ng aralin at ang sipi na isasaulo ng mga bata.

> Sa lahat ng kalagayan, si ‘Abdu’l-Bahá ay nasisiyahan sa Kalooban ng Diyos. Sinasabi Niya sa mga nasa palibot Niya na madaling masiyahan kapag ang lahat ay nasa mabuti, kapag tayo ay malusog at maginhawa ang kalagayan. Mas mahirap masiyahan sa panahon ng suliranin, kapag may sakit o kahirapan. Sa kabila ng lahat ng paghihirap sa Kaniyang buhay, si ‘Abdu’l-Bahá ay hindi kailanman nasiraan ng loob. Sa pinakamaselan at mahirap na mga panahon, nanatili Siyang nasisiyahan at nagpapasalamat sa Diyos. Lagi Siyang masayahin at umaasa sa mabuti. Isaulo natin ang sumusunod na sipi upang madalas nating maalala na dapat tayong masiyahan sa Kalooban ng Diyos:
>
> **“Ang bukal ng lahat ng kaluwalhatian ay ang pagtanggap sa anumang ipinagkaloob ng Panginoon, at kasiyahan doon sa anumang itinadhana ng Diyos.”**[116]

*Kaluwalhatian*

1. Pagkatapos mag-aral ng agham sa paaralan, si Poh Leng ay sumali sa isang grupo ng mga siyentipiko. Gumawa sila ng maraming mahalagang katuklasan. Ang kaniyang gawain ang nagbigay ng kaluwalhatian sa pangalan ng kaniyang pamilya.

2. Gustong-gusto ni Swee ang tumingin sa kalikasan—sa mga bundok, sa mga puno, at sa karagatan. Sa tuwing nakikita niya ang kagandahan ng kalikasan, naiisinp niya ang kamahalan at kadakilaan ng Diyos, ang Manlilikha ng lahat ng bagay. Kapag nakikita ni Swee ang kalikasan, naiisip niya ang kaluwalhatian ng Diyos.

*Ipinagkaloob*

1. Araw-araw pinasasalamatan ni Paulo ang Diyos para sa kaniyang mapagmahal na pamilya, sa kaniyang kalusugan, at sa lahat ng mabuting mga bagay na ibinigay ng Diyos sa kaniya. Nagpapasalamat si Paulo sa maraming mga biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa kaniya.

2. Kapag walang araw, ang lupa ay magiging madilim at malamig, at walang maaaring mabuhay roon. Ang araw ay nagkakaloob ng liwanag at init sa atin.

*Itinadhana*

1. Nagbigay ang hari ng utos na lahat ng tao sa kaniyang bansa ay hindi magtatrabaho sa unang araw ng tagsibol. Ang unang araw ng tagsibol ay itinalaga bilang araw ng pahinga.

2. Sa loob ng maraming buwan ay walang ulan sa buong rehiyon, at iniutos ng sangguniang nayon na bawasan ng mga taga-nayon ang paggamit nila sa tubig. Ang mga paghihigpit at itinadhana ng sanggunian upang makatipid sa tubig.

**D. Kuwento**

*Isang gabi, si 'Abdu'l-Bahá ay lumalakad sa maliwanag na lungsod ng London kasama ang ilang mga Bahá'í. Naglakad sila sa isang kalsadang may maningning na mga ilawan sa magkabilang panig ng kalsada sa buong kahabaan niyon. Sa pakiwari ng mga kasama ng Master ay itinangay sila sa ibang daigdig.*

*"Lubos Akong nasisiyahan sa tagpong ito," sinabi ni 'Abdu'l-Bahá. "Mabuti ang liwanag, napakabuti. Maraming karimlan sa piitan sa 'Akká."*

*Ang maliit na grupo ng mga kaibigan, na mahal na mahal si 'Abdu'l-Bahá, ay nalungkot sa paggunita nila sa Kaniyang pagkapiit sa kutang-lungsod ng 'Akká, kung saan ginugol Niya ang napakaraming mga taon bilang isang bilanggo kasama ang Kaniyang Ama, si Bahá'u'lláh. Iyon ay isang lugar na lubos na mapanglaw, at dumanas ang pamilya ng maraming paghihirap. "Masaya kami, masayang-masaya, na Ikaw ay malaya na," sinabi nila.*

*Tumugon si 'Abdu'l-Bahá rito na: "Maligaya Ako sa piitang iyon, sapagkat ang mga araw na iyon ay iginugol sa paglilingkod." Ang pinakamatinding piitan, sinabi Niya sa kanila, ay ang piitan ng sarili. Kasi, kapag ang sarili lamang natin ang iniisip natin, at hindi ang mga nasa palibot natin—iyon ang panahon na nasa piitan talaga tayo, kung kailan tayo ay talagang nagdurusa! Si 'Abdu'l-Bahá ay nasisiyahan sa lahat ng panahon, sapagkat lumalakad Siya sa landas ng paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan. At sa gayon, kahit sa pinakamapanglaw na mga araw bilang isang bilanggo sa 'Akká, ang liwanag ng Kaniyang hindi magagaping espiritu ay sumisinag at nagbibigay ng init at ginhawa sa mga iba.*

**E. Laro: "Iskultor/Manlililok"**

Kunwari kayo ay iskultor o manlililok, at ang mga bata ay tutulong sa inyo sa paggawa ng isang likhang sining. Papuntahin sa harap ng klase ang isang bata at patayuin sa anyong ituturo ninyo—halimbawa, nakayuko habang nakaunat ang mga kamay. Pagkatapos ay isa-isa o pakaunti-kaunting papuntahin sa harap ang mga bata, at ipakita ang iba't ibang mga anyo ng pagtayo na kanilang gagawin. Kapag alam na ng lahat ng mga bata ang anyo ng kanilang pagtayo, tipunin silang lahat at bumuo ng likhang sining. Pagkatapos ay isama ang inyong sarili sa grupo bilang pangwakas na bahagi.

Maaari ninyong ipagpatuloy ang larong ito sa paghahati sa mga bata sa magkaparis, at maghahalinhinan sila, una ang isa ay ang manlililok at ang kaparis niya ang tatayo sa iba't ibang mga anyo. Pagkatapos ay magpapalitan sila.

Maaaring makaisip kayo ng ilang mga pagbabago sa larong ito. Halimbawa, maaari ninyong itanong ang "Maaari ba kayong maging pader?" o "Maaari ba kayong maging hardin?" At tutugon ang mga bata sa pagsasaayos ng kanilang mga sarili sa hinihiling na anyo.

**F. Pagkukulay: Drowing 15**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 16

### A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal

Pagdating sa pagtitipong ito, dapat ay nabibigkas na ng lahat ng mga bata ang isinaulong dasal na ipinakilala sa Aralin 13, at maaari kayong magbalik-aral dito pagkaraan ng mga dalanging pambungad.

### B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)

Tayo’y mga Patak

C
Tayo’y mga patak
    Tayo’y mga patak *(echo)*

C
Ng karagatan
    Ng karagatan

F
Tayo’y mga dahon
    Tayo’y mga dahon

G
Ng iisang puno
    Ng iisang puno

KORO:

C
Halina’t sama-sama
    Halina’t sama-sama *(echo)*

F
Sa paghahanap ng pagkakaisa

C G C F C
Daan ng buhay mo at buhay ko

Lahat ng lupa *(echo)*
Ay iisang bansa
Ang sangkatauhan
Ay iisa

KORO *(ulitin ang huling talata)*

### C. Pagsasaulo ng mga sipi

Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo upang ipakilala ang tema ng aralin, ang kabaitan, at ang isasaulo ng mga bata na sipi.

Nilikha ng Diyos ang lahat ng tao upang mamuhay nang sama-sama bilang isang pamilya. Kapag gagawin natin ito, hindi natin maaaring pahintulutang mamagitan sa atin ang mga pagtatalo o mga pagkakaiba. Sa halip, dapat tayong makipag-ugnay sa lahat ng mga tao ng bawat relihiyon, bansa, at pinanggalingan taglay ang pagmamahal at kabaitan sa ating mga puso. Bilang tulong sa atin upang maalala ito, isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay Bahá'u'lláh:

**"Pinagpala siyang nakikisalamuha sa lahat ng tao sa diwa ng sukdulang kabaitan at pagmamahal."**[117]

*Nakikisalamuha*

1. Ang tagak at ang bakaw ay dalawang uri ng ibong namumugad malapit sa mga tubigan. Madalas silang makita nang magkasama. Ang dalawang uri ng ibong ito ay nakikisalamuha sa isa't isa.

2. Sa pagtitipon upang manalangin, pagkatapos basahin ang mga dasal, nanatili pa ang mga tao at nakisalamuha sa isa't isa.

**D. Kuwento**

*Alam ninyo mula sa nauna nating mga kuwento, noong unang dumating si 'Abdu'l-Bahá sa 'Akká, masama ang pakikitungo sa Kaniya ng maraming tao. Malupit sila sa mga Bahá'í at ayaw makipag-usap sa kanila. Subalit hindi nagtagal, nakita nilang mapagmahal at mabait ang mga Bahá'í, at unti-unti ang karamihan ng mga tao ay nagsimula na ring mapakita ng kabaitan sa kanila. Subalit may ilang mga hindi bumibitaw sa kanilang galit at pagkamuhi.*

*Isang araw, narinig ng isang lalaking nagtataglay pa rin ng matinding pagkamuhi kay 'Abdu'l-Bahá na pinupuri ang Kaniyang kadakilaan at kabaitan. Nagalit ang lalaki. Ipakikita niya sa kanila, sabi niya nang buong poot, na itong Tao na hinahangaan nilang lahat ay hindi naman talaga kahanga-hanga. At umalis na siya, habang nag-aapoy sa galit ang kaniyang puso. Alam niyang makikita niya si 'Abdu'l-Bahá sa ganoong oras na nagdarasal sa moske, at sumugod siya roon, handang kaladkarin ang minamahal na Master. Subalit, tiningnan lamang ni 'Abdu'l-Bahá ang lalaki nang matiwasay at maginoo. Buong pagmamahal Niyang ipinaalala sa lalaki ang katuruan ng Diyos na dapat tayong maging magiliw sa lahat ng mga panauhin, kahit sa mga naiiba sa atin. Sa sandaling iyon, napagtanto ng lalaki na si 'Abdu'l-Bahá at ang mga Bahá'í, sa katunayan, ay waring mga panauhin sa 'Akká, na kaniyang tahanan. At tulad ng may-ari ng bahay na mapagbigay, dapat malugod niyang tanggapin sila nang buong pagmamahal at pakitunguhan sila ng kabaitan.*

**E. Laro: "Ang Katangiang Natatago"**

Patayuin ang mga bata sa isang bilog, at nakasahod nang magkadikit ang kanilang dalawang kamay sa harap nila. Tumayo sa gitna ng bilog na hawak ang isang maliit na bagay, tulad ng maliit na bato. Ang bagay na iyon ay kakatawan sa isang katangian, tulad halimbawa ng "kabaitan". Habang lumalakad ka palibot sa bilog, padaanin ang iyong kamay sa itaas ng nakasahod na mga kamay ng mga bata, at sabihin, halimbawa, "Si John ay mabait," "si Isabella ay mabait," "si Dervi ay mabait," at iba pa. Pagkaraan ng iyong kamay, dapat isara ng bawat

bata ang kaniyang nakasahod na mga kamay, na parang ibinigay sa kaniya ang bagay. Dapat ninyong ilagay ang bagay sa mga kamay ng isa sa mga bata. Kapag nakaikot ka na sa buong bilog, dapat hulaan ng isa sa mga bata kung sino ang may hawak na ng bagay sa pagsabi, halimbawa, ng "Si Kenji ay napakabait". Pagkatapos ay bubuksan ni Kenji ang kaniyang mga kamay upang ipakita kung ang bagay ay nasa kaniya nga o wala. Ang bata ay dapat bigyan ng tatlong pagkakataon upang hulaan kung nasaan ang bagay, at pagkatapos niyon ay maaaring ulitin ang laro gamit ang iba pang katangian. Dapat ninyong tiyaking ibigay ang bagay sa bawat bata nang minsan man lamang.

**F. Pagkukulay: Drowing 16**

**G. Mga dalanging pangwakas**

## ARALIN 17

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Sa kasunod na apat na aralin, matututunang bigkasin ng mga bata ang sumusunod na dalanging isasaulo nila, at magiging bukal ng paghimok para sa kanila kung inyong sisimulan ang bawat pagtitipon ng klase sa isang bagong dalanging isinaulo, tulad ng iminumungkahi sa Bahagi 16. Pagtapos magbigkas din ng ilang mga mag-aaral ng pambungad na mga dalangin, maaari na ninyong ipakilala ito sa karaniwang paraan.

> **"Ang Iyong pangalan ang makapagpapagaling sa akin, O aking Diyos, at ang paggunita sa Iyo ang aking lunas. Ang paglapit sa Iyo ang aking pag-asa, at ang pag-ibig sa Iyo ang aking kasama. Ang awa Mo sa akin ang siya kong lunas at timbulan sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagpala, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong."**[118]

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Pinagmulan ng Lakas at Kapangyarihan

KORO:

```
      Am
Pinagmulan ng lakas at kapangyarihan
             Dm              E        Am
Ang pagtataguyod sa Salita ng Diyos
      Am
Pinagmulan ng lakas at kapangyarihan
    Dm           E        Am
Ang katatagan sa pag-ibig Niya
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

G
Kalimutan ang sarili,
C
Isulong ang tama,
E7
Ipagtanggol ang nangangailangan.
Am
Magtiwala sa Kaniya.

Palaganapin ang Salita,
Isabuhay sa gawa.
Tahakin landas Niya,
Simulan mo na kaya.

KORO

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang sumusunod na pahayag ay makatutulong sa inyo upang ipakilala ang tema ng aralin at ang isasaulong sipi:

> Ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng lakas-loob ay ang manindigan para sa tama kahit pa tayo lamang ang gumagawa niyon, ang ipagtanggol yaong mga nangangailangan ng ating tulong kahit pa nagdudulot iyon sa atin ng kawalan ng ginhawa, at ang magsabi ng totoo kahit pa alam nating maaaring magbunga iyon ng mga kahirapan para sa atin. Kailangan ng lakas-loob upang harapin ang mga kahirapan sa buhay nang matiwasay at magandang asal. Kumukuha tayo ng lakas-loob mula sa ating pag-ibig sa Diyos at mula sa ating hangaring maging kalugod-lugod sa Kaniya higit sa lahat. Bilang tulong sa atin upang maalalang harapin ang bawat sitwasyon sa buhay taglay ang lakas-loob, isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"Ang pinagmumulan ng lakas-loob at kapangyarihan ay ang pagtataguyod sa Salita ng Diyos, at katatagan sa Kaniyang Pag-ibig."**[119]

*Pinagmumulan*

1. Si Kyongmi ay nakatira sa isang nayon sa lambak. Ang natutunaw na niyebo mula sa tuktok ng karatig na bundok ang nagbibigay ng tubig sa nayon. Ang pinagmumulan ng tubig ay ang niyebe mula sa tuktok ng bundok.

2. Si Gng. Putters ay may tatlong anak na mapagmahal at maganda ang asal. Ang kaniyang mga anak ay pinagmumulan ng kaniyang ligaya at tuwa.

*Pagtataguyod*

1. Ang dalawang kaibigan ni Shoa ay nagsimulang magtalo at nagalit sa isa't isa. Tinulungan ni Shoa ang bawat isa na makita ang pananaw ng kabila at makipag-ayos

sa isa’t isa. Laging itinataguyod ni Shoa ang pagkakasundo at pag-uunawaan sa kaniyang mga kaibigan.

2. Dumadalaw ang nars sa silid-paaralan upang ituro sa mga bata ang mga pagkaing makabubuti sa kanilang kalusugan. Itinataguyod ng nars ang malusog na pagkain.

*Katatagan*

1. Alam ni Promilla na gusto niyang maging doktor. Lagi siyang nag-aaral nang mabuti sa paaralan, at pagkaraan ng maraming taon ng matinding pagsisikap, nakamtan niya ang kaniyang layunin. Siya ay nagkaroon ng katatagan sa kaniyang mga pagsisikap na maging isang doktor.

2. Si Zvondai ay pumunta sa isang liblib na nayon upang tumulong sa pagbubukas ng isang bagong paaralan. Bagaman nalulungkot siya dahil malayo siya sa kaniyang pamilya at kailangang harapin ang maraming mga suliranin, siya ay nagkaroon ng katatagan at nanatili sa nayon sa loob ng maraming mga taon habang sinasanay ang mga guro at tinutulungan ang mga bata.

**D. Kuwento**

*Si ‘Alí-‘Askar ay isang mangangalakal sa Persia. Nang siya ay maging isang Bahá’í, nakaranas siya ng maraming kahirapan sa mga kamay ng mga may-galit sa Pananampalataya. Sa loob ng maikling panahon, nawala ang lahat ng kaniyang mga ari-arian. Sa kabila niyon, si ‘Alí-‘Askar ay hindi nasiraan ng loob. Yamang nakita niyang hindi siya makapaghahanap-buhay sa kaniyang inang-bayan, ipinasiya niyang lumipat sa Adrianople, na isang lungsod sa karatig bansa.*

*Sa Adrianople, bagaman mahirap pa rin siya, nagawa niyang mamuhunan ng kaunting paninda. Subalit, bago pa siya makapaglako ng kahit isang paninda, sinalakay siya ng mga magnanakaw, na kinuha nila ang lahat ng nasa kaniya, at muling wala na naman siyang kahit ano.*

*Hindi nagtagal, ang mga magnanakaw ay nadakip, at ang malaking halagang nakamal nila mula sa pagnanakaw mula sa maraming tao ay sinamsam. Ang isang lokal na awtoridad, na nasilaw sa kayamanan, ang nakaisip ng paraan upang makuha niya ang lahat ng iyon. Pinatawag niya si ‘Alí-‘Askar sa kaniyang tanggapan at nagpaliwanag.*

*“‘Alí-‘Askar,” sinabi niya, “napakayaman ng mga magnanakaw na ito. Sa ulat ko sa pamahalaan, isinulat kong ang nakuha nilang halaga mula sa iyo ay napakalaki. Samakatwid ay kailangan mong dumalo sa paglilitis at sumaksi na totoo ang isinulat ko.” Sa ganitong paraan, inakala ng opisyal na ang lahat ng salapi ay ibabalik kay ‘Alí-‘Askar, at paghahatian nila iyon.*

*Alam ni ‘Alí-‘Askar na hindi siya kailanman maaaring sumang-ayon sa gayong plano. “Kagalang-galang na Ginoo, Khán,” tumugon siya, “ang mga bagay na ninakaw mula sa akin ay napakaliit na halaga lamang. Paano ako makapag-uulat ng hindi totoo? Kapag itanong nila sa akin, sasabihin ko ang mismong katotohanan. Sa aking palagay, ito ang aking tungkulin, at ito lamang.”*

*Muling sinubukan ng opisyal na mahikayat si ‘Alí-‘Askar. “Ito ay napakagandang pagkakataon para sa atin,” sinabi ng opisyal. “Ikaw at ako ay kapuwa maaaring makinabang mula rito. Huwag mong hayaang mawala sa iyong mga kamay ang ganitong pagkakataong minsan lang magaganap sa buong buhay mo!”*

*Subalit muling tumanggi si ‘Alí-‘Askar, at sinabing, “Khán, paano ako haharap sa Diyos? Hayaan mo na ako. Magsasabi ako ng totoo at walang iba kundi ang totoo.”*

*Ngayon, nagalit na ang opisyal. Kung hindi sumang-ayon si ‘Alí-‘Askar sa kaniyang pakana, ang lahat ng kaniyang pagpaplano ay mauuwi sa wala, at mawawala sa kaniya ang malaking halagang abot-kamay na niya. At sa gayon ay nagsimula siyang pagbantaan si ‘Alí-‘Askar, umaasang matatakot niya siya upang sumang-ayon. “Ipakukulong kita,” sinabi niya. “Palalayasin kita; lahat ng parusa ipapataw ko sa iyo.” Sa wakas sinabi niya kay ‘Alí-‘Askar na kapag hindi siya sumang-ayon, ibabalik niya siya sa Persia.*

*Ngumiti lamang si ‘Alí-‘Askar. “Jináb-i-Khán,” sinabi niya, “Gawin mo sa akin ang gusto mo; hindi ko tatalikuran ang tama.”*

**E. Laro: “Oo o Hindi”**

Simulan ang laro sa pagpapatayo sa mga bata sa isang malawak na bilog, habang ikaw ay nakatayo sa gitna. Ngayon ipaliwanag sa mga bata na magbibigay ka ng ilang mga pahayag. Ang ibang mga pahayag ay magiging tumpak; samantalang ang iba pa ay hindi tumpak. Sabihin sa kanila na kapag tumpak ang pahayag, dapat nilang isigaw ang “Oo” at lumukso patungo sa gitna ng bilog. Kapag hindi tumpak ang pahayag, dapat nilang isigaw ang “Hindi” at lumukso pabalik.

Ang lahat ng mga pahayag na iyong ibibigay ay dapat mga bagay na madaling mapuna ng mga bata. Ang mga halimbawa ng mga pahayag na “oo” ay ang sumusunod: “Ang araw ay nagbibigay ng liwanag.” “Ang mga puno ay tumutubo mula sa mga binhi.” “Mataas ang mga bundok.” Maaari din kayong gumawa ng mga pahayag na naglalarawan sa isinusuot ng mga bata, tulad ng, “Si Sera ay nakasuot ng asul na kamiseta,” o ng mga bagay na nakikita nila sa palibot nila, tulad ng, “May dalawang bangko roon.”

Ang ilang mga halimbawa ng mga pahayag na “hindi” ay: “Pataas ang buhos ng ulan.” “Lumilipad ang isda.” “Lumalakad sa paa ang bato.” Muli, maaaring gamitin ang kapaligiran upang bumuo ng mga pahayag na hindi tumpak. Tandaaan na dapat mas marami ang mga pahayag na “oo” kaysa sa “hindi” upang sa wakas ng laro ay umabot sa iyo ang mga bata sa gitna ng bilog.

**F. Pagkukulay: Drowing 17**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 18

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Pagkatapos ng mga dalanging pambungad, dapat gugulin ng mga bata ang panahon sa pagsasaulo at pagbibigkas ng dalanging ipinakilala sa nakaraang aralin.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

May Pag-asa

```
      F             Bb
Ang hinaharap ‘di natin alam
        C7              F
Kinabukasa’y ‘di mo malaman
   F             Bb
Subalit biyaya’y walang hanggan
       C7                   F
Magtiwala sa Diyos, hanapin ang daan
```

KORO:

```
 Bb             C7
Umaasang may pag-asa
                F      Dm
Biyaya ng Diyos ay nariyan lang
               Bb     C7
Sisikat ang araw sa kalangitan
                 F      Dm
Tumingala kang may umaasang mata
                  Bb        C7       F
Tingalain Siyang may matang umaasa
```

Umaasa at magsumikap ka
Darating din ang bagong umaga
Biyaya Niya ay walang hanggan
Siyang bumubuhay sa lahat ng bagay

KORO

Tingalain Siyang may matang umaasa
Tingalain Siyang may matang umaasa
Tingalain Siyang may matantg umaasa

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Sumusunod ang ilang mga kaisipang magagamit ninyo upang ipakilala ang siping isasaulo ng mga bata sa pagtitipong ito.

> Ang Diyos ay lagi nating kasama. Kailanman ay hindi Niya tayo iiwan at nangangako Siyang tutulungan Niya tayo sa buong buhay natin. Bagaman hindi natin alam kung ano ang mangyayari sa bawat araw, nagtitiwala tayo sa Diyos at tinatandaang ang Kaniyang mga kaloob at mga biyaya ay nakapalibot sa atin. At sa gayon taglay natin ang pag-asa habang nakatingin sa kinabukasan, nagtitiwalang tatanggap tayo ng isang bahagi ng Kaniyang walang-katapusang mga pagpapala. Lipos ng pag-asa ang ating mga puso at lagi nating inaasahan ang pagbuhos sa atin ng mga biyaya ng Diyos. Bilang tulong sa atin upang maalala ang kahalagahan ng laging nagtataglay ng pag-asa, isaulo natin itong mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Huwag mawalan ng tiwala sa Diyos. Ikaw ay laging umasa, sapagkat ang mga biyaya ng Diyos ay hindi kailanman humihinto ang pagdaloy sa tao.”**[120]

*Tiwala*

1. Si Edward ay may suliranin at pumunta siya kay Hung Wei para humingi ng tulong. Alam ni Edward na gagawin ni Hung Wei ang lahat ng makakaya niya upang tulungan siya. Si Edward ay may tiwala kay Hung Wei.

2. Gustong ayusin ni Nirmala ang bubong ng kaniyang bahay subalit hindi niya kayang gawin iyon nang mag-isa. Sinabi ng mga kaibigan ni Nirmala na darating sila kinabukasan upang tumulong sa kaniya. Siya ay nagtitiwalang gagawin nila ang ipinangako nila at sa gayon ay inihanda niya ang lahat ng kakailanganin.

*Umasa*

1. Si Iosefina ay nagtanim ng binbi sa isang maaraw na lugar at dinidilig ito araw-araw. Inaasam niyang makita ang pagtubo nito. Umaasa si Iosefina na isang araw ang binhi ay magiging isang magandang halaman.

2. Si Mattias, ang matalik na kaibigan ni Antonio, ay lumipat si ibang bayan. Nalungkot si Antonio na hindi niya makasama ang kaniyang kaibigan, subalit umaasa siyang hindi magtatagal ay magkikita silang muli.

*Biyaya*

1. Gabi-gabi tuwing nagdarasal si Lilian, iniisip niya ang marami niyang mga pagpapala. Iniisip niya ang kaniyang mga magulang, ang kaniyang mga kaibigan, ang kaniyang mga guro, at kahit ang higaan na tinutulugan niya. Si Lilian ay laging nagpapasalamat sa mga biyayang ibinigay sa kaniya.

2. Si Reza ay maraming mga kaibigan at mga kamag-anak na nagmamahal sa kaniya at tinutulungan siyang lumaki. Si Reza ay nagpapasalamat sa biyaya ng kanilang pagmamahal at pagtatangkilik.

*Humihinto*

1. Kapag pinapatay ni Tahir ang gripo, hindi na lumalabas ang tubig; ang tubig ay humihinto as pagdaloy.

2. Kahit maulap ang panahon, ang mga sinag ng araw ay nagbibigay ng init sa lupa. Ang mga sinag ng araw ay hindi kailanman humihinto sa pagdaloy.

**D. Kuwento**

*Minsan ay may isang taong walang bahay, at mag-isa siyang nakatira sa pampang ng ilog Thames sa London. Masyado siyang malungkot at nawalan na ng lahat ng pag-asang liligaya pa ang buhay niya. Isang araw napadaan siya sa harap ng isang tindahan at napansin niya ang larawan sa isang diyaryo. Iyon ay ang mukha ni 'Abdu'l-Bahá. Napahinto ang lalaki at tinitigan ang mukha. Noon lang niya nakita si 'Abdu'l-Bahá at hindi niya alam kung Sino siya, subalit batid niyang dapat ay makita niya Siya. Nakasulat ang address ng isang bahay sa diyaryo, kaya nagsimulang lumakad ang lalaki sa pag-asang makikita niya Siya doon. Napakalayo ng bahay—halos limampung kilometro—subalit nagpatuloy siya sa paglalakad hanggang sa umabot siya sa bahay.*

*Pagod at gutom na ang lalaki nang makarating siya sa wakas, at masuyo siyang pinapasok ng ginang ng tahanan, binigyan siya ng pagkain, at hinayaan siyang mamahinga sandali. Habang nagpapahinga siya, ibinahagi niya ang kaniyang kuwento sa ginang at pagkatapos ay itinanong sa kaniya kung naroon si 'Abdu'l-Bahá. Tiniyak ng ginang na naroroon nga Siya.*

*"Makikipagkita kaya Siya sa akin?" itinanong niya. "Kahit ako na hamak lamang?"*

*Tumugon ang ginang na tiyak siyang makikipagkita si 'Abdu'l-Bahá sa kaniya, at sa mismong oras na iyon ang Master mismo ang lumabas sa pinto. Tumayo ang lalaki, at inunat ni 'Abdu'l-Bahá ang Kaniyang mga kamay upang yapusin siya. Waring siya ay isang matalik na kaibigan na matagal nang hinihintay ni 'Abdu'l-Bahá. Malugod siyang binati nang buong pagmamahal at pagmamalasakit at pinaupo siya sa tabi Niya.*

*Pagkatapos si 'Abdu'l-Bahá, na laging nalalaman kung paano ibalik ang nawalang ligaya sa puso ng tao, ay nagsimulang kausapin ang lalaki. Hinimok Niya siyang bitiwan ang kaniyang kalungkutan, at ipinaalaala sa kaniyang siya ay mayaman sa Kaharian ng Diyos! Habang pinuspos ni 'Abdu'l-Bahá ang lalaki sa malasakit, ang puso ng lalaki ay nagsimulang maghilom mula sa Kaniyang mga salita ng pag-aliw at siya ay nagkaroon ng lakas. Unti-unting napawi ang kaniyang kalungkutan. Bago siya umalis, sinabi ng lalaki kay 'Abdu'l-Bahá na hindi na niya tutulutang malungkot siya dahil sa kaniyang karukhaan; sa halip ay maghahanap siya ng trabaho sa mga bukid at iipunin niya ang kaniyang pera hanggang makabili siya ng kapirasong lupa kung saan magtatanim siya ng mga bulaklak na ibebenta sa palengke. Natutunan ng lalaki mula kay 'Abdu'l-Bahá na ilagay ang kaniyang tiwala sa Diyos at magtiwalang ipagpapatibay at pagpapalain ng Diyos ang kaniyang mga pagsisikap. Ang kaniyang kawalan ng pag-asa ay naging pag-asa.*

**E. Laro: "Gumagawa ng Ulan"**

Una ay patayuin ang mga bata sa isang bilog palibot sa iyo, at pagkatapos ay ipakilala ang laro sa pagsabing kunwari ay nasa disyerto sila at inaasam ang ulan. Magsimulang kuskusin ang iyong mga kamay sa isa't isa, at sabihin sa mga bata na kapag tumingin ka sa bawat isa ay dapat siyang magsimulang gayahin ang iyong ginagawa. Kapag nakaikot ka na sa buong bilog at kinukuskos na ng mga bata ang kanilang mga kamay, sabihin sa kanilang ituloy iyon hanggang sa tumingin ka sa bawat isa habang ginagawa ang bagong kilos, na dapat nilang gayahin. Palagitikin ang iyong mga daliri bilang kasunod na kilos, at pagkatapos niyon ang kasunod naman na kilos ay ang pagpalakpak, na susundan naman ng paghampas ng iyong mga kamay sa iyong balakang, at sa wakas ay maingay na ipadyak ang iyong mga paa. Ang tunog na sama-samang ginagawa ng mga bata ay dapat maging halintulad ng unang mga patak ng ulan sa simula at sa wakas ay maingay na pagkulog at pag-ulan.

**F. Pagkukulay: Drowing 18**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 19

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Tulad ng dati, simulan ang pagtitipon sa mga dalangin. Pagkatapos ay maaari na ninyong tulungan ang mga bata na ipagpatuloy ang pagsasaulo ng dasal na ipinakilala sa Aralin 17.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Abalang mga Kamay

```
      C                        F
Abalang kamay ang nagpapasaya
          C            F
Ng mga batang nasisiyahan
   C                 F
Pasayahin natin ang iba
       C                     G7     C
Ikalat kapayapaan at pag-ibig

     C                        F
Magtatag tayo ng panibagong mundo
          C                  G
Lahat ay may pananagutan
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

```
      C            F
Magpasalamat ka sa Maykapal
        C                G7  C
Sa katuparan ng ating minimithi
```

KORO:

```
         F
Maglingkod tayo! (Maglingkod tayo!)
         C
Paglingkuran ang kapwa (Paglingkuran ang kapwa)
     Dm          G           C             Gm-C7
Ipakitang tunay na malasakit at pagmamahal
          F
Paglingkuran ang Diyos! (Paglingkuran ang Diyos!)
          C
Paglingkuran ang kapwa (Paglingkuran ang kapwa)
       D7               D7/F#            G7
Pasiglahin ang lahat sa apoy ng iyong pag-ibig
```

```
     C                 F
Itatatag ng Diyos ang panibagong mundo
         C             G
Kung lahat tayo ay magtutulungan
      C           F
Mahalin natin ang ating kapwa
         C              G7-C
Higit pa sa ating mga sarili
```

KORO *(. . . sa iyong pag-ibig!)*

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Sa araling ito, isasaulo ng mga bata ang isang sipi tungkol sa pagkamapagkakatiwalaan, at maaari mong ipakilala ang tema sa ganitong paraan:

> Isa sa pinakadakilang katangian sa tingin ng Diyos ay ang pagkamapagkakatiwalaan. Ang taong mapagkakatiwalaan ay makatotohanan at may integridad at maaasahang laging tutupad sa kaniyang sinabi. Hindi tayo dapat magsabi ng isang bagay at iba ang ating ginagawa. Ang ating mga kilos ay lagi dapat sang-ayon sa ating mga salita. Kapag tayo ay mapagkakatiwalaan, makatitiyak ang mga iba na gagawin natin ang lahat ng ating makakaya upang tuparin ang ating mga pananagutan at isagawa ang ating mga tungkulin. Sa ganitong paraan, nagtutulungan ang mga tao nang nagkakasundo, dahil alam ng lahat na gagawin ng bawat isa ang kaniyang bahagi. Bilang tulong sa atin

upang matandaan ang kahalagahan ng pagkamapagkakatiwalaan, isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"Ang pagkamapagkakatiwalaan ay ang kalubus-lubusang pintuan patungo sa katiwasayan at kaligtasan ng mga tao."[121]**

*Pagkamapagkakatiwalaan*

1. Nangako si Athos sa kaniyang ina na tutulong siya sa paghahanda ng hapunan. Nang dumating ang kaniyang mga kaibigan sa kaniyang bahay at inanyayahan siyang maglaro sa labas, naalala ni Athos ang kaniyang pangako sa kaniya ina at sinabi niya sa kaniyang mga kaibigan na sa ibang panahon na lang siya makikipaglaro sa kanila. Ipinakita ni Athos ang katangian ng pagkamapagkakatiwalaan.

2. Pumunta si Sunita sa tindahan upang bumili ng ilang mga bagay para sa kaniyang pamilya, subalit natuklasan niyang kulang pala ang dala niyang pera para sa lahat ng kailangan nila. Nagpaalam siya sa may-ari ng tindahan kung maaari niyang dalhin kinabukasan ang kulang na pera. Pumayag ang may-ari dahil alam niyang si Sunita ay mapagkakatiwalaan at magbabayad siya sang-ayon sa kaniyang ipinangako.

*Katiwasayan*

1. Tuwing kailangang gumawa ni Emilio ng mahalagang pasiya, sinisikap niyang humanap ng isang tahimik na lugar upang mag-isip at magnilay-nilay. Pumupunta siya sa isang malapit na hardin. Sa katiwasayan niyon, nagagawa niyang linawin ang kaniyang isipan at puso.

2. Nang makalipas na ang malaking bagyo, ang lahat ay naging tahimik at payapa. Ang kapayapaan at katiwasayan ay kasunod ng bagyo.

*Kaligtasan*

1. Kapag ang hayop na sanggol pa lamang ay natatakot, madalas na mabilis itong babalik sa kaniyang ina upang umiwas sa panganib. Ang ina ang nagbibigay ng kaligtasan sa kaniyang mga anak.

2. Ang naglalakad ay lumihis sa landas at naligaw sa kagubatan. Nang hindi siya bumalik, hinanap siya ng mga gabay mula sa nayon. Nang siya ay matagpuan nila, siya ay nakadama ng kaligtasan, sapagkat alam niyang siya ay aakayin nila sa kaligtasan.

## D. Kuwento

*Maraming taon noong nakararaan, noong unang mga araw ng Pananampalataya, maliit lamang ang bilang ng mga Bahá'í na hiwa-hiwalay sa magkakaibang bansa. Marami silang mga hamong hinarap at madalas sumulat ng mga balita at mga tanong kay 'Abdu'l-Bahá sa Banal na Lupain. Dumaan ang kanilang mga liham sa mahabang mga distansiya bago makarating sa Kaniya, at sinagot Niya ang bawat isa nang buong pagmamahal at pag-iingat. Ang Kaniyang mga salita ng paghimok ay nagbigay sa kanila ng lakas at pinaligaya ang kanilang mga puso. Sa gayon ay napakahalagang hindi maputol itong daloy ng komunikasyon.*

*Noong panahong iyon, may isang Bahá'í sa lugar na iyon na nagngangalang Muḥammad-Taqí. Siya ay nanggaling sa Persia maraming taon na ang nakalilipas bilang isang kabataan at nagsimula ng isang maliit na negosyo. Unti-unti siyang nakilala bilang taong laging maaasahan. Ganoon ang kaniyang pagiging maaasahan na ang lahat ng mga sulat para kay 'Abdu'l-Bahá sa Banal na Lupain at ang mga tugon patungo sa ibang mga bansa ay dumaraan lahat sa tahanan ni Muḥammad-Taqí. Alam ng lahat na mapagkakatiwalaan siyang tiyakin na bawat liham ay maihahatid nang maagap at ligtas.*

*Subalit ang mga may-galit sa Pananampalataya ay nagsibangon laban kay 'Abdu'l-Bahá. Nainggit sila pagmamahal at paggalang na ipinakikita ng mga tao sa Kaniya. Umaasa silang magtatagumpay sila sa pagpapatapon sa Kaniya, o mas malala pa, sa pagpapabitay sa Kaniya. Sa palibot ng bahay Niya ay naglagay sila ng mga taong magbabantay at magsusumbong sa lahat ng ginagawa Niya. Lubos na masisiyahan ang mga may galit sa Kaniya kung mahihinto nila ang daloy ng komunikasyon at mapuputol ang ugnayan sa pagitan ni 'Abdu'l-Bahá at ng debotong mga Bahá'í sa ibang mga bansa; at lalo pa kung may mananakaw silang dokumento, na magamit nila upang lokohin ang mga awtoridad!*

*Subalit si 'Abdu'l-Baha ay hindi nila napigilan. Madalas Siyang makikita hanggang gabing-gabi na, nagsusulat sa liwanag ng Kaniyang lampara; sapagkat gumawa Siya ng ligtas na paraan upang matanggap at maipadala ang mga liham. Ano sa palagay ninyo ang ginawa Niya?*

*Alam ni 'Abdu'l-Bahá na nalalaman ng mga may-galit sa Kaniya ang tungkol sa mahalagang trabaho ni Muḥammad-Taqí. Tiyak na sisikapin nilang harangin ang mga liham na ipapadala sa pamamagitan niya. Kaya pinapunta ni 'Abdu'l-Bahá si Muḥammad-Taqí sa isang malapit na lugar sa karatig bansa, kung saan siya ay ligtas sa panganib. Pagkatapos, ang ibang mga tao, na hindi kilala ng mga may-galit sa Kaniya, ang nagdala ng mga liham patungo kay Muḥammad-Taqí at pabalik sa Banal na Lupain. At mula rito sa ligtas na lugar, buong katapatan siyang nagpatuloy sa pagtanggap at pagpadala ng mga liham, hindi kailanman pinanghihinaan ng loob sa ipinagkatiwala ni 'Abdu'l-Bahá sa kaniya. Sa gayon, kahit sa pinakamahirap na mga panahon, ang komunikasyon sa Banal na Lupain ay hindi kailanman naputol at patuloy na dumarating ang patnubay sa mga kaibigan sa kahit pinakaliblib na lugar.*

## E. Laro: "Ang Gabay"

Hatiin ang mga bata sa magkaparis at maghawakan ng kamay ang bawat paris. Piringan ang isang bata sa bawat paris at ang kaniyang kaparis ang gagabay sa kaniya habang tinitiyak na hindi siya natitisod o nadadapa. Bilang karagdagang hamon, maaaring gabayan ang batang may piring nang palibot sa mga balakid tulad ng sanga ng puno, kanal, bato, o gulong. Kapag may bigkis ng tiwala na sa pagitan ng magkaparis, maaari nang gabayan ang batang nakapiring sa pamamagitan lamang ng mga salita. Sa gayong pagkakataon, dapat malapit ang gabay, upang matulungan ang nakapiring kung sakaling kailangan.

Bilang kapalit ng laro sa itaas, maaaring piringan ang lahat ng bata at maghawakan sa isang hilera, na parang tren, at gagabayan mo o ng isang mag-aaral.

**F. Pagkukulay: Drowing 19**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 20

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Kapag ikaw at ang ilang mga bata ay nakapag-alay na ng mga dalangin, tulungan ang mga bata sa pagbabalik-aral sa dalanging isinasaulo nila nitong nakaraang tatlong aralin.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Pinaririkit ang Apoy ng Pag-ibig sa Diyos

```
        D
Mayroong apoy sa puso ko
           A
Na inilagak ng Diyos
              G
Natatanging apoy
           D
Mayroong apoy sa puso ko
           A
Iyon ang apoy
     G
Natatanging apoy
        D
Ng Kaniyang pag-ibig
```

CHORUS:

```
       D       A
Ako'y magdarasal
         Ako ay magdarasal (echo voice)
     G
Sa Diyos
      A           D       A
Na parikitin sa aking puso
          Na parikitin sa aking puso (echo voice)
      G
Ang ningas
```

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

A D A
Ng apoy ng Kaniyang pag-ibig

G
At sisikapin kong

A D
Ang liwanag niyon tatanglaw sa lahat ng puso

Sa araw-araw
Itong apoy ay gagatungan ko
Habang nagdarasal
At gumagawa ng kabutihan sa iba
Sa araw-araw
Itong apoy ay gagatungan ko ang ito'y lalaki
Sa mga dalangin at paglilingkod sa sangkatauhan

Habang lumalaki
At nagniningas ang apoy na ito
Alab niya'y madarama
Sa lahat ng napapaligiran nito
Habang lumalaki
At nagninigas ang apoy na ito
Magbibigay siklab at init
Sa lahat ng madadaanan nito

CHORUS

Sisikapin kong ang liwanag niyon tatanglaw
Sa lahat ng puso (2X)

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang tema ng araling ito ay ang pag-aalab, at ang sumusunod na pahayag ay makatatutulong sa inyo upang ipakilala ang temang ito at ang isasaulong sipi:

> Nilikha ang bawat tao upang kilalanin ang Diyos at mahalin Siya, at nasa puso nating lahat ang isang siklab ng Kaniyang pag-ibig. Mahalagang pagningasin natin ang apoy ng pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal sa Kaniya araw-araw at sa paglilingkod sa mga iba, upang iyon ay lumakas nang lumakas. Habang ang apoy na ito ay umaalab nang higit at higit pa sa ating mga puso, ang init nito ay madarama ng lahat ng makatatagpo natin. At ang kanilang mga puso rin ay mag-aapoy. Kapag tayo ay nag-aalab nang gayon, tayo ay nagiging tulad ng mga kandilang may sindi, na nagbibigay ng liwanag at init sa mga nakapalibot sa atin. Isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"Mag-alab kayo, O mga tao, sa init ng pag-ibig sa Diyos, upang magawa ninyong pag-alabin ang mga puso ng mga iba."[122]**

*Mag-alab*

1. Malamig ang bahay, kaya ipinasiya ng ama ni Axel na magsindi ng apoy. Naglagay siya ng malalaking kahoy sa pugon at pinarikit niya iyon. Hindi nagtagal ang kahoy ay nagsimulang mag-alab, at pinainit ng apoy ang silid.

2. Dumalaw ang siyentipiko sa paaralan at ipinaliwanag sa mga ma-aaral ang maraming kawili-wiling mga bagay tungkol sa sansinukob. Pagkatapos niyang magsalita, ang mga bata ay maraming itinanong sa kaniya. Pinag-alab niya sa mga mag-aaral ang hangaring malaman ang higit pa tungkol sa daigdig.

**D. Kuwento**

*Si Thomas Breakwell as isang kabataang may mahalagang tungkulin sa isang pabrikang gumagawa ng telang algodon sa dakong timog ng Estados Unidos at siya ay nagbabakasyon sa Europa. Nang papunta siya sa Europa noong tag-init ng 1901, may nakilala siyang babae sa barko at nagsimula silang mag-usap tungkol sa mga paksang espiritwal. Pagdating nila sa Paris, nagpunta sila sa isang tahanan sa lungsod kung saan nakatira ang kaibigan ng babae na kahalintulad kay Breakwell ang mga hilig. Malugod silang tinanggap at nag-usap nang ilang panahon ang tatlo. Bago siya umalis, itinanong ni Breakwell kung maaari siyang bumalik. Siya ay sinabihang bumalik kinabukasan ng umaga.*

*Nang dumating si Breakwell kinaumagahan, napansin ng babae na nagniningning ang kaniyang mga mata at tigib ng damdamin ang kaniyang tinig. Siya ay pinaupo, at tinitigan niya sandali ang babae bago niya ilarawan ang isang kakaibang karanasan. Pag-alis niya sa tahanang iyon noong nakaraang araw, naglakad siya nang mag-isa sa isang kalsada sa mainit na panahon ng takipsilim. Ni dahon ay walang kumikilos sa palibot niya, nang bigla na lang siyang sinalubong ng malakas na hangin na waring naghahatid sa kaniya ng magandang balita ng isang bagong mensahe mula sa Diyos!*

*Sinabi ng babaeng dapat siyang huminahon. Kasi, alam ng babae ang mensaheng tinutukoy ni Breakwell. Sa kasunod na tatlong araw, sa loob ng maraming mga oras, sinabi niya kay Breakwell ang lahat ng kaya niyang ipaliwanag tungkol sa Pananampalatayang Bahá'í—ang kasaysayan at mga turo nito—at tungkol kay 'Abdu'l-Bahá, ang ganap na Huwaran ng mga katuruang iyon., na nakatira noong panahong iyon sa lungsod-piitan ng 'Akká sa Banal na Lupain.*

*Sa wakas ng tatlong araw, punong-puno ng kaligayahan at pag-asa ang puso ni Breakwell na wala na siyang ibang gusto kundi pumunta sa 'Akká upang dalawin si 'Abdu'l-Bahá. Nagkataong may isa pang kabataang lalake na papunta rin sa Banal na Lupain para sa mismong layuning ito at masaya siyang makasama si Breakwell. Kaya agad nagpadala ng mensahe kay 'Abdu'l-Bahá na humihingi ng pahintulot upang makadalaw siya, at sa loob lamang ng maikling panahon, ang dalawa ay nagsimula na ng kanilang paglalakbay.*

*Nang dumating ang dalawang lalaki sa tahanan ni 'Abdu'l-Bahá, pinatuloy sila sa isang silid kung saan may ilang natitipong lalaki. Sa pagtingin ni Breakwell sa mga naroon, nabagabag ang kaniyang damdamin. Wala siyang nakita sa silid na umaakit sa puso niya, at sa pag-aakalang naroroon sa silid si 'Abdu'l-Bahá, nangamba siya*

*dahil hindi niya nakilala ang Makalangit na Katauhan na nalaman niya noong nasa Paris siya. Malungkot siyang umupo. Sa sandaling iyon, bumukas ang pinto at tumingin si Breakwell. Doon ay nakita niya ang napakaningning na liwanag, at mula sa liwanag na iyon ay lumabas si 'Abdu'l-Bahá. Alam niya sa sandaling iyon na natupad na ang kaniyang pinakamimithing hangarin.*

*Si Breakwell ay gumugol ng dalawang napakaligayang araw sa piling ni 'Abdu'l-Bahá at sa panahong iyon ang apoy na nag-aalab sa kaniyang puso at higit at higit pang lumakas. Nang sabihin ni Breakwell kay 'Abdu'l-Bahá na ang ibang mga trabahador sa pabrika ng telang algodon na pinatatrabahuan niya ay mga bata, pinayuhan siya ni 'Abdu'l-Bahá na bumitiw sa kaniyang trabaho, at agad niyang ginawa iyon. Sa wakas ng kaniyang pagdalaw, bumalik siya sa Paris na nag-aapoy ang espiritu. Sa nalalabing mga araw ng kaniyang maikling buhay, siya ay nag-apoy tulad ng isang maningning na kandila, ibinabahagi ang liwanag na pinarikit sa kaniyang puso sa lahat ng makaharap niya. Sa kaniyang pagyao, si 'Abdu'l-Bahá ay sumulat ng isang Tableta bilang parangal sa kaniya, na kasama doon ang sumusunod na taludtod: "O Breakwell, O aking minamahal! Ikaw ay nagsindi ng apoy sa loob ng lampara ng Kalipunan sa kaitaasan, ikaw ay nakayapak sa Paraiso ng Abhá, ikaw ay nakatagpo ng kanlungan sa lilim ng Pinagpalang Puno, ikaw ay nakatamo ng pakikipagkita sa Kaniya sa kublihan ng Kalangitan."*

**E. Laro: "Tulungan ang Maysakit"**

Pumili ng isang bata na siya kunwari ang "pasyenteng maysakit". Ngayon ay patayuin nang magkaharap ang dalawa pang bata, na nakahawak ang kanilang mga kamay sa mga braso ng kaharap nilang bata, upang bumuo ng "upuan". Depende sa laki at sa husay ng mga bata, maaari silang bumuo ng upang sa ibang paraan. Yaon ay, hahawakan ng dalawang bata ang sarili nilang kanang galanggalangan gamit ang kanilang kaliwang kamay, at ang kaliwang galanggalangan ng kanilang kaharap ay hahawakan nila gamit ang kanilang kanang kamay.

Ngayon ay dapat tulungan ng ibang mga bata ang kaibigang "maysakit" upang makaupo sa upuan. Pumili ng isang puno o iba pang lugar bilang ang "health center" at hilingin sa dalawang batang bumubuo ng upuan na dalhin doon ang batang "maysakit".

Kung mas malaki ang grupo, ang mga bata ay maaaring bumuo ng "stretcher" sa halip na upuan, sa pamamagitan ng pagtayo sa dalawang magkaharap na hanay. Dapat nilang ibaluktot ang kanilang mga braso mula sa siko at hahawak sa bisig ng batang katapat niya. Pagkatapos, ang batang "maysakit" ay dapat humiga sa stretcher upang dalhin sa healh center. Ipaalala sa lahat ng bata na kailangan nilang magtulungan lahat upang madala nila nang ligtas ang "maysakit" sa health center. "Kapag hahayaan nating malaglag ang maysakit," maaari ninyong sabihin sa kanila, "siya ay masasaktan, at lahat tayo ay malulungkot. Subalit kung makarating tayo sa health center nang walang problema, magiging masaya tayo sapagkat natulungan natin ang ating kaibigan."

**F. Pagkukulay: Drowing 20**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 21

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Para dito sa kasunod na tatlong aralin, usalin ang isang dalanging isinaulo mo, tulad ng iminumungkahi sa Bahagi 19. Kapag natapos na ang pag-alay ng mga dalangin mula sa iyo at sa ilang mga bata, maaari mo nang ipakilala sa kanila ang dalangin sa ibaba, na ito ang huling isasaulo nila sa gradong ito:

> **"O Ikaw na butihing Panginoon! Ako ay isang batang musmos, dakilain ako sa pagtanggap sa akin sa kaharian. Ako ay makalupa, gawin akong makalangit; ako ay mula sa daigdig sa ibaba, tulutang maging bahagi ako ng kaharian sa itaas; mapanglaw, tulutan akong maging maningning; materyal, gawin akong espiritwal, at tulutang maihayag ko ang Iyong walang hanggang mga biyaya.**
>
> **"Ikaw ang Makapangyarihan, ang Lubos na Nagmamahal."**[123]

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Luningning

INTRO: F-Bb-C7-F     F-Bb-C7-F

```
  F                              Bb
Kung isalamin natin ang ilaw mula sa itaas
  C                            F
Puso'y liliwanag ng kabaitan at pagmamahal
  F                                Bb
Kung masayahin tayo at naliliwanagan
  C                         F
Mararamdaman ng lahat init ng Kaniyang ilaw
```

KORO:

```
        F                              Bb
O Anak! O Anak ng Sangkatauhan!
             C                             F
Ikaw ang Aking ilawan, liwanag Ko ay nasa iyo
        F                              Bb
O Anak! O Anak ng Sangkatauhan!
             C                             F
Ikaw ang Aking ilawan, liwanag Ko ay nasa iyo
```

(Ulitin ang intro at idagdag ang C#7)

*(itinuloy sa kasaunod na pahina)*

Walang humpay ang pag-agos ng pag-ibig ng Diyos
Paglingkura Siya upang ningning nito'y lumago
Huwag mag-alinlangan at magliwanag ka
Hanggang bawat puso'y mapupuno ng ilaw Niya

KORO *(ulitin nang dalawang beses)*

## C. Pagsasaulo ng mga sipi

Sa araling ito ay isasaulo ng mga bata ang siping nauugnay sa katangian ng luningning, na maaari ninyong ipakilala sa sumusunod na paraan:

> Ang liwanag ng pag-ibig ng Diyos ay hindi kailanman humihintong tanglawan ang ating mga puso. Habang ang liwanag na ito ay nagiging higit at higit pang malakas, at ang ating mga puso ay nagiging maningning sa Kaniyang pag-ibig. Ang liwanag ng kaalaman ng Diyos—ang kaalaman ukol sa Kaniyang kadakilaan, sa Kaniyang kaluwalhatian—ay nagbibigay-liwanag sa ating mga mata. At sa pamamagitan ng ating mga gawang mapagbigay at mga salitang mabait, ang liwanag ng pag-ibig at kaalaman ay sumisinag. Ang mga taong nakapalibot sa atin ay natitimo ng luningning ng ating ligaya. Upang matulungan tayong maalala ang kahalagahan ng katangian ng luningning, isaulo natin ang sumusunod na sipi:
>
> **"Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking liwanag ay nasa iyo. Kunin mo roon ang iyong luningning at huwag humanap ng iba pa sa Akin."**[124]

*Luningning*

1. Sa paggising ni Tyrell, ang silid ay puno ng liwanag ng araw. Masaya siyang magising sa luningning ng araw.

2. Mahal ni Gng. Santos ang lahat ng tao tulad ng pagmamahal niya sa kaniyang pamilya. Lagi siyang mapagbigay, mabait, at matulungin sa lahat. Ang pag-ibig sa kaniyang puso ay nadarama ng lahat ng taong nakakaharap niya, at nagkakaloob ng kaligayahan sa kanila. Ang lahat ay natitimo ng kaniyang luningning.

*Humanap*

1. Kapag ang sisiw ay lumalabas na sa itlog, pinakakain ito ng kaniyang nanay. Ang nanay na ibon ay kailangang humanap ng pagkain para sa sisiw.

2. Ang paaralan ay nagsaayos ng isang tanging pamamasyal para sa lahat ng mga mag-aaral. Upang sila ay makadalo, hiningi ng paaralan ang pahintulot ng kanilang mga magulang.

## D. Kuwento

> *Sa kalaunan ay marahil mas marami pa kayong matututunan tungkol kay Dorothy Baker, na bilang isang batang musmos ay nagtaglay ng karangalang makaharap si 'Abdu'l-Bahá. Ang lola ni Dorothy ang nagsama sa kaniya upang makita si 'Abdu'l-*

*Bahá sa panahon ng Kaniyang mga paglalakbay sa Kanluran. Sa pagdating nila sa isang tahanang noon pa lamang niya napuntahan, si Dorothy ay pumasok sa isang silid na siksikan ng mga tao. Maraming tao ang tahimik na nakikipag-usap sa isa't isa at magalang na naghihintay upang magsalita si 'Abdu'l-Bahá. Ngumiti si 'Abdu'l-Bahá sa pagpasok ni Dorothy at ng kaniyang lola at sinenyasan Niya ang bata upang umupo nang malapit sa Kaniya. Naghahalo ang kasabikan at kaba habang lumalapit siya. Nakayuko ang ulo, maingat siyang lumakad lampas sa lahat ng ibang mga tao hanggang umabot siya sa bankitong malapit sa paanan ni 'Abdu'l-Bahá*

*Nang nagsimula si 'Abdu'l-Bahá sa pagsasalita, nakatitig pa rin siya pababa, sa kaniyang itim na sapatos. Wala siyang lakas-loob na tumingin sa Kaniya. Subalit hindi nagtagal napawi ang takot niya. Nabighani siya ng alab ng pagmamahal ni 'Abdu'l-Bahá. Ang Kaniyang luningning ay nakaaakit. Hindi niya namalayan ang kaniyang pagkilos, at natuklasan ni Dorothy na nakatitig na pala siya sa maningning na mukha ni 'Abdu'l-Baha habang nakapatong sa kaniyang mga tuhod ang kaniyang mga siko at kalong ng kaniyang mga kamay ang kaniyang baba.*

*Hindi na matandaan ni Dorothy kung ano ang sinabi ni 'Abdu'l-Bahá sa araw na iyon. Ang tanging naalala niya ay ang mabait Niyang mukha, ang malambing Niyang tinig, at ang magiliw Niyang pagkatao. Waring sinasabi ng mapagmahal Niyang mga mata ang tungkol sa espiritwal na mga daigdig ng Diyos. Sa paglipas ng panahon, ang pag-ibig sa Diyos na pinarikit sa kaniyang puso ay naging ganoong katindi na ipinasiya niyang sumulat kay 'Abdu'l-Bahá. Sumamo si Dorothy sa Kaniya na pahintulutan siyang maglingkod sa Kaniya at sa Kapakanan ng Kaniyang Ama, si Bahá'u'lláh. Sa Kaniyang sagot kay Dorothy, pinuri ni 'Abdu'l-Bahá ang kaniyang layunin, tiniyak ang mga biyaya ng Diyos, at sinabing umaasa Siyang magtatagumpay siya sa kaniyang hangarin. At sa katunayan, itinalaga ni Dorothy ang kaniyang buong buhay sa paglilingkod sa Diyos at sa sangkatauhan.*

**E. Laro: "Gayahan"**

Hatiin ang mga bata sa mga magkaparis, na bawat bata ay nakaharap sa kaniyang kaparis. Ngayon ay hilingin sa isang bata mula sa bawat paris na magsimulang gumawa ng simpleng mga kilos, samantalang gagayahin iyon ng kaniyang kaparis. Pagkatapos ng ilang minuto, maaaring magpalit ng gawa ang dalawa. Maaari din nilang gayahin ang expresyon ng mukha ng kanilang kaparis. Kasunod ay patayuin ang isang bata sa likod ng kaniyang kaparis. Habang kumikilos ang batang nasa harap, dapat gayahin ng batang nasa likod niya.

**F. Pagkukulay: Drowing 21**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 22

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Pagkatapos ng mga dalanging pambungad, maaaring ipagpatuloy ng mga bata ang pagsasaulo sa dalanging ipinakilala sa nakaraang aralin.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

### Tayo'y Lumigaya

Am
Isang bagay ang alamin mo
E7
Itong Araw makikita mo,
Dm
Kabutiha'y laging gawin
Am E7 Am
Sa lahat ng tao dito sa mundo.

KORO:

Am
Tayo'y lumigaya
Am
At tayo'y lalakas;
Am
Paglingkuran Siya
Am
Habang may buhay ka,
Dm Am
Batas ng Diyos ang susundin!
E7 Am
Batas ng Diyos ang susundin!

Isang bagay ang alamin mo.
Itong mundo ng karangyaan,
Tama na ang pagsasalita,
Ipakita at ituro natin sa Kaniya.

KORO

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Matututunang isaulo ng mga bata ang sipi sa ibaba sa araling ito, na nakatuon sa tema ng katapatan. Narito ang ilang mga kaisipang makatutulong sa inyo sa pagpapakilala nito:

> Ang isang matapat na kaluluwa ay hindi kailanman nalilimutan ang lahat ng mga biyayang ipinagkaloob sa kaniya ng Diyos; ang kaniyang pag-ibig sa Diyos ay hindi kailanman humihinto. Mula sa ating katapatan sa Kaniya, lagi nating sinisikap gawin ang lahat ng makakaya natin upang tumupad sa Kaniyang mga katuruan at sumunod sa Kaniyang mga batas, kahit na mahirap iyon. Sa gayon ay sinisikap nating maglingkod

sa mga iba at gumawa ng karapat-dapat na mga gawain, habang walang ibang iniisip bukod sa makamtan ang Kaniyang mabuting kaluguran. Para sa kaluluwang matapat, wala nang higit pang kaligayahan kaysa pagsusumikap na maging kalugod-lugod sa Diyos. Isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay Bahá'u'lláh:

**"Maligaya siyang matapat na nadaramtan ng kasuutan ng dakilang pagsisikap at nagbangon upang paglingkuran ang Kapakanang ito."**[125]

*Nadaramtan*

1. Si Mae ay may isang magandang damit na isinusuot lamang niya sa tanging mga pagkakataon. Isinuot niya ang damit na iyon para sa pagtitipon ng pamayanan. Si Mae ay nadaramtan ng kaniyang tanging damit.

2. Sa Natalia ay mabait sa lahat. Ang kaniyang kaluluwa ng nadaramtan ng kabaitan mula sa Diyos.

*Kasuutan*

1. Sa ilang mga lugar, ang mga hukom ay kailangang magsuot ng puting peluka at mahabang itim na toga sa loob ng korte. Kailangan nilang isuot ang buong kasuutan ng mga hukom.

2. Bago umalis sa palasyo, isinuot ng prinsipe ang kaniyang sash at korona. Isinuot niya ang kaniyang kasuutan bilang prinsipe.

3. Si Jakob ay nagdarasal tuwing umaga bago umalis ng bahay. Ang mga dasal ay kasuutan ng kaniyang kaluluwa. Pinalalakas at pinangangalagaan siya ng mga ito sa buong araw.

*Pagsisikap*

1. Ipinasiya ng mga mag-aaral na magtanim ng mga puno sa palibot ng paaralan. Sinuportahan ng pamayanan ang kanilang pagsisikap sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga punla at ng lupa.

2. Ipinasiya ni Pierre at ni Arlene na aakyat sila hanggang sa tuktok ng bundok. Alam nilang magiging mahirap na pagsisikap ito, subalit buo ang loob nilang gawin iyon.

**D. Kuwento**

*Noong batang musmos pa lamang si 'Abdu'l-Bahá, ang Kaniyang pamilya, na bahagi ng mga maharlika ng Persia, ay may katulong na nagngangalang Isfandíyár. Siya ay lubos na matapat sa pamilya, at malaki ang kanilang tiwala sa kaniya. Dahil sa inggit at kamangmangan, pinahuli ng mga awtoridad ang minamahal na ama ni 'Abdu'l-Bahá, si Bahá'u'lláh, at ang lahat ng mga ari-arian ng pamilya ay kinuha. Walang natira sa kanila, at ang sinumang malapit kay Bahá'u'lláh ay nalagay sa panganib. Patuloy si Isfandíyár sa pag-alaga sa pamilya. Alam ng ina ni 'Abdu'l-Bahá na maraming opisyal ang maghahanap kay Isfandíyár, kaya sinabi niyang umalis siya sa lungsod. Subalit hindi umalis si Isfandíyár.*

*“Hindi ako pwedeng umalis,” sinabi niya, at ipinaliwanag na marami siyang utang sa mga tindahan para sa mga bagay na binili niya. “Paano ako makaaalis?” itinanong niya. “Sasabihin nilang ang isang katulong ni Bahá’u’lláh ay bumili at ginamit ang mga paninda ng mga tindero at hindi nagbayad. Hanggang hindi ko nababayaran ang mga utang na ito, hindi ako maaaring umalis. Kung hulihin nila ako, huwag mag-alala. Kung parusahan nila ako, walang masama roon. Kung patayin nila ako, huwag malungkot. Subalit hindi ako maaaring umalis. Kailangan kong manatili hanggang nababayaran ko ang lahat ng utang ko.”*

*Sa loob ng isang buwan, si Isfandíyár ay palibot-libot sa mga lansangan at mga pamilihan, nagbebenta ng mga maliit na bagay na kaniyang pag-aari. Nang nakabayad na siya sa lahat ng kaniyang mga utang, pumunta siya sa pamilya at nagpaalam dahil alam niyang hindi na siya maaaring manatiling kasama nila. Tinanggap siya ng isang opisyal ng pamahalaan at ipinagsanggalang siya sa mapanganib na panahong ito.*

*Pagkalipas ng maraming buwan, si Bahá’u’lláh ay pinalaya mula sa piitan, at Siya at ang Kaniyang pamilya ay ipinatapon ng mga awtoridad mula sa Persia. Sila ay pumunta sa Baghdád, na isang lungsod sa katabing bansa. Si Isfandíyár, na patuloy na matapat kay Bahá’u’lláh, ay naglakbay patungo sa Baghdád at nagtanong kung maaari siyang muling maglingkod sa Kaniyang tahanan. Sinabi ni Bahá’u’lláh sa kaniya, “Noong umalis ka sa amin, may isang ministrong Persiyano na tumanggap sa iyo noong walang ibang kukupkup sa iyo. Dahil binigyan ka niya ng tirahan at kalinga, kailangan mong maging matapat sa kaniya. Kung papayag siyang umalis ka, pwede kang bumalik sa amin; subalit kung ayaw niyang umalis ka, huwag mo siyang iwan.”*

*Dahil sa Isfandíyár na lubos na matwid, mapagkakatiwalaan, at matapat, ayaw ng ministrto na umalis siya. “O Isfandíyár!” sinabi niya, “Ayaw kong pumayag na umalis ka, subalit kung gusto mong umalis, ikaw ang masusunod.” Subalit naalala ni Isfandíyár ang mga salita ni Bahá’u’lláh. Nanatili siyang naglilingkod sa ministro, at sa paglipas ng ilang panahon, ang ministro sa wakas ay yumao at si Isfandíyár ay muling bumalik sa pamilyang lubos niyang minamahal, at pinaglingkuran si ‘Abdu’l-Bahá hanggang sa wakas ng kaniyang buhay.*

**E. Laro: “Sino ang Kumakatok sa Aking Pinto?”**

Piringan ang isang bata, at paupuin sa isang bangko nang nakatalikod sa kaniyang mga kaklase. Ngayon ay ituro ang isang bata. Ang batang iyon ay dapat lumapit sa batang nakapiring at kumatok sa bangko. Dapat itanong ng batang nakaupo, “Sino ang kumakatok sa aking pinto?” Dapat baguhin ng batang kumatok ang kaniyang boses at sumagot ng “Ako ito.” Sisikaping hulaan ng batang nakapiring kung sino ang kumatok. Maaaring humula nang tatlong beses, pagkatapos ibang bata naman ang pipiringan. Maaaring nanaisin ninyong banggitin na upang makarinig nang mahusay ang batang piniringan, kailangang manatiling tahimik ang lahat ng ibang mga bata.

**F. Pagkukulay: Drowing 22**

**G. Mga dalanging pangwakas**

# ARALIN 23

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Maaari ninyong simulan ang klase sa mga dalangin at pagkatapos ay tulungan ang mga bata sa kanilang mga pagsisikap na isaulo ang dalanging ipinakilala sa Aralin 21.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Tiyaga

```
      E              B
Binti mo ay pagod na
    B                   E
At ang lansanga'y ang haba-haba
      E               B
Gusto mo nang sumuko
       B         E
Ang init-init pa
    A                        E
Walang saysay ang walang tiyaga
    A                E
Walang silbi ang luha
   A                   E
Ihakbang na ang iyong paa
     B           E
Makakalayo ka
```

KORO:

```
  A                    E
Ang sagot diyan ay tiyaga
        A              E
'Pag ika'y nalulumbay
   A                E
Pinagpala ang may tiyaga
         B            E        B
Dala nito ay ligaya
```

Hindi maunawaan
Ang mga paliwanag mo
Ihayag mo nalang uli ito
Siya'y maliliwanagan din

*(itinuloy sa kasunod na pahina)*

Walang saysay ang walang tiyaga
Wala kang mapapala
Kung may tiyaga ka sa kaniya
Kayo'y kapwa sasaya

*(Instrumental)*

Gusto mo mang magbago
Hindi ka pa rin nagtatagumpay
Ba't kailangan pang magsikap
San ba 'to patutungo

KORO

Walang saysay ang walang tiyaga
Walang kwenta ang walang gawa
Magsikap nang walang humpay
Nang makamtan ang tagumpay
Ang sagot diyan ay tiyaga
'Pag ika'y nalulumbay
Pinagpala ang may tiyaga
Dala nito ay ligaya

KORO

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Sa araling ito, isasaulo ng mga bata ang sipi tungkol sa tiyaga, na maaaring ipakilala sa sumusunod na paraan:

> Ang tiyaga ay isa sa pinakamahalagang katangian na maaari nating taglayin. Kapag walang tiyaga, maliit lamang ang makakamtan nating tagumpay sa buhay na ito. Sa ating pag-aaral, sa ating trabaho, sa ating pamilya, sa ating pakikipagkaibigan sa mga iba, sa ating mga pagsisikap na umunlad sa espiritwal, kinakailangan ang tiyaga. Hindi lahat ng bagay sa buhay ang maaaring gawin nang mabilis. Maraming bagay ang nagagawa lamang nang unti-unti, araw-araw. Kapag gumagamit tayo ng tiyaga, hindi natin sinisikap madaliin ang mga bagay na nangangailangan ng panahon. Kailangan nating maging matiyaga sa mga iba at sa ating mga sarili, dahil lahat tayo ay natututo at umuunlad. Upang makatulong sa ating mga pagsisikap na magtamo ng tiyaga, isaulo natin ang sumusunod na sipi:

**"Sa katunayan ay dadagdagan Niya ang gantimpala nilang mga nagtitiis nang matiyaga."**[126]

*Gantimpala*

1. Si Gng Anderson ay tuwang-tuwa sa napakahusay na mga proyekto sa agham na inihanda ng mga mag-aaral sa kaniyang klase. Bilang gantimpala, ipinasyal niya sila sa isang malapit na aquarium.

2. Si Alena ay gumugugol ng panahon araw-araw sa pagsisikap matutong maggitara. Nang tumugtog siya ng isang magandang himig para sa kaniyang bunsong kapatid, ang ligaya sa kaniyang mukha ay sapat nang gantimpala para sa kaniyang mga pagsisikap.

*Nagtitiis*

1. Si Aliya at ang kaniyang pamilya ay lumipat sa isang malayong lugar. Noong unang ilang mga buwan ay marami silang dinanas na kahirapan. Subalit sa tulong ng kanilang mabait na mga kapitbahay, nagawa nilang tiisin ang mga kahirapang iyon at ngayon ay maligayang-maligaya na sila sa kanilang bagong tahanan.

2. Si Hugh ay nagkasakit. Marami siyang nadaramang masakit, subalit hindi siya dumadaing. Tiniis niya nang matiyaga ang kaniyang pagdurusa.

**D. Kuwento**

*Si Li Xin ay mahilig sa prutas na melokoton. Araw-araw siyang nagbabaon ng isang melokoton at kinakain iyon sa oras ng pananghalian. Nasasarapan siya sa bawat kagat subalit lagi niyang itinatapon ang buto, na nasa loob niyon ang binhi.*

*Isang araw ay pinag-aaralan ng klase ni Li Xin ang tungkol sa mga binhi. Ito ay nagbigay ng isang ideya kay Li Xin. Itatanim niya ang binhi mula sa kaniyang melokoton at tutulungan iyong lumaki at maging puno! Nang pananghaliang iyon, itinabi niya ang buto mula sa kaniyang melokoton at binalot iyon sa papel. Pagkatapos ng klase, nagmadali siyang umuwi at nagpatulong siya sa kaniyang ama na humanap ng lugar na patutubuan ng kaniyang puno. Ipinaalala ng kaniyang ama sa kaniya na kailangan niya munang patuyuin ang buto upang makalabas ang binhi. Pero gustong itanim agad ni Li Xin ang buto. "Li Xin," sabi ng kaniya ama, "kung wala kang tiyagang hintaying matuyo ang buto, paano ka magkakaroon ng tiyagang hintaying umusbong ang binhi?" Sa gayon, itinabi muna ni Li Xin ang buto upang matuyo.*

*Pagkalipas ng ilang araw, sa wakas ay nabuksan na ni Li Xin ang buto at nailabas ang binhi. Itinuro ng kaniyang ina ang isang pook sa bakuran kung saan maaaring tumubo nang malaki ang puno. Humukay si Li Xin ng isang butas at inihulog doon ang binhi, at pagkatapos ay tinabunan ng isang umbok ng lupa. Nakangiti siya sa tuwa. Sa wakas ay nagsisimula na ang kaniyang puno!*

*Araw-araw dinadalaw ni Li Xin ang umbok ng lupa, sa pag-asang may makikita siyang tanda ng pagsibul ng binhi. Subalit sa loob ng ilang linggo ay walang lumilitaw na pagsibul, at nanghina ang loob ni Li Xin. Nakita ng kaniyang ina na balisa si Li Xin at itinanong sa kaniya kung ano ang problema. "Hindi tumutubo ang binhi ko," sinabi ni Li Xin. "Magkakaroon pa kaya ako ng puno?" "Aba," sabi ng ina niya, "kailangan nitong binhi ng matagal na panahon upang tumubo. Sa ganoong paraan, ito ay katulad mo. Noong ikaw ay ipinanganak, ikaw ay napakaliit lamang at wala kang ginagawa*

*kundi kumain at matulog. Pero ngayon tingnan mo kung ano ka na! Isa ka nang bata, naglalakad, nagsasalita, at nag-iisip para sa iyong sarili! Maaaring kailangan ng maraming taon ng binhing ito bago maging puno, subalit kung aalagaan mo ito, isang araw ay magagawa mong umupo sa lilim nito at kumain ng mga prutas nito." Habang iniisip ito, si Li Xin ay muling nagkaroon ng pag-asa. Alam niya, mula sa kaniyang klase, na maraming pagbabago ang kailangang pagdaanan ng binhi bago pa ito sumibol.*

*Pagkatapos isang araw, nang lumabas si Li Xin upang dalawin ang umbok ng lupa, tulad ng lagi niyang ginagawa, bigla siyang natuwa dahil nakita niya ang isang maliit na luntiang sibul mula sa lupa! Tumutubo na ang puno niya! Tumakbo siya sa kaniyang kapitbahay, na isang magsasaka, at sinabi sa kaniya ang magandang balita. Siya ay nagbigay ng mga payo tungkol sa pag-alaga ng puno habang maliit pa iyon, at nakinig siya sa bawat salita, sabik na gawin ang lahat upang arugain iyon. "Hindi magtatagal ay magkakaroon na ako ng maraming melokoton na maibibigay sa iyo bilang pasasalamat sa iyong mabuting payo," sabi ni Li Xin. Subalit ngumiti lamang ang kapitbahay. "Li Xin, naalala mo bang kinailangan mong maging matiyaga at hintaying matuyo ang buto?" Tumango si Li Xin. "At naalala mo bang kinailangan mo ng mas mahabang tiyaga habang hinihintay ang pagsibul ng binhi?" Naalala din ito ni Li Xin. "Mas matagal na panahon pa ang kailangan bago ang sibul na ito ay maging isang puno, at pagkatapos niyon ay kailangan pa rin ng panahon bago ito magbigay ng prutas. Mga taon ang bibilangin bago maging handa ang punong magbigay ng mga melokoton na matitikman mo."*

*At sa gayon ay inalagaan ni Li Xin ay puno at inasikaso ang mga pangangailangan nito habang lumalaki ito mula sa pagsibul tungo sa supling at mula sa supling tungo sa puno. Unti-unti itong tumaas at lumapad, tulad din niya. At isang araw, sa pag-uwi niya mula sa paaralan, nakita niyang lumilitaw na ang unang mga melokoton ng puno mula sa mga bulaklak nito. Muli niyang nadama ang ligayang pumuspos sa kaniyang puso noong unang sumibol ang binhi. At muli, ay alam niyang kailangan niyang magkaroon ng tiyaga. Sapagkat kailangan pa ng ilang panahon bago mahinog ang mga melokoton at maaari nang kainin.*

**E. Laro: "Hanapin ang Tagapagsimula"**

Piringan ang isang bata at patalikurin siya sa grupo ng mga batang nakatayo nang paikot sa isang bilog. Pagkatapos ay tahimik mong ituro ang isang bata na magiging "tagapagsimula". Bago pabalikin ang batang piniringan, tulungan muna ang ibang mga bata na magsanay sa pagsunod sa mga kilos na gagawin ng "tagapagsimula". Halimbawa, kung siya ay papalakpak, ang lahat ng iba ay dapat ding pumalakpak. Kung magsimula siyang kumaway, ang lahat ng iba ay dapat ding sumunod. Ngayon ay pwede nang alisin ng unang bata ang piring at bumalik sa grupo. Dapat niyang tingnan nang maingat ang lahat ng iba at sikaping tuklasin kung sino ang tagapagsimula, samantalang ang mga iba naman ay hindi dapat tumitig sa tagapagsimula para hindi siya madaling hulaan. Maaaring maghalinhinan ang mga bata sa pagiging tagapagsimula at tagapaghula.

**F. Pagkukulay: Drowing 23**

**G. Mga dalanging pangwakas**

## ARALIN 24

**A. Pagbibigkas at pagsasaulo ng mga dasal**

Tulad ng dati, simulan ang klase sa mga dalangin at pagkatapos ay tulungan ang mga bata upang magbalik-aral sa dalanging isinasaulo nila.

**B. Mga awit (kasama ang pagbabalik-aral sa nakaraang mga awit)**

Matatag sa Pag-ibig sa Diyos

```
     G          C
Maglakad tayo
     D                  G
Sa landas ng Diyos
         G          C
Matatag tayo't matapat
D                      G
Sa pag-ibig ng Diyos
     G                  C
Landas Niya'y susundin
         D                  G
Sa mga pagsubok at suliranin
        G                   C
Matatag sa pag-ibig sa Diyos
     D                  G
Landas Niya'y tatahakin
```

Maglingkod tayo
Sa Kapakanan ng Diyos
Matatag tayo’t matapat
Sa pag-ibig sa Diyos
Paglingkuran Kapakanan ng Diyos
Sa gawain makikibahagi ka
Matatag sa pag-ibig sa Diyos
Maglingkod nang masaya ang puso

Maninindigan tayo
Puso’y ibaling sa Diyos
Matatag tayo’t matapat
Sa pag-ibig sa Diyos
Puso’y nakabaling sa Diyos
Di mag-alinlangan sa biyaya Niya
Matatag sa pag-ibig sa Diyos
Kalungkutan papawiin Niya

**C. Pagsasaulo ng mga sipi**

Ang sumusunod na mga ideya ay makatutulong sa inyo upang ipakilala ang siping isasaulo ng mga bata sa huling aralin na ito, na nakatutok sa tema ng katatagan.

Ang isa sa pinakamahalagang katangian ng isang taong tunay na nagmamahal sa Diyos ay ang katatagan. Kahit anupaman ang mangyari sa buhay, lagi nating naaalala ang Diyos at ang ating pag-ibig sa Kaniya. Samakatwid, kahit ano pa ang sabihin o gawin ng ibang tao ay hindi matitinag ang ating pananalig sa Kaniya. Mahal natin Siya at sumusunod tayo sa Kaniyang mga batas at mga katuruan. Upang maalala nating dapat tayong manatiling matatag sa lahat ng panahon, isaulo natin ang sumusunod na sipi mula kay Bahá'u'lláh:

**"Magiging lubusang napakataas ang iyong kalagayan kung mananatili kang matatag sa Kapakanan ng iyong Panginoon."**[127]

*Lubusang*

1. Ang mga hardin ay higit na maganda kaysa sa alinmang nakita na ni Xavier noong nakaraan. Hindi niya magunita ang isang harding lubusang mas maganda pa.

2. Ang ina ni Keletso ay gumawa ng isang bukod-tanging keyk para sa pamilya. Sarap na sarap silang kainin iyon, at sinabi ng lahat na lubusang masarap iyon.

*Napakataas*

1. Tuwing gabi bago siya matulog, si Martha ay nagdarasal at nadarama niyang malapit siya sa Diyos. Sa kaniyang pagtulog ang kaniyang espiritu ay nasa isang napakataas na kalagayan.

2. Sa pagtitipon, si Kumar ay nagbigay ng talumpati tungkol sa kapayapaang pandaigdig at sa kabutihan ng sangkatauhan. Si Kumar ay nagsalita tungkol sa napakataas na mga ideya.

*Manatiling matatag*

1. Laging sinasabi ng kaibigan ni Rosemary na ang mga bituin ay maliliit na mga lamparang lumulutang sa alapaap. Subalit natutunan ni Rosemary sa klase na ang bawat bituin sa katunayan ay isang napakalayong araw. Si Rosemary ay hindi nagbabago ng kaniyang isip. Nananatili siyang matatag doon sa alam niyang katotohanan.

2. May nagsabi kay Mona na hindi mahalagang magdasal araw-araw, subalit patuloy pa rin siyang nagdarasal dahil alam niyang batas ng Diyos ang magdasal. Si Mona ay nanatiling matatag sa pagsunod sa batas ng dasal.

**D. Kuwento**

*Maaaring alam ninyong si Bahíyyih Khánum ay ang bunsong kapatid na babae ni 'Abdu'l-Bahá. Siya ay anim na taong gulang nang ang kanilang Ama, si Bahá'u'lláh,*

*ay dakpin at ikulong sa piitan ng pamahalaang hindi makatarungan. Maaalala ninyo mula sa iba pang kuwento na ang kanilang pamilya ay mga maharlika. Subalit nang ikulong ang kaniyang Ama, ang lahat ng mga pag-aari ng pamilya ay kinuha. Ang kanilang mga lupa, mga bahay, mga muebles, mga ari-arian—ang lahat ay nawala sa kanila. Halos walang naiwan sa pamilya, kahit pagkain. Noong nagugutom siya at ang kaniyang Kuya, si 'Abdu'l-Bahá, at walang maibigay na tinapay sa kanila, nilagyan ng kanilang ina ang mga palad ng kanilang kamay ng kaunting harina upang iyon na lamang ang kainin nila.*

*Pagkalipas ng ilang panahon, ang kanilang Ama ay pinalabas sa piitan at pinalayas ng pamahalaan mula sa kanilang inang-bayan. Si Bahíyyih Khánum at ang kaniyang pamilya ay nagsimula ng paglalakbay sa kasagsagan ng taglamig patungo sa lungsod ng Baghdád sa karatig bansa. Upang makarating sa lungsod, kinailangan nilang tumawid sa napakalaking mga bundok na punong-puno ng niyebe. Mapanganib ang paglalakbay, at hindi sapat ang kanilang mga baon para sa paglalakbay. Halos hindi sila mapangalagaan ng kanilang mga damit mula sa niyebe at sa ginaw. Sa tulong lamang ng ilang mga buriki, unti-unti silang naglakbay sa mataas na tugatog ng mga bundok. Madalas ay kailangan nilang huminto sa ilang at doon magpalipas ng gabi. Subalit pinangalagaan sila ng Diyos, at sa Kaniyang hindi nabibigong tulong, sila ay nakarating nang ligtas sa Baghdád pagkalipas ng tatlong buwan. Hindi na kailanman makababalik si Bahíyyih Khánum sa bansa kung saan siya ay isinilang.*

*Sa buong buhay niya, si Bahíyyih Khánum ay nakibahagi sa mga pagdurusa at pagpapatapon ng kaniyang Ama. Sa wakas ay ipinatapon ng pamahalaan si Bahá'u'lláh sa lungsod-piitan ng 'Akká, kung saan siya at ang kaniyang pamilya ay namuhay kasama ng pinakamasamang mga kriminal. Nang yumao ang kaniyang Ama na lubos niyang minamahal, buong katapatan niyang sinuportahan ang kaniyang minamahal na Kuya, si 'Abdu'l-Bahá, na Siya ang hinirang bilang Pinuno ng Pananampalataya ng Kaniyang Ama. At pagkalipas ng maraming taon, si 'Abdu'l-Bahá rin ay sumakabilang-buhay. Si Bahíyyih Khánum ang naging pinakamatatag na tagapagsuporta at pinakamatibay na tagapagtanggol nng Kaniyang apo, ang bata pang si Shoghi Effendi, na hinirang ni 'Abdu'l-Bahá bilang Guardian ng Pananampalataya.*

*Si Bahíyyih Khánum sa panahong iyon ay matanda na. Ang buhay niya ay puno ng ligalig at kaguluhan. Iyon ay tumatawid mula sa isang paghihirap patungo sa kasunod na paghihirap, mula sa isang sakuna patungo sa kasunod na sakuna. Subalit ang kaniyang espiritu ay hindi natitigatig, at ang kaniyang puso ay laging puspos ng pag-ibig sa Diyos. Siya ay matibay at matatag hanggang sa huling mga araw ng kaniyang buhay.*


**E. Laro: "Tumutulong na Kamay"**

Ang mga bata ay dapat magparis-paris at maghawakan ng kamay. Una ay magpalakad-lakad sila nang magkaparis, habang nakabukas ang kanilang mga mata. Dapat silang magsimula sa napakaliit na mga hakbang, at dapat unti-unting lumaki ang kanilang mga hakbang. Ang bawat paris ay dapat mag-ingat na hindi nila mabangga ang ibang paris. Pagkatapos, ang isa sa bawat magkaparis ay dapat pumikit, at ulitin nila ang kanilang paglalakad. Ngayon, upang maiwasan nilang mabangga ang mga iba, ang batang nakabukas ang mga mata ay dapat gabayan ang kaniyang kaparis. Sabihin sa kanilang dapat silang gumamit lamang ng mga

senyas, at hindi magsasalita. Tulungan silang magkasundo sa mga senyas bago sila magsimula—halimbawa, ang isang pisil sa kamay ay maaaring nangangahulungang “hinto”, ang dalawang pisil ay “bumalik”, ang tatlong pisil ay “kumanan”, at ang apat na pisil ay “kumaliwa”.

**F. Pagkukulay: Drowing 24**

**G. Mga dalanging pangwakas**



**"O Anak ng Espiritu! Ang una Kong payo ay ito:
Mag-angkin ng isang wagas, mabait at maningning na puso . . ."**




**“Tahakin ninyo ang landas ng katarungan, sapagkat sa katunayan ito ang tuwid na landas.”**



**"O Kaibigan! Sa halamanan ng iyong puso**
**ay huwag kang magtanim ng anuman liban sa rosas ng pag-ibig . . ."**



**“Ang pagkamakatotohanan ang batayan ng lahat ng mga katangiang pantao.”**




**"Ang magbigay at maging bukas-palad ay mga katangian Ko;**
**makabubuti sa kaniyang palamutihan niya ang sarali ng Aking mga kapurihan."**



**“Pinagpala siyang inuuna ang kaniyang kapatid kaysa sa kaniyang sarili.”**



**“Magsaya sa kagalakan ng iyong puso, nang maging karapat-dapat ka sa pakikipagkita sa Akin at sa pagsalamin ng Aking kagandahan.”**



**"Sa lahat ng panahon ay dapat nating ihayag ang ating pagkamakatotohanan at pagiging taos-puso . . ."**



**“O Anak ng Tao! Magpakumbaba ka sa harapan Ko,
upang Ako ay magiliw na dumalaw sa iyo.”**



**“Maging maligaya kayo. Maging mapagpasalamat kayo. Magbangon upang magbigay ng pasasalamat sa Diyos, upang ang inyong pagpapasalamat ay makatulong sa pagyabong ng biyaya.”**



**“. . . gawing palamuti ninyo ang pagpapatawad at habag at yaong nagpapaligaya sa mga puso ng mga itinatangi nang lubos ng Diyos.”**



**“Pagandahin ang inyong mga dila, O mga tao, ng pagkamakatotohanan, at gayakan ang inyong mga kaluluwa ng palamuti ng integridad.”**



**“Ang Kaharian ng Diyos ay nakatatag sa karampatan at katarungan at gayundin sa habag, malasakit, at kabaitan sa bawat kaluluwang nabubuhay.”**



**“Alamin na ang iyong tunay na palamuti ay binubuo ng pag-ibig sa Diyos at sa iyong pagkawalay sa lahat liban sa Kaniya . . .”**




**"Ang bukal ng lahat ng kaluwalhatian ay ang pagtanggap sa anumang ipinagkaloob ng Panginoon, at kasiyahan doon sa anumang itinadhana ng Diyos."**




**“Pinagpala siyang nakikisalamuha sa lahat ng tao sa diwa ng sukdulang kabaitan at pagmamahal.”**



**“ Ang pinagmumulan ng lakas-loob at kapangyarihan ay ang pagtataguyod sa Salita ng Diyos, at katatagan sa Kaniyang Pag-ibig.”**




**“Huwag mawalan ng tiwala sa Diyos. Ikaw ay laging umasa, sapagkat ang mga biyaya ng Diyos ay hindi kailanman humihinto ang pagdaloy sa tao.”**




**“Ang pagkamapagkakatiwalaan ay ang kalubus-lubusang pintuan patungo sa katiwasayan at kaligtasan ng mga tao.”**




**“Mag-alab kayo, O mga tao, sa init ng pag-ibig sa Diyos, upang magawa ninyong pag-alabin ang mga puso ng mga iba.”**




**“ Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking liwanag ay nasa iyo.**
**Kunin mo roon ang iyong luningning at huwag humanap ng iba pa sa Akin.”**



**“Maligaya siyang matapat na nadaramtan ng kasuutan ng dakilang pagsisikap at nagbangon upang paglingkuran ang Kapakanang ito.”**



**“Sa katunayan ay dadagdagan Niya ang gantimpala nilang mga nagtitiis nang matiyaga.”**



**“Magiging lubusang napakataas ang iyong kalagayan kung mananatili kang matatag sa Kapakanan ng iyong Panginoon.”**

# REFERENCES


1. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá’u’lláh, ang Báb, at ‘Abdu’l-Bahá* (Manila: Bahá’í Publishing Trust, 1990), p. 22.

2. ‘Abdu’l-Bahá, in *Bahá’í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá’u’lláh, the Báb, and ‘Abdu’l-Bahá* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2002, 2017 printing), p. 29.

3. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2017), no. 6.25, p. 76.

4. Bahá’u’lláh, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 42, p. 41.

5. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 3.23, p. 33.

6. Bahá’u’lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2017), Arabic no. 2, mp. 2–3.

7. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 10.5, p. 179.

8. From a Tablet of ‘Abdu’l-Bahá. (authorized English translation)

9. Ibid.

10. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), no. 12.1, mp. 43-44.

11. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CXXXIX, par. 8, p. 345.

12. ‘Abdu’l-Bahá, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice*, par. 40, p. 39.

13. ‘Abdu’l-Bahá, in “Trustworthiness: A Cardinal Bahá’í Virtue”, compiled by the Research Department of the Universal House of Justice, published in *The Compilation of Compilations* (Maryborough: Bahá’í Publications Australia, 1991), vol. 2, no. 2053, p. 338.

14. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í*, mp. 22-23.

15. Ibid., p. 24.

16. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 9.4, p. 158.

17. Ibid., no. 10.15, p. 180.

18. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 206.13, p. 411.

19. Ibid., no. 199.6, mp. 384–85.

20. From a talk given on 1 July 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by ‘Abdu’l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2012), par. 1, p. 304.

21. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 237.5, mp. 511-12; gayundin sa *Mga Dalanging Bahá’í*, mp. 311-312.

22. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 3 September 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 29, p. 441.

23. *The Tabernacle of Unity: Bahá’u’lláh’s Responses to Mánikchí Ṣáḥib and Other Writings* (Haifa: Bahá’í World Centre, 2006), no. 5.7, p. 74.

24. *Mga Araw ng Paggunita: Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh para sa mga Banal na Araw ng Bahá’í* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2020), no. 42.8, mp. 341–42.

25. Mula sa talumpating ibinigay noong ika-22 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong 1911* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), no. 35.2, p. 162.

26. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 16.5, p. 55.

27. *The Summons of the Lord of Hosts: Tablets of Bahá’u’lláh* (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2006), no. 5.51, p. 301.

28. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 4.23, p. 46.

29. *The Summons of the Lord of Hosts*, no. 3.17, p. 249.

30. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 5 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 3, p. 127.

31. Bahá’u’lláh, sa *Mga Dalanging Bahá’í*, p. 171.

32. Ibid., p. i.

33. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 6.19, p. 73.

34. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, LXXXII, par. 3, pp. 180–81.

35. Ibid., V, par. 2, pp. 6–7.

36. ‘Abdu’l-Bahá, *The Secret of Divine Civilization* (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2007, 2016 printing), par. 130, p. 93.

37. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 70, p. 35.

38. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXXIX, par. 2, p. 316.

39. Ibid., CXXXIX, par. 4, p. 343.

40. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 23 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 5, p. 69.

41. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXXV, par. 3, pp. 300–1.

42. Ibid., XV, par. 1, p. 39.

43. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 5 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 4, p. 128.

44. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 2 December 1912, ibid., par. 2, pp. 638–39.

45. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 6.3, p. 65.

46. Bahá’u’lláh, *Epistola sa Anak ng Lobo* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), par. 38, mp. 28-29.

47. Bahá’u’lláh, in “Trustworthiness”, published in *The Compilation of Compilations*, vol. 2, no. 2037, p. 334.

48. ‘Abdu’l-Bahá, in “Bahá’í Prayers and Tablets for Children: A Compilation Prepared by the Research Department of the Universal House of Justice”, no. 11.

49. Ibid., no. 10.

50. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 14 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 9, p. 17.

51. *Abdul Baha on Divine Philosophy* (Boston: The Tudor Press, 1918), pp. 41–42.

52. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 35.8, p. 116.

53. Ibid., no. 7.4, p. 34.

54. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXXI, par. 6, p. 291.

55. Ibid., LXVI, par. 6, p. 144.

56. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 10.8, mp. 179-80.

57. Bahá'u'lláh, in *The Bahá'í World: Volume One*, *1925–1926* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1926, 1980 printing), p. 42.

58. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 40, mp. 19-20.

59. Ibid., Persian no. 50, p. 73.

60. From a Tablet of 'Abdu'l-Bahá. (authorized English translation)

61. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CXLVI, par. 1, p. 357.

62. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 1.7, p. 5.

63. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 12 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 8, p. 166.

64. Mula sa isang talumpati na ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-16 at 17 ng Oktubre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris*, no. 1.7, p. 4.

65. 'Abdu'l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá'í*, p. 183-84.

66. Bahá'u'lláh, ibid., p. 89.

67. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 179.1, p. 327.

68. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 10 November 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 8, p. 599.

69. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, CLIII, par. 1, pp. 366–67.

70. *Ang Natatagong mga Salita*, Persian no. 21, mp. 51-52.

71. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 178.1, p. 326.

72. Mula sa talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-21 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris*, no. 34.8, p. 160.

73. Bahá'u'lláh, in "Trustworthiness", published in *The Compilation of Compilations*, vol. 2, no. 2013, p. 327.

74. Ibid., no. 2024, p. 330.

75. Ibid., no. 2027, p. 330.

76. Bahá’u’lláh, in “Guidelines for Teaching”, compiled by the Research Department of the Universal House of Justice, published in *The Compilation of Compilations* [Title translation], vol. 2, no. 1898, p. 293.

77. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, XV, par. 6, p. 41.

78. *The Summons of the Lord of Hosts*, no. 1.145, pp. 114–15.

79. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá’u’lláh* (Haifa: Bahá’í World Centre, 2018), no. 2.22, p. 21.

80. *Mga Dalanging Bahá’í*, mp. 168-69.

81. ‘Abdu’l-Bahá, *Bahá’í Prayers*, p. 29.

82. From a Tablet of ‘Abdu’l-Bahá. (authorized English translation)

83. Bahá’u’lláh, *Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2003), par. 70, p. 57.

84. Mula sa talumpati ni ‘Abdu’l-Bahá noong ika-23 ng Nobyembre 1911, inilathala sa *Mga Pagsasalita sa Paris*, no. 36.9, p. 169.

85. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 12 April 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 2, p. 10.

86. *The Tabernacle of Unity*, no. 3.16, p. 64.

87. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 141.4, mp. 260-61.

88. Ibid., no. 1.4, p. 2.

89. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 48, p. 23.

90. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, LXVI, par. 11, p. 146.

91. *The Summons of the Lord of Hosts*, no. 2.30, p. 229.

92. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 14.11, p. 241.

93. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXXXIV, par. 1, p. 328.

94. Ibid., CLXI, par. 1, p. 384.

95. Ibid., CXLIII, par. 1, pp. 353–54.

96. Bahá’u’lláh, *Ang Kitáb-i-Íqán: Ang Aklat ng Katiyakan* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2021), par. 146, p. 153.

97. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 23 November 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace*, par. 4, p. 632.

98. ‘Abdu’l-Bahá, in *Bahá’í Prayers*, p. 29.

99. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 1, p. 2.

100. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXVIII, par. 1, p. 283.

101. *Ang Natatagong mga Salita*, Persian no. 3, p. 3.

102. ‘Abdu’l-Bahá, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice*, par. 40, p. 39.

103. ‘Abdu’l-Bahá, sa *Mga Dalanging Bahá’í*, p. 24.

104 *Ang Natatagong mga Salita*, Persian no. 49, p. 73.

105. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 6.37, p. 81.

106. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 36, p. 18.

107. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 225.30, p. 470.

108. Bahá’u’lláh, in *Bahá’í Prayers* [Mga Dalanging Bahá’í], p. i.

109. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Arabic no. 42, p. 13.

110. *Tablets of Abdul-Baha Abbas* (New York: Bahá’í Publishing Committee, 1915, 1940 printing), vol. 2, p. 483. (authorized translation)

111. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 9.5, p. 159.

112. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CXXXVI, par. 6, p. 336.

113. ‘Abdu’l-Bahá, in “Bahá’í Prayers and Tablets for Children”, no. 10.

114. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá*, no. 138.1, p. 252.

115. *The Summons of the Lord of Hosts*, no. 1.119, p. 93.

116. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá’u’lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 10.4, p. 179.

117. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, CLVI, par. 1, p. 378.

118. Bahá’u’lláh, sa *Mga Dalanging Bahá’í*, p. 89.

119. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 10.10, p. 180.

120. *Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá*, no. 178.1, p. 326.

121. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 4.16, p. 44.

122. From a Tablet of 'Abdu'l-Bahá. (authorized English translation)

123. 'Abdu'l-Bahá, in *Bahá'í Prayers*, p. 29.

124. *Ang Natatagong mga Salita*, Arabic no. 11, p. 6.

125. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh Pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas*, no. 17, p. 291.

126. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, LXVI, par. 10, p. 146.

127. Ibid., CXV, par. 13, p. 278.